# TIMEPAGSASALIKSIK SA LUMANG TIPAN

Inihanda ni

Dr. Randall McElwain

shepherds
GLOBAL CLASSROOM

Binuo ang Shepherds Global Classroom para ihanda ang katawan ni Cristo sa pamamagitan ng pagbibigay ng kurikulum sa mga umuusbong na pinunong Kristiyano sa buong mundo. Layunin naming dumami ang mga programa ng pagsasanay kaya ipinagkatiwala namin ang kurikulum na mayroong 20-kurso sa kamay ng mga espirituwal na tagapagsanay ng bawat bansa sa buong mundo.

Ang aklat na ito ay maaaring i-download nang libre sa https://www.shepherdsglobal.org/downloads

Pangunahing Manunulat: Dr. Randall McElwain

Copyright © 2016 Shepherds Global Classroom
Isinalin sa Tagalog mula sa Unang Ingles na Edisyon.

Nakalaan ang lahat na karapatan.

May copyright ang mga third-party material na pagmamay-ari ng ibang tao at kanilang ibinabahagi sa ilalim ng iba't-ibang lisensiya.

Maliban kung inilathala, lahat ng Kasulatan ay hango sa Ang Bagong Ang Biblia.

**Pahayag tungkol sa pahintulot:**

Ang aklat na ito ay maaaring ilimbag at ipamahagi ng walang bayad maging sa digital na pormat o pisikal na aklat sa ilalim ng mga sumusunod na alituntunin: (1) Hindi maaaring baguhin ang nilalaman ng aklat sa anumang paraan; (2) Hindi maaaring ibenta ang mga kopya ng aklat para pagkakitaan; (3) Malaya ang mga institusyong pang-edukasyon na gamitin/kopyahin ang aklat na ito, kahit naniningil sila ng mga matrikula; at (4) Hindi maaaring isalin ang aklat na ito nang walang pahintulot at pangangasiwa ng Shepherds Global Classroom.

# Talaan ng Nilalaman


Mga Direksyon para sa Mga Pinuno ng Klase ........ 5

Mapa ng Mundo ng Lumang Tipan ........ 6

(1) Panimula sa Lumang Tipan ........ 9

(2) Genesis: Sa Pasimula ........ 17

(3) Exodo–Deuteronomio: ........ 29

(4) Josue – Ruth ........ 49

(5) Samuel – Cronica ........ 65

(6) Ezra – Esther ........ 85

(7) Job and Mga Awit : Hebreong Tula ........ 101

(8) Kawikaan–Mangangaral ........ 119

(9) Isaias: Ang ikalimang Ebanghelyo ........ 135

(10) Jeremias & Mga Panaghoy ........ 145

(11) Si Ezekiel at Daniel ........ 159

(12) Minor Prophets I: Hosea, Joel, Amos ........ 177

(13) Obadias-Zefanias ........ 193

(14) Hageo–Malakias ........ 215

Mas Malalim na Paghukay/Pag-aaral ........ 229

Talaan ng mga Takdang-Aralin ........ 237

# Mga Direksyon para sa Mga Pinuno ng Klase

Ang kursong ito ay pagsasaliksik sa Lumang Tipan. Ang bawat Leksiyon ay may kasamang ilang gawain. Dapat kang mag-iskedyul ng 90-120 minuto para sa klase, karagdagan sa oras para sa paggawa ng mga takdang-aralin ng leksiyon sa labas ng klase.

**Istraktura ng Leksiyon**

Karamihan sa mga leksiyon ay magsisimula sa takdang aralin na pagbasa ng aklat o mga aklat sa Biblia na pag-aaralan sa leksiyon. Dapat itong gawin bago ang pag-aaral ng leksiyon bilang isang grupo. Ito ang titiyak na alam ng mga mag-aaral ang pangunahing nilalaman ng aklat bago pa man ito pag-aralan. Sa kaso ng mas mahahabang aklat, tulald ng Mga Awit, kinakailangan mong paghati-hatiin ang pagbabasa sa mas mahabang panahon.

Ang bawat leksiyon ay magsisimula sa isang maikling Kasulatan na dapat isaulo. Ito ay binubuo ng mga susing talata mula sa mga aklat na pag-aaralan.

Kung nag-aaral bilang isang grupo, maaari kayong maghati-hati sa pagbasa ng materyales. Paminsan-minsan ay dapat tumigil para sa pagtatalakayan ng klase. Bilang tagapanguna sa klase, ikaw ay may tungkulin na panatilihin ang pagtatalakayan at hindi lalayo sa materyal na pinag-aaralan. Makakatulong kung may limit ang oras ng bawat panahon ng talakayan.


Kapag dumating ka sa tanda na ►, magtanong at hayaang talakayin ng mga mag-aaral ang sagot.

Maraming footnotes ang tumutukoy sa reperensiya sa Kasulatan. Ipahanap sa mga mag-aaral ang mga talata at ipabasa ito sa grupo.

Bawat leksiyon ay may kasamang takdang-aralin. Sa kaso ng mga presentasyon ng grupo, magbigay ng panahon sa simula ng susunod na pagkikita ng grupo para sa mga presentasyon.

Bawat leksiyon ay may kasamang mga tanong sa pagsusulit. Sa dulo ng bawat klase, ang tagapanguna ay maaaring magbalik-aral sa mga tanong na ito kasama ng mga mag-aaral. Ang susunod na sesyon ng klase ay dapat magsimula sa maikling pagsusulit gamit ang mga tanong na ito. Maaari itong gawin nang pasalita o sa anyong nakasulat.

## Mapa ng Mundo ng Lumang Tipan[1]




| | | |
|---|---|---|
| (1) Asia Minor | (8) Egypt | (15) Babylon (lungsod) |
| (2) Syria | (9) Arabian Desert | (16) Ur (lungsod) |
| (3) Mesopotamia | (10) Persia | (17) Dagat Mediteraneo |
| (4) Assyria | (11) Haran (lungsod) | (18) Itim na Dagat |
| (5) Media | (12) Nineveh (lungsod) | (19) Dagat Caspian |
| (6) Canaan | (13) Damascus (lungsod) | (20) Dagat na Pula |
| (7) Elam | (14) Jerusalem (lungsod) | (21) Persian Gulf |

[1] Map of the OT World" was created by SGC with open data from NED and Bible Geocoding (CC BY 4.0), available from https://www.flickr.com/photos/sgc-library/52344014341, public domain (CC0).

| Nasasakop na panahon ng Lumang Tipan | |
|---|---|
| **Petsa** | **Tao / Pangyayari** |
| Bago ang 4000 BC | Adam |
| 2400 BC | Noah |
| 2000 BC | Abraham |
| 1450 BC | Moses |
| 1000 BC | David |
| 950 BC | Solomon |
| 722 BC | Pagbagsak ng Kaharian sa Norte |
| 586 BC | Pagbagsak ng Judah |
| 500 BC | Ezra |
| 400 BC | Malachi |

# Leksiyon 1
# Panimula sa Lumang Tipan

## Mga Layunin ng Leksiyon

Sa pagtatapos ng leksiyong ito, ang mag-aaral ay dapat:

(1) Maunawaan ang doktrina ng inspirasyon.

(2) Matukoy ang mga pamantayang gumabay sa pagkabuo ng canon ng Lumang Tipan.

(3) Pagkatiwalaan ang teksto ng Lumang Tipan habang ito ay tinatanggap/pinag-aaralan natin.

(4) Pahalagahan ang kabuluhan ng Lumang Tipan sa buhay ng isang Kristiyano.

## Leksiyon

*Basahin ang Awit 119*

*Isaulo ang Awit 19:7-11*

## Panimula

►Sa nakalipas na taon, gaano ka kadalas nangaral mula sa Lumang Tipan? Gaano kahalaga ang Lumang Tipan sa inyong gawain sa iglesia?

Itinuturo ng teolohiya ng Kristiyano ang inspirasyon o pagkasi sa **buong Banal na Kasulatan**. Gayunpaman, sa pagsasanay, madalas nating binabalewala ang malaking bahagi ng Salita ng Dios. Kung tayo ay tunay na naniniwalang "ang lahat ng banal na Kasulatan ay Kinasihan/Hiningahan ng Dios,"[2] dapat nating pahalagahan ang Lumang Tipan katulad ng pagpapahalaga natin sa Bagong Tipan. Dapat nating pag-aralan at ipangaral ang Lumang Tipan bilang Salita ng Dios.

Dahil sa distansya sa pagitan ng mundo ng Lumang Tipan at ng ika-21 siglo, ang Lumang Tipan ay maaring maging mahirap na intindihin para sa mga modernong mambabasa. Ang layunin ng kursong ito ay makapagbigay ng isang pagsisimula sa bawat aklat sa Lumang Tipan. Bagamat imposibleng matukoy ang lahat ng detalye ng Lumang Tipan sa isang maiksing kurso, matututunan mo ang background information na makakatulong sa iyo upang maunawaan ang mga aklat na ito, at ikaw ay magkakaroon ng pangkalahatang pagtanaw sa pangunahing tema ng bawat aklat. Dalawang bahaging sentro sa kursong ito ay kung paanong ang Lumang Tipan ay nakaugnay sa mensahe ng Bagong Tipan at kung

---

[2] 2 Timoteo. 3:16.

paano nagsasalita ang Lumang Tipan sa iglesia ngayon.

Sa unang leksiyon, pag-aaralan natin ang mga background issues na nakakaapekto sa ating pag-unawa sa LumangTipan. Titingnan natin ang tatlong tanong na nakaugnay sa Lumang Tipan:

- Anong aklat ang maaaring tanggapin bilang Salita ng Dios? **Canon**.
- Paano nangungusap ang Lumang Tipan sa sangkatauhan? **Inspirasyon.**
- Ang teksto bang tinanggap natin ay naging tapat sa orihinal na manuskrito? **Integridad ng Teksto**.

## Canon

Ang canon ng Banal na Kasulatan ay isang mahalagang paksa/issue para sa mga Kristiyano. Paano natin malalaman na ang mga aklat sa Lumang Tipan ay tunay na Salita ng Dios? Ang konsepto ng canon ay sumasagot sa tanong na, "Aling mga aklat ang Salita ng Dios para sa mamamayan ng Dios?"

Ang terminong **canon** ay mula sa terminong Griyego na ang kahulugan ay "sukatan" o "pamantayan." Ang canon ng Lumang Tipan ay binubuo ng mga aklat na sumusukat at umaabot sa pamantayang ginagamit ng mga tagapagturong Hudyo upang malaman kung ang mga kasulatang ito ba ay tunay na Salita ng Dios. Ang mga iskolar ay gumamit ng tatlong pagsusulit upang subukin ang mga aklat na sinasabing Salita ng Dios. Ang mga aklat ng canon ay nakaabot sa tatlong pamantayan.

**(1)** **May akda.** Ang aklat ay isinulat ng isang taong may likas na kaloob bilang isang propeta. Ang mga aklat na ito ay nagdadala ng mensahe ng Dios na sinasabi sa pamamagitan ng isang taong manunulat.

**(2)** **Tagapakinig**. Ang aklat ay naka-addressed sa lahat ng henerasyon. Maging ang mga aklat tulad ng Minor Prophets, na nagdadala ng babala ng Dios sa mga specific na grupo ng tao, ay may dalang mensahe para sa lahat ng tao at lahat ng panahon.

**(3)** **Mensahe**. Ang mensahe ng aklat ay hindi sumasalungat sa mga naunang rebelasyon ng Biblia.

Ang canon ng Biblia ng Hebreo ay malawakang tinanggap noong 165 B.C., nang gumawa ng listahan ng kasulatan ng mga Judio si Judas Maccabeus. Nang magkaroon ng pulong sa Council of Jamnia noong A.D. 90 ang mga tagapagturo upang pag-usapan ang canon, kinumpirma nila ang listahang nauna nang tinanggap ng mahigit ng 200 taon.

Tinanggap din ng unang iglesia ang listahang ito at noong ika-apat na siglo, kabilang na sa canon na ginamit sa mga Kristiyanong iglesia ang tatlumpu't-siyam na aklat ng Lumang Tipan.

Hinati ng mga tagapagturo ang Bibliang Hebreo sa tatlong bahagi:

**(1) Ang Kautusan(Torah)** na naglalaman ng limang aklat ni Moises.

**(2) Ang mga Propeta** ay hinati sa dalawang subcategories:

- Mga Naunang Propeta – Josue, Mga Hukom, Samuel, at Mga Hari
- Mga Huling Propeta – Isaias, Jeremias, Ezekiel, at "Ang Labindalawa"[3]

**(3) Ang Mga Sinulat** ay naglalaman ng mga aklat na may kinalaman sa pista ng mga Hudyo at mga aklat na hindi maibibilang sa alinman sa unang dalawang kategorya:

- Poetical Books/Mga Aklat na Patula – Mga Awit, Kawikaan, Job
- "Limang Balumbon/Five Scrolls" (**Megilloth) –** Awit ni Solomon, Ruth, Panaghoy/Lamentations, Esther, at Mangangaral
- Mga Aklat ng Kasaysayan – Daniel, Ezra, Nehemias, at Mga Cronica

Hinati ng mga Kristiyano ang Lumang Tipan sa limang bahagi:[4]

**(1) Ang Pentateuch** na naglalaman ng limang libro ni Moises.
**(2) Ang Mga Aklat ng Kasaysayan**- kabilang ang Josue hanggang Esther.
**(3) Tula at Karunungan** kabilang ang Job hanggang Awit ni Solomon.
**(4) Ang Major Prophets** ay Isaias hanggang Daniel.
**(5) Ang Minor Prophets** ay ang mga huling labin-dalawang aklat ng Lumang Tipan.

## Inspirasyon

Isinulat ni Pablo na ang lahat ng Banal na Kasulatan ay "Kinasihan/Hiningahan ng Dios"; Ito ay "ibinigay mula sa inspirasyon ng Dios."[5] Ang talatang ito ay nagtuturo na ang Dios ay ang may-akda ng lahat ng Kasulatan. Ang doktrina ng banal na inspirasyon ay nangangahulugan na hiningahan ng Dios ang kanyang mga salita sa mga isip ng taong manunulat, at sila ay sumulat habang binibigyan sila ng inspirasyon ng Dios.

Ang Banal na inspirasyon ay higit pa kaysa sa inspirasyong tinatanggap ng isang artist o isang kompositor kapag sila ay gumagawa ng obramaestra ng sining o musika. Ang inspirasyon na tinutukoy ng Biblia ay nangangahulugang nagsalita ang Dios sa pamamagitan ng bokabolaryo at pamamaraan ng isang taong manunulat. Higit pa sa pagbibigay inspirasyon sa **kaisipan** ng may akda, ang salita mismo ang kinasihan/hiningahan ng Dios.

Kinasihan ng Dios ang mga salita ng Kasulatan sa iba't-ibang paraan at iba't-ibang panahon. Kung minsan, nagsasalita ang Dios sa paraang naririnig, na idinidikta ang mga salita ng

---

[3] Ang "Aklat ng Labindalawa" ay naglalaman ng labin-dalawang Minor Prophets sa English Bible.
[4] Sa Lumang Tipan, kinikilala ng mga Kristiyano ang parehong kinasihang mga aklat tulad ng Jewish Hebrew Bible. Hinahati-hati lamang natin ang mga ito sa iba't-ibang kategorya.
[5] 2 Tim. 3:16**.**

Kasulatan.[6] May mga pagkakataong nagsalita ang Dios sa pamamagitan ng mga panaginip at pangitain.[7] Sa maraming pagkakataon, hindi sinasabi sa atin ng Biblia kung **paano** nagbigay inspirasyon ang Dios sa manunulat. Isinulat ni Pedro na ang isang Biblical na manunulat ay "tinatangay" ng Banal na Espiritu.[8] Ang mga salita ng Banal na Kasulatan ay mapagkakatiwalaan dahil ang Dios mismo ay mapagkakatiwalaan.

Ang Ebanghelikong doktrina ng pagkasi/inspirasyon ay nagtuturo na ang Dios ay nagsalita sa pamamagitan ng personalidad ng taong manunulat, ngunit ginagabayan niya ito sa proseso upang ang bawat salita na sasabihin nila ay ang salita ng Dios. Dahil ito ay Salita ng Dios, ang Biblia ay walang pagkakamali (walang mali) at hindi maaaring magkamali (hindi maaaring mabigo). Ang bawat pahayag (kapwa/parehong doktrina at kasaysayan) ay walang mali sa orihinal na manuskrito ng Banal na Kasulatan.[9]

## Integridad ng Teksto

Ilan sa mga nagdududa ang nangangatwiran na, kahit na ang orihinal na manuskrito ay totoo, hindi natin mapagkakatiwalaan ang tekstong tinanggap natin. Ang kanilang inaargumento ay may nangyaring pagkakamali habang kinokopya ang Banal na Kasulatan. Ipinipilit ng mga kritikong ito na kahit na ang orihinal na teksto ay kinasihan, wala tayong paraan upang malaman na ang Biblia na meron tayo ngayon ay eksakto sa orihinal na manuskrito.

Maaari ba nating pagkatiwalaan ang integridad ng teksto ng ating Biblia? Ang sagot ay "Oo!" Totoo na ang mga aklat ng Lumang Tipan ay naipasa/naipamana sa paraan ng sulat-kamay, at totoo na maaaring may pagkakamaling nangyari habang kinokopya ang manuskrito gamit ang kamay. Gayunpaman, dahil ito ay Salita ng Dios, ang mga taga-kopya ay lubos ang pag-iingat sa kanilang ginagawa.

Sa orihinal, ang mga saserdote/pari ang may responsibilidad sa pagkopya sa mga teksto ng Biblia. Simula noong 500 B.C., ang mga eskriba ang kumopya sa mga teksto. Ang mga Escriba (isang titulo na ang kahulugan ay "bumibilang/sumusuri") ay binigyan ng ganitong pangalan dahil binibilang nila ang lahat ng mga letra sa Torah bilang paraan upang masuri ang pagiging tumpak ng teksto. Ang isang Escriba ay hindi maaaring kumopya ng kahit isang letra mula sa memorya; ang bawat letra ay kailangang masuri mula sa naunang kopya. Ang pamantayan sa pagkopya ay napakaistrikto dahil iginagalang ng eskriba ang Banal na Kasulatan bilang Salita ng Dios.

---

[6] Lev. 1:1, halimbawa.
[7] Dan. 7 at 8, halimbawa.
[8] 2 Pedro. 1:21.
[9] Para sa karagdagan sa paksang ito, tingnan ang aklat na **I Believe** na nakalista sa "Digging Deeper" na seksyon ng kabanata. Dagdag pa rito, isang leksiyon sa inspirasyon ang kasama sa kursong "Mga Paniniwalang Kristiyano" ng Shepherds Global Classroom.

## Ang Dead Sea Scrolls

[10]Noong 1947, isang grupo ng mga ancient scrolls/sinaunang balumbon ang natagpuan malapit sa Dead Sea/Dagat na Patay. Naglalaman ito ng mga kopya ng Lumang Tipan na isinulat sa pagitan ng 250 B.C. at A.D. 135. Dahil ang mga ito ay tinatayang 1,000 taong mas matanda kaysa sa mga huling matatagpuang kopya, ang Dead Sea Scrolls ay mahalaga sa pagsusuri ng pagkawasto/accuracy ng mga mas bagong kopya. Bahagi ng bawat aklat ng Lumang Tipan ay kasama sa mga scrolls na ito maliban sa Esther.

Sa pagkukumpara sa Dead Sea Scrolls at sa mga mga bagong kopya, natuklasan ng mga iskolar ang pambihirang pagkakapareho/ccuracy. Halimbawa, ang Isaias Scroll ay 1,200 taong mas matanda kaysa sa alinmang huling kopya. Mahigit sa siyamnapu't limang porsyento ng teksto ay kaparehas ng mga huling kopya. Ang mga maliit na bilang ng pagkakaiba ay pangunahing pagbabago sa pagbaybay at mga halatang pagkakamali ng mga tagasulat/tagakopya. Walang nabago na maaaring maging dahilan upang magkaroon ng pagkakaiba sa doktrina.

### Isaias 53 sa Dead Sea Scrolls

Ang Isaias 53 ay nagpapakita ng accuracy ng teksto ng Lumang Tipan. Ang Isaias 53 ay naglalaman ng 166 na mga salitang Hebreo. Mayroong labimpitong magkakaibang letra sa Dead Sea Scrolls. Ito ay ang mga sumusunod:

- Sampung letra ang mga magkakaiba ang pagbaybay – mga salitang nagbago ang baybay sa loob ng 1,200 na taon
- Apat na letra ang may pagkakaiba sa estilo – iba-ibang paraan ng pagpapahayag ng teksto
- Tatlong letra na salitang idinagdag ("liwanag") upang bigyang linaw ang kahulugan sa talata/bersikulo 11: "Mula sa hinagpis ng kanyang kaluluwa siya ay makakikita (ng liwanag) at siya ay masisiyahan."[11]

Walang biblical na katuruan ang naaapektuhan ng pagbabago. Pinatnubayan ng Dios ang 1,200 taon ng pagkasalin/pagkopya ng Lumang Tipan sa pamamagitan ng kamay upang mapanatili ang kanyang Salita para sa kanyang mga mamamayan.

## Pagpapakilala/Orientation sa Mundo ng Lumang Tipan

Bahagi ng hirap sa pagbasa ng Lumang Tipan ay ang malawak na saklaw ng mga lugar at mga petsa. Dalawang ilustrasyon ang makapagbibigay sa iyo ng isang pangkalahatang-pagtanaw sa mundo ng Lumang Tipan. Itago ninyo ang mga ito upang magamit bilang reperensiya sa iyong pag-aaral ng ibang leksiyon sa kursong ito.

---

[10] Garry K. Brantley, "The Dead Sea Scrolls and Biblical Integrity." Ay matatagpuan sa http://www.apologeticspress.org.
[11] Isaias 53:11, **English Standard Version**.

## Konklusyon: Ang Lumang Tipan at ang Kristiyano

Oo, ang Lumang Tipan ay maaaring maging mahirap maunawaan:

- Ang Lumang Tipan ay kumakatawan sa kulturang higit na kakaiba kaysa sa ating mundo.
- Ang Lumang Tipan ay sumasaklaw sa mahabang panahon (hindi kukulangin sa isang libong taon ).
- Nakapaloob sa Lumang Tipan ang apat na pangunahing imperyo (Ehipto, Asiria, Babilonia, Persia).
- Binanggit sa Lumang Tipan ang mahigit sa 3,000 na pangalan ng mga lugar at mga tao.

Ang Lumang Tipan ay maaaring mahirap unawain, ngunit ito ay Salita ng Dios para sa mamamayan ng Dios. Si Jesus ay nangaral mula sa Lumang Tipan. Ipinaalala niya sa mga nagdududa sa kanya na ang Banal na Kasulatan ay "nagpapatunay/nagpapatotoo sa akin."[12]

Ang Lumang Tipan ay nakita ng unang iglesiya bilang Salita ng Dios. Ang Deuteronomio ay binanggit nang mahigit sa walumpung ulit sa Bagong Tipan. Ipinangaral ng unang iglesiya na ang buhay at ministeryo ng buhay ni Jesu-Cristo ang katuparan ng Lumang Tipan.

> Ang Luma at Bagong Tipan ay itinuturing na
>
> -Isang aklat
>
> -ng nag iisang Dios
>
> -kinasihan ng nag-iisang Espiritu
>
> -Nagpapatotoo sa nag-iisang Anak.
>
> Paraphrased mula kay
>
> Geoffrey Bromiley

Ang Lumang Tipan ay patuloy na nangungusap sa panahon natin ngayon.

- Mula sa Lumang Tipan, natutunan natin ang kadakilaan at kabanalan ng Dios.
- Mula sa Lumang Tipan, natutunan natin ang tungkol sa kasalanan ng tao at ang pangangailangan ng isang tagapagligtas.
- Mula sa Lumang Tipan, natutunan natin ang tungkol sa plano ng Dios na lumikha ng mga taong banal na ibinukod bilang kanyang espesyal na pag-aari.

Ang Lumang Tipan ay Salita ng Dios para sa mamamayan ng Dios sa lahat ng panahon.

## Takdang Aralin ng Leksiyon

Kuhanin ang pagsusulit sa leksiyong ito. Kabilang sa pagsusulit na ito ang pagsasa-ulo sa itinalagang Talata sa Banal na Kasulatan.

---

[12] Juan 5:39. Sa pagsasalita tungkol sa "ang Banal na Kasulatan," ang tinutukoy ni Jesus ay ang Kasulatan ng Lumang Tipan.

**Leksiyon 1 Mga Katanungan sa Pagsusulit**

(1) Ano ang kahulugan ng salitang "canon" kapag tumutukoy sa Biblia?

(2) Maglista ng tatlong pamantayang ginamit sa pagtatatag/pagbuo ng canon ng Lumang Tipan.

(3) Ilista ang tatlong dibisyon ng Hebreong Biblia.

(4) Ilista ang limang dibisyon ng Lumang Tipan ng Kristiyano.

(5) Ano ang kahulugan ng terminong "banal na pagkasi"?

(6) Ano ang kahulugan ng terminong "walang mali" at "hindi maaaring magkamali"?

(7) Paano naipakita ng Dead Sea Scrolls ang integridad ng teksto ng Lumang Tipan?

(8) Maglista ng tatlong paraan kung paano nangungusap ang Lumang Tipan sa panahon natin ngayon.

# Leksiyon 2
# Genesis: Sa Pasimula

## Mga Layunin ng Leksiyon

Sa pagtatapos ng leksiyong ito, ang mag-aaral ay dapat:

(1) Makayang ibalangkas ang mga pangunahing tema ng Genesis.
(2) Pahalagahan ang importansya ng doktrina ng paglikha para sa Teolohiya ng Kristiyano.
(3) Maunawaan ang papel ng tipan kay Abraham sa kasaysayan ng kaligtasan.
(4) Makilala ang mga pangunahing tauhan sa Genesis.
(5) Maiugnay ang mensahe ng Genesis sa pangangailangan ng mundo ngayon.

## Leksiyon

**Basahin ang Genesis**

**Isaulo ang Genesis 3:15 at 12:3**

## Ang Pentateuch

Ang unang limang aklat ng Biblia ay tinatawag na **Pentateuch.**[13] Sa Hebreong Biblia, ang mga ito ay tinatawag na Ang **Torah** o **Batas/Kautusan**, mula sa salitang may kahulugang "upang magturo."

Ang Pentateuch ay ang pundasyon ng Biblia. Ito ay nagbibigay ng makasaysayang balangkas para sa lahat ng ibang bahagi ng Kasulatan.

- Sa Genesis 1–11, Ang Dios ay gumawa ng perpektong mundo at tumugon nang may parehong grasya at paghatol sa kasalanan ng tao.
- Sa Genesis 12–50, Pinili ng Dios si Abraham, Isaac, at Jacob bilang messianic line/salinlahi ng mesiyas kung saan sa pamamagitan ng lahi nila manggagaling ang tagapagligtas sa lahat ng bansa.
- Sa Exodo, inilabas ng Dios ang Israel mula sa Egipto at nagtatag ng relasyon sa kanyang mamamayan.
- Sa Levitico, tinuruan ng isang banal na Dios ang Israel kung paano mamumuhay bilang mga taong banal.

---

[13] Mula sa Griego: **pente** ay lima at **teuchos** ay balumbon. Ang ibig sabihin ng Pentateuch ay ang "Limang Balumbon" o limang aklat.

- Sa Bilang, Ipinakita ng Dios ang kanyang katapatan sa kanyang mamamayan sa kabila ng kanilang pagsuway.
- Sa Deuteronomio, Inihanda ng Dios ang kanyang mga mamamayan sa pagtira sa lupang pangako.

| | Tema | Ang Dios ay ang… | Si Jesus ay ang… | Ang Israel ay… |
|---|---|---|---|---|
| **Genesis** | Sa pasimula | Makapangyarih ang Manlilikha | Pangalawang Adan | Pinili |
| **Exodo** | Pagtubos at Relasyon | Banal na Mandirigma | Korderong Pampaskuwa | Iniligtas |
| **Levitico** | Kabanalan | Banal na Nagpapabanal | Perpektong Handog | Inilaan/Ibinuko d |
| **Mga Bilang** | Paglalakbay | Tapat na Umaalalay | Ang Ahas na Tanso[14] | Matigas ang Ulo/ Masuwayin |
| **Deuteronomio** | Pagbabalik-loob | Mapagmahal na Dios | Ang Darating na Propeta[15] | Handa |

Sa Pentateuch, nakita natin ang mga temang nababalangkas sa kabuuan ng Lumang Tipan.

**(1) Ang Kapangyarihan ng Dios.** Sa paglikha, sa mga salot at pagliligtas mula sa Egipto, at sa paggabay sa Israel sa disyerto, ipinakita ng Dios ang kanyang otoridad sa lahat ng kanyang nilikha. Ang kasaysayan ng Israel ay naging entablado kung saan ipinakita ng Dios ang kanyang kapangyarihan.

**(2) Ang Pagkamakasalanan ng Tao.** Ang paghihimagsik ng tao ay lubos na nakaapekto sa buong kasaysayan ng sangkatauhan. Ang pagbaha, ang Babel, at pagsuway ng mga Israelita noong nasa disyerto ay nagpapakita ng paglaganap ng lahat ng kasalanan ng tao. Gayunpaman, simula sa Genesis 3:15, kumilos ang Dios upang baligtarin ang resulta ng Pagkahulog ng tao sa kasalanan.

**(3) Plano ng Dios para sa Kaligtasn.** Ang tipan ng Dios kay Abraham, ang kapanganakan ni Isaac, ang pagliligtas ng Israel mula sa Egipto, ang pagbibigay ng Kautusan, at ang pagpasok sa Lupang Pangako ay ang mga hakbang sa pagbibigay kaligtasan para sa makasalanang tao. Sa Exodo, ang Paskua ay naging pangmatagalang simbolo sa ginawang pagliligtas ng Dios.

---

[14] Bilang. 21:4-9; Juan 3:14.
[15] Deut. 18:15-19; Gawa 7:37.

**(4) Kabanalan.** Ang Dios ay isang Dios na banal; hindi niya maaaring balewalain ang kasalanan. Ipinapakita ng Pentateuch kung paano nilikha ng Dios ang bayan banal na maaaring mamuhay sa kanyang presensya. Ang Kabanalan ay hindi resulta ng kabutihan ng tao; ito ay gawa ng mahabaging Dios na bumabago sa kanyang mamamayan mula sa makasalanang tao patungo sa taong pinabanal. Tayo ay banal sa pamamagitan lamang ng patuloy na relasyon natin sa banal Dios.

**Authorship/Pag-akda sa Pentateuch**

Hanggang sa ikalabingwalong siglo, mayroong maliit o walang pagtatalo patungkol sa authorship/sino ang may-akda ng Pentateuch. Tinatangap ng lahat ng mga Kristiyano ang testimonya/patotoo ng Banal na Kasulatan na si Moises ang sumulat nito. Sa pagdami ng makabagong kritisismo, maraming mga iskolar ngayon ang itinatangging si Moises ang sumulat/may-akda nito.

Gayunpaman, para sa mga ebangheliko/evangelicals na tumanggap sa Banal na Kasulatan na ito ay walang kamalian, ang patotoo/testimonya ng Banal na Kasulatan ay malinaw. Ang Pentateuch mismo ay kumikilala na si Moises ang may akda; Ang mga manunulat ng Bagong Tipan ay binanggit si Moises bilang may akda; si Moises ay tinukoy ni Jesus bilang may akda. Dahil dito, tinatanggap natin na ang Pentateuch ay isinulat ni Moises, marahil malamang sa ika-labinglimang siglo B.C. Para sa mga mag-aaral na nagnanais na pag-aralan ang usaping ito ng mas detalyado, ang "Digging Deeper" resources sa dulo ng kabanatang ito ay makakatulong para gabayan kayo.

Mahalaga na maunawaan ang klase ng "authorship/pag-akda" sa sina-unang mundo. Kung ikaw ay magsusulat ng libro ngayon, at ito'y natapos na; walang magbabago nito pagkatapos na mailimbag/ilathala. Kung iisipin natin si Moises bilang may akda ng Pentateuch sa parehong paraan ng mga manunulat ngayon, magkakaroon tayo ng maraming katanungan. Katulad halimbawa ng:

- Ang Deuteronomio 34 ay nagsasabi ng pagkamatay at paglilibing kay Moises.
- Tinawag ng Bilang 12:3 si Moises na pinakamaamong tao sa mundo. Isang mag-aaral ang nagtanong, "Kung tinutukoy ng isang tao ang kanyang sarili bilang pinaka mapagpakumbabang tao, siya ba ay talagang mapagpakumbaba?"
- Sa Genesis 11:28 tinutukoy ang Ur "ng Chaldeo." Hindi nasakop ng mga Chaldeo ang lugar sa paligid ng Ur hanggang 700 na taon pagkatapos mamatay si Moises.

Ang bawat halimbawa ay malinaw kapag naunawaan natin ang klase/likas ng "authorship/may akda" sa sinaunang mundo. Upang kilalanin si Moises bilang may akda ng Pentateuch ay nangangahulugan na si Moises, sa ilalim ng inspirasyon ng Banal na Espiritu, ang sumulat ng pangunahing nilalaman ng limang aklat. Ang mga sumunod na sumulat (marahil si Josue) ay ginagabayan ng Banal na Espiritu upang idagdag ang iistorya ng pagkamatay at paglilibing kay Moses. Sa gabay ng Banal na Espiritu, ang sumunod na Escriba/manunulat ay kinilala si Moises bilang pinaka maamo at mapagpakumbabang tao

sa mundo. Sa gabay ng Banal na Espiritu, isang Escriba/manunulat ang nagdagdag "ng mga Chaldeo" upang makatulong sa mga magbabasa upang makita ang pagkakaiba sa pagitan ng "Ur ng Chaldeo" at ng isa pang bayan na may pangalang Ur.

Ang ganoong mga pagbabago ay hindi nakakadagdag ng duda kay Moises bilang may akda ng Pentateuch. Sa halip, sila ay tumutulong sa atin na maunawaan ang proseso ng ispirasyon ng may higit na kalinawan.

## Genesis

### Tema: "Sa Pasimula"

Ang Genesis ay aklat ng mga pasimula. Binababakas/Tinutunton ng Genesis ang simula ng mundo (Genesis. 1–11), sinundan ng simula ng mga mamamayang Hudyo at ang kasaysayan ng kaligtasan (Genesis. 12–50).

Itinatanggi ng mga makabagong nagdududa ang katotohanan ng kasaysayan ng mga kabanatang ito. Gayunpaman, ang mga kabanatang ito ang pundasyon ng iba pang Kasulatan. Nagpapakita ang kabanatang ito ng kapangyarihan ng Dios sa buong daigdig at ng kanyang biyaya sa pagbibigay ng kaligtasan para sa makasalanang tao.

### Pangkalahatang pagtanaw sa Genesis

#### *Primeval History: Genesis 1–11*

Ang Genesis 1–11 ay kadalasang tinatawag na "Primeval History." Sakop ng kabanatang ito ang mahigit na dalawang libong taon. Ang Genesis 1–11 ay nagkukuwento sa apat na pangunahing pangyayari:

- **Ang Paglikha** ay nagpapakita ng kapangyarihan ng Dios sa buong mundo. Ang kanyang otoridad na magbigay ng kautusan ay batay sa kanyang kapangyarihan bilang manlilikha ng sansinukob.
- **Ang Pagkahulog** sa kasalanan ay nagpapakita ng pagiging makasalanan ng tao at ang pangangailangan ng kaligtasan. Ang iba pang mga Kasulatan ay nagpapakita ng pagpapalang ginawa ng Dios na remedyo para sa epekto ng Pagkahulog sa kasalanan.
- **Ang Baha** ay nagpapakita ng kabanalan at katarungan ng Dios. Hindi natin dapat paniwalaan ang kasinungalingan ni Satanas na ang kasalanan ay hindi magdadala ng paghatol ng Dios. Ang baha ay naglalarawan ng prinsipyo na "Ang kaluluwang nagkasala, ay tiyak na mamamatay."[16]

---

[16] Ezek. 18:20.

- **Ang Tore ni Babel** ay nagpapakita na ang patuloy na pagrerebelde ay pagmamataas ng tao. Sa hardin, tinukso ni Satanas si Eba ng pangako na "ikaw ay magiging dios."[17] Sa Babel, sinubukan ng tao na "matanyag ang kanilang pangalan."[18] Sa parehong kwento, ang tao ay kumikilos ayon sa kanyang pagmamataas; sa parehong pagkakataon, sinubukan ng tao na agawin ang gawain ng Dios; sa parehong pagkakataon, ang pagmamataas ng tao ang nagdala ng paghatol ng Dios.

Ang Genesis 1 ay nagpapakita ng paglikha ng mundo ni **Elohim,** ang pinakamakapangyarihang Dios ng sansinukob. Ang Genesis 2 ay nakatuon sa paglikha sa tao sa Hardin at ang relasyon sa pagitan ni Adan at ni **Jehovah**, ang Dios na gumagawa ng kasunduan.

Ang Genesis 1–2 ay nagpapakita na ang tao ay may halaga dahil tayo ay nilikha sa wangis ng Dios.[19]

Inawit ni David:

> "Ang likha mong langit, kung aking pagmasdn, pati mga tala, bituin at buwan; Ano nga ang tao upang iyong alalahanin? Ay ano nga siya na sukat mong kalingain? Nilikha mo siya, na mas mababa kaysa sa mga anghel, at pinutungan mo siya ng iyong luningning at kadakilaan."[20]

Ang Genesis 1–3 ay nagpapakita ng pagrerebelde ng tao laban sa Dios. Sa magandang hardin, napapaligiran sila ng lahat ng magandang bagay na ginawa ng Dios, tinatamasa ang isang malapit na pakikipag-ugnayan sa Dios, ngunit si Adan at si Eba ay tumalikod sa Dios at nakinig sa boses ng ahas. Sa kabila ng pagrerebelde ng tao, ang mga kabanatang ito ay nagpapakita ng mapagpalang pangako ng Dios ng isang Tagapagligtas.[21]

At Panghuli, ipinapakita ng Genesis 1–11 ang tumataas na pagrerebelde ng tao na nagdulot ng baha, at nagrebeldeng muli ang tao sa Babel. Ang rebelyong ito ay nagresulta sa pagkalito ng mga lengguwahe at pagkalat ng mga bansa. Ang mga istoryang ito ay nagpapakita ng pangangailangan ng pagtubos/kaligtasan, na ibinigay sa tipan kay Abraham.

---

[17] Genesis. 3:5.
[18] Genesis. 11:4.
[19] Ang importansiya ng doktrina ng imahe ng Dios ay makikita kung ikukumpara natin ang mga tala sa Genesis sa paniniwalang gawa-gawa lang ng mga taga **Sinaunang Malapit na Silangan**/Ancient Near East tungkol sa Paglikha. Sa **Atrahasis** tablet ng Babilonia, ang mga tao daw ay hinugis mula sa putik upang maghukay ng mga kanal para sa mga dios. Ayaw magtrabaho ng mga dios kaya ginawa nila ang tao upang maging alipin. Sa **Atrahasis**, ang mga dios ay selosa at pabago-bago ang isip; sa **Atrahasis** ang sangkatauhan ay walang halaga. Sa kabaliktaran, ipinapakita ng Genesis ang isang banal na Dios ang gumawa sa sangkatauhan ayon sa kanyang sariling wangis; dapat tayong maging banal katulad ng Dios na banal.
[20] Awit 8:3-5.
[21] Tinatawag ng mga Theologians ang Gen. 3:15 ang "proto-evangelium," ang unang pangako ng ebanghelyo. Bilang pagtugon sa kasalanan ng tao, nangako ang Dios ng pagtubos; hindi niya tayo pinabayaan sa ating mga kasalanan.

### *Kasaysayan ng Patriarka: Genesis 12–50*

Ang Genesis 1–11 ay kinapapalooban ng mahigit sa 2,000 taon at pinagsama-sama sa apat na kaganapan. Ang Genesis 12–50 ay istorya ng mga patriarka/patriarchs. Ang mga kabanatang ito ay nagsasalaysay ng buhay ng apat na tao sa loob ng tatlung-daang taon:

- Si Abraham (Gen. 11–25)
- Si Isaac (Gen. 25–26)
- Si Jacob (Gen. 27–36)
- Si Jose (Gen. 37–50)

Ang Genesis 1–11 ay nagsasalaysay ng istorya ng pasimula ng mundo; Ang Genesis 12–50 ay nagsasalaysay ng istorya ng pasimula ng mga mamamayang Hebreo. Ang Genesis ay gumagamit ng pormulang "ito ang mga henerasyon ng…" upang ipakita ang papaliit na pag-focus mula sa paglikha ng mundo ("Ito ang mga henerasyon kung kailan ginawa ang langit at ang lupa")[22], hanggang sa paglikha sa sangkatauhan ("Ito ang aklat ng mga henerasyon ni Adan")[23], hanggang/tuloy-tuloy kay Noah, Shem, Terah, Abraham, Isaac, at panghuli, kay Jacob ("Ito ang mga henerasyon ni Jacob").[24]

Ang kasunduan kay Abraham ang sentro sa kasaysayan ng kaligtasan. Ang kasunduan ay nahayag sa tatlong tagpo:

- Sa Genesis 12:1–3, Nangako ang Dios na gagawa ng isang dakilang bansa mula sa angkan/lahi ni Abraham. Pagpapalain niya ang magpapala sa Israel at isusumpa ang mga sumusumpa sa Israel. Ipinangako ng Dios na gagawin niyang pagpapala ang angkan/lahi ni Abraham sa lahat ng mga bansa. Ang pagpili sa bayan ng Israel ay pagpili ng mga **tao** bilang tagapagdala ng pagpapala para sa **lahat ng tao.**

- Ang Genesis 15 ay **remarkable** na kabanata sa kasaysayan ng pagliligtas. Sa ibang mga Sinaunang Malapit sa Silangan na mga pangako, ang mas mahinang pangkat ay inilagay sa ilalim ng isang pangako gamit ang dugo at nangangailangan ng katapatan sa mas malakas na pangkat. Sa Genesis 15, inilagay ng Dios ang kanyang **sarili** sa ilalim ng pangakong tipan ng kanyang walang hanggang katapatan kay Abraham.

- Ipinapakita ng Genesis 17 ang simbolo ng pagtutuli kung saan si Abraham at ang kanyang angkan ay maipapakita ang kanilang pananampalataya sa kasunduan. Ang Kaligtasan sa Lumang Tipan, katulad ng sa Bagong Tipan, ay sa pamamagitan ng pananampalataya at hindi sa gawa. Ang pagtutuli mismo ay hindi basehan ng kaligtasan; ang pagtutuli ay simbolo ng pananampalataya sa mga pangako ng kasunduan.[25]

---

[22] Gen. 2:4.
[23] Gen. 5:1.
[24] Gen. 37:2.
[25] Rom. 4:9-12.

Ang istorya ng pagbibigay ng Dios ng salinlahi ng mesiyas/manunubos ay nagpapatuloy sa:

- Mahimalang kapanganakan ni Isaac.
- Pagsubok ng Dios sa pagsunod ni Abraham sa panawagan na ihandog si Isaac.
- Pagbibigay ng kapalit para kay Isaac.
- Pagpapala ng Dios sa pamilya ni Jacob sa kabila ng mga kapintasan sa karakter ni Jacob.

Ang Genesis 37–50 ay kumikilos mula focus sa salinlahi ng tagapagligtas (Abraham – Isaac – Jacob – Judah) na napunta ang sentro kay Jose. Si Jose ay madalas na nakikita bilang katulad ni Cristo. Sina Jose at Jesus ay itinakwil ng kanilang pamilya, parehong ibinenta, parehong isinakripisyo ang kanilang sarili para sa iba, at parehong nagpatawad sa mga nagkasala sa kanila. Si Jose ay nagbigay ng magandang halimbawa ng isang taong may karakter ni Jesus sa Lumang Tipan.

Isang dahilan ng pagiging tanyag ni Jose sa katapusan ng Genesis ay ang istorya niya na nagpapakita kung paano niloob ng Dios na mapanatili ang salinlahi ng tagapagligtas/messianic line sa panahon ng taggutom. Ang istorya ni Jose ay nagbibigay ng paglipat sa Exodo sa pagpapakita kung paanong ang mga anak ng Israel ay napunta sa Egipto. Ang Genesis ay nagtapos sa pagtatamasa ng pabor mula sa Egipto. Ang Exodo ay nagsimula pagkatapos ng apat na raang taon habang nararanasan ng Israel ang paghihirap sa Egipto.

**Mga Importanteng Tema sa Genesis**

***Pagpili***

Ang tema ng pagpili ay pangunahin/central sa Lumang Tipan. Si Abraham ay pinili upang magdala ng pagpapala ng Dios sa lahat ng bansa. Sa katulad na paraan, si Isaac at Jacob ay pinili hindi dahil sa kanilang mga ginawa kundi upang maging tagapagdala ng pangako ng Dios. Ang mga patriyarka ay pinili bilang bahagi ng salinlahi ng tagapagligtas/messianic line. Ito ay hindi pagpili para sa pansariling kaligtasan; ito ay pagpili para sa paglilingkod.

Ang sariling partisipasyon sa kasunduan ay ayon sa pananampalataya sa mga pangako ng Dios. Makikita natin ito sa mga aklat ng kasaysayan. Si Rahab ay hindi kabilang sa piniling bayan ng Israel, ngunit minana niya ang mga pangako ng Dios dahil sa pagsunod niya sa pananampalataya. Ang kabaligtaran ay totoo kay Achan; kahit siya ay kabilang sa piniling bayan, hindi niya tinanggap ang mga pangako ng Dios dahil sa kanyang pagsuway at kawalan ng pananampalataya.

| Ang Doktrina ng Pagpili sa Lumang Tipan | |
|---|---|
| Ang Israel ay pinili | para sa kapakanan ng lahat ng bansa. |
| Ang Israel ay pinili | para sa paglilingkod. |
| Ang mga Indbidwal sa Israel ay pinili | sa pamamagitan lamang ng pananampalataya sa pangako ng Dios |

### *Ang Tipan*

Nakipagtipan ang Dios kay Noe (Gen. 9). Ito ay nasundan ng kanyang pakikipagtipan kay Abraham (Gen. 12, 15, 17). Ang sumunod na hakbang sa kasaysayan ng mga kasunduan ay sa Bundok Sinai kung saan nakipagtipan ang Dios kay Moises (Ex. 19). Sa 2 Samuel 7, itinatag ng Dios ang kanyang tipan kay David. Ang lahat ng ito ay tumuturo sa "Bagong Tipan" na natatag sa pamamagitan ng sakripisyong kamatayan ni Cristo Jesus (Lucas 22:20).

Ang bawat tipan ay binuo sa pundasyon ng mga naunang tipan. Sa halip na palitan ang nakaraang kasunduan, ang bawat tipan ay nagdadagdag ng mga bagong detalye. Ito ang nagpapaliwanag sa sinasabi ni Jesus sa Mateo 5:17, "Huwag ninyong isipin na naparito ako upang ipawalang-saysay ang Kautusan na ibinigay kay Moises, at ang mga isinulat ng mga propeta: Naparito ako hindi upang ipawalang-bisa ang mga iyon, kundi upang tuparin iyon." Ang Bagong Tipan ay hindi upang ipalit sa Lumang Tipan; ito ay itinatag sa pundasyon ng Lumang Tipan.

### Ang Genesis sa Bagong Tipan

Ang kasaysayan ng Bagong Tipan ay lumago mula sa pangako sa Genesis 3:15. Tinupad ni Jesus ang pangako na magpapadala ang Dios ng isang Tagapagligtas na siyang tatalo sa Ahas. Ang sumpa ng Genesis 3 ay nabaligtad sa Pahayag; ang pangako ng Genesis 3 ay natupad sa pagdating ni Cristo.

Si Jesus ay nakita sa Bagong Tipan bilang pangalawang Adan na siyang nagbaliktad sa pagkakamali ng unang Adan.[26] Siya ang pangakong binhi ni Abraham kung saan sa pamamagitan niya pagpapalain ang lahat ng bayan sa mundo.[27]

## Mas Malapit na Pagtanaw sa Paglikha

►Paano naging importante ang doktrina ng paglikha sa pag-unawa sa mensahe ng Biblia? Mahalaga ba kung ang Genesis 1–2 ay kathang isip lamang sa halip na totoong kasaysayan?

---

[26] Roma. 5:12-21.
[27] Genesis 12:1-3; Galacia. 3:15-22.

Noong 1998, nagturo ako sa isang klase para sa mga pastor sa isang bansang limitado ang pagpunta. Ang gobyerno ng bansang iyon ay nagbabawal ng paglalathala ng mga Kristiyanong literatura. Gayunpaman noong 1998, pinahintulutan ng gobyernong ito ang paglalathala ng mga aklat para sa mga bata na mayroong istorya galing sa Biblia.

Ako ay excited sa balitang ito – hanggang nakita ko ang kopya ng libro. Ipinilit ng pamahalaan na kailangang ma-appove ang bawat pahina bago iyon ilathata. Ang unang pahina ay nagpapakita ng pagpapalayas ng Dios kay Adan at Eba sa Eden. Ang pangalawang larawan ay nagpapakita ng mga batang sumisigaw sa takot sa pagtaas ng tubig mula sa pagbaha. Ang pangatlo ay nagpapakita kay Abraham na may hawak na kutsilyo na nakataas sa ibabaw ng kanyang anak.

Ipinilit ng gobyernong ito sa tagapaglathala na alisin ang istorya ng paglikha at pagkahulog sa kasalanan. Ang isang Biblia na hindi nagtataglay ng kuwento ng paglikha at pagkahulog sa kasalanan ay nagbibigay ng isang baluktot na larawan ng Dios. Ang nakikita ng mga batang nagbasa ng Bibliyang ito ay ang isang galit na Dios na siyang lumunod sa mga bata at pumilit sa mga tatay na patayin ang kanilang mga anak. Ang aklat na ito bagaman may istorya mula sa Biblia ay naiwala ang mga istoryang pundasyon ng paglikha na nagpapakita **kung bakit** may otoridad ang Dios sa mundong ito.

Ang salaysay tungkol sa paglikha ay importante sa paniniwala ng Kristiyano. Marahil ito ang dahilan kung bakit ang mga taong hindi naniniwala ay nagsisimula ng kanilang pag-atake sa pananampalataya ng Kristiyano sa pagtanggi sa katotohanan ng salaysay ng Genesis. Nakakalungkot, may mga Kristiyanong manunulat na nagsasabi na ang salaysay ng Genesis ay hindi mapagkakatiwalaan. Ikinakatwiran nila na ang Genesis 1–2 ay kathang isip lamang, at hindi kasaysayan. Gayunpaman, ang iba pang Kasulatan ay nagpapatotoo sa katotohanan ng salaysay ng Genesis.

Bahagi ng problema ay maraming Kristiyano ang naging bilanggo ng secular na kaisipan na nagsasabi na ang siyensya ay tumataliwas/kumokontra sa Biblia. Tinatanggap nila ang argumento ng **atheistic scientists/siyentipikong hindi naniniwala sa Dios** na ipinipilit na ang Banal na Kasulatan ay hindi mapagkakatiwalaan. Gayunpaman, sa buong kasaysayan ang mga pinakadakilang siyentipikong mga kaisipan ay naging mga matatatag na Kristiyano.[28] Ang siyentipikong katotohanan ay hindi sumasalungat sa mga katotohanan ng Biblia; ang siyensiya at Banal na Kasulatan ay kapwa tumuturo sa Dios bilang manlilikha.

---

[28] Kabilang sa mga dakilang siyentipiko na naging matatag na Kristiyano sina:

Nicolaus Copernicus (kinilala na ang araw ang sentro ng universe)
Galileo (itinuring na "Ama ng Makabagong Siyensiya")
Johannes Kepler (ipinaliwang ang pagkilos ng mga planeta)
Sir Isaac Newton (binuo niya ang law of gravity)
Robert Boyle (itinuring na unang modernong chemist)
Rene Descartes (isa sa mga susing kaisipan ng Scientific Revolution)
Michael Faraday (isang mahalagang chemist)
Louis Pasteur (inimbento ang pasteurization at nilikha ang unang bakuna para sa rabies at anthrax)
Max Planck (nagtatag ng quantum mechanics)

Kung maayos na mauunawaan, ang Genesis 1–2 ay isang salaysay ng kasaysayan ng paglikha. Kung maayos na mauunawaan, ang siyensya ay nagbibigay ng bukas na bintana sa mga kahanga-hangang bagay sa nilikha ng Dios.

Ang Genesis 1–2 ay nagtuturo na:

- Nilikha ng Dios ang mundo mula sa wala[29] (kapwa itinatanggi ang **ancient myths/sinaunang mito** na nagtuturo na may ibang dios na lumikha ng mundo at **modern myths/modernong mito** na nagtuturo na ang mundo ay umiral dahil lamang sa pagkakataon/evolved by chance).
- Mayroong iisang makapangyarihang Dios (itinatanggi ang polytheism/paniniwala sa maraming dios ng sinaunang mundo)
- Ang Tao ay nilikha ayon sa wangis ng Dios (itinatanggi ang ebolusyon na nagsasabing tayo ay resulta ng panahon at pagkakataon).

Hindi dapat itanggi ng sinumang mananampalataya ang mahahalagang katuruan ng Genesis 1–2. Sa pasimula, nilikha ng makapangyarihang Dios ang ating mundo mula sa wala. Sa pasimula, nilikha ng Dios ang sangkatauhan ayon sa kanyang wangis. Nang matapos ang linggo ng paglikha, nakita ng Dios na ito ay napakabuti. Maaaring magkaiba-iba ang mga Kristiyano sa detalye kaugnay sa pagbibigay kahulugan sa Banal na Kasulatan; ngunit hindi sila dapat magkaiba sa katotohanan ng Banal na Kasulatan.

## Konklusyon: Nagsasalita ang Genesis sa Kasalukuyan

Ang Genesis ay importanteng aklat para sa ika-dalawampu't-isang siglong Kristiyano. Ito ay nangungusap sa mga problemang kinakaharap ng makabagong/contemporary iglesya.

Dahil nilikha tayo ng Dios sa kanyang sariling larawan, **ang buhay ng tao ay mahalaga**. Ang mga napapanahong mga usapin sa lipunan tulad ng aborsiyon/paglalaglag ng bata sa sinapupunan at euthanasia ay hinarap ng sinaunang testimonya ng Genesis 1 at 2. Kung tayo ay nilikha ayon sa wangis ng Dios, ang lahat ng buhay ay sagrado at dapat protektahan.

Dahil ang tao ay binigyan ng pamamahala sa mundo, tayo ay responsable sa **pag-aalaga para sa ating mundo**. Habang kinikilala ang pagiging pangunahin ng buhay ng tao kaysa sa ibang anyo ng buhay, dapat pahalagahan ng mga Kristiyano ang lahat ng aspeto ng mundo bilang mabuting nilikha ng Dios.

Dahil sa pakikipagtipan kay Abraham, ang iglesya ay nagkaroon ng **tungkulin para sa pag-eebanghelyo at pagdidisipulo.** Isinugo ni Jesus ang iglesya upang tuparin ang

[29] Ginagamit ng mga theologians ang salitang **creatio ex nihilo** upang ilarawan ang “paglikha mula sa wala”.

misyon ng Israel sa mga bansa.[30] Nabigo ang Israel na tuparin ang kanyang misyon sa Lumang Tipan; hindi tayo dapat mabigo na tuparin ang ating misyon ngayon.

## Takdang Aralin ng Leksiyon

Ipakita ang iyong nauunawaan sa leksiyong ito sa mga sumusunod na takdang aralin:

(1) Pumili ng **isa** sa mga sumusunod na takdang aralin:

Option 1: Takdang Araling pang Grupo

Magtalaga ng isa sa apat na mahalagang pangyayari sa Genesis 1–11 sa bawat miyembro ng grupo. Ang bawat miyembro ng grupo ay maghahanda ng isang maiksing buod na iyong ipe-present:

- Ang buod ng istorya sa Biblia
- Paanong ang pangyayari ay naging importante sa biblical na kasaysayan
- Ang ang itinuturo ng pangyayaring ito sa atin ngayon.

Option 2: Takdang Araling pang Indibidwal.

Pumili ng isa:

- Sumulat ng 1–2 pahinang detalyadong balangkas para sa sermon o pag-aaral ng Biblia sa isa sa apat na pangyayari sa Genesis 1–11. Ang iyong sermon ay dapat magpakita kung paanong ang mga pangyayari ay importante sa biblical na kasaysayan at ano ang itinuturo ng pangyayaring ito sa atin ngayon.

- Sumulat ng 1–2 pahina ng detalyadong balangkas para sa sermon o pag-aaral ng Biblia sa isa sa apat na pangunahing karakter ng Genesis 12–50. Ang iyong sermon ay dapat nagpapakita kung paanong ang mga karakter ay nagbibigay ng positibong modelo o negatibong babala para sa mga mananampalataya sa kasalukuyan.

(2) Kumuha ng pagsusulit sa leksiyong ito. Kabilang sa pagsusulit ang mga Kasulatang itinakdang isa-ulo.

[30] Mateo. 28:18-20.

## Leksiyon 2 Mga Tanong sa Pagsusulit

Ang salitang Hebreo na **Torah** ay nangangahulugang _____________.

2. Paano ipinakilala si Jesus sa bawat aklat ng Pentateuch?

3. Maglista ng apat na tema sa Lumang Tipan na ipinakilala sa Pentateuch.

4. Ang tema ng Genesis ay _____________________________.

5. Ang dalawang pangunahing seksiyon ng Genesis ay ang mga ________________ at _______________.

6. Ilista ang apat na pangunahing pangyayari sa Genesis 1–11.

7. Ilista ang apat na pangunahing karakter sa Genesis 12–50.

8. Sa isang pangungusap bawat isa, ibuod ang tatlong aspeto ng pakikipagtipan kay Abraham.

9. Maglista ng tatlong bagay na itinuturo ng Genesis tungkol sa paglikha.

10. Maglista ng tatlong paraan kung paano nangungusap ang Genesis sa contemporary church/napapanahong iglesya.

# Leksiyon 3
# Exodo–Deuteronomio:

## Mga Layunin ng Leksiyon

Sa pagtatapos ng leksiyong ito,ang mag-aaral ay dapat:

(1) Makayanang ibalangkas ang pangunahing tema ng Exodo–Deuteronomio.

(2) Malaman ang pangunahing nilalaman ng Exodo–Deuteronomio.

(3) Makita ang mga pangunahing pangyayari ng Exodo–Deuteronomio.

(4) Maunawaan ang relasyon sa pagitan ng kautusan at ng Kristiyano.

(5) Maiugnay ang mensahe ng Pentateuch sa pangangailangan ng mundo sa panahon ngayon.

## Leksiyon

*Basahin ang Exodo hanggang Deuteronomio*

*Isaulo ang Exodo 3:14; Lev. 20:7–8; Deut. 6:4–5*

## Panimula

Ang mga aklat ng Exodo hanggang Deuteronomio ay mga tala ng pangyayari mula sa mga unang araw ng bayan ng Israel. Ang mga aklat na ito ay nagsasalaysay ng istorya ng paglaya ng Israel mula sa Egipto, ang pagbibigay ng kautusan sa Bundok Sinai, ang mga taon ng kanilang pag-iikot-ikot sa ilang, at paghahanda sa pagpasok sa Lupang Pangako.

Katulad ng Genesis, ang Exodo hanggang Deuteronomio ay isinulat ni Moises. Ang Exodo ay nagsimula pagkatapos ng pananatili ng Israel sa loob ng 400 na taon sa Egipto. Kahit may mga di pagkakaunawaan tungkol sa petsa, ang mas malamang na petsa para sa Exodo mula Egipto ay 1446 B.C.[31] Nagtatapos ang Deuteronomio habang naghahanda ang Israel sa pagpasok sa Canaan sa taong 1405 B.C.

---

[31]Isinasaalang-alang ng mga ebangheliko ang dalawang posibleng petsa para sa exodus. Ayon sa 1 Hari 6:1 at sa Hukom 11:26, ang mas malamang na petsa ay 1446 B.C. Ayon sa archaeological na datos at sa simbolikong pagkaunawa/symbolic understanding ng 1 Hari 6:1, ilan sa mga ebangheliko ang sinusuportahan ang petsa ng malapit sa 1275 B.C. Gayunpaman, ang diretsong pagbasa ng 1 Mga Hari at mga Hukom ay nagsasabing 1446 B.C. ang mas malamang na tamang petsa.

## Exodo

### Tema: ang Pagliligtas at Relasyon

Binabakas ng Exodo ang dalawang pangunahing tema. Tinitingnan ng Exodo 1–15 ang pagliligtas ng Dios sa Israel mula sa Egipto. Ipinapaalala naman ng Paskua ang pagliligtas na ito. Sa buong kasaysayan ng Israel, ang pagdiriwang ng Paskua ay taunang pag-alala sa grasya ng Dios sa pagliligtas sa Israel mula sa pagkaka-alipin.

Ang Exodo 16–40 ay nakatuon sa mapagpalang relasyon ng Dios sa Israel. Ang pagbibigay ng kautusan sa Bundok Sinai ay pangunahing sandali ng pagtatatag ng relasyong ito.

| Exodus | | |
|---|---|---|
| Mga kabanata 1-15 | Pagtubos mula sa Egipto | Paskua |
| Mga kabanata 16-40 | Relasyon kay Jehovah | 10 Utos |

### Pangkalahatang pagtanaw sa Exodo

#### *Pagtubos: Exodo 1–15*

Ang Exodo ay nagsimula sa pagpapahirap at pang-aapi sa bayang Israel sa Egipto. Bagama't tinanggap ng Faraon ang pamilya ni Jose, nakalipas na ang 400 na taon at ang angkan ni Jacob ay nakikita ngayon bilang banta sa Egipto. Narinig ng Dios ang pag-iyak ng kanyang mamamayan at itinindig si Moises bilang tagapagligtas.

Apat na kaganapan na naglalarawan ng pagliligtas sa Israel mula sa Egipto:

- Ang **mahimalang kapanganakan at pagkatawag kay Moises** ang sagot ng Dios sa pag-iyak ng kanyang mamamayan.
- Ang **sampung salot** ay nagpapakita ng sovereignty ng Dios. Ang mga salot ay higit pa sa pagpapakita ng kapangyarihan ng Dios; ang mga salot ay direktang pag-atake sa mga dios-diosan ng Egipto. Nakita ng mga Egipcio ang ilog Nilo bilang pinanggagalingan/bukal ng buhay; ginawang dugo ng Dios ang tubig. Isa sa mga diosa ng mga Egipcio ay inilalarawan bilang isang palaka; nagpadala ang Dios ng mga salot na palaka. Ang panganay/unang anak ng bawat pamilya ng Egipcio ay inilaan para sa mga dios-diosan; kinuha ng Dios ang mga panganay na anak. Ang mga salot ay nagpapakita na si Jehovah ay pinakamakapangyarihan sa lahat ng tao, maging sa Egipto man o sa Israel.
- **Ang Paskua** ay nagmamarka sa posisyon ng Israel bilang mamamayang pinili ng Dios. Ang pista ay naging permanenteng pag-alala sa makapangyarihang pagliligtas ng Dios.
- Ang **pagtawid sa Dagat na Pula** ay nagpapakita ng kapangyarihan ng Dios na iligtas ang kanyang mamamayan.


***Relasyon: Exodo 16–40***

Tinubos ng Dios ang Israel upang bumuo ng isang malapit na relasyon sa kanyang mamamayan. Ang mga kaganapan sa Exodo 16–40 ay nangyari sa Bundok Sinai. Duon kinatagpo ng Dios ang kanyang mamamayan ay minarkahan sila bilang kanyang "pinakakaingatang pag-aari."[32]

Dalawang simbolong nagmamarka sa relasyon sa pagitan ni Jehovah at Israel:

(1) Ang pagbibigay ng **Sampung Utos** ang nagbigay ng balangkas ng tipan para sa relasyon. Katulad ng pagpapatuli sa pakikipagtipan kay Abraham, ang pagsunod sa kautusan ay hindi nagbubunga ng kaligtasan. Sa halip, ang pagsunod sa kautusan ay resulta ng relasyon kay Jehovah.

(2) Ang **tabernakulo** ay nagbibigay ng nakikitang simbolo ng presensya ng Dios ng kasama ng kanyang mamamayan. Matatagpuan sa gitna ng kampo, ang tabernakulo ay patuloy na pagpapa-alala na si Jehovah ay namamalagi sa kalagitnaan ng kanyang piniling mamamayan.




Ang tabernakulo ang nagturo sa Israel ng konsepto ng kabanalan. Habang lumalapit ang mga Israelita sa tabernakulo, batid nilang sila ay lumalapit mula sa "maruming" lugar (labas ng kampo) patungo sa "malinis" na lugar (loob ng kampo) sa tabernakulo mismo na siyang "banal" at ibinukod para sa Dios at mga pari. Ang "Dakong Kabanal-banalan"ay nakikitang simbolo ng pinanahanang lugar ng Dios. Ito ay nagpapakita ng kabanalan ng Dios at kanyang pagnanais para sa mga pinabanal.

**Ang Exodo sa Bagong Tipan**

Sa Bagong Tipan, Si Jesus ang perpektong Tupang inialay sa Paglagpas ng Anghel/Paskua.[33] Siya ang tumupad sa pangako ng Paskua at ng Tabernakulo. Ginamit ni Juan ang salitang Griyego para sa "tabernakulo" upang isalarawan ang ministeryo ni Jesus sa mundo ng isinulat niya na, "At ang Salita ay nagkatawang-tao, at namuhay (tabernakulo) na kasama natin."[34] Kung paanong ang tabernakulo ay kumakatawan sa presensya ng Dios sa kanyang mamamayan, si Jesus ay presensya ng Dios sa piling ng sangkatauhan.

---

[32] Exo. 19:5, **English Standard Version**.
[33] I Cor. 5:7.
[34] Juan 1:14. Ang salitang "nananahan" ay isang salitang literal na may kahulugang, "nasa tabernakulo."

## Levitico

| Aklat | Kung Ano ang Itinuturo Nito Tungkol sa Diyos | Simbolo |
|---|---|---|
| Exodus | Presensya ng Dios | tabernakulo |
| Levitico | Ang Dios ay Banal | mga handog |

### Tema: Kabanalan

Nakakahinayang lamang na kinaliligtaan ng maraming Kristiyano ang Levitico. Bagamat ang Levitico ay naglalarawan ng mga kaugaliang kakaiba sa atin, ang aklat na ito ay naghahatid ng importanteng mensahe: ang Banal na Dios ay nangangailangan ng bayang banal. Ang aklat ng Levitico ay sumasagot sa katanungang, "Paano dapat mamuhay ang mga pinabanal sa presensya ng Dios?" Ang tema ng Levitico ay kabanalan.

Napakahalagang maunawaan ang bahagi ng Levitico sa Pentateuch. Nailigtas na ng Dios ang Israel mula sa Egipto at tinawag sila para sa kanyang sarili. Ang mga handog at kautusan ay hindi ibinigay upang magkamit ng pabor sa Dios. Sa halip, ang mga handog at mga kautusan ng kabanalan ang nagbibigay ng balangkas para sa pamumuhay sa presensya ng Banal na Dios.

Isang susi sa pagbabasa ng Levitico ay ang balanseng nakita sa Lev. 20:7–8."italaga ninyo ang inyong sarili para sa akin, kaya, magpakabanal kayo, sapagkat Ako ang PANGINOON ninyong Dios. Ingatan ninyo ang aking mga tuntunin at inyong isagawa; Ako ang PANGINOON na nagpapabanal sa inyo."[35] Tayo ay inutusan na "pabanalin ang ating sarili at magpakabanal." Ngunit, hindi natin dapat kalimutan na siya "ang Dios na nagpapabanal sa inyo." Ang Dios na nagligtas sa Israel sa pamamagitan ng kanyang biyaya sa Exodo ay ang Dios na nagpabanal sa Israel sa Levitico. Ang Dios na tumawag sa atin para sa kanyang sarili ay ang Dios nagpapabanal sa atin.

### Pangkalahatang Pagtanaw sa Levitico

#### *Kautusan ng Paghahandog (Levitico 1–7)*

Si Ralph Wood, isang tagapagturo sa Baylor University, ay minsang nagsabi sa isang grupo ng mag-aaral na pagkumparahin ang dalawang eksena: isang modernong iskolar na nagsabing ang doktrina ng kasalanan ay isang superstitious myth at ang isang paganong bata na naghandog ng manok sa altar sa isang liblib na nayon. Tinanong ni Professor Wood, "Aling lalaki ang mas malayo sa katotohanan?" kalaunan ay napagtanto ng mga mag-aaral na ang batang pagano, gaano man kaprimitibo, ay nakauunawa ng isang bagay na hindi nauunawaan ng modernong iskolar: ang kasalanan ay nangangailangan ng sakripisyo.

[35] Lev. 20:7-8, **English Standard Version.**

Nangangailangan ang mga makasalanan ng paraan ng pagbabayad-utang. Bagaman ang batang pagano ay humahanap ng kapatawaran sa maling paraan, kahit ang pagano ay nakauunawa na ang kasalanan ay nangangailangan ng pagbabayad-utang.[36]

Ang pangangailangan para sa isang handog/sakripisyo ay makikita sa buong Banal na Kasulatan:

- Sa Genesis 3:21, gumawa ang Dios ng damit para kay Adan at Eba mula sa balat ng hayop.
- Sa Genesis 4, ang hindi karapat-dapat na handog ni Cain ay hindi tinanggap ng Dios.
- Sa Genesis 22:14, pinangalanan ni Abraham ang lugar na pinaghandugan ng "Jehovah-jireh."[37]
- Sa Levitico, ang sistema ng pagsasakripisyo ay ipinaliwanag.
- Sa Hebrews 9 at 10, Si Jesus ay nakita bilang ang handog na "minsan para sa lahat" na umako ng mga kasalanan ng maraming tao.

Sa Levitico 1–7 ay inilahad ang kautusan sa paghahandog. Ang mga handog na ito ang tumulong sa mga Israelita na maunawaan kung paano lumapit sa Banal na Dios.

- Ang **sinusunog na handog** (Lev. 1) ay ang pangunahing alay sa Lumang Tipan. Bago patayin ang hayop, ilalagay ng isang sumasamba ang kanyang kamay sa ulo ng hayop, na nagpapakita na ang makasalanan mismo ang dapat tumanggap ng parusa ng kamatayan.[38] Pagkatapos ay susunugin ng lubusan ang hayop sa altar.
- Ang **handog ng mga butil** (Lev. 2) ay regalong handog na kadalasang may kasamang mga sinusunog na handog o handog para sa kapayapaan.
- Ang **handog para sa kapayapaan**(Lev. 3) -- ipinagdiriwang ang pakikipag-fellowship sa pagitan ng sumasamba at ng Dios. Ito ang nagpapatotoo sa tipan ng pakikipag-ugnayan sa pagitan ng Dios at Israel. Ito ang tanging handog na pinaghahatian sa pagitan ng sumasamba, ng pari, at ng Dios.[39]
- Ang **handog para sa kasalanan** (Lev. 4:1–5:13) ay ibibigay bilang pagsisisi para sa mga hindi sinasadyang paglabag sa kautusan o kung may hindi nagawang bagay na kailangang gawin na inuutos ng kautusan. Ang kasalanan ang nagpaparumi sa tao; ang handog na ito ang nagpapanumbalik sa kanila na maging dalisay/malinis.

---

[36]Paraphrased mula sa "Lamb of God" ni Jill Carattini sa A Slice of Infinity, April 23, 2012. Accessed at: **http://www.rzim.org**

[37] "Ang Panginoon ang magkakaloob" ng isang ihahandog.

[38] Lev. 1:4–5.

[39] Ang bahaging para sa Dios (ang "taba" – ang pinakamabuting parte) ay sinusunog. Ang mga bahaging natira ay kinakain ng sumasamba at ng saserdote o pari.

- Ang **handog para sa paglabag o pagkakasala**(Lev. 5:14–6:7) ay inihahandog din para sa paglabag sa kautusan. Ang handog na ito ay halos kapareho sa handog para sa kasalanan, pero marahil ito ay tumatalakay sa mas seryosong paglabag, partikular sa mga nangangailangan ng kabayaran at pagsasauli ng ari-arian.

Kahit na sa bandang huli ay itinuring ng mga Israelita ang mga handog na ito bilang mga ritwal lamang, ang sistema ng paghahandog ay ginawa upang magpakita ng tunay na pagsisisi. "Sins of a high hand" (mga kasalanang ginawa bilang sinasadyang paglabag) ay hindi saklaw ng mga handog na ito.[40] Ang karapatdapat na handog ay dapat ibigay mula sa pusong tunay na nagsisisi.

### *Pagtatatag ng Pagkasaserdote/Priesthood (Levitico 8–10)*

Dahil ang Dios ay banal, ang bawat pagsamba ay dapat na mangyari sa paraan na kanyang itinakda. Ang Exodo 32 ay nagpapakita ng resulta nang subukan nilang pagsabayin/pagsamahin ang pagsamba kay Jehovah at sa gintong guya ng Egipto.[41]Ang Levitico 10 ay nagpapakita ng pagpaparusa ng Dios sa mga sumasamba sa maling paraan. Ang banal na Dios ay nag-uutos na lumapit tayo sa kanya ayon sa kanyang iniatas.

### *Ang Kautusan patungkol sa Pagiging Malinis at Pagiging Marumi (Levitico 11–16)*

Sa loob ng 400 na taon, nanirahan ang Israel sa Egipto, napapaligiran ng mga paganong walang kamalayan sa kabanalan. Nang tawagin ng Dios ang Israel upang maging banal, kailangan nilang matutunan ang paghiwalay mula sa kasalanan ng mga nakapaligid na mga bayan. Ito ang nagpahintulot sa Israel na kumatawan sa banal na karakter ng Dios sa lahat ng bansa.

Ginamit ng Dios ang mga kautusan patungkol sa pagiging malinis at marumi upang magbigay ng leksiyon patungkol sa kahulugan ng kabanalan at kadalisayan. Gamit ang mga aspeto ng pang-araw-araw na buhay (pagkain, panganganak, mga sakit sa balat, at mga kahinaan ng katawan/bodily discharges). Ipinakita ng Dios na ang lahat sa buhay ay pagmamay-ari niya.

Ang ilan sa mga pagkakaiba sa pagitan ng malinis at marumi ay hindi malinaw sa mga modernong tagabasa. Isa sa pinakamalapit na mga paliwanag ay ang isang malinis na hayop ay akma sa kung ano ang inaasahan ng tao na makita sa kanyang klasipikasyon. Halimbawa, ang isang nilalang na nakatira sa tubig na wala ang inaasahang palikpik o

---

[40]Ayon sa Bilang 15:30-31, walang handog para sa sinsadyang kasalanan. Sa halip ang nagkasala ay dapat na "itiwalag/tanggalin/putulin.." Sa Awit 51, nalalaman ni David na ang kanyang sinadya at pinagplanuhang pagpatay kay Urias ay hindi matatakpan ng isang handog na pambayad sa kasalanan. Sa halip, inilagay niya ang kanyang sarili sa awa/habag ng Dios; "hindi ka nalulugod sa mga handog na sinunog. Ang handog sa Dios ay isang wasak na espiritu: isang wasak at nagsisising puso, O Dios, hindi mo ito tatanggihan."

[41] Tingnan ang Exo. 32:4 ("Ito ang inyong dios, O Israel, na naglabas sa inyo mula sa lupain ng Egipto") at Exo. 32:5 ("Ipagpipista natin bukas **ang Panginoon**.")

kaliskis ay marumi; ang mga lumilipad na insekto na maraming paa ay marumi.[42]Habang ang dahilan sa klasipikasyon nito ay hindi laging malinaw, ang saligang mensahe ay malinaw: Dapat nalalaman ng mamamayan ng Dios ang kaibahan sa pagitan ng dalisay at mga bagay na marumi.

***Ang Alituntunin ng Kabanalan: Ang Paglakad Kasama ng Dios (Levitico 17–27)***

Ang huling bahagi ng Levitico ay nagpapatuloy mula sa mga rituwal ng paghahandog, ang pagkasaserdote, at kadalisayan sa rituwal patungo sa pagtuon sa banal na pamumuhay. Sa alituntunin ng kabanalan, ang Israel ay tinawag upang maging halimbawa sa kabanalan sa bawat bahagi ng buhay: relasyon sa lipunan, pamilya, seksuwalidad, banal na araw, at pakikitungo sa mga mahihirap. Ang panawagan sa kabanalan ay ayon sa katangian ng Dios: "Magpakabanal kayo: dahil Ako ang PANGINOON na inyong Dios ay banal."[43] Ang paalala na "Ako ang iyong Panginoon" o "Ako ang PANGINOON na inyong Dios" ay ginamit ng apatnaput-pitong beses sa mga kabanatang ito. Ang kabanalan ng mamamayan ng Dios ay sumasalamin sa kabanalan ng Dios.

### Ang Levitico sa Bagong Tipan

Maraming particular na aplikasyon ng Levitico ang hindi na ipinatutupad dahil sa pagdating ni Kristo; siya ang tumupad ng kautusan.[44] Gayunman, ang prinsipyo ng kabanalang itinuro ng Levitico ay patuloy na umiiral. Ang mga kautusang ito ang naghayag sa kabanalan ng Dios, kabanalang nakalaan sa pamamagitan ni Kristo para sa lahat ng mga sumasampalataya.[45]

## Isang Mas malapit na Pagtanaw sa Kautusan

►Kung tayo ay naligtas dahil sa biyaya, anong partikular na papel ang ginagampanan ng kautusan sa buhay natin bilang mga mananampalataya ng Bagong Tipan?

Ang "kautusan" ay madalas na nagagamit sa maling paraan sa mga iglesya ngayon. Para sa marami, ang kautusan ay lipas na sa panahon at lubusang wala ng kabuluhan para sa mga Kristiyano. Binabanggit nila ang babala ni Pablo laban sa mga sumusubok na makuha ang pabor ng Dios sa pamamagitan ng pagsunod sa kautusan,[46]habang binabalewala ang ibang pahayag katulad ng, "Subali't nalalaman natin na ang batas ay mabuti, kung ginagamit ito ng tao nang naaayon sa batas."[47] Ang parehong pahayag ay dapat isaalang-

[42]Ang isang nilalang na nabubuhay sa tubig ay inaasahang mayroong palikpik o mga kaliskis. Ang mga paa ng insekto ay nakaugnay sa paggapang, hindi sa paglipad. Kaya't ang mga nilalang na ito ay may mga katangiang hindi naaangkop sa mga inaasahang pagkaraniwan sa kanilang uri.
[43] Lev. 19:2. Ang parehong ideya ay inulit sa Lev. 20:7, 26; 21:8. Sa Bagong Tipan, ito ay inulit sa I Pedro. 1:15-16 at parehong ideya ay makikita sa Mat. 5:48.
[44] 1 Cor. 9:21; Gal. 6:2.
[45] Mat. 5:48.
[46] Gal. 2:16-21, halimbawa.
[47] 1 Tim. 1:8.

alang sa ating pag-aaral ng kautusan ng Lumang Tipan sapagkat "lahat ng Kasulatan… ay kapaki-pakinabang para sa pagtuturo, sa pagsaway, sa pagtutuwid, at sa pagsasanay sa matuwid na pamumuhay."[48]

Para sa iba, ang pagsunod sa kautusan ay nagiging paraan upang magkamit ng pabor mula sa Dios. Ipinagmamalaki nila ang kanilang mga sarili sa kanilang maingat na pagsunod sa bawat detalye ng kautusan. Naniniwala silang ang mga ito ay magbubunga ng pabor ng Dios; ito mismo ang pinaka dahilan kung bakit ang mga Judaizers ay nagkasala.

Paano ba dapat tanggapin ng mga Kristiyano ang kautusan? Maraming mga Kristiyano ang tumutugon sa pamamagitan ng paghati sa kautusan ng Lumang Tipan sa tatlong kategorya. Pinagtalunan nila na ang **moral na kautusan** (katulad ng Sampung Utos) ay patuloy na umiiral ngayon. Pinagtalunan din nila ang **kautusang civil** (mga kautusang para lamang sa Israel bilang isang bansa) at ang batas para sa mga seremonya/ **ceremonial law**(mga kautusang kaugnay sa mga handog, sa pagkasaserdote, at mga rituwal sa pagiging dalisay) ay hindi na akma/nababagay gamitin.

Samantalang ito ang pangkaraniwang pagkakahati-hati, may mga kinakaharap tayong mga problema sa pagtukoy kung alin ang mga akma sa bawat kategorya. Basahin ang kabuuan ng Levitico 19, at subukang ilagay ang bawat kautusan sa isa sa tatlong kategorya. Makikita ninyo na ito ay magiging subjective/ayon sa kalagayan. Ang batas ng paggagapas ba sa Lev. 19:9-10 ay isang kautusang civil na kaugnay lamang sa Israel bilang isang bansa, o ito ay isang moral na mandato para alagaan ang mga mahihirap sa lahat ng lipunan? Ang makatarungang balanse ng Lev. 19:36 ay mga kautusang civil, ngunit nagpapakita rin ito ng moral na prinsipyo ng katapatan.

Wala kahit saan sa Levitico 19 na ipinapahiwatig ni Moises ang pagkakaiba sa pagitan ng civil, pangseremonya, at moral na mga kautusan. Dahil walang pagkakaibang ginawa, at dahil ang Salita ng Dios ay pangwalang hanggan, marahil ang tamang pagtanggap sa kautusan ay basahin ito bilang pagpapahayag ng karakter ng Dios na gumagabay sa mamayan ng Dios sa **lahat ng panahon.**

Sa ganitong pagtanggap sa kautusan, tinatanong natin: "Ano ang ipinapahayag ng kautusang ito tungkol sa banal na karakter ng Dios at kanyang pamantayan para sa mga taong banal?" Pagkatapos ay basahin natin ang kautusan **sa pamamagitan ng pagdating ni Cristo** at isabuhay ito sa ating kalagayan ngayon.

---

[48] 2 Tim. 3:16.

**Ang mga sumusunod na modelo ay nagpapakita kung ano ang itsura nito:**

(1) Basahin ang kautusan ng Lumang Tipan

(2) Hanapin ang prinsipyong itinuturo o ang aspeto ng karakter ng Dios na ipinapahayag

(3) Humanap ng mga pagbabago sa aplikasyong ginagawa dahil sa pagdating ni Cristo

(4) Tukuyin ang modernong pagsasanay/kaugalian

Para magamit ang modelong ito, kunin ang halimbawa mula sa batas ng pag-aani (Lev. 19:9-10).

(1) Ang sinaunang kautusan ay nagsasabing: "kapag napitasan na ninyong minsan ang inyong ubasan, huwag na ninyong babalikan ang natira; bayaan na ninyo iyon sa mga taga-ibang bayan, ulila at babaing balo."

(2) Ang kautusan ay ayon sa karakter ng Dios: "Ako ang PANGINOON na iyong Dios." Ang Dios ay kumakalinga sa mga mahihirap; mahal niya ang mga nangangailangan.[49]

(3) Naimodelo ni Jesus ang kanyang pagmamalasakit sa mga nangangailangan sa kanyang buong ministeryo sa lupa. Hindi binago ni Jesus ang kautusang ito; sa halip, ipinakita niya ang prinsipyong ito sa kanyang pang-araw-araw na ministeryo.

(4) Sa isang kumunidad ng agrikultura, ang isang modernong kasanayan ay maaaring napakalapit sa kasanayan ng Israel – ang pag-iiwan ng maaaning pagkain para sa mga nangangailangan. Sa isang lipunang industriyal, ang modernong kasanayan ay maaaring may kalakip na pagbibigay ng pera o praktikal na tulong para sa mga mahihirap. Ang pagsasagawa ng mga ito ay maaaring magkaiba, ngunit ang prinsipyo ay nananatili na ginagawa sa bawat kumunidad. Ang mga mamamayan ng Dios ay dapat magmahal at magmalasakit sa mga mahihirap katulad ng Dios na siya mismo ay nagmahal at nagmalasakit sa mga mahihirap. Inulit ito sa 1 Juan 3:17-18 at Santiago 2:14-16. Ang prinsipyong ito ng sinaunang batas "sibil ay umiiral pa rin sa ating panahon.

Ang Levitico 19 ay nagsisilbing modelo kung paano bibigyang-kahulugan ang lahat ng alituntunin ng kabanalan. Ito ang tumatawag sa mga mamamayan ng Dios na magpakabanal sa lahat ng bahagi ng buhay. Ilan sa mga aspeto ng Levitico 19 ay repleksyon ng Sampung Utos; ang ilan ay ayon sa kautusan ng paghahandog; ang ilan ay ayon sa ideya ng pagiging malinis at marumi; ang ilan ay ayon sa pagmamahal sa kanilang kapwa;

---

[49] Upang makita ang prnsipyo, dapat nating itanong nang madalas, "Bakit ibinigay ng Dios ang kautusang ito?" Halimbawa, pinagbabawalan ng Dios ang isang nagpapautang na kunin ang gilingan (Deut. 24:6). Bakit? Dahil aalisin nito ang tanging paraan ng taong ito upang maghanap-buhay. Ang pag-unawa sa "bakit" ng isang particular na utos ay nakakatulong sa atin ng makita ang unibersal na prinsipyong itinuturo.

lahat ay nagpapakita ng ating obligasyon na maging banal katulad ng ating PANGINOON na ating Dios ay banal.

## Mga Bilang

### Tema: Ang mga Bunga ng Pagsuway

Ang English na pangalan ng aklat ng Mga Bilang ay mula sa dalawang censuses/paglilista na parte ng aklat; isa sa umpisa at isa sa hulihan ng aklat. Ang titulong Hebreo ("Sa Disyerto") ay paglalarawan ng apatnapung-taon ng pagpapaikot-ikot ng Israel sa disyerto pagkatapos nilang umalis sa Bundok ng Sinai. Ang Mga Bilang ay nagpapakita ng matinding bunga ng pagsuway sa Dios. At bilang resulta ng pagsuway ng mga Israelita, ang buong henerasyon ay namatay sa loob ng apatnapung-taon ng kanilang pagpapaikot-ikot sa disyerto.

Hindi katulad ng ibang aklat ng Pentateuch, Ang Mga Bilang ay walang malinaw na sinusundang literary pattern. Ang aklat ay nasa chronological order/pagkakasunod-sunod sa panahon, ngunit walang ibang nangingibabaw na istruktura. Sa halip, ito ay binabasang parang isang talaan ng nangyayari araw-araw sa isang paglalakbay na maraming ibat-ibang uri ng materyales: kuwento, tula, propesiya, mga pagpapala, kautusan, at dalawang pagpapatala.

Bagamat ang Mga Bilang ay naglalaman ng maraming ibat-ibang uri ng materyales, ang kanyang pangunahing layunin ay malinaw: upang ipakita ang ibinubunga ng pagsuway ng Israel **at** upang ipakita ang patuloy na katapatan ng Dios sa Israel. "kung tayo man ay hindi tapat, siya'y nananatiling tapat – sapagkat hindi niya maaaring itakwil ang kanyang sarili."[50]

### Pangkalahatang Pagtanaw sa Mga Bilang

#### *Ang Israel sa Bundok ng Sinai (Mga Bilang. 1:1-10:10)*

Ang Mga Bilang ay nag-uumpisa sa isang pagpapatala/sensus ng mga tao habang sila ay naghahanda sa pag-alis sa Bundok ng Sinai at maglakbay patungo sa Lupang Pangako. Ang sensus ay sinundan ng panuntunan sa pag-aayos ng mga tolda, ang mga kautusan na dapat sundin ng mga Israelita, at paghahanda para sa pag-alis.

#### *Ang Israel sa Disyerto (Mga Bilang 10:11-21:35)*

Ang sentrong bahagi ng Mga Bilang ay nagtala ng mga taon ng pagpapaikot-ikot nila sa Disyerto, ang resulta ng kanilang pagsuway noong sila ay nasa Kadesh. Kahit bago pa ang kabiguan sa pagpasok sa Lupang Pangako, ang kawalan ng pagtitiwala ng Israel sa Dios ay nakita sa kanilang pagrereklamo noong sila ay nasa Taberah,[51]ang kanilang reklamo

[50] 2 Tim. 2:13, **English Standard Version.**
[51] Bilang 11:1-3.

tungkol sa manna noong sila ay nasa Kibroth-hattaavah,[52] at ang paghihimagsik ni Aaron at Miriam laban sa pangunguna ni Moises.[53]

Pagkatapos ng pag-uulat ng mga espiya tungkol sa kanilang misyon sa Canaan, ang mga tao ay tumanggi nang paniwalaan ang pagtatagumpay na ipangako ng Dios. Ang kaparusahan, pinatay ng Dios ang mga walang pananampalatayang mga espiya sa isang salot at idineklarang walang sinuman na may higit sa dalampung taong gulang, maliban kay Caleb at Josue, ang makakapasok sa Lupang Pangako.

Sa mga natitirang bahagi kabilang ang serye ng mga kautusan patungkol sa paghahandog, ang pagpaparusa sa paghihimagsik nina Korah, Dathan at Abiram, kompirmasyon sa linya ng pagkapari ni Aaron, at kautusan kaugnay sa tabernakulo at ng karumihan. Samantalang may ilang iskolar na nakikita ang pagkakaayos bilang random/'walang sinusunod na ayos, ang bahaging ito ay nagsasalarawan ng biyaya ng Dios sa Israel. Sa pagsubaybay sa mensahe ng kaparusahan na may kasamang pagbabalik-loob sa mga kautusan kaugnay sa paghahandog, ipinapakita ng Dios na hindi niya iniwan ang kanyang bayan. Katulad ng mga kautusan sa Bundok Sinai na nagpapakita ng mapagpalang pag-aalaga ng Dios sa kanyang mamamayan, ang mga kautusan sa Mga Bilang ay nagpapakita ng pag-iingat ng Dios sa Israel sa kabila ng kanilang pagsuway. Sa kaparehong paraan, ang kompirmasyon sa linya ng pagkapari ni Aaron at ang mga kautusan ay kaugnay sa tabernakulo ang nagpapatuloy ng importansya ng tabernakulo at pagkasaserdote sa Israel. Hindi kinalimutan ng Dios ang Israel; patuloy siyang mananahan sa piling ng kanyang mamamayan.

Sa ika-21 kabanata, ang mga tao ay pinadalan ng salot na may mga ahas na makamandag dahil sa kanilang paghihimagsik.[54]Sa pagtugon sa pagsisisi ng mga tao, inutusan ng Dios si Moises na maglagay ng tansong ahas sa isang poste. Sa pamamagitan ng pagtingin sa ahas, ang taong nakagat ay mabubuhay. Sa Juan, itinuro ito ni Jesus bilang uri ng kanyang gagawing pagliligtas para sa lahat ng titingin sa kanya ng may pananampalataya.[55]

### *Ang Israel sa Kapatagan ng Moab (Mga Bilang. 22:1-36:13)*

Ang huling bahagi ng Mga Bilang ay nagpapakita ng pangalawang paghahanda ng Israel sa pagpasok sa Canaan. Ang mga kabanatang ito ay nangyari, tinatayang apatnapung taon matapos ang pagbubukas ng aklat. Dahil sa pagsuway, ang labing-isang araw na paglalakbay ay inabot ng apatnapung taon.[56]

Sa mga nakapagitang mga taon, ang buong henerasyon ng mga Israelitang hindi nanampalataya ay namatay. Walang alinman sa mga namatay sa Mga Bilang 15-21 ang naiugnay sa pagsalakay ng mga kalaban. Ang pagkamatay ng mga hindi nanampalatayang

---

[52] Bilang 11:4-35
[53] Bilang 12:1-16.
[54]Bilang 21:4-9. "Umaapoy na ahas" marahil ay tumutukoy sa makamandag na mga ahas.
[55] Juan 3:14-16.
[56] Deut. 1:2-3.

henerasyon ay resulta ng paghatol ng Dios, at hindi dahil sa lakas ng mga kalaban ng Israel.[57]

Habang naghihintay sa kapatagan ng Moab ang Israel, binayaran ng pinuno ng mga Moabita na si Balak si Balaam upang isumpa ang Israel. Ang sumpa ni Balaam ay ginawang pagpapala ng Dios sa mga tao. Kasama sa naging pagpapala ni Balaam ay ang isa sa mga propesiya ng Lupang Tipan tungkol sa dakilang Mesiyas. Sa kabila ng pagsuway ng Israel, patuloy na iningatan ng Dios ang kanyang bayan.

Ang kwentong ito ng proteksyon ng Dios sa Israel ay agad na nasundan ng isa pang kwento ng paghuhukom. Ang Israel ay sumamba sa mga dios ng Moab at pinarusahan sa pamamagitan ng salot na pumatay sa 24,000 na mga Israelita.[58] Muli, ang kaparusahan sa pagsuway ay malinaw.

Ito ay sinundan ng pangalawang sensus, sa paghahanda sa pag-alis sa kapatagan ng Moab, isang pagbabalik-aral tungkol sa mga kautusan sa paghahandog, at pagtuturo sa paghahati-hati ng lupa. Hindi kinalimutan ng Dios ang kanyang mamamayan.

| **Ang Lumang Henerasyon (Mga Bilang. 1-14)** | **Ang Bagong Henerasyon (Mga Bilang. 21-36)** |
|---|---|
| Unang sensus: 603,550 warriors (Mga Bilang. 1) | Pangalawang sensus: 601,730 warriors (Mga Bilang. 26) |
| Paglalakbay mula sa Sinai hanggang Kadesh | Paglalakbay mula sa Kadesh hanggang Moab |
| Ang Mga Kautusan ng Pagpapabanal (Mga Bilang. 4-9) | Ang Mga Kautusan ng mga handog at panunumpa (Mga Bilang. 28-30) |

### Ang Mga Bilang sa Bagong Tipan

Binigyang punto ni Pablo ang kasalanan ng Israel noong ito ay nasa Moab, ang kanilang hindi pagtanggap sa awtoridad, at ang kanilang mga pagrereklamo bilang babala sa mga taga-Corinto. Itong mga mananampalataya ng Bagong Tipan ay nasa panganib ng parehong pagkakamali. Nagbabala si Pablo, "Kaya kung iniisip ninyo na matatag na kayo sa inyong pananampalataya, mag-ingat kayo at baka kayo mahulog sa kasalanan." Kasama ng babalang ito, hinikayat ni Pablo ang mga mambabasa, "Walang pagsubok na dumarating sa inyo na hindi naranasan ng ibang tao: ang Dios ay tapat, hindi niya tayo pababayaang

[57]Katulad ng sa Josue, ang kamatayan sa Ai ay nangyari dahil sa kasalanan ni Acan, hindi dahil sa lakas ng bayan ng Ai.
[58]Bilang 25:1-9.

subukin ng higit pa sa ating makakaya; kaya kung dumaranas kayo ng pagsubok gagawa siya ng paraan, para mapagtagumpayan ninyo ito."[59]


Sa aklat ng Hebreo, nagbabala ang may akda ng sulat para sa mga Kristiyano laban sa kawalan ng pananampalataya na naging dahilan kung bakit hindi makapasok ng Canaan ang mga Israelita. Dahil pinatigas ng mga Israelita ang kanilang mga puso, pinigilan silang makapasok sa Lupang pangako. Sa parehong paraan, ang mga mambabasa ng aklat ng Hebreo na may "masamang puso ng hindi pananampalataya" ay hindi makakapasok sa Araw ng pamamahinga na ipinangako sa pamamagitan ng ebanghelyo.[60]

## Deuteronomio: Pagpapanumbalik ng Tipan

### Tema: Pag-renew

Ang Deuteronomio ay isa sa pinaka mahalagang aklat sa Lumang Tipan. Ito ang pagtatapos ng Pentateuch at ang pundasyon ng mga aklat ng kasaysayan. Sa kabuuan ng Lumang Tipan, susukatin ng mga propeta ang Israel batay sa mga prinsipyong itinuro sa Deuteronomio.

Ang pangalang Deuteronomio ay nangangahulugang "pangalawang kautusan." Ang "pangalawang kautusan" ay hindi bago, subali't ito'y pagpapanumbalik sa tipan para sa bagong henerasyon. Sa kabila ng hindi pagiging tapat ng Israel sa disyerto, hindi kinalimutan ng Dios ang kanyang mamamayan. Ipinakita ng Deuteronomio na ang mga tipan kay Abraham at Moises ay nananatili pa rin.




### Pangkalahatang Pagtanaw sa Deuteronomio

Ang Deuteronomio ay naglalaman ng tatlong talumpati ni Moises. Ang mga talumpating ito ay nagbabalik-tanaw sa kasaysayan ng Israel at pagtingin sa hinaharap bilang mamamayan ng Dios.

#### *Unang Talumpati – Makasaysayan: Ano Ang Ginawa Ng Dios (Deut. 1-4)*

Sa kanyang unang talumpati, binalikan ni Moises ang kasaysayan ng Israel. Ito ay hindi simpleng pagbabaliktanaw sa kasaysayan; ito ay teolohiya ng kasaysayan. Ipinakita ni Moises ang kahalagahan ng pagpapanatili ng tipan sa pamamagitan ng pagbabalik tanaw sa kasaysayan ng Israel. Ipinakita niya ang kinahantungan ng pagsuway ng Israel nang tumanggi silang pumasok sa Canaan. Pagkatapos ay ipinakita rin Niya ang ginawang pag

---

[59]1 Corinto. 10:1-13.
[60]Hebreo. 3:7-4:13.

iingat ng Dios noong naging masunurin ang Israel sa mga kautusan ng Dios. Itinuro rin ni Moises ang kanyang sarili bilang isang halimbawa ng isang taong pinanatili sa labas ng Canaan dahil sa pagsuway. Hindi dapat kalimutan ng Israel ang kasunduan.[61]

Ang unang talumpating ito ay naglalatag ng importanteng teolohikal na pundasyon para sa huling bahagi ng kasaysayan ng Lumang Tipan, ang doktrina ng "paghahasik at pag-ani."[62] Ang mga nalalabing kasaysayan ng Lumang Tipan ang magpapakita ng prinsipyong ito. Noong ang Israel ay masunurin, pinagpapala siya ng Dios; noong siya ay tumalikod at sumamba sa mga dios-diosan, ipinatapon sila ng Dios.

### *Pangalawang Talumpati – Legal: Ano Ang Mga Iniuutos ng Dios (Deut. 5-26)*

Ang buod ng Deuteronomio ay isang pagbabalik-tanaw sa tipan. Sa Deuteronomio 5-11, Si Moises ay nagbalik-aral sa pangkalahatang kondisyon ng kautusan; sa Deuteronomio 12-26, isinabuhay ni Mpses ang tipan sa ispesipikong kondisyon sa lipunan ng Israel. Ipinakita ng mga kabanatang ito kung paano isasabuhay ang tipan sa buhay ng Israel sa Canaan.[63]

Ang pangkalahatang pagtanaw ni Moises sa kautusan ay nagsisimula sa pagbabalik tanaw ng Sampung Utos. Ang dalawang prinsipyo na siyang ugat ng pakikipagtipan ay ang "pagkatakot sa Dios" at ang "pagmamahal sa Dios."

Sa Deuteronomio 5:29, Sinabi ng Dios, "Sana nga'y manatili ang takot nila sa akin at lagi nilang sundin ang aking mga utos, upang mapanuto sila, at ang kanilang mga anak sa habampanahon!" Ang tamang pagkatakot sa Dios ang magpapanatili sa Israel.

Ang Deuteronomio 6:4-5 ay naglalaman ng buod ng tipan: "Pakinggan mo, O Israel: Ang Panginoong ating Dios, ang nag-iisang PANGINOON: Ibigin ninyo ang PANGINOON na inyong Dios nang buong puso, ng buong kaluluwa at ng buong lakas."[64] Tinukoy ito ni Jesus bilang ang "una at pinakadakilang utos."[65]

Ang dalawang prinsipyong ito, ang pagkatakot sa Dios at pagmamahal sa Dios ay hindi magkasalungat. Ang salitang pagkatakot at pagmamahal ay parehong terminong pang relasyon. Sa Lumang Tipan, ang "pagkatakot sa Dios" ay nangangahulugan ng pamumuhay ng may tamang relasyon sa kanya. Ang pagkatakot sa Dios ay hindi ang nanginginig na

---

[61] Deut. 4:9,23.

[62] Ang mga Biblikal na mga iskolar ay tinatawag ito bilang prinsipyo ng "deuteronomic theology" o "retribution theology." Ito ang pundasyon ng mga aklat ng kasaysayan, ang mga aklat ng propesiya, at muling binanggit sa Gal. 6:6-7.

[63] Isang halimbawa ang Deut. 22:8: "Lalagyan ninyo ng barandilya ang bubong ng bahay na gagawin ninyo para hindi kayo managot sakaling may mahulog mula roon. (Magandang Balita Biblia). Ang kautusang ito ay hindi kabilang sa Exodo o sa Levitico. Ang mga kautusan kaugnay sa pagtatayo ng bahay ay hindi kailangan para sa mga tao sa disyerto. Kailangan ang mga ito para sa pagpapatupad ng batas sa bagong kalagayan ng nakatatag na mga lungsod sa Canaan. Bagaman ang pagpapatupad ay bago, ang prinsipyo ay hindi. Inilalapat ng Deuteronomio 22:8 ang naunang inihayag na prinsipyo, "Ibigin mo ang iyong kapwa tulad ng pag-ibig mo sa iyong sarili." (Lev. 19:18. Kaugnay rin ito sa Exodo 20:13, "Huwag kang papatay" (Magandang Balita Biblia). Ang pagtupad sa kautusang ito ay higit pa sa kawalan ng pagpatay, ito ay isang aktibong proteksiyon ng ibang tao—isang prinsipyong muling binanggit ni Jesus sa Mateo 5:21-24.

[64] Deut. 6:4-5 ay tinatawag na **Shema.**

[65] Mateo. 22:38.

takot ng isang alipin; ito ay ang angkop na kamalayan sa kung sino talaga ang Dios at ang ating tugon sa kanya. Ang pagkatakot at pagmamahal ay parehong positibong termino.

Ang mga huling bahagi sa talumpating ito ang nakabuo ng dalawang prinsipyong ito at ginamit ang mga ito sa pang araw-araw na buhay. Sa pagbabalik aral sa Sampung Utos at pagsasabuhay ng kautusan sa pamumuhay sa Canaan, ipinakita ni Moises kung paano ang pagkatakot sa Dios at pagmamahal para sa Dios ay maipapakita sa araw-araw na buhay. Ang kautusan ay higit pa sa listahan ng mga patakaran; ito ay ang dahilan para sa pamumuhay ng isang relasyon ng pagmamahal.

### *Pangatlong Talumpati – Propesiya: Ano ang Gagawin ng Dios (Deut. 27-31)*

Nakatuon sa hinaharap, ang panghuling talumpati ni Moises ay para sa paghahanda sa Israel sa pagsasalin ng pamumuno kay Josue at paghamon sa Israel na magpatuloy sa katapatan sa Tipan.

Ang Deuteronomio 27-28 ay naglalaman ng mga tagubilin para sa mga seremonya ng pagpapanumbalik ng pakikipagtipan na dapat gawin pagkatapos pumasok ang Israel sa Canaan. Sa seremonyang ito, kailangang gumawa ng altar ang mga Israelita malapit sa Shechem, isang lungsod sa pagitan ng Bundok ng Ebal at Bundok Gerizim. Ang mga lipi ay mahahati sa dalawang grupo, ang kalahati ng mga lipi ay sa isang bundok at sa kabila naman ang natitirang kalahati ng mga lipi. Bibigkasin ng mga Levita ang mga babala ng tipan, at ang mga tao ay tutugon ng mga pagpapala at mga sumpa ang tipan. Ang seremonyang ito ay isinagawa sa Josue 8:30-35. Isa itong dramatikong paraan upang ipaalala sa bagong henerasyon ng kanilang obligasyon sa tipan.

Ang Deuteronomio 29-30 ay naglalaman ng huling mensahe ni Moises. Pagkatapos paalalahanan ang mga Israelita tungkol sa katapatan ng Dios sa kanilang nakaraan, ihinula ni Moises na ang Israel ay babaling sa ibang dios at mabibihag. Gayunpaman, ihinuhula din niya ang awa ng Dios na magbabalik sa kanila sa lupain. Nagtapos si Moises sa isang pagpili: "Saksi ko ang langit at ang lupa na ngayo'y inilahad ko sa inyo ang buhay o kamatayan, at ang pagpapala o sumpa: kaya't piliin ninyo ang buhay para kayo at ang inyong lahi ay magtagal."[66]

Sa Deuteronomio 31, itinalaga ni Moises si Josue bilang kanyang tagapagmana at gumawa ng probisyon para sa kautusan na babasahin tuwing ika-pitong taon sa Pista ng Tabernakulo. Ito ang magpapaalala sa bawat henerasyon sa mga probisyon ng kautusan.

### *Appendices/Apendise (Deut. 32-34)*

Sa ilalim ng direksyon ng Dios, gumawa si Moises ng probisyon upang tulungan ang Israel na maalala ang tipan/kautusan.Tinuruan ni Moises ang mga Israelita ng isang awit na buod ng tipan. Ang awit na ito ay pagbabalik-tanaw sa kabutihan ng Dios sa Israel, ihinuhula ang

---

[66] Deut. 30:19.

pagrerebelde at pagkabihag ng Israel sa hinaharap at mga pangako ng Dios ng pagpapatawad at pagpapanumbalik. Ang awit ng Deuteronomio 32 ay isa pang paalala sa mga probisyon ng tipan.

Ang Deuteronomio 33 ay naglalaman ng huling pagbabasbas ng pagpapala sa bawat lipi. Katulad ng isang amang nagbabasbas ng pagpapala sa kanyang mga anak, Si Moises ay nagpahayag ng pagpapala sa bawat lipi.[67]

Ang Deuteronomio 34 ay isang patalastas ng kamatayan na maaaring isinulat ni Josue. Dahil sa kasalanan ni Moises sa Meribah, hindi siya pinayagang makapasok sa lupang pangako.[68] Gayunpaman, pinahintulutan ng Dios na makita ni Moises ang lupain mula sa bundok ng Nebo. Inilibing ng Dios si Moises sa Moab, at si Josue ang naging tagapanguna ng mga mamamayan ng Israel.

**Deuteronomio sa Huling Bahagi ng Lumang Tipan**

Ang tipan sa Deuteronomio ay nagbibigay ng batayan para sa huling "propesiyang paghahabla sa hukuman" laban sa Israel. Ang mga propeta ng Israel ay tumuturo sa Deuteronomio nang ipakita nila ang kataksilan ng Israel sa Dios. Ang istraktura ng Deuteronomio ay sumusunod sa disenyo na pangkaraniwan sa pulitikal na pakikipagtipan o kasunduan sa panahon ni Moises. Mula sa Egipto, ang anyong ito ay maaaring naging pamilyar sa mga Israelita at nakakatulong sa kanila upang maunawaan kung gaano kaseryoso ang kanilang pakikipagtipan sa Dios.

Nakakalungkot, kalaunan ay nakalimutan ng Israel ang kanilang pangako at sumira sila sa tipan. Sa aklat ng Mga Hukom, ang Israel ay nagsimula nang talikuran ang tipan. Ang Mga Hukom, mga Hari, at ang mga propeta ang magpapakita ng kabiguan ng Israel sa pananatiling tapat sa tipan na ipinahayag sa Deuteronomio.

[67] Tingnan ang Gen. 49 para sa katumbas na pagpapala ni Jacob sa mga lipi.
[68] Mga Bilang. 20.

| Ang Tipan ng Dios sa Israel | |
|---|---|
| Sinaunang Kasunduan sa Malapit na Silangan | Tipan ng Dios sa Israel |
| **Pasimulang** ipinakikilala ang kasunduan | Deut. 1:1-5 |
| **Pangkasaysayang Prologue** nagbabalik-tanaw sa relasyon sa pagitan ng dalawang partido | Deut. 1:6 – 4:49 |
| **Mga Ipinapahayag** ng Tipan | Deut. 5:1 – 26:19 |
| **Mga Sumpa at pagpapala** sa paglabag (o pagtupad) sa tipan | Deut. 27:1 – 28:68 |
| **Probisyon** para sa pana-panahong **pagbasa ng tipan** | Deut. 31:9-29 |
| **Listahan ng mga saksi** sa tipan | Deut. 32:1-47 |

### Ang Deuteronomio sa Bagong Tipan

Ang Deuteronomio ay nabanggit ng higit na walumpung beses sa Bagong Tipan, isa sa pinakamadalas na mabanggit mula sa mga aklat ng Lupang Tipan. Ang Deuteronomio ay nangakong magtatalaga ang Dios ng propetang tulad ni Moises; ito ay nabigyang katuparan sa ministeryo ni Jesus sa Lupa.[69] Binanggit ni Jesus ang Deuteronomio ng maraming beses, kabilang ang kanyang tugon sa panunukso ni Satanas sa ilang.[70]

## Konklusyon: Nagsasalita Ang Pentateuch Sa Kasalukuyan

Para sa maraming iglesya, marami sa bahagi ng Pentateuch ay binabalewala/hindi pinapansin. Ang mga istorya ng paglikha at ng baha ay batayan para sa mga aralin ng mga bata at paksa ng mga debate tungkol sa paglikha at ng ebolusyon. Ang Sampung Utos ay kinakabisado sa Sunday School. Gayunpaman, marami sa bahagi ng Exodo hanggang sa Deuteronomio ay hindi pinapansin ng maraming Kristiyano. Ito ay isang kasawian, dahil ang mga aklat na ito ay mahalaga para sa mga Kristiyano sa ika-21 siglo.

Ang Exodo ay nagpapakita ng plano ng Dios para sa pagtubos at pagbuo ng relasyon sa sangkatauhan. Kung mauunawaan ng tama, ang kautusan ay naghahayag ng pagnanais ng Dios na magtatag at panatilihin ag kanyang relasyon sa kanyang mamamayan. Para sa atin, ganoon din sa Israel, sinabi ng Dios: "Huwag kayong matakot, sapagkat sinusubok lang kayo ng Dios. Ibig lang niyang magkaroon kayo ng takot sa kanya, pagkat ayaw niya kayong

[69] Deut. 18:14-22; Deut 34:10-12; Juan 6:14.
[70] Deut. 6:13, 16; 8:3; Mateo 4:1-10.

magkasala."[71] Ang tamang relasyon sa Dios ay nangangahulugan na hindi natin kailangang matakot sa kahit anong bagay.

Ang Leviticus ay nagpapakita ng kabanalan. Ipinapakita nito na ang banal na Dios ay nag-uutos sa kanyang mamamayan na maging banal. Bagamat ang sistema ng paghahandog ay hindi na ipinatutupad, ang prinsipyo ng kabanalan ay nananatiling mahalaga para sa pamumuhay ng isang tamang relasyon sa Dios.

Ang Mga Bilang ay nagbigay babala sa mga iglesya laban sa hindi pagsunod. Sa Lumang Tipan, ang mga mamamayan ng Dios ay hinatulan dahil sa kanilang hindi pagsunod. Ngayon, ang mamamayan ng Dios ay hahatulan din kung hindi tayo susunod sa Dios.

Ang Deuteronomio ay nagbigay ng gabay sa paggamit ng prinsipyo ng kautusan sa pabago-bagong sitwasyon. Sa Deuteronomio, tinuruan ni Moises ang Israel kung paano gamitin ang prinsipyo ng kautusan sa pamumuhay nila sa Lupang Pangako. Kahit pa magbago ang mga kalagayan ng buhay natin, ang prinsipyo ng kautusan ng Dios ay hindi nagbabago. Ang pag-aaral sa Deuteronomio ay nagtuturo sa atin kung paano gamitin o isabuhay ang prinsipyo ng Biblia sa bagong sitwasyon.

## Takdang Aralin ng Leksiyon

Ipakita ang iyong pagkakaunawa sa leksiyong ito sa pamamagitan ng mga sumusunod na takdang aralin:

(1) Pumili ng **isa** sa mga sumusunod na takdang aralin:

Option 1: Takdang Aralin PangGrupo

Pagkatapos basahin ang "Isang Mas Malapit na Pagtanaw sa Kautusan," pag-aralan ang Leviticus 19. Para sa bawat kautusan sa kabanatang ito, alamin ang prinsipyong itinuturo at pagkatapos ay talakayin kung paano magagamit/maisasabuhay ang prinsipyong ito sa panahon natin ngayon. Ang baway miyembro ng iyong grupo ay kailangang sumulat ng isang maiksing sanaysay na nagpapakita ng kahit isang napapanahong aplikasyon ng Leviticus 19.

Option 2: Takdang Aralin pang Indibidual.

Pagkatapos basahin ang "Isang Mas Malapit na Pagtanaw sa Kautusan," pag-aralan ang Leviticus 19. Sumulat ng 1-2 pahinang sanaysay kung saan ililista mo ang bawat kautusan sa kabanatang ito, tutukuyin ang mga prinsipyong itinuturo nito, at pagkatapos ay ipakita kung paano magagamit/maisasabuhay ang prinsipyong ito sa panahon natin ngayon.

(2) Kumuha ng pagsusulit ayon sa materyal mula sa kabanatang ito. Kabilang sa pagsusulit ang mga Kasulatang nakatakdang isaulo.

---

[71] Exo. 20:20.

**Leksiyon 3 Mga Tanong sa Pagsusulit**

1. Ano ang mas malamang na petsa ng pag-alis ng Israel mula sa Egipto?

2. Ilista ang tema para sa bawat aklat:

3. Ang dalawang pangunahing bahagi ng Exodo ay ang ____________________ at ____________________.

4. Sa Exodo, ang apat na pangyayari na nagpapakita ng pagliligtas sa Israel mula sa Egipto ay ang mga sumusunod:

5. Sa Exodo, ang dalawang pangyayari na nagmarka ng pagtatatag ng relasyon sa pagitan ni Jehovah at Israel ay ang mga sumusunod:

6. Tukuyin ang bawat paghahandog/kaloob mula sa Levitico.

- _________________: ang kaloob na regalo na kasabay ng iba pang handog
- _________________: ang pangunahing handog sa Lumang Tipan
- _________________: tumutukoy sa paglabag na nangangailangan ng pagbabayad
- _________________: pagbabayad para sa hindi sinasadyang paglabag sa kautusan
- _________________: pagdiriwang ng pagsasama ng sumasamba at ng Dios

7. Ang __________________________ ng Levitico 17-27 ay nagtuturo sa Israel kung paano mamuhay sa isang paraan na nagpapakita ng kabanalan sa pang-araw-araw na buhay.

8. Ang apat na hakbang sa pagsasabuhay ng kautusan ng Lumang Tipan sa panahon natin ngayon ay ang mga sumusunod:

9. Ang tatlong pangunahing bahagi ng Mga Bilang ay ang _______________________, ___________________, at ________________.

10. Ang tatlong talumpati ni Moises sa Deuteronomio ay ang mga sumusunod:

# Leksiyon 4
# Josue – Ruth

## Mga Layunin ng Leksiyon

Sa pagtatapos ng leksiyong ito,ang mag-aaral ay dapat:

(1) Makayanang ibalangkas ang mga pangunahing tema ng Josue – Ruth.

(2) Malaman ang mga pangunahing pangyayari sa pagsakop at panahon ng mga Hukom.

(3)Pahalagahan ang importansya ng paghahanda ng paglilipat ng pamumuno.

(4) Maunawaan ang konsepto ng (Banal) Digmaan ni Yahweh sa Josue.

(5) Maiugnay ang mensahe ng Josue – Ruth sa pangangailangan ng panahon natin ngayon.

## Leksiyon

*Basahin ang Josue hanggang Ruth*

*Isaulo ang Josue 1:8-9*

## Panimula

| Mga Aklat ng Kasaysayan | | |
|---|---|---|
| Theocracy | Josue – Ruth | 1405-1043 BC |
| Monarkiya | Samuel – Cronica | 1043-586 BC |
| Pagbalik mula sa Pagkabihag | Ezra – Esther | 536-420 BC |

Sa Ingles na Biblia, ang mga aklat mula sa Josue hanggang Ester at tinatawag na "mga aklat ng kasaysayan." Inuulat nila ang kasaysayan ng Israel mula sa pagsakop sa Canaan, hanggang sa pagkawasak ng Jerusalem noong 586 B.C., hanggang sa pagbabalik simula noong 536 B.C.

Sa Hebreong Biblia, marami sa mga aklat na ito ng (Josue, Mga Hukom, Samuel, at Mga Hari) ay tinatawag na "Mga Naunang Propeta." Ang "propeta" ay ang nagdadala ng mensahe ng Dios sa mga tao. Ang mga aklat ng kasaysayan ay higit pa sa kawili-wiling kuwento tungkol sa Israel; ang mga ito ay nagpapahayag ng mensahe ng Dios sa mga tao.

Sa Josue at Mga Hukom, ay itinuturo ng Dios na pinagpapala niya ang pagiging tapat at pinaparusahan ang pagiging hindi tapat. Sa Mga Hari, ipinakita ng Dios na ang

pagkakatapon ay resulta ng pagrerebelde ng Israel. Sa Ezra at Nehemias, pinagtibay muli ng Dios sa Israel na hindi niya sila kinalimutan. Ang mga aklat ng kasaysayan ay nagpapakita ng pagiging tapat ng Dios sa kanyang mga mamamayan, ang kanyang "walang-hanggang awa " sa Israel.

Ang mga aklat na ito ay "kasaysayan na may layunin." Ipinapakita nito na kumikilos ang Dios sa kasaysayan ng pakikipagtipan ng Israel. Dahil dito, ang mga aklat na ito ay mahalaga sa mga Kristiyanong mambabasa ngayon; ang mga ito ay nagpapakita kung paano kumikilos ang Dios sa kasaysayan ng sangkatauhan upang tapusin ang kanyang mga layunin.

Ang unang tatlong aklat ng kasaysayan ay nagtatala ng unang kasaysayan ng Israel bilang isang theocracy (direktang pinamamahalaan ng Dios). Sa pamamagitan ni Moises at Josue bilang kumakatawan sa Dios, ang ganitong uri ng gobyerno ay matagumpay. Sa kasamaang-palad, dahil ang Israel ay hindi tapat sa panahon ng Mga Hukom ito ay humantong sa mga problema sa lipunan. Ang monarkiya (pinamamahalaan ng isang hari) ay kinailangan upang pag-isahin ang mga bansa.

## Josue

### Tema: Ang Pagsakop sa Canaan

Ang pagtubos sa Israel mula sa pagkakaalipin ang simula ng plano ng Dios para sa kanyang mamamayan; ang pag-ari sa Canaan ay ang sumunod na hakbang bilang katuparan ng pangako ng Dios kay Abraham. Sa Josue, ang Banal na Mandirigma ang nagdala sa kanyang mamamayan sa pangakong kapahingahan. Ipinagpatuloy ni Josue ang istorya na naumpisahan sa Exodo at naantala dahil sa pagsuway ng Israel sa panahon ng aklat ng Mga Bilang.

Ipinakita ni Josue ang katapatan ng Dios sa Israel noong sila ay tapat sa kanya. Ang pagsunod sa Dios ay nagdadala ng pagpapala, ang prinsipyong itinuturo sa Deuteronomio. Ito ay ipinakita sa Jerico at sa labanan laban sa nagsanib pwersang mga hari sa Josue 10. Ang pagsuway sa Dios ay nagdadala ng kanyang parusa; ito ay ipinakita sa Ai. Sa ganitong paraan, ang Josue ay nagpaunang-tanaw sa kasaysayan ng Israel sa paglipas ng panahon.

### Ang May-akda at Petsa

Ang mga pangyayari sa aklat ng Josue ay nangyari mula 1405-1380 B.C. Sa panahong ito, ang Canaan ay nasa ilalim ng nasabing pamamahala ng Egipto, ngunit may napakaliit na direktang pamumuno mula sa Egipto. Bilang resulta, ang mga Cananeo ay hindi nakapagharap ng nagkakaisang pwersa laban sa pagsakop ng Israel.

Ang aklat ng Josue ay marahil naisulat pagkatapos ng mga pangyayaring natala dito. Ang Josue 24:26 ay nagmumungkahi kay Josue bilang may-akda ng aklat. Katulad ng sa Deuteronomio, ang mga talata ay idinagdag sa bandang huli pagkatapos isalarawan ang

pagkamatay ng may-akda.[72]

## Pangkalahatang Pagtanaw sa Josue

### *Ang Pagsakop sa Canaan: Josue 1-12*

*Pagtawid patungo sa Lupain (Josh. 1-5)*

Ang aklat ng Josue ay nagsimula sa pagpapakita ng Dios kay Josue pagkatapos ng pagkamatay ni Moises. Ipinangako ng Dios na sasamahan niya si Josue katulad ng pagsama niya kay Moises.

Sa paghahanda sa pagsakop, nagpadala si Josue ng dalawang espiya upang tingnan ang lupain, partikular ang lugar ng Jerico. Ang mga espiya ay kinupkop ni Rahab, isang babaeng bayaran sa lungsod. Hiniling ni Rahab sa mga espiya na protektahan siya kapag nasakop na ng Israel ang bayan. Ipinahayag niya ang kanyang pananampalataya sa Dios ng Israel. Sa isang halimbawa sa Lumang Tipan ng kaligtasan sa pamamagitan ng pananampalataya, itong Hentil na babaeng bayaran ay nagmana ng mga pangakong ibinigay sa Israel at naging bahagi ng messianic line/salinlahi ng Mesiyas.[73]

Sa halip na mapasok ng Israel ang Canaan mula sa timog (ang pinaka direktang ruta), Pinahintulutan ng Dios na pangunahan ni Josue ang mga lipi patawid sa Ilog Jordan. Ang himalang ito, ay pag-uulit sa pagtawid sa Dagat na Pula sa pangunguna ni Moises, na nagpapatibay/nagpapatotoo kay Josue bilang pinunong pinili ng Dios para sa kanyang mamamayan.[74]

Pagkatapos nilang tawirin ang Ilog Jordan, muling itinatag ni Josue ang dalawang pang-alaala sa tipan. Una, pagkatapos ng maraming taon ng pag-ikot-ikot noong panahong pinababayaan ng Israel ang pagsasagawa ng pagtutuli, kaya ang mga lalaki ay ipinatuli. Pangalawa, ang Pista ng Paskua ay ipinagdiwang sa kauna-unahang pagkakataon sa Lupang Pangako.

*Pagkuha sa Lupain (Josh. 6-12)*

Ang pagsakop sa Canaan ay nagpapakita na sa pagiging tapat ng Israel sa Dios, binibigyan sila ng Dios ng tagumpay laban sa kanilang mga kaaway. Ang pagsunod sa mga utos ng Dios ng pagmamartsa paikot sa Jericho, ang Israel ay tumanggap ng malaking tagumpay. Gayunpaman, dahil sa kasalanan ni Achan, ang Israel ay natalo ng mas maliit na bayan, ng Ai. Pagkatapos maparusahan si Achan, binigyan ng Dios ang Israel ng tagumpay laban sa Ai at pagkatapos ay sa Bethel.

Ang istorya ng Gabaon ay nagsisilbing babala sa mga namumuno. Ang plano ng Dios para kay Josue na malupig ang lahat ng tao sa Canaan. Nilinlang ng mga pinuno ng Gabaon,

---

[72] Josue 24:29-31.
[73] Mateo 1:5.
[74] Josue 3-4; ihambing sa Exodo 14-15. Tingnan din ang Josue 4:14.

isang lungsod sa Canaan, si Josue sa pagkukunwaring sila ay mula sa malayong lugar. Kahit hindi kinunsulta ni Josue ang nais na direksyon ng Dios, nakipagtipan si Josue sa mga Gabaon.[75] Ang mga bunga ng kanyang kamangmangang desisyon ay nagdulot ng paghihirap para sa Israel paglipas ng daang taon sa panahon ng paghahari ni David.[76]

Ang pinaka mabilis na resulta ng kasunduan ay ang paglusob sa Gibeon ng mga hari ng Canaan mula sa timog. Dahil sa kasunduan, dumating ang Israel para tumulong sa Gabaon. Ang Dios ay nakipaglaban para sa Israel, at sa araw na iyon na "tumigil ang araw", nagpaulan ng yelo ang Dios sa mga kaaway ng Israel. Ang tema ng kapangyarihan ng Dios para sa kanyang mamamayan ay paulit-ulit na nakikita sa kabuuan ng Josue 10:

- "At ipinahiya sila ng Dios"
- "ipinadala ng Panginoon ang malalaking bato"
- "ibinigay ng Panginoon sa kanila ang mga Amorreo"
- "nakipaglaban ang Panginoon para sa Israel"

Ang tagumpay laban sa mga Cananeo ay naipanalo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Dios, hindi sa pamamagitan ng lakas ng Israel.

Ang Josue 11 ay nagkukwento tungkol sa tagumpay laban sa hilagang bahagi ng Canaan. Sa pagtatapos ng Josue 12, napasa-ilalim na ng Israel ang halos buong Canaan pagkatapos nila itong sakupin sa loob ng halos pitong taon.

### *Ang Paninirahan sa Canaan: Josue 13-24*

*Paghahati ng Lupain (Josh. 13-21)*

Ngayon na ang Israel ay mayroon ng epektibong pamamahala sa lupain, may maliliit na pagtutol mula sa mga katutubong mamamayan. Ang bawat indibiduwal na lipi ay binigyan ng responsibilidad na tapusin ang pagsakop. Sa kasamaang palad, ang Mga Hukom ay nagpapakita na hindi natapos ng mga lipi ang kanilang misyon.

Ang Josue 14-19 ay nagtatala ng pagkakahati-hati ng lupain sa bawat lipi. May partikular na importansya sa kasaysayan ng Israel ang pagtatakda ng anim na "lunsod na kublihan/taguan" at apatnaput-walong lunsod para sa mga Levita. Ang mga lunsod na taguan ay inilaan para bigyan ng proteksyon ang sinumang aksidenteng nakapatay ng tao.[77] Ang taong tumakas papunta sa lunsod na taguan ay protektado mula sa di makatarungang paghihiganti ng pamilya ng taong napatay nila. Sa parehong pagkakataon, ang katotohanang ang taong pumatay ay kailangang manatili sa lunsod na taguan hanggang sa pagkamatay ng punong pari ay ipinapakita ang mataas na halaga ng buhay sa kautusan ni Moises; kahit na ang hindi sinasadyang pagkamatay ay seryosong pinahahalagahan.

---

[75] Josue. 9:1-27.
[76] 2 Sam. 21:1-14.
[77] Mga Bilang 35:9-15.

Ang mga Levita ay hindi tumanggap ng sarili nilang minanang lupain. Sa halip, ang liping ito ay nagkahiwa-hiwalay sa buong lupain, upang makapamuhay silang kasama ng lahat ng tao at magbigay ng espirituwal na paggabay sa buong Israel.

*Paglilingkod sa Dios sa Lupain (Josh. 22-24)*

Ang bahaging ito ay nagsimula sa isang kwentong naglalarawan ng pagkakaisa ng mga bansa. Ang Israel ay hindi isang **confederation** ng mga nagsasariling mga lipi; sila ay isang bayan na naglilingkod sa Dios. Ang Josue 23 at 24 ay nagbigay ng huling hamon sa mga tao. Sa pangyayaring katulad ng mga huling talumpati ni Moises sa Deuteronomio, si Josue ay nanawagan sa mga mamamayan ng Israel na pagtibayin muli ang kanilang pagtatalaga ng kanilang sarili sa Dios sa seremonya ng pagpapanumbalik ng tipan. Ang aklat ay nagtapos sa kamatayan ni Josue sa edad na 110 taon.

► Bilang isang tagapanguna ng iglesia, paano mo ihahanda ang iyong iglesya para sa pagbabago ng pamumuno? Pag-usapan ang mga praktikal na hakbang sa ganitong pagbabago.

Sa pagtatapos ng Deuteronomio, ipinatong ni Moises ang kanyang kamay kay Josue para sa pagbibigay simbolo ng pagsasalin ng pamumuno. Sa pagtatapos ng Josue, walang malinaw na pagsasalin ng pamumuno mula kay Josue patungo sa isang bagong pinuno. Sa halip, sa isang talata na nagpapahiwatig ng mga parating na problema sa Mga Hukom, naitala sa Josue, "Nanatiling naglilingkod sa PANGIOON ang bayang Israel habang nabubuhay si Josue, Kahit wala na siya nanatiling silang tapat kay Yahweh habang nabubuhay ang mga pinunong nakakatalastas ng mga kababalaghang ginawa ng Panginoon para sa Israel."[78] Sa simula ng Mga Hukom ay ipapakita na ang pamantayan ni Josue ay hindi naipasa sa mga sumunod na henerasyon.

| Deuteronomio | Josue |
|---|---|
| Nagtatapos sa pagpapanumbalik ng tipan. (29-32) | Nagtatapos sa pagpapanumbalik ng tipan (23-24) |
| Nagtatapos sa kamatayan ng isang dakilang tagapanguna, si Moises. | Nagtatapos sa kamatayan ng isang dakilang tagpanguna, si Josue |
| Probisyon sa pagsasalin ng pamumuno | Walang probisyon para sa pagsasalin ng pamumuno. |

[78] Josue 24:31, **English Standard Version.**

## Isang Mas Malapit na Pagtanaw sa Pakikidigma ni Yahweh

Ang pakikidigma ni Yahweh, o banal na digmaan, ay ipinaliwanag sa Deuteronomio 20. Ang kabanatang ito ang nagbigay ng panuntunan para sa pagsasagawa ng pakikidigma ng Israel.

Sa nakalipas na ilang taon, may dalawang factor na nag-akay sa panibagong pagtalakay sa mga utos ng Dios na wasakin ang mga Cananeo. Una, ang mga hindi madaling maniwala ay tumutukoy sa kautusang ito upang ikatwiran na si Jehovah ay isang dios na uhaw sa dugo na dapat parusahan, hindi sambahin. Ikalawa, ang pagsikat ng **jihad** ng Islam, ang Holocaust, ang genocide (pagpatay ng sanggol) sa mga lugar tulad ng Rwanda at Bosnia ay naging dahilan upang magtanong ang mga Kristiyano, "Ang **jihad** ba ay pareho ng banal na digmaan na iniutos sa Josue? Ang Israel ba sa Lumang Tipan ay guilty/may kasalanan din ng parehong kalupitan na isinasagawa sa kasalukuyan sa pangalan ni Allah?"

Samantalang ang tanong na ito ay lampas sa saklaw ng maiksing pagsisiyasat, may ilang mga prinsipyo na dapat isaalang-alang sa pag-aaral ng Josue.[79]

**(1) Ang pakikidigma ni Yahweh ay sumasalamin sa katarungan ng Dios.** Ang mga Cananeo (katulad ng lahat ng tao) ay mga makasalanan na nararapat lamang sa matuwid na hatol ng Dios. Maaaring ikatwiran na ang sorpresa ay hindi ang pagwasak ng Dios sa mga Cananeo, kundi nang kaawaan niya ang nalalabing sangkatauhan.[80] Lahat ng tao ay nararapat tumanggap ng paghatol Dios.

Ang testimonya ni Rahab sa mga Israelitang espiya ay nagpapakita na ang mga Cananeo ay maaaring narinig na ang tungkol sa kapangyarihan ng Dios.[81] Gayunpaman, maliban kay Rahab, walang Cananeo ang nagsisi at lumapit sa Dios. Ang kagustuhan ng Dios na patawarin si Rahab (at sa mga susunod na henerasyon, Nineve) ay nagmumungkahi na ang pagsisisi ng mga Cananeo ay maaaring syang nagdala ng awa ng Dios.

**(2) Ang pakikidigma ni Yahweh ay lumalarawan sa soberenya ng Dios sa daigdig.** Ang Lupang Pangako (katulad ng lupain sa buong mundo) ay pagmamay-ari ng Dios. Hindi "kinuha" ng Dios ang lupain mula sa mga Cananeo; ang lupain ay sa Dios kaya maaari niya itong ibigay sa sinumang piliin nya. Sa sinaunang Malapit na Silangan, ang lahat ng digmaan ay itinuturing na banal na digmaan, digmaan sa

---

[79] Para sa dagdag na impormasyon sa usaping ito, basahin ang:
Stanley Gundry, **Show Them No Mercy: Four Views on God and Cananeo Genocide**, Zondervan, 2003.
Paul Copan, **Is God a Moral Monster?: Making Sense of the Old Testament God**, Baker Books, 2011.
[80] Daniel Gard in Stanley Gundry, **Show Them No Mercy: Four Views on God and Cananeo Genocide**, Zondervan, 2003, p. 140.
[81] Josue 2:9-11.

pagitan ng mga dios.[82] Sa mga salot sa Egipto, pinatunayan ni Jehovah na siya'y higit na dakila kaysa sa mga dios ng Egipto; sa pagkawasak ng mga lunsod ng Cananeo, pinatunayan ni Jehovah na siya'y higit na mas makapangyarihan kaysa sa mga dios ng mga Cananeo. Ang digmaan ng Israel laban sa mga Cananeo ay pakikidigma laban sa mga dios ng Canaan. Ang tagumpay ng Israel ay nagpapakita ng soberenya ng Dios sa buong mundo.

**(3) Ang pakikidigma ni Yahweh ay nagpapakita ng kabanalan ng Dios.** Ang banal na Dios ay naghangad na protektahan ang kanyang mamamayan mula sa mga korapsyon ng pagsamba sa dios-diosan ng mga Cananeo. Ang kaseryosohan ng problemang ito ay makikita sa Mga Hukom; pagkalipas ng ilang panahon ay naakit ang Israel sa mga dios-diosan ng mga nakaligtas na Cananeo. Ang lubusang pagkawasak lamang ng mga Cananeo ang maaaring maging proteksyon ng Israel mula sa lubusang pagtalikod. Ang banal na pakikidigma ni Josue ang nagtuturo sa Israel at sa mga bansa tungkol sa likas na kabanalan ng Dios.

**(4) Ang pakikidigma ni Yahweh ay nagpapakita ng pagmamahal ng Dios.** Mula sa Genesis 3:15 hanggang sa kabuuan ng Lumang Tipan, ang layunin ng Dios ay ipadala ang Mesiyas sa pamamagitan ng sanlinlahi ni Abraham. Si Abraham at ang kanyang lahi ay pinagpala upang maging pagpapala at pagpalain ang lahat ng mga bansa. At upang makamit ang layuning ito, kailangang protektahan ng Dios ang bayan ng Israel mula sa korapsyon ng pagsamba sa dios-diosan ng mga Cananeo. Mahirap man kung iisipin, ang pagkawasak ng mga Cananeo ay nagpapakita ng mapagmahal na layunin ng Dios para sa lahat ng tao.

Ang pakikidigma ni Yahweh ay dumating sa kakaibang panahon sa kasaysayan at hindi naka disenyo sa modernong panahon ng mga Kristiyano. Hindi ito depensa sa mga modernong kasamaan na nagagawa sa ngalan ng relihiyon. Ang kautusan ni Moises ang nagpapakita ng pagkakaiba sa pagitan ng mga pakikidigma sa labas ng Lupang Pangako at mga pakikidigma sa loob ng lupain; wala kahit sino ngayon ang nasa posisyon ng Israel sa panahon ng pagsakop sa Canaan.[83] Sa nakita natin sa "Mas Malapit na Pagtanaw sa Kautusan," kailangan nating basahin ang Josue na gamit ang lente ng pagdating ni Kristo.

Panghuli, bilang tugon sa mga nagdududa, dapat nating tandaan na hindi ito etnikong paglilinis; ito ay espirituwal na pakikidigma laban sa pagsamba sa mga dios-diosan. Wala itong "neutrality/nakapagitna" patungkol sa Dios; ang isang tao ay maaring lumapit sa Dios sa pamamagitan ng pananampalataya o kaya ay hindi tanggapin ang Dios sa pamamagitan

---

[82] Ang mga natitirang gawa ng sining mula sa sinaunang Asiria ay nagpapakita na ang hari at ang dios ng Asiria na si Ashur ay nagguguhit ng pana upang labanan ang mga kaaway ng Asiria; ang tagumpay ng hari ng Asiria ay tinitingnan bilang tagumpay ni Ashur. Gayundin, tingnan ang 1 Samuel 5:2 kung saan binibigyang kahulugan ng mga Filisteo ang kanilang tagumpay laban sa Israel bilang tagumpay ni Dagon laban kay Jehovah.
[83] Deut. 20:10-18.

ng pagrerebelde. Ang mga taong hindi tumatanggap sa Dios (sa Lumang Tipan at Bagong Tipan) ay haharap sa kanyang pangwakas na paghatol.

Sa mga huling kasaysayan nito, ang Israel ay nahulog sa pagsamba sa mga dios-diosan. Bilang tugon, nagdeklara ang Dios ng pakikidigma laban sa kanyang sariling mamamayan.[84] Ang pakikidigma laban sa mga Cananeo ay nakakatakot; gayunpaman, hindi ito tungkol sa pagpatay sa lahi. Kahit ito ay hindi ganoon kakomportable sa atin, ang pakikidigma ni Josue ay nagpapakita ng isang banal, tapat humatol, at mapagmahal na Dios na hindi pinalalampas ang kasalanan.

## Mga Hukom

**Tema:** Apostasy/**Lubusang Pagtalikod ng Israel**

Ang Mga Hukom ay nagsimula sa pagsasalaysay ng pagkakaisa ng mga lipi ni Yahweh sa kanilang pagsakop sa Canaan; ang aklat ay nagtapos sa pakikibahagi ng mga lipi ni Yahweh sa digmaang sibil pagkatapos ng teribleng krimen ng mga miyembro ng lipi ni Benjamin. Ang Mga Hukom ay nagsimula sa mga taong nagsisilbi sa Dios; ang aklat ay nagtapos sa pagtalikod nila sa kanilang relihiyon at kaguluhan sa lipunan.

Ang dahilan ng pagbagsak ng Israel ay ibinuod sa Mga Hukom 2:6-11. Pagkatapos ng magiting na mga tagumpay na naitala sa Josue, at pagkatapos ng pagpapanumbalik ng tipan sa dulo ng Josue, ipinapakita ng Mga Hukom kung gaano kabilis na nahulog ang Israel sa pagtalikod sa pananampalataya. Pitong beses inulit ang, "Ang Israel ay gumawa ng kasamaan sa paningin ng PANGINOON."[85]

Ano ang dahilan ng nakapanlulumong pagbagsak? Sinagot ng aklat ng Mga Hukom ang tanong na ito sa dalawang pahayag.[86] Una, "walang hari sa Israel." Ang aklat ng Mga Hukom ay marahil naisulat sa mas maagang panahon ng monarkiya at nagpapakita ng pangangailangan ng hari upang pag-isahin ang bansa. Pangalawa, "ang bawat tao ay gumagawa ng kahit anong gusto nilang gawin." Sa halip na magkaisa ang bansa sa pagiging tapat sa pagsunod sa Dios, ang bawat isa ay sinusunod ang kanilang sariling kagustuhan.

Ang layunin ng Mga Hukom ay upang ipakita ang resulta ng pagtalikod ng mga Israelita sa kanilang pananampalataya. Paulit-ulit, ipinakita ng Mga Hukom na "ibinenta" ng Dios ang Israel sa kamay ng kanyang mga kaaway dahil sa kasalanan ng Israel. Ang sumpa ng Deuteronomio 27-28 ay natupad sa Mga Hukom.

### May akda at Petsa

Ang mga pangyayari sa Mga Hukom ay sumasaklaw sa mga taon na tinatayang mula sa 1380-1050. Walang may akdang kinikilala sa mismong aklat, bagaman sa mga tradisyon

---

[84] Tingnan ang Deut. 28:25; Panaghoy 2:5; Amos 9:7-8.
[85] Mga Hukom 2:11; 3:7, 12; 4:1; 6:1; 10:6; 13:1.
[86] Mga Hukom 17:6; 19:1; 21:25.

ng mga Judio ay kinikilala si Samuel bilang may akda. Ito marahil ay naisulat sa mas maagang panahon ng monarkiya, bago masakop ni David ang Jerusalem mula sa mga Jebuseo.[87]

### Ano ang Hukom?

Ang "hukom" ay hindi isang legal na opisyal katulad ng naiisip nating hukom ngayon. At hindi rin katulad ng isang hukom na opisyal ng pulitika katulad ng hari o opisyal ng relihiyon katulad ng isang pari. Ang mga Hukom ay mga lider ng militar na binigyan ng kakayahan ng Dios upang iligtas ang kanyang mga mamamayan mula sa pang-aapi. Ang mga hukom ay mga tagapanguna ng indibiduwal na mga lipi, pero hindi ng buong bansa. Ang pamumuno ng mga hukom ay marahil lumalampas sa nakatakdang pangungunahan, katulad sa isang hukom na nangunguna sa isang lipi o grupo ng mga lipi habang ang isa pang hukom ay nangunguna sa iba pang lipi o grupo ng mga lipi.

### Pangkalahatang Pagtanaw sa Mga Hukom

#### *Ang Mga Ugat ng Pagtalikod sa Pananampalataya ng Israel (Mga Hukom 1:1 – 3:6)*

Sa panahon ng Mga Hukom, kontrolado ng mga lipi ng Israel ang mga bulubunduking bayan samantalang kontrolado naman ng mga Cananaeo ang mga baybaying rehiyon; nabigo ang Israel na tapusin ang pagsakop sa ilalim ng pamamahala ni Josue. Ang Mga Hukom ay nagbigay ng dalawang dahilan kung bakit hindi nila natapos ang pagsakop. Sa Mga Hukom 1:19 ay ipinapakita ang dahilan ng pagiging tao; "Hindi mapaalis ng Juda ang mga naninirahang mga residente ng lambak, dahil meron silang mga karwaheng bakal." Mula sa pananaw ng tao, ang mga Cananeo ay masyadong malakas para sa Juda.

Gayunpaman, marahil ay itatanong natin, "hindi ba't mas malakas ang Dios kaysa sa mga karwaheng bakal ng mga Cananeo?" Ang Mga Hukom 2 ay nagsisiwalat ng mas malalim na dahilan sa hindi pagtapos ng pagsakop. Kahit sa mga araw ng pananakop, nabigo ang Israel na lubusang sundin ang Dios. Hinatulan ng Dios ang kanilang hindi pagsunod sa pamamagitan ng pag-iiwan ng mga naninirahan sa lupain upang "maging parang tinik sila sa inyong daraanan" at upang subukin ang Israel.[88]

#### *Ang Cycles ng Pagtalikod sa Pananampalataya at Pagliligtas (Mga Hukom 3:7 – 16:31)*


Ang mga kabanatang ito ay naglalarawan sa anim na cycle ng pagtalikod sa pananampalataya at pagliligtas. Ang pattern ay ipinakita sa Mga Hukom 2 at pagkatapos ay isinalarawan sa buhay ng Mga Hukom. Anim na beses na:

- Ang mga anak ng Israel "ay gumawa ng kasamaan sa paningin ng Panginoon."

---

[87] Mga Hukom 1:21.
[88] Mga Hukom 2:1-3, 20-23; 3:1-4.

- "Ibinenta sila ng Panginoon sa kamay ng kanilang mga kaaway."
- Sila ay "lubusang nahihirapan" at umiiyak sa pagtawag sa Dios.
- Nagpapadala ang Panginoon ng hukom at "ililigtas sila mula sa kamay ng kanilang kaaway."[89]




Ang Mga Hukom ay nagpapakita ng patuloy na pagbaba ng kalidad ng mga hukom. Walang negatibong nasabi tungkol sa unang hukom na si Othniel. "Ang Espiritu ng Panginoon ay sumasakanya" at siya ay ginamit ng Dios upang iligtas ang Israel.[90] Gayunpaman, ang mga sumunod na mga Hukom ay nabigong pantayan kung anong klaseng hukom si Othniel.

Nagtagumpay si Ehud sa pamamagitan ng pandaraya.[91] Si Deborah ay isang matapat na pinuno, ngunit ang kanyang awit ng tagumpay ay naghahayag ng isang bayang hati-hati at may nangyayaring pagtutunggali ng mga pangkat.[92]

Si Gideon ay mabagal maniwala sa Dios. Nangailangan pa siya ng tatlong himala bilang pagpapatunay ng pagtawag ng Dios. Hindi nagtagal ay pinangunahan niya ang Israel sa maling pagsamba.[93]

Hindi katulad ng mga naunang mga hukom, walang nakatala na "pinili" ng Dios si Jephthah. Sa halip, ang mga tao ang pumili sa kanya bilang tagapanguna ng Gilead. Para kay Jephthah ang Dios ay isang dios kung saan maaari siyang makipagtawaran at magbibigay ng isang huwad na pangako upang makuha ang pabor ng Dios.[94]

Si Samson, ang huli sa mga hukom, ay tila lamang isang anino ng nais ng Dios na isang pinuno. Sinira niya ang kanyang pangako bilang Nazareno at nagkasala ng pagkakaroon ng imoral na relasyon sa isang Cananeo. Higit sa lahat, si Samson ay mas naging matagumpay noong siya ay namatay kaysa noong siya ay buhay.[95]

Ginamit ng Dios ang mga hukom upang iligtas ang kanyang mamamayan. Gayunpaman, ang pagsusuri sa Mga Hukom ay nagpapakita ng tuloy-tuloy na pagkahulog ng bayan sa espirituwal na pagtalikod sa pananampalataya, pagkabulok ng kanilang moralidad, at

---

[89] Mga Hukom 2:11-18.
[90] Mga Hukom. 3:9-11.
[91] Mga Hukom. 3:12-30.
[92] Mga Hukom. 4-5.
[93] Mga Hukom. 6-8; espesyal ang 8:22-27.
[94] Mga Hukom 11:1-40.
[95] Mga Hukom. 13-16.

pagkakagulo ng lipunan.

### *Ang Pagbagsak ng Lipunan ng Israel (Mga Hukom 17 – 21)*

Ang Mga Hukom ay nagtapos sa dalawang istorya na nagpapakita ng pagbagsak ng lipunan ng Israel. Ang istorya ng lipi ng Dan sa pagkuha nila sa dios-diosan ni Mikas at ang kanyang pari ay nagpapakita ng pagkasira ng buhay relihiyon.[96] Ang Israel ngayon ay nagkasala ng pagsamba sa dios-diosan na nagdala ng paghatol ng Dios sa Cananeo. Bakit mayroong pagkabulok sa espirituwal? "Sa mga panahong iyon ay walang hari sa Israel, ang bawat tao ay gumagawa ng kahit anong gusto nilang gawin."[97]

Ang kakila-kilabot na istorya ng paggahasa at pagpatay sa mga kalunya ng Levita ay katulad ng istorya ng Sodom at Gomorrah. Ang Israel ay nagkasala ng parehong kasalanang sekswal at karahasang ginawa ng mga Cananeo. Bilang tugon sa krimen ng mga Benjaminita, ang Israel ay nauwi sa digmaang sibil. Bakit nagkaroon ng pagkabulok sa moralidad at sa lipunan? "Sa mga panahong iyon ay walang hari sa Israel, ang bawat tao ay gumagawa ng kahit anong gusto nilang gawin."[98]

## Ruth

### Tema: Ang Katapatan sa Panahon ng Pagtalikod sa Pananampalataya

Dalawang talata ang nagpapakita ng importansya ng Ruth sa kasaysayan ng Lumang Tipan. Una, ang istorya ng Ruth ay nangyari "sa mga panahon na namumuno ang mga hukom."[99] Ito ay nagpapakita na sa panahon ng mga pagtalikod sa pananampalataya, may isang kabataang babae na nanatiling tapat sa Dios. Nakamamangha, ang halimbawang ito ng kabutihan ay isang Moabita. Samantalang ang mga mamamayan ng Israel ay patungo sa kaguluhan na nakita sa katapusan ng Mga Hukom, ang isang Moabita ay tapat kay Jehovah.

Pangalawa, Sina Boaz at Ruth ay nagkaroon ng anak: "At tinawag nila ito sa pangalang Obed: siya ang ama ni Jesse, ang ama ni David."[100] Bilang lola-sa-tuhod ni David, si Ruth ay importante sa pambansang kasaysayan ng Israel.

### Ruth: Isang Drama sa Apat ng Kaganapan

### *Unang Kaganapan: Ang Pagbalik nina Naomi at Ruth sa Bethlehem (Ruth 1)*

Ang aklat ng Ruth ay katulad ng isang maiksing istorya kung saan ang mga karakter at mga tagpo ay nabuo sa isang maiksing pangungusap. Ang tagpo ay "sa panahon ng Mga Hukom."

---

[96] Mga Hukom 17-18.
[97] Mga Hukom. 17:6.
[98]Mga Hukom 21:25.
[99] Ruth 1:1.
[100] Ruth 4:17.

Ang mga lugar ay ang Bethlehem at Moab. Ang mga pangunahing karakter ay mga ordinaryong Israelita at Moabita.

Si Elimelech at ang kanyang pamilya ay naglakbay patungo sa Moab upang takasan ang taggutom sa Juda. Namalagi sila doon sa loob ng sampung taon, sa mga panahon na ang parehong anak ni Elimelech ay nakapangasawa ng Moabita. Ang tatlong lalaki ay namatay sa Moab at si Naomi ay naghanda na para bumalik na mag-isa sa Bethlehem.

Si Orpah, isa sa mga balo, ay nanatili sa Moab. Ang isa pang balo, si Ruth, ay nagpumilit na bumalik sa Bethlehem kasama ng kanyang biyenan. Sa isang pahayag ng pangako na laging napapanahon, nangako si Ruth na mabubuhay at mamamatay siyang kasama ni Naomi at maglilingkod sa Dios ng Israel.

Ang dalawang babae ay bumalik sa Bethlehem, ngunit sobrang nahirapan si Naomi kaya't hiniling niya sa mga tao sa bayan na tawagin siyang Mara ("Mapait") sa halip na Naomi ("Kaaya-aya").

### *Pangalawang Kaganapan: Ang Pagtatagpo sa Pagitan ni Ruth at Boaz (Ruth 2)*

Dahil sa batas ng paghihimalay,[101] nakaipon si Ruth ng pagkain para kay Naomi at sa kanyang sarili. Siya ay "nangyaring" nasa lupain na bukid ni Boaz, isang mayamang kamag-anak ni Elimelech, ang kanyang namatay na biyenang lalaki.

Nang makita ni Boaz si Ruth na nagtratrabaho sa kanyang bukid, isinaayos niya na maprotektahan si Ruth at mabigyan ito ng dagdag na sebada. Kahit ang pagkikita sa pagitan ni Boaz at Ruth ay maaaring mukhang nagkataon lamang, kinikilala ni Naomi ang paggabay ng kamay ng Dios.[102] Sinabi ni Naomi kay Ruth na manatili siya sa bukid ni Boaz sa panahon ng anihan ng sebada at trigo.

### *Pangatlong Kaganapan: Inalok ni Ruth si Boaz ng Kasal (Ruth 3)*

Bilang malapit na kamag-anak ni Elimelech, si Boaz ay tumayo sa posisyon ng "tagapagligtas-ng-kamag-anak," sa pagtupad sa tradisyon ng Lumang Tipan ng **levirate marriage**.[103] Sa Israel, ang lahat ng lupain ay nananatili sa mga pamilyang pinagbigyan nito pagkatapos ng pananakop. Kung ang pamilya ay napilitang ibenta ang kanilang ari-arian dahil sa hirap ng buhay, ang kamag-anak ang magiging tagapagligtas at responsable upang makuhang muli ang ari-arian at maibalik ito sa mga orihinal na pamilya. Sa pag-asang si Boaz ang magsasagawa ng tungkuling ito, si Naomi ay gumawa ng isang plano kung saan makapag-aalok ng kasal si Ruth kay Boaz.

---

[101] Lev. 19:9; 23:22.
[102] Ruth 2:20.
[103] Ang Levirate marriage ay ang pagpapakasal ng isang malapit na kamag-anak sa biyuda ng isang namatay para sa layuning ipagpatuloy ang pangalan at mana ng unang asawang lalaki. Ang hindi pinangalanang kamag-anak sa Ruth 4:6 ay tumangging pakasalan si Ruth dahil makakasira ito sa kanyang sariling karapatan sa pagmamana.

Sa pamamagitan ng rituwal na aksyon sa giikan ni Boaz, inalok ni Ruth ng kasal si Boaz. Masaya namang tinanggap ni Boaz ang kahilingan ni Ruth, kahit na inaamin niyang may ibang mas malapit na kamag-anak si Naomi kaysa sa kanya. Ang kamag-anak na iyon ay dapat bigyan ng oportunidad upang bawiin ang minana ni Naomi.

### *Pang-Apat na Kaganapan: Si Boaz ang Nagsilbing Kamag-anak na Tagapagligtas para kay Ruth (Ruth 4)*

Nang sumunod na umaga, pumunta si Boaz sa tarangkahan ng lungsod kung saan nagaganap ang mga transaksyon ng negosyo. Nang dumaan ang malapit na kamag-anak na ito, sinabi ni Boaz sa kanya na may oportunidad siyang bilhin ang lupang pg-aari ni Elimelech. Gustong tubusin ng hindi pinangalanang kamag-anak na ito ang ari-arian. Gayunpaman, nang sabihin ni Boaz sa kanya na kailangan niyang pakasalan si Ruth bilang bahagi ng pagbawi, hindi gusto ng kamag-anak na "papangitin" ang kanyang sariling mamanahin. Kung papakasalan niya si Ruth, ang kanilang mga anak ay magdadala ng pangalan at mana ng unang asawa ni Ruth. Maaari nitong masira ang sarili niyang ari-arian at maka-apekto sa mamanahin ng kanyang mga anak. Upang maprotektahan ang kanyang estado/kalagayan, hindi tinanggap ng kamag-anak ang oportunidad.

Ito ang nagbigay ng daan kay Boaz at Ruth na magpakasal. Binigyan sila ng Dios ng anak na lalaki, at si Naomi ang naging sentrong karakter sa pagtatapos ng aklat. Nawalan siya ng dalawang anak na lalaki; ngunit ngayon ay hawak niya sa kanyang mga bisig ang anak na lalaki ni Boaz at Ruth.

Katulad ng Esther, isa pang maiksing istorya na tampok ang isang babaeng naging tapat sa panahon ng mahirap na kalagayan, ang aklat ng Ruth ay nagpapakita ng soberenya ng Dios sa mga bagay na parang nagkataon lamang. Si Ruth ay naging lola sa tuhod ni David at higit sa lahat, ang ninuno ni JesuCristo.

## Konklusyon

### Ang Josue – Ruth sa Bagong Tipan

Ang Jesus ay ang Griegong anyo sa Bagong Tipan ng pangalan sa Hebreo na Josue. Gaya ng pangunguna ni Josue sa mamamayan ng Dios palabas sa Egipto papuntang Canaan, pinangunahan ni Jesus ang mga mamamayan ng Dios mula sa pagkakaalipin patungo sa Sabbath, ang araw ng pamamahinga.[104]

Sa kabila ng pagbagsak ng lipunan ng Israel, ilan sa mga hukom ang nakita bilang halimbawa ng pananampalataya sa Hebrews 11. Sina Gideon, Barak, Jepthah, at maging si Samson ay naparangalan dahil sa kanilang pananampalataya sa Dios. Kahit pa ang mga

[104] Hebreo. 4:1-11.

lalaking ito ay hindi namuhay ayon sa kanilang potensyal, kumilos ang Dios sa pamamagitan nila upang tuparin ang kanyang mga layunin.

Si Ruth ay isa sa mga babaeng binanggit sa mga talaan ng angkan ni Jesus.[105] Ang katapatan ng balong Moabitang ito ang naging dahilan upang mapabilang siya sa salinlahi ng Mesiyas. May ilang mga pagkakapareho ang mga istorya ni Ruth at Maria. Parehong nanganak sa Bethlehem. Parehong babaeng may maliit na katanyagan (isang Moabita at isang hindi pa naikakasal na bababe na nagbuntis) na naging tapat sa Dios. Parehong nagpakita na pinagpapala ng Dios ang mga nagiging tapat sa kanya.

Ang mga aklat na ito ay naglalarawan sa prinsipyo ng paghahasik at pag-ani na ipinakita sa Deuteronomio. Ang Josue at Ruth ay nagpapakita ng pagpapala ng Dios sa mga tapat. Ang Mga Hukom ay nagpapakita ng pagpaparusa sa mga hindi sumusunod sa kanya.

**Nagsasalita ang Josue – Ruth sa Kasalukuyan**

Sa mga bayan na nawasak ng kahirapan dahil sa pag-aaway sa pagitan ng Islam at Kristiyanismo, ang usapin tungkol sa banal na digmaan ay nagpapatuloy upang subukin ang iglesya. Dapat maingat na pag-aralan ng mga Kristiyano sa mga bansang ito ang prinsipyong nakabalangkas sa "Isang Mas Malapit na Pagtanaw sa Banal na Digmaan" bilang gabay sa mga kaguluhan ngayon.

Sa isang mas malawak na sukat, ang mga Kristiyano ngayon ay humaharap sa usapin ng katapatan at ng kawalan ng katapatan na kinaharap din ni Josue, Ruth, at mga tao sa panahon ng Mga Hukom. Ngayon, kung hindi na tayo namumuhay ayon sa isang theocracy, ang tugon ng Dios ay hindi palaging ganoon kabilis at bilang isang temporally visible/mukhaang makikita katulad ng sa Lumang Tipan. Hindi ito nangangahulugan na kahit ang kawalan ng katapatan ay hindi hahatulan o ang pagiging tapat ay hindi ginagantimpalaan. Ang pagiging modelo ni Josue at Ruth at maging ang negatibong halimbawa ni Samson ay nagsisilbing paalala sa atin na ang Dios ay nagpapatuloy sa paghahanap ng mga taong magtatapat sa kanya.

[105] Mateo. 1:5.

## Takdang Aralin ng Leksiyon

Ipakita ang iyong pagkakaunawa sa leksiyon ito sa mga sumusunod na takdang aralin:

(1) Pumili ng **isa** sa mga sumusunod na takdang aralin:

Option 1: Takdang Araling Pang Grupo

Magtalaga ng isang miyembro na pag-aralan ang bawat sumusunod na mga hukom: Gideon, Deborah, Jephthah, at Samson. Talakayin ang mga kalakasan at kahinaan ng bawat hukom.

Option 2: Takdang Aralin Pang Indibidwal.

Sumulat ng isang sermon tungkol sa buhay ng isa sa mga hukom. Ipakita kung paano ginamit ng Dios ang kanyang buhay upang matupad ang kanyang layunin.

(2) Kumuha ng pagsusulit sa leksiyong ito. Kabilang sa pagsusulit ang mga kasulatan na nakatakda upang isaulo.

## Mga Tanong sa Pagsusulit sa Leksiyon 4

(1) Ano ang pangalan ng mga aklat ng kasaysayan sa Hebreong Biblia?

(2) Ipaliwanag ang “theocracy.”

(3) Ilista ang tema ng bawat aklat:

(4) Ang dalawang pangunahing bahagi ng Josue ay ang mga sumusunod:

(5) Ano ang pangunahing layunin ng aklat ng Josue?

(6) Ano ang layunin ng mga Lunsod na Kublihan?

(7) Maglista ng apat na prinsipyo na dapat isa-alang-alang sa pag-aaral ng Pakikidigma ni Yahweh sa Josue.

(8) Ano ang pangunahing layunin ng Mga Hukom?

(9) Ano ang apat na hakbang sa cycles ng apostasy at pagliligtas sa Mga Hukom?

(10) Ipaliwanag ang “levirate marriage.”

# Leksiyon 5
# Samuel – Cronica

## Mga Layunin ng Leksiyon

Sa pagtatapos ng leksiyong ito,ang mag-aaral ay dapat:

(1) Makayanang ibalangkas ang pangunahing tema ng Samuel, Mga Hari, at Cronica.

(2) Alamin kung sino ang pinaka importanteng Hari sa kasaysayan ng Israel.

(3) Kilalanin ang kaugnayan sa pagitan ng mga buod ng Mga Hari at mga Cronica.

(4) Maunawaan ang katuparan ng teolohiya ayon sa Deuteronomio sa kasaysayan ng Israel.

(5) Pahalagahan ang mensahe ng pag-asa na matatagpuan sa Cronica.

(6) Maiugnay ang mensahe ng Samuel, Mga Hari, at Cronica sa pangangailangan ng mundo ngayon.

## Leksiyon

*Basahin ang 1 & 2 Samuel, 1 & 2 Mga Hari, at 1 & 2 Cronica*

*Isa-ulo ang 1 Mga Hari 9:4-7 at 2 Cronica 7:13-14*

## Panimula

Binabakas ng mga aklat ng Samuel at Mga Hari ang kasaysayan ng monarkiya ng Israel. Ang 1 Samuel ay nagsasabi tungkol sa simula ng monarkiya, ang paghahari ni Saul. Binabakas ng 2 Samuel ang kasaysayan ng pamumuno ni David. Sa 1 at 2 Mga Hari, masasamang hari ang nanguna sa Israel at Juda sa pagtalikod sa pananampalataya. Bilang tugon, ang paghatol na ipinangako sa Deuteronomio 27-28 ay ibinuhos sa buong bansa. Sa pagtatapos ng 2 Mga Hari, ang Hilagang Kaharian ay nawasak na at ang Juda ay ipinatapon sa Babilonia.

Ang Cronica ay nakatingin sa parehong panahon sa kasaysayan mula sa magkaibang pananaw. Isinulat ito pagkatapos nilang makabalik mula sa pagkakatapon sa kanila. Ang Cronica ay nakatuon sa kasaysayan ng Israel mula sa perspektibo ng kasaysayan ng pagliligtas at ipinapakita ang patuloy na layunin ng Dios para sa kanyang mamamayan. Pinatutunayan ng Cronica sa mga mamamayan ng Dios na may pag-asa sa hinaharap. Hindi kinalimutan ng Dios ang kanyang pangako sa kanyang mamamayan.

►Nagkamali ba ang Israel sa paghingi ng hari? Sa inyong talakayan, isaalang-alang kapwa ang 1 Samuel 8:6-22 at Deuteronomio 17:14-20.

## 1 Samuel

### Tema: Ang Simula ng Monarkiya/Paghahari ng Israel

Binabakas ng 1 Samuel ang mga pagpapalit ng pamumuno ng huling hukom ng Isarael, si Samuel, hanggang sa unang hari ng Israel, si Saul. Sakop ang mga taong mula sa 1100-1011 B.C., ang 1 Samuel ay nagpapakita ng mga unang araw ng monarkiya/kaharian ng Israel. Sa halip na theocracy na kung saan ang Dios mismo ang direktang nakikipag-usap sa pamamagitan ng mga hukom at mga propeta, ang Israel sa panahong ito ay pinamumunuan ng isang hari. Ayon sa Propeta, inilarawan ni Moises ang uri ng hari na dapat hanapin ng Israel. Gayunpaman, hindi rin nagtagal bago si Saul at ang mga sumunod sa kanya ay naging malayo sa pamantayan ng Dios ng isang hari. Ang 1 Samuel ay nagpapakita ng isang pangako ng unang hari at ang kanyang mala trahedyang pagkabigo na makamit ang kanyang potensyal bilang pinili ng Dios.

### Pangkalahatang Pagtanaw sa 1 Samuel

#### *Ang Pagbabago Tungo sa Monarkiya (1 Sam. 1–15)*

Ang pagbabago mula sa pamumuno ng mga hukom sa pagiging monarkiya ay nagsimula sa istorya ni Samuel. Siya ay anak ng maka-Dios na nanay, si Anna, si Samuel ay inihandog sa Dios mula nang siya ay ipinanganak na may panata bilang isang Nazareno.[106] Noong siya ay bata pa, dinala siya sa templo upang maglingkod sa pangunguna ng paring si Eli.

Kabilang sa mga pagbabago ay ang mga sumusunod:

*Ang pagtawag ng Dios kay Samuel at ang paghatol kay Eli at sa kanyang pamilya. (1 Sam. 1–3)*

Sa 1 Samuel 1–7 ay ipinapakita ang patuloy na pagbagsak ng Israel na nagsimula sa Mga Hukom. Maging ang pagkasaserdote ay wasak, dahil sa mga anak ni Eli na lumapastangan sa kanilang mga tungkulin dahil sa kanilang mga sekswal na imoralidad at maling paggamit ng mga handog.[107] Bilang resulta, nagpadala ng mensahe ng paghatol ang Dios sa pamamagitan ni Samuel.

*Ang pagkuha ng mga Filisteo sa Kaban ng Tipan (1 Sam. 4–7)*

Ang maling paggamit ng Israel sa tipan ay makikita sa kanilang pagtrato sa kaban ng tipan. Nang umatake ang mga Filisteo, dinala ng mga Israelita ang kaban ng tipan sa lugar ng labanan, sa paniniwala na ang banal na bagay ay poproteksyunan sila mula sa kanilang mga kaaway. Gayunpaman, dahil sa pagtalikod ng Israel sa pananampalataya, hindi na ipinagtanggol ng Dios ang mga tao. Ang kaban ng tipan ay nakuha ng mga Filisteo at itinago

---

[106] 1 Sam. 1:10-11; Bilang 6:1-21.
[107] 1 Sam. 2:12-25.

sa loob ng pitong buwan. Nang magpadala ng salot ang kaban ng tipan sa mga Filisteo, ibinalik nila ito sa Beth-shemesh.

*Ang pagpili kay Saul bilang hari (1 Sam. 8–12)*

Dahil sa kanyang katandaan, hinirang ni Samuel ang kanyang mga anak bilang mga hukom para sa Israel. Sa kasamaang palad, katulad ng mga anak ni Eli, hindi din naging tapat ang mga anak ni Samuel. Bilang tugon, ang mga matanda ng Israel ay humiling kay Samuel na magtalaga ng isang hari. May tensiyon sa pagitan ng naunang prediksyon ni Moises ng isang hari "na pipiliin ng Panginoon ninyong Dios"[108] at pahayag ng Dios kay Samuel na "hindi ikaw ang tinanggihan nila, sa halip ay ako ang tinanggihan nila, upang hindi AKO maghari sa kanila."[109]

Ang susi marahil ay ang motibasyon sa mga hiling ng mga matatanda: "Bigyan po ninyo kami ng hari na mamumuno sa amin katulad ng ibang **mga bansa na mayroong hari**."[110] Bagaman nauna nang nakita ni Moises ang araw na ang isang hari ay magiging bahagi ng plano ng Dios, ang motibasyon ng Israel ay ang pagnanais nitong maging katulad din siya ng iba pang mga bansa. Nakakalungkot, ngunit ang mga hari ng Israel ang nagdala sa kanilang bayan upang sumunod sa landas ng kanilang mga kapitbahay na mga bansa; tunay ngang ang Israel ay naging "katulad ng ibang mga bansa" sa kanilang pagsamba sa dios-diosan at kawalan ng katarungan.

*Ang mga unang araw ng paghahari ni Saul (1 Sam. 13–15)*

Sa simula, si Saul ay tila isang modelong hari. Nagpakita siya ng kababaang-loob sa kanyang mga pinipili, at nasisiyahan siya sa mga tagumpay sa pakikipaglaban sa mga Filisteo. Gayunpaman, may tatlong pangyayari ang nagbunyag sa mga problema na malalim na nakatago sa puso ni Saul.

- Kinuha ni Saul ang tungkulin bilang pari ni Samuel. Nang siya ay kumprontahin, sinisi ni Saul si Samuel.[111]
- Gumawa ng mabilis na panunumpa si Saul na halos naging dahilan ng pagkamatay ni Jonathan.[112]

Sinuway ni Saul ang utos ng Dios na lubusang wasakin ang mga Amalekita. Nang kumprontahin siya ni Samuel, sinisi ni Saul ang mga tao.[113]

Sa bawat tagpong ito ay ipinapakita ang kabiguan ni Saul na maging hari na inilalarawan ni Moises sa Deuteronomio. Bilang resulta, dinala ni Samuel ang mensahe ng paghatol ng

---

[108] Deut. 17:15.
[109] 1 Sam. 8:7.
[110] 1 Sam. 8:5.
[111] 1 Sam. 13:8-14.
[112] 1 Sam. 14:24-46.
[113] 1 Sam. 15.

Dios: "Sapagka't sinuway mo ang salita ng PANGINOON, aalisin ka niya sa pagigig hari ng kanyang bayan."[114]

### *Ang Pagbagsak ni Saul at ang Pagtanyag ni David (1 Sam. 16–31)*

Sa unang kalahating bahagi ng 1 Samuel ay bumabakas sa pagbabago mula sa pananalig sa Dios patungo sa monarkiya; ang ikalawang bahagi ng 1 Samuel ay bumabakas sa pagbabago mula sa paghahari ni Saul patungo sa paghahari ni David.

*Pagpapakilala kay David (1 Sam. 16–17)*

Tatlong istorya ang nagpakilala kay David. Una, ang pagtatalaga kay David ay nagbibigay diin sa importansya ng puso ng isang hari. Si Saul ay mukhang hari para sa mga tao; si David ay mukhang hari para sa Dios.[115]

Sa pangalawang istorya naman ay ang pagpapakilala sa relasyon sa pagitan ni Saul at ni David. Itinakwil ng Dios si Saul bilang hari, at may masamang espiritung nagsimulang magpahirap kay Saul. Dahil sa kanyang reputasyon bilang mahusay na manunugtog, si David ang napiling tumugtog para kay Saul upang pakalmahin ang kanyang espiritu.[116]

Ang pangatlong istorya ay nagsasabi tungkol sa tagumpay ni David laban sa higanteng Filisteo, na si Goliat. Sa kabila ng kuwento sa likuran na lumalalang pagmamataas at pagtitiwala sa sarili ni Saul, ang istoryang ito ay nagpapakita ng mababang loob na pagtitiwala sa Dios ni David.[117]

*Di pagkakasundo sa pagitan ni Saul at David (1 Sam. 18–27)*

Habang pinanonood ni Saul na pinupuri ng mga tao si David dahil sa pagkakapatay niya kay Goliat, nainggit siya ng sobra dahil sa hinihinalang karibal/kaaway. Ang istorya ng gusot sa pagitan ng itinakwil na si Haring Saul at sa piniling Hari ng Dios na si David ay kinapapalooban ng apat ng pangunahing mga tagpo:

- Ang lumalagong pagkakaibigan sa pagitan ni David at Jonathan (1 Sam. 18)
- Ang pagsisikap ni Saul na patayin si David (1 Sam. 19–20)
- Ang pagtakas ni David mula kay Saul, at ang kanyang pagtangging saktan "ang itinalaga ng Dios" (1 Sam. 21–26)
- Ang panandaliang pamamalagi ni David sa piling ng mga Filisteo (1 Sam. 27)

*Ang kamatayan ni Saul at ng kanyang mga anak na lalaki (1 Sam. 28-31)*

---

[114] 1 Sam. 15:23.
[115] 1 Sam 9:1-2; 16:7.
[116] 1 Sam. 16:14-23.
[117] 1 Sam. 17.

Ang huling hakbang sa pagbagsak ni Saul ay ang pagbisita niya isang mangkukulam ng Endor sa kanyang paghahanda sa pakikipaglaban sa mga Filisteo. Siya ngayon ay nakilahok sa isang gawaing occult na minsan niyang plinanong wasakin.[118] Dumating si Samuel at nagbigay ng mensahe ng paghatol; tatalunin ng mga Filisteo ang Israel, at si Saul at ang kanyang mga anak ay mamamatay sa labanan. Tulad nang inihula ng propeta, si Saul at ang kanyang mga anak na lalaki ay napatay sa mga sumunod na araw ng labanan, at sa 2 Samuel ay ang simula ng pag-angat ni David sa trono.

## 2 Samuel

### Tema: Ang Paghahari ni Haring David

Sa edad na tatlumpu, si David ay naging hari. Sinasakop ng 2 Samuel ang mga taong 1011-971, mula sa pagkamatay ni Saul hanggang sa pagkamatay ni David. Ang aklat na ito ay nagtatala ng mga tagumpay ni David sa kanyang mga unang taon bilang hari. Nakatala din dito ang trahedyang resulta ng kasalanan ni David kay Bathsheba.

### Pangkalahatang Pagtanaw sa 2 Samuel

#### *Ang pag-angat ni David sa kapangyahrihan (2 Sam. 1–4)*

Ang 2 Samuel ay nagsimula sa pagtugon ni David sa pagkamatay ni Saul. Sa halip na magalak sa pagkamatay ng kanyang kaaway, si David ay nagluksa sa pagkamatay ni Saul at pinarusahan ang Amelekita na umaming pumatay kay Saul. Si David ay ang unang itinalagang hari sa Judah; ang anak ni Saul, na si Isboset, ay kinoronahan bilang hari ng Israel. Sa 2 Samuel 3:1 ay sinasabi, “Nagkaroon ng mahabang digmaan sa pagitan ng sambahayan ni Saul at sa sambahayan ni David.” Pagkalipas ng pitong taon, si Isboset ay pinatay ng dalawa sa kanyang mga kumander ng hukbo., at si David ay kinoronahan bilang hari ng buong Israel.

#### *Mga taon ng Pagtatagumpay/Kasaganaan ni David(2 Sam. 5–10)*

Ang mga unang taon ng paghahari ni David ay matagumpay. Sa Hukbong Sandatahan, protektado ni David ang bawat hangganan ng Israel. Sa Pulitika, napag-isa niya ang buong bansa pagkatapos ng digmaang civil. Sa paglilipat ng sentro mula sa dakong timog ng lunsod ng Hebron sa mas sentrong lunsod ng Jerusalem, nagawa niyang payapain ang mga tensiyong pulitikal.

Ang pinakaimportante, si David ay may espirituwal na tagumpay sa mga panahong ito. Ang 2 Samuel 7 ay isa sa mga importanteng kabanata sa kasaysayan ng Lumang Tipan. Ang tipan ng Dios kay David ay binuo sa pamamagitan ng tipan ng Dios kay Abraham at Moises. Ang Tipan kay David ay kinapapalooban ng limang pangako:

- Magbibigay ang Dios ng ligtas na tahanan para sa Israel (7:10-11).

---

[118] 1 Sam. 28:8-10.

- Itatayo ng Dios ang anak na lalaki ni David upang itayo ang templo. (7:12-13).
- Magtatatag ang Dios ng kaharian ni David magpakailanman (7:13).
- Magtatatag ang Dios ng isang relasyon ng ama at anak sa salin-lahi ni David (7:14).
- Ang awa ng Dios ay hindi lalayo mula sa salin-lahi ni David (7:14-15).

Ang tipan na ito ay importante upang maunawaan ang kasaysayan ng Israel. Ang isa sa mga susing katanungan na pagbabatayan ng 1 at 2 Mga Hari ay, "Bakit wala nang hari mula sa angkan ni David na nakaupo sa trono?" Para sa Israel, lumalabas na mukhang kinalimutan na ng Dios ang kanyang tipan kay David. Ang 1 at 2 Mga Hari ay nagbigay ng sagot ng Dios sa tanong na ito.

Ang Tipan kay David ay importante din sa kasaysayan ng Bagong Tipan. Ang ebanghelyo ay nagpapakita na ang Tipan kay David ay lubusang nabigyang katuparan sa pagdating ni Cristo Jesus.[119]

### *Ang Kasalanan ni David at ang Resulta Nito (2 Sam. 11–24)*

Nakatala sa 2 Samuel 11 ang isang nakapanlulumong/tragic na pangyayari na sumira sa paghahari ni David. Tinangkang pagtakpan ni David ang kanyang pakikiapid kay Batseba sa pamamagitan ng pagpatay kay Urias. Ang mga huling bahagi ng 2 Samuel ay nagpapakita ng pagpaparusa ng Dios kay David. Sa 2 Samuel 7:15, nangako ang Dios na "hindi lilisan ang aking awa"; ang biyayang ito ay bahagi ng relasyon ayon sa tipan. Sa 2 Samuel 12:10, sinabi ng Dios na "laging may mamamatay sa patalim sa iyong sambahayan"; ang parusang ito ay bahagi pa rin ng relasyon ayon sa tipan. Ang pakikipagtipan sa Dios ay may kasamang responsibilidad sa Dios.

### Isang Mas Malapit na Pagtanaw sa Kasalanan at Mananampalataya

Ang istorya ni David at Batseba ay isa sa mga madilim na bahagi sa kasaysayan ng Lumang Tipan. Para sa mga naniniwala sa pagtawag ng Dios sa kanyang mga anak na mamuhay ng malaya sa mga kasalanang intensyonal, ang istorya ay partikular na mahirap at mabigat ang nilalaman. Kahit hindi tayo naniniwala na hindi **kailangang** mahulog ang isang mananampalataya sa kasalanan, ang istorya ni David ay nagpapakita na **posible** para sa mga anak ng Dios na mahulog sa kasalanan. Ang istoryang ito ay nagtuturo ng mahalagang leksiyon para sa mga mananampalataya; ipinapakita nito kung ano ang dapat gawin ng isang mananampalataya kung siya ay nahulog sa intensyonal na kasalanan.

**(1) Dapat nating aminin/ipahayag ang ating kasalanan.**

Nang kumprontahin ni Samuel si Saul sa kanyang kasalanan, sinubukan ni Saul na idepensa o ipagtanggol ang kanyang sarili ("Dahil hindi ka dumating …").[120] Nang kumprontahin ni Nathan si David tungkol s kanyang kasalanan, nagsisi agad si David, "Nagkasala ako laban

[119] Mateo. 1:1.
[120] 1 Sam. 13:11.

sa PANGINOON.”[121] Ipinapakita nito ang pagkakaiba sa pagitan ni David, isang lalaki mula sa puso ng Dios, at si Saul, ang lalaking itinakwil/hindi tinanggap ng Dios.

Kahit na ito ay “malaking kasalanan” katulad ng pakikiapid o kaya ay “maliit na kasalanan” katulad ng tsismis, hindi natin matatanggap ang kapatawaran ng Dios hangga’t hindi natin pinagsisisihan ang ating mga kasalanan. Katulad ni Saul, may mga pagkakataon na natutukso tayong pagtakpan ang ating kasalanan, o itanggi ito sa pagtawag dito bilang isang “pagkakamali” o “kahinaan.” Gayunpaman, kapag ipinakita ng Dios na tayo ay nagkasala, dapat nating aminin ang ating kasalanan at hingin ang kanyang kapatawaran.

**(2) Dapat nating makita ang kaseryosohan ng bigat ng ating kasalanan.**

Nang kumprontahin ni Samuel si Saul tungkol sa paghahandog na ang mga pari lamang ang dapat gumawa, sinubukan ni Saul na bigyang katwiran ang kanyang kasalanan. Sinabi niya, “Kaya’t pinilit ko ang aking sarili, at naghandog ng alay na sinunog.”[122]

Nang kumprontahin ni Nathan si David, napagtanto ng hari na ang kaseryosohan ng bigat ng kanyang kasalanan ay hindi lamang base sa kanyang ginawa. Ang kaseryosohan ng bigat ng kanyang kasalanan ay laban sa Dios na kanyang pinagkasalahan. “Laban sa iyo, sa iyo lamang, ako’y nagkasala, at ang ginawa ko’y hindi mo nagustuhan: Kaya may matuwid kang ako’y hatulan, marapat na ako’y iyong parusahan.”[123]

Kung makikita natin na ang ating kasalanan ay paglabag laban mismo sa Dios, mauuunawaan natin na walang “maliit” na kasalanan. Ito ang dahilan kung bakit sinabi ng Dios, “Ang nagkasala ang dapat mamatay.”[124] Dapat nating makita ang kaseryosohan ng bigat ng ating kasalanan; ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan.

**(3) Dapat tayong maniwala na matatanggap natin ang kapatawaran ng Dios.**

Nanalangin si David, “Ako ay linisin, sala koy hugasan: hugasan mo ako,at ako’y magiging mas maputi pa sa niyebe”. Nalalaman ni David na walang isinasaad sa sistema ng pagsasakripisyo patungkol sa isang sinasadyang kasalanan na katulad ng kanyang ginawa.[125] Gayunman, idinulog niya ang kanyang sarili sa habag ng Dios: “Hindi mo na nais ang mga panghandog; sa haing sinunog hindi ka nalulugod. Ang handog ko, O Dios ay ang mapagpakumbaba’t pusong mapagtapat, O Dios, ito ang iyong tatanggapin.”[126] Nagsisi si David na may pananampalataya na patatawarin siya ng mahabaging Dios sa kanyang mga kasalanan.

---

[121] 2 Sam. 12:13.
[122] 1 Sam. 13:12.
[123] Ps. 51:2-4
[124] Ezek. 18:20.
[125] Mga Bilang 15:30.
[126] Awit 51:7, 16,17.

Sa Bagong Tipan, isinulat ni Juan, "Mga anak, isinusulat ko ang mga ito sa inyo upang hindi kayo magkasala. At kung ang sinuman ay magkasala, mayroon tayong Tagapamagitan sa Ama, si Jesu-cristo, ang walang sala."[127] Bilang mga Kristiyano, hindi natin kailangang mahulog sa kasalanan; ngunit kung magkasala man tayo, ibinibigay ni Juan ang mabuting balita na mayroon tayong tagapamagitan. Marahil ang Awit 32 ay isinulat agad pagkatapos ng Awit 51. Sa Awit 51, ipinahayag ni David ang kanyang kasalanan. Sa Awit 32, nagpuri siya sa kapatawaran ng kanyang mga kasalanan. "Inaamin ko ang aking mga kasalanan sa inyo lamang; at hindi ko inilihim ang aking mga pagsalansang. Sinabi ko, ipapahayag ko ang aking mga kasalanan sa Panginoon at aking natamo ang iyong patawad sa sala kong angkin."[128]

**(4) Dapat nating maunawaan ang long term cost/pangmatagalang bunga ng ating kasalanan.**

Dahil nagsisi si David, pinatawad ng Dios ang kanyang kasalanan. Gayunpaman, ang mga huling panahon ng paghahari ni David ay naapektuhan ng nangyari noong gabing kasama niya si Bathsheba. Ang anak ni David na si Amnon ay ginahasa si Tamar, na kapatid niya sa ama. Pinaboran ni David ang kanyang anak na si Absalom na nanguna sa isang tangkang pag-aalsa. Si Sheba, isang Benjaminita, ay nanguna na magkaroon ng isang rebolusyon. Habang nasa banig ng kamatayan si David, pinag-agawan ng kanyang mga anak ang trono. Ang patalim ay hindi lumayo mula sa sambahayan ni David. Maging ang listahan ng salinlahi ni Jesus ay naglalaman ng paalala sa kasalanan ni David: "Naging anak ni David si Solomon sa dating asawa ni Urias."[129] Ang istorya ni David ay nagpapaalala sa nakakatakot na kahihinatnan ng kasalanan. Hindi natin kailanman dapat maliiitin ang kasalanan. Nagbabala si Pablo, "Huwag kayong padadaya; hindi maaaring madaya ninuman ang Dios. Kung ano ang inihasik ng tao, iyon din ang kanyang aanihin. Ang nagsisikap sa mga bagay ukol sa laman ay aani ng kamatayan."[130] Ang kamalayan sa kaseryosohan ng bigat ng ating kasalanan at ang kabayaran ng kasalanan ay makakatulong para sa ating makatayo ng matatag sa panahon ng pagsubok.

## Ang 1 at 2 Mga Hari

### Tema: Ang Kabiguan ng Mga Hari ng Israel

Sa 2 Samuel 7, Nangako ang Dios ng ligtas na lugar na matitirahan para sa Israel, isang templo sa Jerusalem at ang mga salinlahi ni David ay mananatili sa trono ng Israel magpakailanman. Ang 1 at 2 Mga Hari ay naisulat mula sa perspektibo ng pagkakatapon. Nang isinulat ang mga aklat na ito, ang Israel ay nasa panahon ng pagkakatapon, ang templo ay nawasak, at walang hari mula sa lahi ni David ang nakaluklok sa trono.

---

[127] 1 Juan 2:1.
[128] Awit 32:5.
[129] Mateo 1:6.
[130] Gal. 6:7-8.

Ang mga aklat ng Mga Hari ay sinagot ang tanong na, “Bakit?” Bakit hindi natupad ang mga pangako? Nalimutan ba ng Dios ang kanyang mga pangako? Si Marduk, ang dios ng Babilobniia, ay mas makapangyarihan ba kaysa kay Jehovah, ang Dios ng Israel? Sinagot ng aklat ng Mga Hari ang mga tanong na ito sa pamamagitan ng pagtuturo sa kabiguan ng Israel na manatiling tapat sa tipan.

Gamit ang mga salita ng teolohiya ng Deuteronomio, ipinapakita ng aklat ng Mga Hari na inaani ng Israel ang kaparusahan ng kanyang kasalanan. Ang mga aklat na ito ay makasaysayan, ngunit ang mga ito ay mas higit pa sa kasaysayan lamang; ipinapaliwanag nito kung **bakit** ang kasaysayan ng Israel ay nagapp sa ganoong paraan. Iyon ang dahilan kung bakit inuri ng Hebreyong Biblia ang mga aklat na ito bilang “Naunang Mga Propeta.” Ang mga aklat na ito ay may dalang mga salita ng propesiya mula sa Panginoon: “Ito ang dahilan kung bakit nagpadala ako ng paghatol sa mga mamamayang pinili ko.”

| **Bakit?** | |
|---|---|
| Pangako ng 2 Samuel | Katotohanan ng 2 Mga Hari |
| Lugar na matitirahan "magpakailanman" | Pagkakatapon sa Babilonia |
| Isang templo sa Jerusalem | Ang templo ay nawasak |
| Isang kahariang pinagtibay "magpakailanman" | Walang hari sa Jerusalem |

### May-akda at Petsa

Sa Hebreyong Biblia, ang 1 at 2 Mga Hari ay unang aklat. Tinutukoy ng Hebreyong tradisyon si Jeremiah bilang may-akda. Gayunpaman, walang anumang nakalagay sa aklat ng 1 at 2 Mga Hari ang tumutukoy tungkol sa may-akda. Karamihan sa mga eskolar ang tumutukoy sa aklat na ito bilang “anomymous/hindi alam kung sino ang sumulat.”

Ang huling pangyayari sa 2 Mga Hari ay naganap sa taong 561 B.C. Hindi nabanggit sa aklat ng Mga Hari ang utos ni Cyrus noong 539 B.C. na pumapayag nang bmalik ang Judah. Maaaring isipin ang Mga Hari ay naisulat sa pagitan ng dalawang petsang ito.

### Istraktura ng 1 at 2 Mga Hari

#### *Ang Israel ay Nagkaisa sa Ilalim ng Pamumuno ni Solomon (1 Mga Hari 1-11)*

Ang mga kabanatang ito ay sumasaklaw sa mga taong 971-931 B.C. Binabakas nito ang mga tagumpay ng paghahari ni Solomon: ang kanyang katalinuhan, ang kanyang kayamanan, at ang pagpapala ng Dios sa templo. Binabakas din nito ang apostasy/pagtataksil ni Solomon sa kanyang mga huling taon.

***Ang Nahating Kaharian (1 Mga Hari 12 – 2 Mga Hari 17)***

Ang mga kabanatang ito ay sumasaklaw sa mga taong 931-722 B.C., mula sa pagkamatay ni Solomon hanggang sa mawasak ng Assyriya ang hilagang kaharian. Dahil sa mga hangal na kilos ni Rehoboam, ang bansa ay nahati sa dalawng kaharian kasunod ng pagkamatay ni Solomon. Ang sapung lipi sa hilaga ay sumunod kay Jeroboam; ang Judah at Benjamin lamang ang nanatiling tapat kay Rehoboam at sa salinlahi ni David. Ang mga salaysay sa Mga Hari ay salit-salit sa dalawang kaharian, at tinutunton ang mabilis na pagtalikod sa pananampalataya ng kaharian sa hilaga at ang mas mabagal na pagbagsak ng Juda.

| Hilagang Kaharian ng Israel | Timog na Kaharian ng Judah |
|---|---|
| 19 Mga Hari | 19 Mga Hari; 1 Reyna |
| Lahat ng naging hari ay masama | 8 ang mabuting hari na nagdala ng panahon ng pagbabalik-loob |
| Ang Kabisera ay ang Shechem, tapos ay Tirzah, at Samaria | Ang Kabisera ay Jerusalem |
| Pagsamba sa Bethel at Dan | Pagsamba sa Jerusalem, "ang bayan ni David" |
| Winasak ng Assyria noong 722 B.C. | Kinuha sa pagkakatapon ng Babylon noong 586 B.C. |
| Ang kaharian ay naliligaw | Nagbalik mula sa pagkakatapon noong 536 B.C. |

***Ang Judah pagkatapos ng Pagbagsak ng Hilagang Kaharian (2 Mga Hari 18–25)***

Ang mga kabanatang ito ay sumasaklaw sa mga taong 722-561 B.C., mula sa pagkawasak ng hilagang kaharian hanggang sa pagpapalaya ni Jehoiachin mula sa pagkakabihag sa Babilonia. Dahil sa mga panahon ng pagbabalik-loob sa panahon ng paghahari ng mga mangilan-ngilang mabuting hari, Napagtagumpayan ng Judah na mabuhay ng mahigit sa isang siglo pagkatapos ng pagbagsak ng hilagang kaharian. Gayunpaman, dahil sa masamang pamumuno ni Manasseh, ginawaran ng Dios ng kaparusahan ang Judah.[131] Mayroong isang huling yugto ng panahon ng pagbabalik-loob sa panahon ng paghahari ni Josiah, ngunit noong 586 B.C. Sinakop ng Babylon ang Jerusalem, winasak ang templo, at dinala ang mga tao sa pagkakatapon.

Ang 2 Mga Hari ay nagtapos sa istorya ng Judah sa ilalim ng Gedaliah, ang gobernador na hinirang ng Babilonia. Nagwawakas ito sa report na pinalaya ng hari ng Babilonia si Jehoiachin mula sa pagkakabilanggo. Nangyari ito noong 561 B.C. at, sa mga naunang mambabasa ng Mga Hari, ito ay isang paalala na binabantayan ng Dios ang angkan ni David. Hindi kinalimutan ng Dios ang kanyang pangako kay David.

---

[131] 2 Mga Hari 21.

**Mahahalagang Petsa/Mga Hari/Pangyayari**[132]

| Hilagang Kaharian ng Israel | | Timog na Kaharian ng Judah | |
|---|---|---|---|
| **931-910** | Inakay ni Jeroboam I ang Israel sa pagsamba sa dios-diosan | **931-913** | Nahati ang Israel dahil kay Rehoboam |
| **885-874** | Inilipat ni Omri ang kabisera sa Samaria | **911-870** | Si Asa ay isang maka-dios na hari |
| **874-853** | Si Ahab at Jezebel<br>875-848 Ministreyo ni Elijah | **872-848** | Jehosaphat, isang mabuting hari, ngunit nakipagkasundo siya kay Ahab |
| **760-750** | Ministeryo ni Amos | **792-740** | Nagkaroon ng ketong si Uzzias dahil sa paglabag niya sa mga kautusan para sa tungkulin ng mga pari |
| **753-715** | Ministeryo ni Hosea | | |
| **732-722** | Hosea – huling hari ng Hilagang Kaharian | **716-687** | Hezekias |
| | | **740-681** | Ministeryo ni Isaiah |
| **722** | Pagwasak ng Assyria sa Hilagang Kaharian | **641-609** | Josias – Ang huling maka-dios na hari ng Judah |
| | | **627-586** | Ministeryo ni Jeremias |
| | | **609-598** | Paghahari ni Jehoiakim, ang pagbalewala sa mga babala ni Jeremias |
| | | **597-586** | Zedekias – ang huling hari ng Juda |
| | | **586** | Pagkawasak ng Jerusalem |

[132] Ang mga petsa ay tantiya lamang. Batay sa E.R. Thiele, **The Mysterious Numbers of the Hebrew Kings**, Zondervan, 1983.

## Mga Mahalagang Tema sa 1 at 2 Mga Hari

### *Ang Mga Hari*

Ang paraan ng pagtingin ng 1 at 2 Mga Hari sa mga pinuno ng Israel ay parehong katulad at kakaiba mula sa mga ordinaryong libro ng kasaysayan. Katulad ng ibang mga batayan ng kasaysayan, ang 1 at 2 Mga Hari ay naglalahad ng mga batayan ng mga impormasyong biographical: ang edad ng hari noong siya ay naluklok sa trono, ang pinanggalingan niyang pamilya, haba ng kanyang paghahari, lugar ng pinaglibingan, mga tagapagmana, at ang mga pinagkunan ng impormasyon tungkol sa hari.

Hindi katulad ng ibang batayan ng kasayssayan, ang **pangunahing** layunin ng Mga Hari ay ang pagsusuri sa katapatan ng mga hari sa Dios. Para sa bawat isang hari, sinasabi ng sumulat na, "At siya'y lumakad ayon sa kasalanan ng kanyang ama, na ganito rin ang ginawa ng nauna sa kanya: at ang kanyang puso ay hindi perpekto sa Panginoong kanyang Dios, tulad ng puso ni David na kanyang ama"[133] o kaya'y "ang kanyang puso ay perpekto sa Panginoon sa lahat ng kanyang mga araw."[134]



*Baal, ang "Dios ng Ulan at Kulog."*

*Ipinagpalit ng Israel ang pagsamba sa pinakamakapangyarihan sa lahat na si Jehovah para sa isang mahina!*

*Jer. 2:11*

Ang bawat hari ay sinuri ayon sa kanilang katapatan sa Dios, hindi lamang sa tagumpay sa pulitika o sa sandatahang militar. Halimbawa, sa kasaysayang secular, si Omri ay isa sa mga kilalang magaling na naging hari ng Israel. Ang "Mesha Stele," na ngayon ay nasa Louvre Museum, ay nagsasabi tungkol sa mga pakikipaglaban ng sandatahang militar ni Omri. Nang mamatay si Omri, ayon sa pinanggalingan ng impormasyon ng Asiria tinawag ang Israel bilang "lupain ni Omri." Si Omri ay isa sa mga sikat na hari, ngunit sa 1 Mga Hari, apat na talata lamang ang nagpapatungkol kay Omri. Para sa isang biblical na may akda, "Masama ang mga ginagawa Omri sa paningin ng PANGINOON, at nagkasala siya ng higit pa sa mga hari na nauna sa kanya."[135] Para sa isang biblical na manunulat, nahigitan ng bigat ng kasalanan ni Omri ang lahat ng mahalagang nagawa niya sa kanyang pamumunong politikal. Ang Mga Hari ay kasaysayan ayon sa tipan; binabakas nito ang kasaysayan ng Israel ayon sa kanyang katapatan sa kanyang tipan.[136]

### *Ang Mga Propeta*

Bilang bahagi ng larawan ng pagbagsak ng Israel, ang 1 at 2 Mga Hari ay nagbibigay ng maingat na atensyon sa mga gampanin ng mga

---

[133] 1 Mga Hari 15:3.
[134] 1 Mga Hari 15:14.
[135] 1 Mga Hari 16:25.
[136] Image: "Baal Ugarit Louvre AO17330" taken by Jastrow in 2006, retrieved from https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Baal_Ugarit_Louvre_AO17330.jpg, public domain.

propeta. Kahit halos baliwalain si Omri sa Mga Hari, ang paghahari ng kanyang anak na si Ahab ay detalyadong naitala.

May dalawang dahilan para dito. Ang Una ay sa kadahilanang masama ang pangunguna ni Ahab na nagdulot sa pagkawasak ng hilagang kaharian.[137] Ang pangalawang ay sa kadahilanang gusot sa pagitan ni Elijah at Ahab. Ang gusot sa pagitan ni Elijah at Ahab ay nagpapakita ng katapatan ng Dios na bigyang babala ang Israel sa kanyang kasalanan. Ang komprontasyon sa Bundok ng Carmel ay nagdala sa Israel upang harapin ang kanyang pagtalikod sa Dios. Ang tagtuyot na ipinahayag ni Elijah sa Israel ay bunga ng kanilang pagtalikod sa Dios.[138]

Ang mga propeta ay nagpapakita ng katapatan ng Dios sa kanyang mamamayan. Sa pamamagitan ni Elijah at Elisha sa hilaga, at sa pamamagitan ni Isaiah at kanyang mga kapanahon sa Juda, paulit-ulit na nagbigay ng babala ang Dios sa kasalanan ng Israel. Nakakalungkot, na sa kabila ng katapatan ng Dios, ang Israel ay nagpatuloy sa kanyang pagrerebelde.

### *Deuteronomic Theology/ Teolohiya Ayon sa Deuteronomio*

Ang gusot sa pagitan ni Elijah at Ahab ay hindi lamang nagpapakita ng katapatan ng Dios na bigyang babala ang Israel, kundi maging sa katigasan ng ulo ng Israel sa pagtanggi nilang magsisi sa kanilang kasalanan. Mula sa perspektibo ng pagkakatapon, ipinapakita ng may akda ng Mga Hari na ang Juda at Israel ay nagdusa sa makatarungang pagpaparusa ng Dios.

Sa mga katanungang nakalagay sa simula ng bahaging ito, itinugon ng may akda ng Mga Hari na, "Hindi, si Marduk ay hindi mas makapangyarihan kaysa kay Jehovah. Hindi, hindi nalilimutan ng Dios ang kanyang mga pangako sa tipan. Pinagdurusahan ng Juda at ng Israel ang bunga ng kawalang katapatan sa tipan. Ang tipan ay nangangako ng pagpapala sa matapat at parusa sa mga hindi tapat. Tinutupad ng Dios kung ano ang kanyang ipinangako."[139]

Ang koneksyon sa pagitan ng Deuteronomio at Mga Hari ay nakita sa ilang ispesipikong pagkakataon.

- Sa Deuteronomio, iniutos sa Israel na sumamba "sa lugar na pipiliin ng PANGINOON na inyong Dios." Si Jeroboam ay nagtayo ng mga lugar ng sambahan sa Dan at Bethel.[140]

---

[137] 1Mga Hari 16:33.

[138] 1 Mga Hari 17. Sa leksiyon sa Exodus, nakita natin na ang mga salot ay atake sa mga huwad na dios ng Egipto. Ang tagtuyot sa panahon ni Elias ay katulad na pag-atake kay Baal. Si Baal ay dios ng kasaganahan ng mga Phoenicia na ipinakilala ni Jezebel sa Israel. Tinatawag si Baal na "Panginoon ng Ulan at Kulog". Ipinahahayag ni Elias na si Jehovah, ang manlilikha ng daigdig, ang nag-iisang may kapangyarihan sa kalikasan.

[139] 2 Mga Hari 17:7-23.

[140] Deut. 12:5; 1 Mga Hari 12:26-30.

- Ipinakita ng Deuteronomio ang uri ng hari ng gusto ng Dios para sa Israel. Ang aklat ng Mga Hari ay ipinakita kung paano nabigo ang mga hari na Israel na mamuhay ayon sa pamantayan ng Dios para sa isang hari.[141]
- Ang Deuteronomio ay nagtakda ng pagsusuri para sa totoong propeta. Ang ministeryo ni Elijah at Elisha ay nagpapakita ng katibayan ng pagsusuring ito.[142]
- Ang Deuteronomio ay nagbigay ng mga ispesipikong sumpa kapag sumira ang Israel sa kanilang tipan. Ito ang katuparan ng nakapanlulumong detalye ng Mga Hari.[143]

## Ang 1 & 2 Cronica

### Tema: Isang mensahe ng Pag-asa

Ang 1 at 2 Cronica ay naisulat mahigit na sandaang taon pagkatapos ng 1 at 2 Mga Hari. Ang Cronica ay dumating mula sa mahirap na sitwasyon sa kasaysayan ng Israel. Pinayagan ni Cyrus na makabalik ang mga tao – pero marami sa mga Judio ay tumira sa Babilonia kaysa sa Jerusalem. Naitayo nang muli ang templo – pero mas maliit ito at di kasingganda ng templo na ginawa ni Solomon. Walang hari mula sa lahi ni David ang nakaluklok sa trono. Hindi pa din dumadating ang Mesiyas. Ang Cronica ay isinulat para sa mga tao na nangangailangan na malaman na "Hindi tayo nakakalimutan ng Dios. Tayo ay kanya pa ring mga mamamayan. May pag-asa pa."

Ang sinaunang tradisyon ay tumutukoy kay Ezra bilang may akda ng Mga Cronica. Isang dahilan nito ay ang dalawang huling talata sa 2 Cronica ay inulit bilang unang dalawang talata sa Ezra. Ang Cronica mismo ay walang binanggit na may-akda. Dahil dito, ang may-akda ay madalas na tinatawag na "Chronicler."

Sa Hebreong Biblia, ang Cronica ay ang huling aklat sa canon. Ito ay naaangkop dahil ang Cronica ay marahil naitala sa taon na naisulat ang isa sa mga huling aklat sa Lumang Tipan, sa pagitan ng 450 at 400 B.C. Nararapat lamang din na dahil sa layunin ng Cronica. Ang Cronica ay hindi pangunahin na isang aklat ng kasaysayan, bagaman ang kasaysayan ng Cronica ay totoo. Ang pangunahing layunin nito ay magdala ng mensahe ng pag-asa sa pamamagitan ng pagtingin sa kasaysayan ng Israel sa panibagong pananaw. Ang Cronica ay nakatuon sa katuparan ng pangako ng Dios sa Israel, mga pangako na tutupad sa pagdating ni JesuCristo.

### Ang Cronica at Mga Hari

Ang relasyon sa pagitan ng Cronica at mga Hari ay kapareho sa relasyon sa pagitan ng tatlong sinoptikong ebanghelyo; tinitingnan nito ang parehong materyal mula sa magkaibang pananaw. Siniyasat ng Cronica ang parehong kasaysayan tulad ng sa Samuel

---

[141] Deut. 17:14-20.
[142] Deut. 18:21-22.
[143] Deut. 28.

at Mga Hari. Gayunpaman, tinitingnan nito ang mga pangyayari mula sa ibang perspektibo. Sa Mga Hari, itinatanong kung "Bakit hindi pa natutupad ang mga pangako sa tipan?" Itinatanong ng Cronica, "Mayroon bang pag-asa para sa hinaharap? Mayroon bang layunin ang Dios para sa kanyang bayan?"

Ang layunin ng may akda ng Cronica ay makikita sa kanyang pagpili ng mga materyales nito. Hindi ito nagbigay ng kumpletong detalye ng kasaysayan ng Israel. Sa halip, pumili siya ng mga materyal na nagpapakita kung paano kumikilos ang Dios sa kasaysayan ng Israel upang matupad ang kanyang layunin. Ang may-akda ay hindi sinubukang itago ang madilim na panahon ng kasaysayan ng Israel; lubos na alam ng kanyang mga mambabasa ang mga madilim na panahong iyon. Gayunpaman, ang layunin ng Cronica ay hindi para ipaliwanag ang paghatol ng Dios; ang layunin ng Cronica ay upang magbigay ng pag-asa sa mga taong nasa desperadong panahon. Sa pagtatapos ng proklamasyon ni Cyrus, ang Cronica ay nagtapos sa pagbibigay ng mensahe ng pag-asa; patuloy na iniingatan ng Dios ang kanyang mga mamamayan.

| Samuel/mga Hari | Cronica |
|---|---|
| Bakit hinatulan ng Dios ang kanyang mamamayan? | Mayroon bang kinabukasan para sa mga mamamayan ng Dios? |
| Nakapaloob dito ang istorya tungkol sa paghahari ni Saul | Ang pagkamatay lamang ni Saul ang nakapaloob |
| Ang kasaysayan ng dalawang kaharian | Ang kasaysayan ng Judah |
| Pagpapahalaga/pagbibigay-diin sa mga propeta | Pagpapahalaga sa mga pari at sa templo |
| "Lumakad ba ang hari sa landas ni David? | "Naging tapat ba ang hari sa pagsamba sa templo?" |
| Ang makatarungang paghatol ng Dios | Ang walang hanggang awa ng Dios |

**Pangkalahatang Pagtanaw sa Cronica**

***Talaan ng angkan (1 Cronica 1-9)***

Talaan ng angkan? Nakakainip! Oo, ang mga talatang ito ay maaaring nakakainip, ngunit ang mga ito ay mahalaga. Bakit? Ito ang magpapaalala sa mamamayan ng Dios na hindi sila kinalimutan.

> Payo sa mga bagong Kristiyano: Huwag mag-umpisang magbasa ng Biblia sa 1 Cronica 1-9!
>
> Payo sa mga matatandang Kristiyano: Huwag baliwalain ang 1 Cronica 1-9!

Noong ika-5 siglo B.C., ang talaan ng angkan ng lipi ng Israel ay tila walang kabuluhan. Ang sampung lipi ng hilagang kaharian ay nawasak na ng Assyria at hindi na maibabalik ang dati niyang

pagkakakilanlan. Ang mga mamamayan ng Juda ay nagkahiwa-hiwalay sa buong Egipto, Babilonia, at Persia.

Sa sitwasyong ito, ang talaan ng angkan ay may dalang importanteng mensahe: "hindi tayo kinalimutan ng Dios. Tayo ang kanyang piniling mga mamamayan. Kilala pa rin natin kung sino tayo; mababakas natin ang ating talaan ng angkan pabalik kay Adan." Kahit na nawala na ang hilagang kaharian, ang chronicler ay nagnanais na maalala ng Juda na pinili ng Dios ang "buong Israel" at hindi sila kinalimutan.[144]

Isang sipi ang magpapakita kung paano ang talaan ng angkan ay tumutugma sa layunin ng chronicler. Sa Hebreo, ang pangalang Jabez ay kapareho ng salitang "sakit." Si Jabez ay isang lalaking walang malaking minana, ngunit "tumawag siya sa Dios ng Israel… at dininig ng Dios ang kanyang kahilingan."[145] Ang panalangin ni Jabez ay hindi isang pormula ng mahika upang makamit ang mga bagay mula sa Dios. Ang panalangin ni Jabez ay isang paalala na naririnig ng Dios ang mga tumatawag sa kanya, kahit wala silang personal o kalamangan sa pamilya. Ang kwento ni Jabez ay humikayat sa mga unang mga mambabasa ng Cronica na tumawag sa Dios: maging sa kanilang madillim na panahon, maririnig niya ang kanilang mga pagtaghoy.

### *Ang Paghahari ni David (1 Cronica 10–29)*

Si Saul ay kabilang sa talaan ng angkan, ngunit ang detalyado lamang na impormasyon tungkol kay Saul ay ang kanyang kamatayan. May napakaliit na interes ang chronicler sa paghahari ni Saul. Ang interes ng sumulat ng Cronica ay nagbuod sa buhay ni Saul sa ganitong pahayag: "Kayat't namatay si Saul dahil sa kanyang pagsuway laban sa PANGINOON…kaya't siya'y pinatay at inilipat ang kaharian kay David na anak ni Jesse."[146]

Nakatutok ang pansin ng sumulat ng cronica kay David at sa kanyang salinlahi bilang hari. Ang Cronica ay nagkukwento tungkol kay David at sa kanyang mga magigiting na mga kawal. Hindi nito ikinukwento ang kasalanan ni David kay Bathsheba. Alam na ng mga mambabasa ng Cronica ang kwento tungkol sa kasalanan ni David; hindi ito importante sa layunin ng Cronica.

Interesante lamang na kahit ang istorya ni Batseba ay hindi kabilang sa Cronica, ang kasalanan ni David sa pagbibilang sa mga tao ay kasama sa kuwento. Bakit? Ang istoryang ito ay mahalaga para sa sumulat sa pagbibigay diin tungkol sa templo. Sa kanyang pagsisisi, binili ni David ang lupaing pinaggigiikan ni Ornan upang pagtayuan ng isang altar para sa mga haing handog na susunugin. Ito ang naging lugar na pinagtayuan ng templo.[147]

---

[144] Ang talatang "ang buong Israel" ay ginamit ng apat na put dalawang beses sa mga Cronica. Kinikilala nito ang nagpapatuloy na layunin kahit para sa isang bansa na nagkahiwa-hiwalay na. Ang layunin ng pagtubos ng Dios ay matutupad sa kabila ng pagkawasak ng kaharian sa hilaga.

[145] 1 Cronica 4:10.

[146] 1 Cronica 10:13-14.

[147] 1 Cronica 21:18-28; 2 Cronica 3:1.

Ang templo ay importante sa Cronica. Kasunod ng istorya ng pagpapatala/census ni David sa 1 Cronica 21, sinasabi ng Cronica ang tungkol sa plano ni David na magtayo ng templo at ang kanyang organisasyon ng mga Levita, mga pari, musikero, tagapagbantay ng tarangkahan, at mga ingat-yaman ng templo. Ang sumulat ng cronica ay nagpapaalala sa mga dismayadong mga tao na ang templo ay ang sentro ng kanilang pagkakakilanlan; sumulat siya upang himukin ang katapatan sa pagsamba sa templo.

### *Ang Paghahari ni Solomon (2 Cronica 1–9)*

Ang paghahari ni Solomon ay importante sa chronicler dahil sa templo. Hindi isinama ng Cronica ang pagtalikod ni Solomon sa pananampalataya, ngunit naglaan ng anim na kapitulo sa pagpapagawa at magpapaganda, at pag-aalay ng templo. Ang Cronica ay Ipinapakita ng Cronica ang tugon ng Dios sa pag-aalay ng templo:"Bumaba ang apoy mula sa Langit at natupok ang mga handog; at ang templo ay napuno ng kaluwalhatian ng Panginoon. Hindi makapasok ang mga saserdote sa templo ng Panginoon sapagkat napuno nga ito ng kaningningan ng Panginoon."[148]

Sa bandang huli ng kabanatang ito, ipinangako ng Dios kay Solomon na "Maaari kong ipinid ang langit at hindi pumatak ang ulan. Maaari akong magpadala ng balang upang salantain ang lupaing ito o maaari kong palaganapin sa aking bayan ang salot. Subali't kung ang aking bayan, na tinawag sa aking pangalan, ay magpakumbaba, at manalangin, hanapin ako at talikdan ang kanilang kasamaan; diringgin ko sila, at patatawarin ko sila. At ibabalik ko ang katiwasayan at kasaganaan sa kanilang lupain."[149]

Ang pangakong ito ay mahalaga para sa Israel pagkatapos silang ipatapon. Ito ang kasiguraduhan nila na hindi pinabayaan ng Dios ang kanyang mamamayan. Ang mga pangako ng tipan ay hindi pa rin natutupad, ngunit kung tatawag ang Israel sa Dios, diringgin sila ng Dios mula sa langit at hihiluming muli ang kanilang lupain. Ito ay katumbas ng mensahe ng Malakias, mga sulat halos sa kaparehong panahon ng cronica. Ang totoong pagsisisi sa kasalanan at katapatan sa mga utos ng Dios ang magdadala ng pagpapala ng Dios sa mga nagbalik mula sa pagkakatapon.

### *Ang Kaharian ng Juda (2 Cronica 10–36)*

Sinusundan ng aklat ng Mga Hari ang parehong hilagang kaharian at ang Juda pagkatapos na mahati ang Israel; ang dalawang kaharian ay kapwa nagpapakita ng epekto ng paghatol ng Dios. Ang sumulat ng cronica, gayunpaman, ay interesado sa mensahe ng pag-asa; tanging ang Juda lamang ang nagpapakita ng pangako para sa hinaharap. Kasunod ng pagkakahati ng Israel, kasaysayan na lang ng Judah ang naitala ng Cronica.

Muli sa bahaging ito, ang layunin ng chronicler ang gumabay sa pagpili ng kanyang mga materyal. Sa mga Hari, ang espirituwal na pagbabago ni Hezekias ay inayos sa isang

---

[148] 2 Cron. 7:2-3.
[149] 2 Cron. 7:13-14.

talata.[150] Sa Cronica, tatlong kabanata ang nakalaan sa detalye sa pagbabago ni Hezekias.[151] Sa Cronica ay binigyang diin ang debosyon ni Hezekiah sa templo at ang kanyang katapatan sa Dios.

Isa pang kawili-wiling pagsasalungat sa pagitan ng Cronica at mga Hari ay makikita sa kwento ni Manases. Ipinapakita ng aklat ng Mga Hari na si Manases ang naging pinakamalalang hari ng Judah, ang kasalanan niya ang naging dahilan ng di mapigilang pagkakatapon sa kanila.[152] Ang Cronica ay nagsasabi sa atin na habang siya ay bihag, nagsisi si Manases. Napalaya si Manases mula sa Babilonia at bumalik sa Jerusalem. Inalis niya ang lahat ng dios-diosan sa templo.[153]

Para sa may akda ng Mga Hari, ang pangunahing mensahe sa paghahari ni Manases ay mensahe na ang kasalanan ay nagdadala ng paghatol ng Dios. Para sa may-akda ng Cronica, ang pangunahing mensahe ng paghahari ni Manases ay ang pagsisising nagdadala ng pagpapatawad ng Dios. Ang dalawang mensahe ay parehong napakahalaga upang maunawaan natin ang kasaysayan ng Israel. Ang mga cronica ay higit pa sa pag-uulit ng aklat ng mga Hari; ito ay kasama ng Mga Hari, na nagpapakita ng isa pang aspeto ng mensahe ng Dios sa kanyang mamamayan.

## Konklusyon

### Ang Samuel – Cronica sa Bagong Tipan

Ang Tipan kay David ay nagbibigay ng pundasyong pang kasaysayan para sa ministeryo ni Jesus bilang Mesiyas. Sa Tipan kay David, ipinangako ng Dios na isang hari sa lahi ni David ang mauupo sa trono ng Israel. Gayon paman sa pagtatapos ng 2 mga Hari, walang hari sa trono ng Israel. Ang sitwasyong ito ay nagpatuloy hanggang pamunuan sila ng mga taga Persya, mga Griyego, at mga Romano.

Sa Tipan kay David, nangako ang Dios na mananatili siya sa kanyang templo. Gayunpaman sa pagtatapos ng 2 Mga Hari, walang templo. At nang muling magawa ang templo, wala itong kadakilaan at ganda na gaya ng naunang Templo.

Ang may akda ng ebanghelyo ay nagpapakita na si Jesus ang katuparan ng pangako kay David. Siya ay dumating upang maupo sa trono ni David. Samantalang hindi siya tinanggap habang siya ay nagmiministeryo sa lupa, magbabalik siya upang maghari magpakailanman. Siya ang naghayag ng kaluwalhatian ng Dios sa templo.

---

[150] 2 Mga Hari 18:4.
[151] 2 Cron. 29-31.
[152] 2 Mga Hari 21:11-15.
[153] 2 Cronica 33:10-20.

Ang pangako kay David ay hindi kinalimutan. Kahit na hindi naging tapat ang Israel, nanatiling tapat ang Dios sa kanyang mga pangako. Ang pag-asang nakita sa Cronica ay natupad sa pagdating ni Jesus ang Mesiyas.

**Ang Pangungusap ng Samuel – Chronica sa Panahon Ngayon**

Sa ika-dalawampung siglo, isang kilusang tinatawag na "Christian Reconstructionism" ay nangatwiran na ang batas ng Lumang Tipan na ginagamit sa pamumuno sa Israel ay siyang dapat magiging modelo para sa modernong istrukturang pang politikal. Di masyadong kapansin-pansin, maraming mga Kristiano ay nakikita ang pulitikal na labanan bilang pamamaraan para sa espiritual na pagbabago.

Samantalang may karapatan ang mga Kristiano na makibahagi sa gobyernong sibil, hindi tayo nabubuhay sa theocracy. Hindi rin iminungkahi ni Cristo na gawin natin iyon. Sa halip, ang pangako sa Israel ay natupad na sa pamamagitan ng ministeryo ng iglesya. Sa Lumang Tipan, "pinagpapala ng Dios ang lahat ng bansa" sa pamamagitan ng direktang impluwensya ng Israel. Mula sa Pentekostes, pinagpapala ng Dios ang lahat ng mga bansa sa pamamagitan ng paglaganap ng ebanghelyo sa pamamagitan ng iglesya.

Ang Lumang Tipan na aklat ng kasaysayan ay hindi modelo para sa pagtatayo ng politikal na istrukturang pang Kristiyano kundi ito ay testimonya ng katapatan ng Dios sa pagpepreserba sa kanyang mga mamamayan at sa kanyang pangako sa darating na Mesiyas.

## Takdang Aralin ng Leksiyon

(1) Pumili ng **isa** sa mga sumusunod ng mga takdang aralin:

Opsyon 1: Takdang Araling Pang Grupo

Italaga ang bawat isang miyembro upang pag-aralan ang isang mahalagang hari sa Judah. Sumulat ng isang pahina na buod tungkol sa pamamahala ng hari. Suriin ang katapatan ng mga hari sa Dios at ipakita ang kayang impluwensya sa Judah kung ito manay mabuti man o masama. Mamili sa mga sumusunod na mga hari: Rehoboam, Jehoshaphat, Hezekias, Manases, Josias, o Zedekias.

Option 2: Takdang Araling pang indibiduwal. Mamili ng isa.

- Sumulat ng 1-2 pahina ng sanaysay tungkol sa pagkukumpara ng dalawang hari ng Juda. Suriin ang katapatan ng hari sa Dios at ipakita kung paanong ang kanilang pamumuno ay nakaimpluwensya sa Juda mabuti man o masama. Mamili sa mga sumusunod na mga hari: Rehoboam, Jehoshaphat, Hezekiah, Manases, Josias, o Zedekias.
- Sumulat ng detalyadong balangkas para sa isang sermon sa katapatan ng Dios base sa Cronica. Gamitin ang mga halimbawa mula sa Cronica na nagpapakita ng katapatan ng Dios sa kanyang mamamayan.

(2) Kumuha ng pagsusulit sa araling ito. Kabilang sa pagsususlit ang mga kasulatan na nakatakda upang isa-ulo.

**Mga Tanong sa Leksiyon 5**

(1) Ilista ang tema ng bawat aklat.

1 Samuel: ____________________________

2 Samuel: ____________________________

1 & 2 Mga Hari: ____________________________

1 & 2 Cronica: ____________________________

(2) Maglista ng tatlong pangyayari sa mga unang araw ng pamamahala ni Saul na nagpapakita ng kanyang kabiguan na maging hari na nais ng Dios.

(3) Maglista ng limang pangako sa Tipan kay David.

(4) Maglista ng apat na prinsipyo mula sa kasalanan ni David na dapat maging gabay ng mga mananampalataya na nahuhulog sa kasalanan.

(5) Ang 1 & 2 Mga Hari ay sumasakop sa mga taong _________ hanggang ___________.

(6) Pagkatapos na magkahati-hati ng Israel, aling lipi ang nanatiling tapat sa haring lahi ni David?

(7) Paano sinusuri ang mga hari sa 1 at 2 Mga Hari?

(8) Paghambingin ang nilalaman ng Cronica at Mga Hari tungkol sa mga hari ng Juda.

(9) Bakit importante ang paghahari ni Solomon sa Cronica?

(10) Paghambingin ang nilalaman ng Cronica at mga Hari tungkol kay Manases.

# Leksiyon 6
# Ezra – Esther

## Layunin ng Leksiyon

Sa pagtatapos ng leksiyong ito, ang mag-aaral ay dapat:

(1) Makagawa ng buod sa pangunahing tema tungkol sa mga aklat ng Ezra, Nehemias, at Ester.

(2) Kilalanin ang pagkakasunod-sunod ng relasyon sa pagitan ng aklat ng Ezra, Nehemias, at Ester.

(3) Malaman ang mga pangunahing pangyayari sa panahon ng pagpapanumbalik.

(4) Maunawaan ang prinsipyo ng pamamahala mula sa buhay ni Nehemias.

(5) Pahalagahan ang pagtatatalaga/providence ng Dios sa aklat ng Ester.

(6) Maiugnay ang mensahe ng Ezra, Nehemias, at Ester sa panahon natin ngayon.

## Leksiyon

*Basahin ang Ezra, Nehemias, at Ester*

*Isaulo ang Nehemias 2:17 at Ester 4:14*

## Aklat ng Pagpapanumbalik

Ang huling tatlong aklat ng kasaysayan ay mula sa mga taong sumunod pagkatapos ng taong ipag-utos ni Cyrus na payagan ang mga Hudio na makabalik sa Jerusalem.[154] Binabakas nito ang pagbabalik sa Jerusalem mula sa pagkakatapon, ang muling pagtatayo ng templo at ng pader ng Jerusalem, at ang mga hirap na kakaharapin sa muling pagtatayo ng lungsod ng mga bumalik mula sa pagkakatapon. Ang mga aklat na ito ay importante sa kasaysayan ayon sa tipan sa dalawang kadahilanan.

- Ang Ezra at Nehemias ay napapakita ng mga pagsubok na kakaharapin ng mga mamamayan ng Dios sa pagpapanatili ng kanilang espirituwal at pambansang pagkakakilanlan. Ang muling pagtatayo ng templo at ang pagpapanumbalik sa Ezra ay ang nagpanumbalik ng espirituwal na pagkakakilanlan ng Israel. Ang muling pagtatayo ni Nehemias ng pader ay isang importanteng hakbang sa pagpapanumbalik ng pagkakakilanlan ng bansang Israel.

[154] 2 Cronica 36:22-23; Ezra 1:1-4.

- Ang mga aklat na ito ay nagpapakita ng pangangalaga mula sa Dios para sa kanyang mga mamamayan sa mga taong sumunod sa pagkakatapon. Ang aklat ng Ezra at Nehemias ay nagpapakita ng malasakit ng Dios para sa mga nagsibalik. Ang aklat ng Esther ay nagpapakita ng malasakit ng Dios para sa mga nananatili pa rin sa Persia.

| Timeline ng mga Pangyayari sa Aklat ng Pagpapanumbalik | |
|---|---|
| **Petsa** | **Pangyayari** |
| 538 B.C. | Unang pagbalik – pinangunahan ni Zerubbabel (Ezra 1-4) |
| 516 B.C. | Natapos ang Templo (Ezra 5-6) |
| 483-473 B.C. | Kinaawaan ng Dios ang mga Judio sa Persia (Ester) |
| 458 B.C. | Pangalawang pagbabalik – pinangunahan ni Ezra (Ezra 7-12) |
| 444 B.C. | Itinayo muli ni Nehemias  ang pader ng Jerusalem |

**Pagkakaisa ni Ezra-Nehemias**

Sa Hebreong Biblia, ang Ezra at Nehemias ay isang aklat lamang. Hindi sila magkahiwalay sa mga Kristiyanong Biblia hanggang sa ika-apatnapung siglo. Ang mga aklat na ito ay maraming pagkakapareho:

- Pareho sila ng mga Kalagayang Pangkasaysayan/historical setting.
- Parehong kaugnay sa pagbalik sa Jerusalem sa ilalim ni Artaxerxes I ng Persia.
- Parehong kinapapalooban ng mga talaan ng mga mamamayang Judio.
- Ang Nehemias 7-12 ay buod ng mga pagpapanumbalik sa Ezra at Nehemias.

| Mga Pinuno sa Persya sa Panahon ng Pagpapanumbalik | |
|---|---|
| Cyrus 559-530 B.C. | Pagbabalik ni Zerubbabel (Ezra 1-2) |
| Cambyses 530-522 B.C. | |
| Smerdis 522 B.C. | |
| Darius 522-486 B.C. | Sinuportahan ang pagpapatayo ng templo (Ezra 3-6) |
| Xerxes I (Asuero) 486-465 B.C. | Ester |
| Artaxerxes I 465-423 B.C. | Ezra at Nehemias (Ezra 7-Neh. 12) |

## Ezra

*Tema: Pagbabalik mula sa pagkakatapon*

*Petsa: 538 – 458 B.C.*

Binabakas ng aklat ng Ezra ang dalawang pagkakataon ng pagbabalik. Ipinapakita nito ang muling pagtatayo ng templo at mga kinaharap na pagsubok ng mga nagbalik.

| Ezra: Pagbabalik mula sa Pagkakatapon | | |
|---|---|---|
| Mga kabanata | Pinuno | Taon |
| Ezra 1-6 | Zerubbabel | 538 B.C. |
| Ezra 7-10 | Ezra | 458 B.C. |

Ayon sa tradisyon, si Ezra ang kinikilala bilang may-akda ng Ezra-Nehemias, gayundin ang posibilidad na siya ang may-akda ng 1 & 2 Cronica. Ang pag-uulit ng pagpapatupad ng kautusan ni Ciro sa pagtatapos ng 2 Cronica at sa simula ng Ezra ay nagpapakita ng pagkakaisa ng mga aklat na ito.

Si Ezra ay isang Levita, mula sa angkan ni Aaron.[155] Naglingkod siya sa kanyang kapwa Judio sa bilangguan at pinangunahan ang isang grupo pabalik sa Jerusalem noong 458 B.C. Naglilingkod siya bilang pinunong pang-espirituwal nang bumalik si Nehemias noong 444 B.C. Magkasama silang dalawa sa pangunguna sa isang espirituwal, etikal at moral na pagbabalik-loob. Si Ezra ay partikular na importante sa pangunguna sa mga tao pabalik sa Salita ng Dios.

**Istraktura ng Ezra**

***Pagbabalik ni Zerubbabel (1–6)***

*Ang Pagbabalik (1–2)*

Pagkatapos masakop ang Babilonia, ibinigay ni Ciro ang permiso sa mga Judio na bumalik na sa Jerusalem. Sa usapin ng kasaysayan, umaakma ito sa polisiya ng mga pinuno ng Persya. Hinahayaan ng mga pinuno ng Persiya na manatili sa kanilang bayan ang mga bansang natalo nila. Kumilos ang Dios sa pamamagitan ng isang paganong pinuno upang matupad ang kanyang dakilang plano para sa kanyang mamamayan. Ang kaparehong paraan na ito ay makikita sa Bagong Tipan nang kumilos ang Dios sa pamamagitan ni Caesar Augustus upang dalhin sina Jose at Maria sa Bethlehem upang maipanganak ang Mesiyas sa bayan ni David.

---

[155] Ezra 7:1-5.

| Polisiya ng mga Emperyo Para sa Mga Nasakop Na Bansa | | |
|---|---|---|
| **Asiria** | Winasak ang pagkakakilanlan ng mga nalupig na bansa sa pamamagitan ng pakikihalubilo ng mga bihag mula sa ibat-ibang lugar | Winasak ang Hilagang Kaharin ng Israel |
| **Babilonia** | Dinadala ang mga nalupig na mga bansa sa Babilonia, ngunit pinapayagan silang panatilihin ang kanilang pagkakakilanlan habang sila ay bihag | Nasakop ang Juda |
| **Persia** | Pinapayagan nilang manatili ang mga nalupig na bansa sa kanilang sariling bayan | Pinayagan ang Juda na makabalik sa Jerusalem |

Ang aklat ng Ezra ay nagsimula sa pagbabalik sa ilalim ni Zerubbabel, kabilang ang sensus ng 49,697 ng mga nagbalik. Si Zerubbabel, isang miyembro ng angkan ni David, ay nalagay sa posisyon ng pamamahala dahil sa mga Persyano at naging simbolo ng pag-asa para sa mga nagbabalik mula sa pagkakatapon.

*Ang Gawain: muling Pagtatayo ng Templo (3–6)*

Pagdating sa Jerusalem nag-umpisa nang magtrabaho ang mga tao sa templo (536 B.C.; Ezra 3). Itinatag nilang muli ang pagsamba at naglatag ng mga pundasyon para sa templo. Gayunpaman, ang mga Samaritanong naninirahan malapit sa Jerusalem ay tumututol sa muling pagtatayo at nagawa nga nilang ipahinto ang gawain (Ezra 4).[156]

May puwang na halos 15 taon sa pagitan ng Ezra 4 at 5. Ang Ezra 4 ay nagtapos sa halos 534 B.C. noong ang oposisyon mula sa mga Samaritano ay nagpatigil sa gawain sa templo. Ang Ezra 5 ay nagsimula sa pagpapatuloy ng gawain noong 520 B.C. at sa pagbibigay pag-asa ng mga "propeta sa templo" na sina Ageo at Zacarias. Natapos ang templo noong 516 B.C.; ang Ezra 6 ay tala ng pagdiriwang sa pag-aalay ng templo.

### *Pagbabalik ni Ezra (7-10)*

*Ang Pagbabalik (7-8)*

Walong taon pagkatapos ng pagbalik ni Zerubbabel, pinangunahan ni Ezra ang 1,758 na katao pabalik sa Jerusalem. "itinalaga ni Ezra ang kanyang puso sa pag-aaral ng Kautusan

---

[156] Hindi tinunton ni Ezra ang lahat ng bagay ayon sa pagkakasunod-sunod sa panahon. Ang Ezra 4:6-23 ay lumilipat mula sa panahon ni Ciro tungo sa pagtutol ng mga Samaritano sa loob ng limampung taon pagkalipas noon sa ilalim ni Asuero. Ang buong kabanata ay pinag-isa ng tema ng pagtutol ng mga Samaritano sa muling pagtatayo ng templo. Ipinapakita nito na ang pagtutol ay higit pa sa isang pansamantalang di-pagkakasundo. Ang istruktura ng Ezra 4 ay:

A. Ezra 4:1-5 – pagtutol sa muling pagtatayo ng templo sa ilalim ni Ciro (536 B.C.)
B. Ezra 4:6-23 – pagtutol sa mulng pagtatayo ng pader sa mas matagal na panahon (marahil pagkatapos ng pagbalik ni Ezra noong 458 B.C.)
C. Ezra 4:24 – pagtutol sa muling pagtatayo ng templo sa ilalim ni Ciro (536 B.C).

ng PANGINOON, at pagtupad at pagtuturo ng mga tuntunin at mga utos sa Israel."[157] Pinangunahan niya ang espirituwal na pagpapanumbalik ng bayan ng Dios.

*Ang Gawain: Mga Reporma sa Lipunan (9-10)*

Ang hamon sa unang grupo ng mga babalik ay ang pagtatayo muli ng templo. Ibang pagsubok naman ang kinaharap ni Ezra: Ang pag-aasawa sa pagitan ng mga Judio at sa mga kalapit bayan nila. Hindi ito usapin tungkol sa pag-aasawa ng ibang lahi; ito ay usaping pang relihiyon. Sa Mga Hukom at sa buhay ni Solomon, nakita natin kung paanong ang pag-aasawa ng hindi mananampalataya ay madaling nagdala sa mga Israelita sa pagtalikod sa kanilang pananampalataya. Sa dalawang kadahilanan, ito ay parikular na naging problema sa pagpapanumbalik ng komunidad:

- Ang Jerusalem ay napapaligiran ng mga hindi-mananampalataya. Ang pagsamba sa ibang mga dios ay palagiang tukso.
- Ang Persia ay isang syncretistic empire.[158] Ang pilosopiya kung bakit naging madali para kay Ciro na payagang bumalik ang mga Hudio sa kanilang lupain, at sa parehong pagkakataon, ito rin ang pilosopiya kung bakit naging madali ang pagtanggap sa ibat-ibang paniniwalang pangrelihiyon. Ang mga Persyano ay hindi nakatalaga/committed sa alinmang sistemang pang-relihiyon. Sa halip, pinaghahalo-halo ng mga Pesyano ang ibat-ibang mga paniniwala. Sa ganitong kapaligiran, madaling isinusuko ng mga Hudio ang kanilang pagkakakilanlan bilang mga mamamayan ng Dios.

Dahil dito, mabilis na hinarap ni Ezra ang usapin tungkol sa pag-aasawa ng ibang lahi. Ang kanyang panalangin ng pangungumpisal ay nagpapakita ng kaseryosohan ng bigat ng usaping ito at humimok sa mga tao na naising harapin ang problema. Natapos ang aklat sa Ezra 10, sa plano ni Ezra na buwagin ang pag-aasawa ng ibang lahi.

## Nehemias

*Tema: Muling Pagtatayo ng Pader*

*Petsa: 445 – c.432 B.C.*

Katulad ni Daniel, si Nehemias ay isa ring Judio na ipinatapon na nagkaroon ng mataas na posisyon sa Imperyo ng Persya. Ang tagapagdala ng kopa ay posisyon na pinagkakatiwalaan. Dahil sa mga masasamang balak sa hari, responsibilidad ng tagapagdala ng kopa na bantayan ito mula sa mga lason. Dagdag pa rito, dahil lagi siyang nakakalapit sa hari, ang tagapagdala ng kopa ay madalas na may malaking impluwensya sa mga pulitikal na mga desisyon.

Noong 445 B.C., bumalik si Nehemias sa Jerusalem at ginugol ang sumunod na

---

[157] Ezra 7:10, **English Standard Version.**
[158] Ang Syncretism ay ang paghahalu-halo ng iba't-ibang paniniwalang panrelihiyon sa isang pangkalahatang sistema.

dalawampung taon niya sa Jerusalem. Si Ezra ay isang Levita na nanguna sa muling pagpapanumbalik na espirituwal; si Nehemias ay lider ng bayan na nanguna sa muling pagtatayo ng pader ng bayan. Pareho silang tapat sa Dios at sa mamamayan ng Dios. Ang propetikong ministeryo ni Malakias ay maaaring nakasabay sa mga taon ni Nehemias sa Jerusalem; ang aklat ng Malakias ay tumutukoy sa parehong kasamaang tinutukoy sa huling bahagi ng Nehemias.

► Basahin ang panalangin ni Nehemias sa 1:4-11; 4:4-5; at 13:29. Talakayin ang kahalagahan ng pananalangin sa kanyang ministeryo at ang ginampanan ng panalangin sa inyong ministeryo. Mahalaga ba ang panalangin sa inyong ministeryo katulad ng sa ministeryo ni Nehemias?

**Istraktura ng Nehemias**

***Muling Pagtatayo ng Pader (1-6)***

Naitala sa Ezra ang muling pagtatayo ng templo, proyektong natapos noong 516 B.C. Gayunpaman, dahil sa mga oposisyong nakatala sa Ezra 4, ang pader ay hindi natapos. Bilang resulta, ang bayan ay palaging nanganganib mula sa kanilang mga kaaway.

Si Nehemias ang nag-organisa sa proyekto ng muling pagtatayo, ang paghihikayat sa mga tao na gumawa, humarap sa mga oposisyon, at tapusin ang mga gawain sa nakamamanghang limamput dalawang araw. Ang aklat ng Nehemias ay nagbigay ng mahalagang aklat-batayan patungkol sa pamumuno ayon sa Biblia.

Ang panalangin ay importanteng bahagi ng ministeryo ni Nehemias. Paulit-ulit, sa aklat ng Nehemias ay naitala ang kanyang mga panalangin sa panahon ng krisis. Nang marinig ni Nehemias ang balita tungkol sa kalagayan ng Jerusalem, siya ay "umupo at umiyak, at ilang araw na nagdalamhati, nag-ayuno, at nanalangin sa presensya ng Dios ng kalangitan."[159] Bago niya dalhin ang kanyang kahilingan sa hari, "nanalangin si Nehemias sa Dios ng kalangitan."[160] Nang tinutulan ni Sanbalat at ng kanyang mga kasamahan ang pagtatayong muli ng pader, nanalangin si Nehemias para sa proteksyon ng Panginoon.[161] Sa panahon ng kagipitan, paulit-ulit na bumabalik si Nehemias sa panalangin.

***Pagpapanumbalik sa mga Tao (7-13)***

Ang ikalawang kalahati ng Nehemias ay nakatuon sa mga pagbabago sa espirituwal na pinangunahan ni Ezra at Nehemias. Ang listahan ng mga nakabalik mula sa pagkatapon ay akma sa sensus sa Ezra 2. Katulad ng talaan ng angkan sa Cronica, ang mga listahan ng mga bumalik mula sa pagkakatapon sa Ezra at Nehemias ay nagpapakita ng proteksyon ng Dios sa kanyang mamamayan.

---

[159] Neh. 1:4.
[160] Neh. 2:4.
[161] Neh. 4:4-5,9; 6:9.

Ang huling bahagi ng Nehemias ay nakatuon sa mga pagbabagong espirituwal. Ang Nehemias 1-6 ay nagpapakita ng muling pagtatayo sa pisikal na pader sa paligid ng lunsod; sa Nehemias 7-13 ipinapakita ang muling pagtatayo ng espirituwal na pader sa paligid ng mamamayan ng Dios. Ang kasaysayan ng Jerusalem ay nagpapakita na ang pisikal na pader ay walang depensa kapag ang mamamayan ng Dios ay hindi tapat sa kautusan ng Dios.

Ang Nehemias 8-10 ay pagbabalik-tanaw sa ministeryo ni Ezra. Katulad ng iniutos ni Moises, ang kautusan ay binasa sa mga tao sa isang seremonya ng pagpapanibago ng Tipan.[162] Inamin ng mga tao ang kanilang kasalanan sa bayan at sumumpa ng katapatan sa Tipan. Ang Nehemias 11 at 12 ay nagbigay ng isa pang sensus na sinundan ng pag-aalay ng pader.

Sa ilang panahon, may mga pagkakataon na bumabalik si Nehemias sa Susa. Nang bumalik siya sa Jerusalem, natuklasan niyang nilalapastangan ng mga tao ang Sabbath, isang usaping tinalakay din ni Malakias sa halos parehong panahon. Ilan pang karagdagan, may ilang mga nakapag-asawa ng mga babaeng mula sa mga nakapaligid (hindi-mananampalataya) na bayan, ang usaping ito ay tinalakay ni Ezra ng dalawang dekadang mas maaga. Sa Nehemias 13 nakatala kung paano inasikaso ni Nehemias ang mga problemang ito.

## Mas Malapit na Pagtanaw sa Espirituwal ng Pangunguna

Maraming mga aklat tungkol sa pangungunang espirituwal ang nakabatay sa mga prinsipyong itinuro sa Nehemias.[163] Kabilang sa mga leksiyon tungkol sa pangunguna mula sa Nehemias ang:

### (1) Ang mga tagapangunang espirituwal ay dapat mga taong may pangitain.

Si Nehemias ay may kakayahang makita ang isang layunin at makita ang mga hakbang na kinakailangan upang matupad ang layunin. Pagkatapos niyang mag-ikot sa Jerusalem sa gabi, sinabi niya sa mga tagapanguna, "Tayo na, at ating itayo ang pader ng Jerusalem."[164] Kung saan nakita ng iba ay mga guho lamang, ang nakita ni Nehemias ay pader.

**Hinahanap** ng isang tagapangunang espirituwal **ang pangitain ng Dios.** Mahalaga ang pagbibigay-diin ni Nehemias sa panalangin, dahil nagpapakita ito na hinahanap niya ang plano ng Dios. Kapag wala ang nagpapatuloy na pag-asa sa Dios, maaaring ipalit ni Nehemias ang kanyang sariling pangitain. Dapat makita ng isang tagapangunang espirituwal ang pangitain ng Dios para sa samahang kanyang pangungunahan.

---

[162] Deut. 31:10-11.

[163] Para sa karagdagang pag-aaral tungkol kay Nehemias at sa pangunguna, makatutulong ang mga sumusunod na aklat.
Gene Getz. **Nehemias: Becoming a Disciplined Leader.**
J.I. Packer. **A Passion for Faithfulness: Wisdom from the Book of Nehemias.**
David McKenna. **Becoming Nehemias: Leading with Significance.**
J. Oswald Sanders. **Spiritual Leadership.**

[164] Neh. 2:17.

Sa kabuuan ng aklat, ipinakikita ni Nehemias ang kanyang **kakayahan na ipahayag/ipaalam ang kanyang pangitain sa iba.** Sa isa sa mga pinakamadilim na araw sa panahon ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, WWII, pumasok si Winston Churchill sa Cabinet Room at sinabi, "Mga Kalalakihan, natagpuan ko itong tunay na nakaka-inspire". Nalalaman ni Churchill kung paano ipapahayag ang kanyang pangitain sa kanyang mga tagasunod at upang hikayatin sila na magpatuloy sa pagsulong. Nalalaman ng mga dakilang tagapanguna kung paano hahamunin ang kanyang mga tagasunod upang magsumikap sa panahon ng kahirapan.

**(2) Ang isang Espiritwal na tagapanguna ay dapat magplano ng maingat.**

Ang isang tagapanguna na may pangitain subali't nabigong magplano ng maingat ay bihirang natutupad ang kanyang pangitain. Si Nehemias ay dalubhasa sa pagplaplano. Nang tanungin siya ng hari tungkol sa kanyang kahilingan, nagbigay si Nehemias ng ispesipikong kahilingan: panahong malayo sa kanyang mga gawain sa palasyo, mga materyales para sa mga pader, sulat para sa pinahintulutang paglalakbay.[165] Hindi lang simpleng sinabi ni Nehemias, "Ito ay gawain ng Dios, kaya ang Dios na ang bahala sa ibang mga detalye."

Maingat na pinlano ni Nehemias ang bawat hakbang ng proyekto, ang paghahati-hati ng mga trabaho sa mga tao. Nagtalaga siya ng mga manggagawa sa mga gawain na mas magiging makabuluhan para sa kanila, isang importanteng istratehiya upang maingganya sila.[166] Hinahanap ng isang espiritwal na tagapanguna ang layunin ng Dios, at hinahanap ang patnubay ng Dios sa pagpaplano ng proyekto.

**(3) Ang Espiritwal na tagapanguna ay dapat isang taong matapang.**

Nang mag-umpisa ang Israel sa pagtatayo, nag-umpisa ding magkaroon ng mga taong sumasalungat sa proyekto. Pinagtawanan ni Sanbalat at Tobias ang proyekto; at hindi nagtagal ay gumawa sila ng pagbabanta laban kay Nehemias. Nagbalak silang imbitahin si Nehemias sa isang pagpupulong kung saan pwede nila siyang saktan. Ang tugon ni Nehemias ay isang kahanga-hangang halimbawa ng isang pinunong may abilidad na magtuon sa kanyang layunin sa harap ng mga pagtutol/kumakalaban: "Mahalaga ang ginagawa ko ngayon, at hindi ako makakapunta riyan. Bakit ko ititigil ang paggawa para lang pumunta riyan?."[167] Tumanggi ni Nehemias na mahadlanggan sa paggawa. Kahit na ang kanyang buhay ay nasa bingit ng kapahamakan, ipinagpatuloy niya ang pangitaing ibinigay sa kanya ng Dios. Ang isang espiritwal na tagapanguna ay dapat isang taong matapang.

---

[165] Neh. 2:4-8.

[166] Halimbawa, ang mga saserdote ay nagtatrabaho sa Pintuan ng mga Tupa, ang tarangkahan pinakamalapit sa templo (3:1). Nagkumpuni si Jedaya malapit sa kanyang bahay (3:10). Nagbigay si Nehemias ng mga takdang gawain na mahalaga sa mga manggagawa; ito ang nagbigay sa kanila ng pagmamay-ari sa kanilang mga trabaho.

[167] Neh. 6:3, **English Standard Version**.

**(4) Ang Espiritwal na tagapanguna ay mayroong espiritu ng paglilingkod, at hindi espiritu ng "karapatan ko iyan".**

Sa panahon na ang mga tagapanguna ay madalas gumagamit ng kanilang mga posisyon upang isulong ang pansariling kapakanan, ang halimbawa ni Nehemias ay makapangyarihan. Ginagamit ng ilan sa mga namumuno sa Jerusalem ang kanilang pusisyon para sa pansariling kapakinabangan. Sinabi ni Nehemias, "Ngunit hindi ko ito ginawa, dahil may takot ako sa Dios. Sa halip, ginawa ko ang lahat para maitayong muli ang pader sa tulong ng mga tauhan ko, at wala kaming inangkin na lupa."[168] Ginagamit ng isang espiritwal na tagapanguna ang kanyang posisyon para sa ikakabuti ng mga taong pinaglilingkuran niya, hindi para sa sarili niyang pag-unlad.

Si Robert Morrison, isang tanyag na misyonero sa China, ay sumulat: "Ang pinakamalaking kamalian sa ating mga misyon ay walang gustong pumangalawa."[169] Ang isang espiritwal na tagapanguna ay naghahanap ng pagkakataon upang maglingkod, hindi para ssa sariling-pagpapaunlad/pag-angat. Ginagamit nila ang kanilang mga posisyon para sa ikakabuti ng mga taong pinangungunahan nila.

**(5) Alam ng Espiritwal na tagapanguna ang kahalagahan ng pananalangin.**

Pangunahin ang pananalangin sa pamumuno ni Nehemias. Wala siyang ginagawang malaking hakbang nang hindi niya ipinapanalangin. Sa Josue, nakita natin ang resulta ng makipagkasundo si Josue sa Gibeon bago lumapit sa Dios para sa kanyang patnubay.[170] Iniwasan ni Nehemias ang pagkakamaling iyon; ang bawat desisyon niya ay ginagawa niya pagkatapos ng kanyang pananalangin.

Ang Ebanghelyo ni Lucas ay nagbibigay ng makapangyarihang ilustrasyon sa kahalagahan ng pananalangin para sa mga espiritwal na tagapanguna. "Nang panahong iyon, pumunta siya (Jesus) sa bundok upang manalangin at magdamag siyang nanalangin sa Dios. Kinaumagahan, tinawag niya ang mga tagasunod niya: at pumili siya ng 12 mula sa kanila, at tinawag niyang mga apostol."[171] Bago niya piliin ang labingdalawa, ginugol ni Jesus ang magdamag sa pananalangin. Kung nakita ng anak ng Dios ang kahalagahan ng pananalangin bago gumawa ng malaking desisyon, gaano pa tayo na dapat manalangin bago magdesisyon bilang mga tagapanguna!

**(6) Ang isang Espirituwal na tagapanguna ay dapat makibagay sa pangangailangan ng bawat sitwasyon.**

Ang isang magiting na tagapanguna sa digmaan ay maaaring maging nakapamiminsalang lider sa panahon ng katahimikan. Ang isang pastor na nangunguna sa isang bagong iglesya

---

[168] Neh. 5:15-16.
[169] Binanggit sa **Spiritual Leadership**, p. 63 ni J. Oswald Sanders..
[170] Josue 9.
[171] Lucas 6:12-13.

ay maaaring mahirapang manguna sa isang mas matagal nang iglesya. Ang bawat organisasyon ay nangangailangan ng ibang klaseng pangunguna sa ibat-ibang mga yugto ng kanilang paglago.

Si Nehemias ay nagpakita ng pagiging modelo para sa mga tagapanguna na humaharap sa mga pagsubok. Ang isang espiritwal na tagapanguna ay kailangang magkaroon ng mabuting pagpapasya upang makasabay sa pangangailangan ng bawat sitwasyon. "Ang isang epektibong tagapanguna ay nagunguna ayon sa kung ano ang idinidikta ng sitwasyon. Ang isang tao na nangunguna sa isang sitwasyon ay maaaring hindi magamit ang parehong paraaan sa pangunguna sa iba."[172]

Bilang tagapagdala ng kopa, si Nehemias ay nasa posisyong maimpluwensya. Doon, ang kanyang impluwensya ay base sa kanyang abilidad na makinig at magpayo sa hari. Ang hari naman ay laging nirerespeto ang kanyang mga mungkahi; sa gayun, hindi sana niya tinanggap ang mga utos ni Nehemias.

Sa pagtatayong muli ng pader ng Jerusalem, gumamit si Nehemias ng ibang pamamaraan. Dito, Ang kanyang pangunguna ay base sa kanyang abilidad na magtatag at magbigay inspirasyon. Hindi siya pwedeng magbigay ng tahimik na mungkahi; kailangan nyang mag-utos at palakasin ang loob ng mga nanghihinang loob na mamamayan ng Jerusalem.

Pagkatapos, si Nehemias ay naglingkod bilang gobernador (Neh. 7-13). Ang mga tao ay sumira sa tipan at kailangang manguna ni Nehemias base sa otoridad at paninindigan. Makikita natin ito sa Nehemias 13; "Ako ay nag-utos"; "Ako ay nakipagtalo sa mga tagapanguna"; "Itinakda ko sila sa kanilang tamang lugar." Ito ay ibang paraan ng pangunguna iba kaysa sa pagdadala ng kopa o sa pagiging manggagawa. Ang Espiritwal na tagapanguna ay dapat may tamang pagpapasya upang malaman kung paano pangungunahan ang organisasyon sa bawat sitwasyon.

Bilang pinuno ng iglesya o lider ng isang ministeryo, makikinabang ka sa maingat na pag-aaral ng Nehemias at sa kanyang paraan ng pangunguna. Si Nehemias ay isang modelo ng tunay na Espirituwal na tagapanguna.

## Ester

*Tema: kontrolado ng Dios ang Lahat*

*Malamang na Petsa: 483-473 B.C.*

► Ang aklat ng Ester ay nagpapakita ng "kalooban/providence" ng Dios para protektahan ang kanyang mga mamamayan. Maaari bang magbigay ka ng isang halimbawa ng kalooban ng Dios sa iyong buhay o sa buhay ng inyong iglesya?

Ang mga pangyayari sa aklat ng Ester ay nangyari sa pagitan ng Ezra 6 at 7. Habang

---

[172] Al Long, **Leadership Tripod**, p. 33.

pinoprotektahan ng Dios ang kanyang mga mamamayan sa Jerusalem, patuloy pa rin niyang pinoprotektahan ang kanyang mga mamamayan na nasa Persia. Kahit sa Jerusalem o sa Persia, kontrolado ng Dios ang lahat.

Ang may-akda ng Ester ay hindi kilala. May mga nagmungkahing ang may akda ay si Mardoqueo, ngunit ang aklat ng Ester mismo ay walang tinutukoy kung sino ang may-akda.

Ang mga pangyayari sa Ester marahil ay nangyari humigit-kumulang 483-473 B.C. habang naghahari si Asuero.[173] Nangyari ito sa Susa, punong-lunsod ng Persia.

Katulad ng aklat ng Ruth, ang aklat ng Ester ay maiksing kwento tungkol sa isang dalagang naging modelo ng katapatan habang humaharap sa panganib. Si Ruth ay isang Moabita na tapat kay Jehovah habang naninirahan sa Israel; Si Ester ay isang Judio na tapat kay Jehovah habang naninirahan sa Persia. Ang katapatan ni Ruth ang nagbigay sa kanya ng lugar sa salin-lahi ng Mesiyas; ang katapatan ni Ester ang nagligtas sa mga mamamayan ng Dios mula sa pagkalipol.

### Mga Nilalaman ng Ester

May mga manunulat na tinanong ang kahalagahan ng aklat ng Ester. Nakikita nila ito bilang isang sekyular na aklat na nakaugnay sa isang sekyular na aklat ng pista ng mga Judio, ang Purim.[174] Sa aklat ng Ester ay hindi nabanggit ang Dios, pananalangin, at ang tipan. Hindi nabanggit ang aklat na ito sa Bagong Tipan, ni hindi natagpuan ang aklat na ito na kasama ng mga Balumbon na nakita sa Dagat na Patay/Dead Sea Scrolls. Gayunpaman, ang aklat na ito ay mahusay sa pampalakas ng loob ng mga mananampalataya. Ang Ester ay nagpapakita ng makapangyarihang mensahe ng pag-asa sa mga mamamayan ng Dios. Ang aklat ng Ester ay nagtuturo ng:

#### *Ang Soberenya ng Dios*

Kahit hindi nabanggit ang pangalan ng Dios, siya ang "hindi pinangalanang sentrong karakter" sa aklat ng Ester. Ang mga bagay na maaaring tawagin bilang pagkakataon o coincidence sa katunayan ay "providence" o kalooban ng Dios, ang kumikilos na kamay ng Dios. Pansinin ang ilan sa mga "pagkakataon" sa kuwentong ito:

- Sa lahat ng babae sa kaharian, si Ester, isang Judio, **"**nagkataon na" mapili bilang reyna.[175]

---

[173] Si Asuero ay karaniwang kilala sa kanyang pangalang Griego, Xerxes I. Namuno siya sa Persia mula noong 486-465 B.C.
[174] Ang Purim ay patuloy na ipinagdiriwang sa buwan ng Marso. Ito ay galing sa salitan **pur** , o "pagsasapalaran". Pinili ni Haman ang araw para sa pagwasak ng mga Judio sa pamamagitan ng pagsasapalaran. Sa araw ng Purim, ipinagdiriwang ng mga Judio ang kanilang pagkaligtas mula sa kanilang mga kaaway.
[175] Ester 2:1-18.

- Si Mardoqueo "nagkataon na" ay mapunta sa tamang lugar at tamang oras upang marinig ang planong pagpatay kay Haring Asuero. Sinabi ni Mardoqueo kay Ester ang pagbabanta, na siya namang nagsabi sa hari.[176]
- Si Asuero "nagkataon na" dumaranas ng hirap sa pagtulog noong gabi bago ang plano ni Esther na sabihin ang planong masama ni Haman sa hari.[177]
- Sa dami ng mga talaan na maaaring basahin na maaaring makatulong para makatulog si Asuero, ang mambabasa "nagkataon na" nabuksan ang talaan ng paglilingkod ni Mardoqueo sa hari.[178]
- Si Haman "nagkataon na" papasok sa silid ng hari habang iniisip ni Asuero kung paano niya gagantimpalaan si Mardoqueo.[179]

Katulad ng pagdadala kay Ruth ng makapangyarihang Dios sa bukid ni Boaz, prinoprotektahan ng makapangyarihang Dios ang kanyang mga mamamayan sa Persia. Nakita ni Mardoqueo ang pag-iingat at pagkilos ng Dios: "Anong malay mo, baka nga napunta ka riyan para maging kasangkapan sa ganitong pagkakataon?"[180]

### *Ang kahalagahan ng Katapatan*

Sa buong aklat ng Ester, ang katapatan ng mga lingkod ng Dios ay pinagtuunan ng pansin. Ang istorya ng Ester ay kinapapalooban ng maraming pagkakahawig sa kwento ni Jose. Pareho na nagtatampok ng mga kabataan na naging tapat kahit nasa dayuhang bayan. Parehong mga karakter ay inilagay sa posisyong maimpluwensya sa gobyerno. Parehong karakter ay ginamit ng Dios upang mapangalagaan ang kanyang mga mamamayan sa panahon ng kapahamakan.

Ang katapatan ni Ester ay makikita sa kabuuan ng kwento. Ang kanyang pahayag na, "kung mamamatay ako, mamamatay ako," ay isang pangako ng katapatan na ipagpatuloy ang kanyang responsibilidad kahit ano pa man ang maging kapalit.

Ang aklat ng Ester ay nagpapakita ng katapatan ni Mardoqueo. Katulad nina Jose, at Daniel, si Mardoqueo ay itinaas sa posisyong maimpluwensya, isang posisyon na nakatulong sa kanya upang matapos ang layunin ng Dios.[181]

### *Ang Kahangalan ng Kasamaan*

Sa panahon ng modernong pagdiriwang ng Purim, nagpapalabas ng isang pagsasadula ng istorya ni Ester. Sa tuwing maririnig ang pangalan ni Haman, ang mga nanonood ay

---

[176] Ester 2:19-23.
[177] Ester 6:1.
[178] Ester 6:1-3.
[179] Ester 6:6.
[180] Ester 4:14, **English Standard Version**.
[181] Ester 10:3.

sumisigaw sa tuwa at kinukutya ang mga kalaban ng mamamayan ng Dios. Habang ang pagdiriwang ay nasa sekyular na uri, at habang marami sa nagdiriwang ng Purim ay nakalimutan na ang walanghanggang soberenya ng Dios sa istorya, maging ang paraan ng pagdiriwang ay sumasalamin sa parte ng mensahe ng Ester – ang kahangalan o ang kalokohan ng kasamaan.

Sina Asuero at Haman ay kapwa naging larawan ng pangungutya sa istorya. Si Asuero ay isang makapangyarihang pinuno sa mahigit na 127 na probinsya. Nagdaos siya ng pista sa loob ng 180 araw upang ipagdiwang ang kanyang kayamanan at kapangyarihan, pero hindi niya kayang pamahalaan ang kanyang asawa.

Natuklasan ni Haman na ang kanyang masamang balak ay naging laban sa kanya. Sinubukan ni Haman na parangalan ang kanyang sarili, ngunit hinirang siya upang parangalan si Mardoqueo, ang kanyang kaaway.[182] Sinubukan ni Haman na wasakin ang mga Judio, ngunit nawasak niya ang kanyang sarili at ang kanyang pamilya.[183] Katulad ng itinuturo ng Kawikaan, "kinasusuklaman ng Dios ang mga palalo."[184]

## Ang Ezra, Nehemias at Ester sa Bagong Tipan

Ang 2 Mga Hari ay nagtapos sa pagpapatapon sa mga Judio, ang templo ay wasak, walang hari sa trono, at walang senyales ng Mesiyas. Ang pangako kay Abraham ay tila walang laman. Ang Ezra at Nehemias ay nagpapakita ng muling pagsilang ng pangakong iyon. Kahit na walang hari, ang mga Israelita ay nakabalik sa kanilang sariling lupain at ang entablado ay nakahanda na sa pagdating ng Mesiyas. Ang Ester ay mahalaga dahil, katulad ni Jose sa katapusan ng Genesis, ipinakita sa kanyang istorya kung paano pinangalagaan ng Dios ang salinlahi ng Mesiyas. Bagaman ang mga aklat na ito ay hindi lumitaw sa Bagong Tipan, mahalaga ang mga ito sa kapanganakan ng Mesiyas. Sa pamamagitan ni Ezra (isang pari), kay Nehemias (ang tagadala ng kopa), at Ester (isang reyna sa isang paganong lupain), inihanda ng Dios ang daan sa kapanganakan ng kanyang Anak.

## Ang Pangungusap ng mga Aklat ng Kasaysayan sa Panahon Ngayon

Sa ika-4 kabanata, nakita natin na sa Hebreong Biblia ay ginagamit ang pamagat na "Naunang mga Propeta" para sa mga aklat ng kasaysayan. Ipinapakita nito ang kanilang layunin: na magdala ng mensahe ng Dios sa mga mamamayan ng Dios. Ang bawat aklat ng kasaysayan ay may mensahe para sa atin ngayon.

Ang mga Hukom, Samuel, at Mga Hari ay nagpapakita ng **prinsipyo ng pagtatanim at pag-aani**. Habang nagtatapat ang mga mamamayan ng Dios sa tipan, nararanasan nila ang biyaya ng Dios; nang sumira sila sa tipan, naranasan nila ang paghatol ng Dios. Ang prinsipyong ito ay minsan nang maling nagamit sa mga iglesya. Kailangang maging maingat

---

[182] Ester 6:1-11.
[183] Ester 7:7-10; 9:10.
[184] Kawikaan 3:34.

tayo sa paggamit ng kasaysayan ng bayan ng Israel sa ibang sitwasyon. May ilang mga tagapagsalin ang gumamit ng mga aklat na ito upang ituro na ang mga Kristiyano na sumusunod sa Dios ng tapat ay nakasisiguradong magkakaroon ng pinansyal na kasaganahan at pisikal na kalusugan. Ang aklat ng Job at ng Mga Awit ng panaghoy ay nagpapakita na ang mga maka-dios na mga tao ay maaaring madusa. Gayunpaman, ang saligan ng prinsipyong ito ay nananatiling totoo; ang pagsang-ayon at biyaya ng Dios ay nakasalalay sa mga nagtatapat sa kanya.

Sa Josue, Ruth, Nehemias, at Ester ay ipinapakita ang **kahalagahan ng pagiging tapat sa Dios**. Makapangyarihan ang Dios, ngunit kumikilos ang Dios sa pamamagitan ng mga tao. Ang parehong katotohanan ay dapat na kilalanin kung nais nating manatiling totoo sa mga turo ng Salita ng Dios. Ipinahayag ni Mardoqueo ang katotohanang ito nang sabihin niya kay Ester, "Kapag ipinagwalang-bahala mo ang pangyayaring ito, tiyak na may magliligtas din sa mga Judio ngunit ikaw at ang iyong angkan ay malilipol. Anong malay mo, baka nga napunta ka riyan para maging kasangkapan sa ganitong pagkakataon?"[185] Kinilala ni Mardoqueo ang pagiging makasoberenya ng Dios; na ililigtas ng Dios ang kanyang mga mamamayan sa kahit anong paraan. Gayunpaman, kinikilala din ni Mardoqueo ang responsibilidad ni Esther na maging tapat. Isang pahayag na nagmula kay Ignatius ang nagsasabi na dapat kang "manalangin na tila ang lahat ng bagay ay depende sa Dios, at magtrabaho na tila ba ang lahat ng bagay ay nakadepende sa iyo,"

Ano ang ipinapahayag nito sa atin ngayon? Katulad ni Josue, Ruth, Nehemias at Ester, kailangan nating buong pusong italaga ang ating sarili sa paglilingkod sa Dios, wala nang isinasaalang-alang pa. At pagkatapos, katulad ng mga santo, kailangan na tayo ay walang tutol sa kanyang mga kagustuhan. Katulad ni Ester, kailangan nating mapanatili sa atin ang espiritu ng pagsuko sa mga plano ng Dios: "kung mamamatay ako, mamamatay ako."

Panghuli, ang aklat ng kasaysayan ay nagdadala ng **isang mensahe ng pag-asa**. Ang Ezra, Nehemias, at Cronica ay nagpapakita na kahit sa panahon ng pagkakatapon sa kanila, hindi pa tapos ang Dios sa kanyang mamamayan. Ngayon, maaari tayong magkaroon ng lakas ng loob na malaman na ang Dios ay patuloy pa ring tinatapos ang kanyang dakilang layunin. Ang mga aklat ng kasaysayan ay nagpapaalala sa atin ng soberenya ng Dios sa pagtapos ng kanyang dakilang layunin. Maaari na nating harapin ang kinabukasan nang may pananalig na kontrolado ng Dios ang lahat.

[185] Ester 4:14.

## Takdang Aralin ng Leksiyon

(1) Pumili ng **isa** sa mga sumusunod na mga takdang aralin:

Opsyon 1: Takdang araling pang Grupo

Basahin ang aklat ng Nehemias at gumawa ng listahan ng mga prinsipyo para sa pamamahala. Maaari kang mag-umpisa sa mga prinsipyo na naibahagi sa kabanatang ito, ngunit marami pa ang nasa Nehemias. Bilang isang grupo, pag-usapan ang mga prinsipyo na makikita nyo. Ipakita kung paano mo gagamitin ang mga prinsipyong ito sa inyong ministeryo.

Opsyon 2: Takdang Araling pang indibidwal. Mamili ng isa.

- Sumulat ng 1-2 sanaysay tungkol sa "Revival" ayon sa Ezra at sa kanyang muling pagpapanumbalik sa Jerusalem.
- Sumulat ng 1-2 sanaysay sa "Ispirituwal na Pangunguna" batay sa Nehemias. Humanap ng 2-3 prinsipyo sa pangunguna maliban sa mga nakalista na sa kabanatang ito. Ipakita kung paano mo gagamitin ang mga prinsipyo sa iyong ministeryo.
- Sumulat ng 1-2 pahina ng sanaysay sa "pangangalaga ng Dios" base sa Ester.

(2) Kumuha ng pagsusulit sa leksiyong ito. Ang pagsususlit ay kinapapalooban ng nakatalagang Kasulatan para isaulo.

**Mga Katanungan sa Pagsusulit sa Leksiyon 6**

(1) Ilista ang mga petsa para sa mga pangunahing pangyayari sa panahon ng pagpapanumbalik.

- Ang unang pagbabalik na pinangunahan ni Zerubbabel:
- Pagkayari ng templo:
- Mga pangyayari sa Ester:
- Pangalawang pagbabalik sa pangunguna ni Ezra:
- Pagbabalik ni Nehemias:

(2) Ilista ang mga tema ng bawat aklat.

- Ezra: _______________________
- Nehemias: _______________________
- Ester: _______________________

(3) Maglista ng dalawang pagkakapareho sa pagitan ng aklat ng Ezra at Nehemias.

(4) Ang imperyo ng ___________ ay pumayag na manatili ang mga nasakop nilang bansa sa kanilang sariling bayan.

(5) Sina ____________ at _____________ ay tinatawag na "temple prophets/propeta sa templo."

(6) Bakit ang pag-aasawa sa pagitan ng mga Hudio at ng mga kalapit-bayan ay naging seryosong usapin para kay Ezra at Nehemias?

(7) Sinong minor na propeta ang tumalakay sa parehong mga usapin katulad ni Nehemias?

(8) Maglista ng tatlong prinsipyo sa pangunguna mula sa Nehemias.

(9) Maglista ng tatlong pangunahing leksiyong itinuro sa Ester.

(10) Ang pista ng mga Judio na iniuugnay sa aklat ng Ester ay ang _______________.

# Leksiyon 7
# Job and Mga Awit : Hebreong Tula

## Mga Layunin ng Leksiyon

Sa pagtatapos ng leksiyong ito, ang mag-aaral ay dapat:

(1) Malaman ang pangunahing tema at mensahe ng Job.

(2) Maunawaan ang pagpapahayag ng Dios ng kanyang sarili kay Job.

(3) Kilalanin ang kalikasan ng biblikal na tula.

(4) Ilarawan ang balangkas ng aklat ng Mga Awit.

(5) Suriin ang gamit ng Mga Awit ng sumpa para sa mga Kristiyano.

(6) Iugnay ang mensahe ng Job at Mga Awit sa pangangailangan ng panahon natin ngayon.

## Leksiyon

*Basahin ang Job at Mga Awit 1-29, 51-92, at 119-150*

*Isa-ulo ang Mga Awit 119:1-8*

## Pagbabasa sa Hebrew Poetry/Hebreong Tula

Ang mga aklat ng tula sa Lumang Tipan ay kinabibilangan ng Job, Mga Awit, Kawikaaan, Mangangaral, at Awit ng mga Awit. Marami pang ibang mga aklat sa Lumang Tipan ang may mga tula, ngunit sa mga aklat na ito ay namamayani ang tula.

Hindi katulad ng mga Ingles na tula, ang mga Hebreong tula ay hindi base sa tugma ng mga salita. Ang pag-unawa sa katangian ng Hebreong tula ay makakatulong sa iyo na mas mapahalagahan ang kagandahan ng mga aklat ng tula.

### Parallellism/Paralelismo

Ang Parallelism ay ang pinakamahalagang elemento sa Hebreong tula. Sa parallelism, dalawang linya na may magkaibang salita ang ginagamit upang ipahayag ang parehong ideya. Ang Hebreong tula ay magsasabi ng isang bagay at uulitin ito ng may kaunting pagkakaiba sa perspektibo. Tatlong uri ng paralelismo:

**Synonymous parallelism**: pinagtitibay ng pangalawang linya ang unang linya na may parehong mga salita.

- "Ituro mo sa akin, O Panginoon, ang iyong kalooban, at ang iyong mga landas, sa akin ay ipaalam."[186]
- "Ang matuwid na landas ay patungo sa buhay; at ang daang ito ay hindi hahantong sa kamatayan."[187]

**Antithetic parallelism**: inihahambing ang unang linya sa pangalawang linya. Ang ganitong uri ay ginagamit sa Kawikaan upang ihambing ang landas ng matalino at ang landas ng mangmang.

- "Ang matalinong anak ay ligaya ng magulang: ngunit tinik sa dibdib ang anak na mangmang." [188]
- "Ang alaala ng matuwid, mananatili kailanman. Ngunit pangalan ng masama ay tiyak na mapaparam."[189]

**Synthetic parallelism**: ang pangalawang linya ay nagdaragdag sa ideya ng unang linya.

- "Ang PANGINOON ang aking pastol; hindi ako magkukulang."[190]
- "Ang puso mo'y ingatang mabuti at alagaan; pagkat iyan ang siyang bukal ng buhay mong tinataglay."[191]

### Figures of Speech

Habang ang lahat ng biblikal na mga aklat ay naglalaman ng mga figures of speech, ang paglalarawang ito ay partikular na importante sa mga aklat ng tula. Ang mga figures of speech na makikita sa mga aklat na ito ay kinabibilangan ng:

- Ang isang **metaphor** ay naghahambing ng dalawang bagay na magkapareho. "Ang Panginoon ang aking pastol"[192] ay mas madaling maalala at mas makahulugan kaysa sa "iniingatan ako ng Dios."
- Sinasadyang exaggeration ang ginagamit ng **Hyperbole** upang bigyang diin ang isang punto. Sa mga awit ng panaghoy, isinalarawan ni David ang kanyang pighati, "Gabi-gabi ay binabaha ko ng luha ang aking tulugan."[193]

---

[186] Awit 25:4.
[187] Kawikaan 12:28.
[188] Kawikaan 10:1.
[189] Kawikaan 10:7.
[190] Awit 23:1.
[191] Kawikaan 4:23.
[192] Awit 23:1.
[193] Awit 6:6, **English Standard Version.**

- **Personification** binibigyan ang isang bagay ng karakter ng isang tao. "Ang mga bundok ay nagsiluksong mga tupang lalaki ang kagaya, ang mga burol na parang mga batang tupa."[194]
- **Anthropomorphism** ay gumagamit ng karakter ng mga tao upang maipahiwatig ang katotohanan tungkol sa kalikasan ng Dios. "Nakikita ng mata ng Dios, pinagmamasdan niya ang lahat ng tao"[195]

### Acrostic Poetry

Sa acrostic poetry, ang bawat talata ay nag-uumpisa sa sunod-sunod na letra ng alpabeto. Nagpapahiwatig ito ng pagiging ganap ("Mula A hanggang Z…") Dalawa sa pinakasikat na Hebrew acrostics ay ang Mga Awit 119, sa kautusan ng Dios, at sa Kawikaan 31, sa babaeng walang bahid-dungis. Sa Mga Awit 119, ang bawat talata ay naglalaman ng 8 mga taludtod na nag-uumpissa sa parehong letra sa alpabetong Hebreo. Sa Mga Awit 31, ang bawat talata ay nag-uumpisa sa sunod-sunod na letra ng alpabetong Hebreo.

## Background sa Job

►Talakayin ang iyong "theology of suffering/teolohiya ng paghihirap/pagdurusa." Talakayin ang mga katanungang pangteolohika katulad ng, "Bakit pinapayagan ng Dios na magdusa ang isang inosente?" at maging mga pastoral na katanungan, katulad ng, "Paano natin matutulungan ang isang inosenteng tao na harapin ang kanyang paghihirap?"

### Petsa at May-akda ng Job

Ang aklat ng Job ay hindi nagbigay ng petsa, ngunit ang mga pangyayari ay malamang na nangyari sa panahon ng mga patriyarka. Ang ama ay nagbibigay ng handog para sa kanyang pamilya; ang kayamanan ay sinusukat sa dami ng alagang hayop; at si Job ay may mahabang buhay. Ang mga katotohanang ito ang nagmumungkahi na ang petsa ng partriyarka ang akma para sa pangyayari sa Job.

Kung pagbabasehan ang petsa, walang palatandaan tungkol sa may-akda. Mga iminungkahing may-akda ay sina Job, Elihu, Moises, Solomon, at isang tao mula sa panahon ng Isaias.

### Tema ng Job

Sa mababaw na pagtingin, ang tema ng Job ay parang tungkol sa paghihirap. Ang pangunahing pangyayari sa aklat ay ang pagkaubos ng ari-arian, pamilya, at kalusugan ni ni Job. Ang pag-uusap ay umiikot sa tanong tungkol sa paghihirap ni Job. Bilang

---

[194] Awit 114:4.
[195] Awit 11:4, **English Standard Version.**

karagdagan, may iba pang sinaunang mga nasulat sa Malapit na Silangan na katulad sa Job na sumusuri sa tanong ng paghihirap.[196]

Gayunpaman, hindi iminumungkahi ni Job ang paghihirap bilang tema. Si Job mismo ay hindi itinatanong ang dahilan ng kanyang paghihirap, at hindi hinarap ng Dios ang paghihirap ni Job sa kanyang sagot. Kung ang aklat ay pangunahing tumutukoy sa paghihirap, aasahan natin na magbibigay ang Dios ang sagot sa kahulugan ng paghihirap. Sa halip, hindi binanggit ng Dios ang tungkol sa paghihirap ni Job.

Bahagi ng mensahe ng Job ay tungkol sa integridad sa gitna ng paghihirap. Si Job ay nagpatotoo ng kanyang integridad.[197] Ang Dios ang testigo sa integridad ni Job sa kanyang pagpapahayag kay Satanas.[198] Ang integridad ni Job ay mahalagang aspeto ng aklat ng Job.

Ang pangunahing tema ng Job ay "Ang Paghahanap sa Dios." Hindi hiningi ni Job ang pagpapanumbalik ng kanyang mga ari-arian at kahit ang kagalingan; ang kanyang kahilingan ay "Kung alam ko lamang kung saan siya matatagpuan, siya'y aking hahanapin, aking pupuntahan!"[199] Kilalang-kilala ni Job ang Dios; ngayon ay pakiramdam niyang napalayo siya sa Dios. Ang kanyang paghahanap ay hindi para ipaliwanag ang kanyang paghihirap, kundi ang kapahayagan ng Dios.

Ang temang ito ay pinatotohanan ni Job sa kanyang tugon pagkatapos ng kapahayagan ng Dios: "Nakilala kita sa naririnig ko lamang, Nuni't ngayo'y akin nang namasdan."[200] Nang makita niya ang Dios, si Job ay lubusang nasiyahan. Ang sagot ng Dios kay Job ay hindi ang pagpapaliwanag tungkol sa kanyang paghihirap; ang sagot para kay Job ay ang Dios mismo.

## Pangkalahatang Pagtanaw sa Job

Ang aklat ng Job ay nahahati sa tatlong malaking bahagi:

- Paunang Salita (Job 1–2)
- Pag-uusap na Patula (Job 3 – 42:6)
- Pagwawakas/Epilogue (Job 42:7-17)

---

[196] May dalawang sinaunang pag-uusap tungkol sa pagdurusa mula sa Malapit na Silangan noong 1300-1000 B.C. "Pupurihin ko ang Panginoon ng karunungan" ay isang monologue (isa lamang ang nagsasalita) sa Mesopotamia kung saan ang isang maharlikang taga Babilonia ay nagdurusa ng malaking kahirapan at pgkatapos ay pinapanumbalik ng dios na si Marduk. Ang **Babylonian Theodicyis** ay isan dialogue sa pagitan ng isang nagdurusa at ng isang kaibigan na nagsisikap na ipaliwanag ang paghihirap

[197] Job. 27:5 at 31:6.

[198] Job. 2:3.

[199] Job 23:3.

[200] Job 42:5.

**Ang Paunang Salita (Job 1–2)**

Sa paunang salita, natutunan natin na si Job ay inosenteng tao;siya ay "perpekto at walang kapintasan." Ang paghihirap ni Job ay hindi bunga ng kahit anong kasalanan sa kanyang parte. Siya ay isang taong may integridad na maituturo ng Dios bilang modelo ng pananampalataya. Sa kabila ng pagkawala ng kanyang mga ari-arian at pamilya, pagkakaroon niya ng pisikal na paghihirap, at maging ang nakakawalang pag-asang payo ng kanyang asawa, si Job ay hindi "nagkasala sa pamamagitan ng kanyang mga labi."

Sa paunang salita, natutunan natin ang limitasyon ng kapangyarihan ni Satanas. Sa kanyang pag-atake kay Job, si Satanas ay hindi makakapagpatuloy ng higit sa pinayagan ng Dios. Kabaligtaran sa popular na paniniwalang si Satanas at ang Dios ang magkatapat sa kapangyarihan, si Satanas ay hindi makalalagpas sa hangganang itinakda ng Dios.

Sa paunang salita, natutunan natin na may relasyon sa pagitan ng pisikal na mundo na nakikita natin at sa espirituwal na mundo na hindi natin nakikita. Kahit walang kamalayan si Job sa pag-uusap sa pagitan ng Dios at ni Satanas, nakasalalay sa espirituwal na labang iyon ang mga pagsubok ni Job.

**Ang Dialogue/pag-uusap-usap sa pagitan ni Job at kanyang tatlong kaibigan (Job 3–27)**

Sa pagtatapos ng panimulang salita, ipinakilala tayo sa tatlong kaibigan na dumating upang aliwin si Job. Naupo silang tahimik sa loob ng isang linggo, at nagluluksang kasama ni Job. Sa pagtatapos ng linggo, binasag ni Job ang katahimikan sa pamamagitan ng pagrereklamo kung saan naisumpa niya ang araw ng kanyang kapanganakan at hiniling ang ginhawa sa pamamagitan ng kamatayan. Bilang tugon, sinubukan ng kanyang mga kaibigan na ipaliwanag ang paraan ng Dios sa pagkilos sa mundo.[201]

Ang dialogue sa pagitan ni Job at ng kanyang mga kaibigan ay nasa patulang anyo. Dahil sa ganitong estilo, maaaring maging mahirap itong basahin. Maraming mga inuulit-ulit at pinahabang dialogue. Gayunpaman, sa ugat nito ang dialogue ay simple lamang: Ipinipilit ng kanyang mga kaibigan na ang paghihirap ni Job ay dahil sa kanyang mga kasalanan sa buhay; ipinilit naman ni Job na siya ay inosente sa kahit anong kamalian.

Habang ang bawat kaibigan niya ay gumagawa ng sarili nilang usapin sa ibat-ibang paraan, ang batayan ng argumento ay ang:

- Ang paghihirap ay dahil sa kaparusahan o pagtutuwid sa kasalanan.
- Ang Dios ay makatarungang Dios.
- Samakatwid, si Job ay maaaring nagkasala ng ibang kasalanan kaya siya pinarurusahan ng Dios.

---

[201] **Ang Theodicy** ay isang pagsisikap na bigyang katwiran ang mga paraan ng Dios sa mundo. Ang aklat ng Job ang pinakamalaking theodicy sa Biblia. Sa Habakkuk tinalakay din ang usaping ito sa dialogue sa pagitan ng propeta at ng Dios.

Bawat isang kaibigan ay nakipagtalo sa ibat-ibang paraan. Si Eliphaz ang pinaka maingat na magsalita. Hinimok niya si Job na tanggapin ang pagtutuwid ng Dios. Sigurado si Eliphaz na ang Dios ang makapagpapanumbalik sa nagsisising si Job. Binigyang punto naman ni Bildad ang tradisyon ng pagsang-ayon sa kaugalian na dapat parusahan ng Dios ang kasalanan; samakatuwid, si Job ay maaaring nakagawa nga ng kasalanan. Si Zophar ang hindi masyadong nakikiayon sa magkakaibigan, ang nagsabi na ang sinasabi ni Job ay "walang kabuluhan."[202] Kaya nga, ipinilit niyang, ang Dios ay naging maawain kay Job; na karapat-dapat lamang si Job na tumanggap ng mas higit pang pagpaparusa kaysa sa kanyang tinanggap.

Bilang pagtugon sa kanyang mga kaibigan, ipinilit ni Job ang kanyang pagiging inosente. Naniniwala si Job na inuusig siya ng Dios nang hindi patas; pero naniniwala din siya, kung kaya nyang i-depensa ang kanyang sarili sa harap ng Dios, ang Dios ay maaaring makinig at ipawalang-sala si Job.

Ang usapang ito ay humaba sa pamamagitan ng tatlong paulit-ulit na pag-uusap sa pagitan ni Job at kanyang mga kaibigan. Ang kanyang mga kaibigan ay lalong nagalit kay Job nang itanggi ni Job na aminin ang kanyang pagkakamali; nagpatuloy si Job na ipilit ang kanyang pagiging inosente.

**Mga Talumpati ni Job (Job 28–31)**

Ang kabanatang 28, ang estilo ng aklat ay nagbago.Ang Job 28–31 ay naglalaman ng apat na talumpati ni Job.

**(1) Ang Job 28 ay tula tungkol sa karunungan.** Pinuri ni Job ang kahalagahan ng karunungan, nagpapakita na ang tangkang paghahanap ng tao sa karunungan ay walang saysay,at ipinahayag na Dios lamang ang nag-iisang nakaaalam ng daan tungo sa totoong karunungan. Ito ay importanteng hakbang sa paghahanap ni Job sa sagot ng Dios.

**(2) Ang Job 29 ay ang paglalarawan ni Job sa kanyang nakaraang buhay,** ang kanyang buhay bago ang pangyayari ng prologue. Pinagpala siya sa lahat ng paraan at nirerespeto sa kanyang komunidad.

**(3) Ang Job 30 ay paglalarawan ni Job ng kanyang kasalukuyang paghihirap.** Ang mga taong rumerespeto sa kanya dati ang kumukutya sa kanya ngayon.

**(4) Ang Job 31 ay patotoo ni Job sa kanyang integridad.** Bilang tugon sa mga akusasyon ng kanyang mga kaibigan, ipinilit ni Job na siya ay inosente sa anumang pagkakamali. Tinapos niya ang kanyang pagpapahayag sa kanyang pagpirma sa pagtatapat sa kanyang pagkainosente: "Mayroon sanang nakikinig sa mga sinasabi ko! (Isinusumpa kong ang lahat ng ito ay totoo! Sagutin sana ako ng Dios na

---

[202] Job 11:3.

makapangyarihan!)"[203] Sa pagbabasa ng Job 31, dapat nating maalala na ang Dios mismo ang tumestigo sa pagiging inosente ni Job sa Job 1:8. si Job ay hindi nagsasalitang parang isang hangal; tunay na namuhay siya ng maingat at maka-diyos na buhay.

**Talumpati ni Elihu (Job 32–37)**

Si Elihu ay isang kabataang lalaki na laging nakikinig sa dalawang naunang pagsasalita. Galit siya kay Job dahil sinusubukan ni Job na ipawalang sala ang kanyang sarili. Galit siya sa mga kaibigan niya dahil hindi nila nakumbinsi na si Job ay may sala.

Ikinakatwiran ni Elihu na ang Dios ay nangungusap sa pamamagitan ng paghihirap at sakit; dapat tanggapin ni Job ng may kababaang loob ang pagtutuwid ng Dios. Ipinipilit ni Elihu na ang Dios ay makatarungan at si Job ay mali sa pagkwestyon sa Dios. Sa kanyang huling talumpati, ikinakatwiran ni Elihu na ang Dios ay higit na mas nakakataas kaysa sa sangkatauhan at hindi siya apektado ng mga pangyayari sa mundo. Ang ating papel ay pagpapasakop ng may kababaang loob.

Habang ang ilan sa mga aspeto ng mga talumpati ni Elihu ay nauugnay sa sagot ng Dios (partikular ang kanyang soberenya sa lahat ng kalikasan), Wala namang sinabing bago si Elihu. Matagal nang alam ni Job na ang Dios ay makapangyarihan/soberenya sa lahat ng bagay; matagal nang alam ni Job na nangungusap ang Dios sa pamamagitan ng paghihirap; sa talumpati ni Job tungkol sa karunungan ay nagsaad siya na ang Dios ang nag-iisang pinanggagalingan ng totoong karunungan. Kahit na totoo ang ilan sa mga aspetong binanggit ni Elihu, siya, at katulad ng iba niyang kaibigan, ay nabigong kilalanin ang sentrong dahilan sa paghihirap ni Job: Naniniwala si Job na siya ay pinaparusahan sa kasalanang hindi niya ginawa.

**Nagsasalita Ang Dios (Job 38–42)**

Kung babasahin natin ang Job na may pangunahing pag-aaral tungkol sa paghihirap, ang sagot ng Dios ay magkakaroon ng napakaliit na kahulugan. Hindi niya kailanman binanggit ang paghihirap ni Job. Hindi niya kailanman sinagot ang tanong ni Job. Sa halip, nagtanong ang Dios ng magkakasunod na tanong na nagpahayag ng kanyang sarili kay Job. Ang mga tanong ay nagpaalala kay Job sa kanyang limitadong karunungan. Ang mga tanong ng Dios ang nagturo kay Job sa kapangyarihan at sa karunungan ng Dios na pamahalaan ang buong sansinukob. Ipinapakita nito na maaari niyang pagkatiwalaan ang Dios kahit na hindi niya nauunawaan ang mga paraan ng Dios. Bilang tugon, ipinahayag ni Job ang kanyang kasiyahan, "Narinig ko ang tungkol sa iyo, subali't ngayon ay nakita na kita ng aking mga mata." Nagsisi si Job sa kanyang pag-aakusa laban sa Dios at mas lalo pa siyang nasiyahan, sa personal na karanasan sa kapangyarihan ng Dios.

---

[203] Job 31:35, **English Standard Version.**

### Ang Epilogue/Pagwawakas (Job 42:7-17)

Sa pagwawakas, kinagalitan ng Dios ang mga kaibigan ni Job dahil sa kanilang mga maling pangangatwiran at ibinalik ang mga kayamanan ni Job. Hindi nabanggit si Satanas sa epilogue; ang kanyang kaso ay napawalang-saysay. Tunay nga, totoong may tao na nakapaglilingkod sa Dios dahil lamang sa kanyang pagmamahal at walang halong ibang dahilan.

## Ang Job sa Bagong Tipan

Sa Bagong Tipan, ang Job ay nagsisilbing modelo ng pagkamasigasig.[204] Ang mga tanong na nabanggit sa Job ay patuloy na nakagugulo sa isip ng mga tao sa Bagong Tipan. Ang mga disipulo ay nagtanong kung ang taong ipinanganak na bulag ay pinarusahan dahil sa kanyang kasalanan;[205] Nagtitiis si Pablo sa isang "tinik sa kanyang laman" na hindi inaalis ng Dios,[206] ang mga bayani ng pananampalataya sa Hebreo 11 ay namatay na hindi natanggap ang pangako.

Ang paghihirap ay isang patuloy na usapin para sa mga mananampalataya. Gayunpaman, ang Roma 8:28-29 ang nagbibigay katiyakan sa atin na kumikilos ang Dios ayon sa kanyang kabutihan sa pamamagitan ng lahat ng dumadating sa buhay ng kanyang mga anak. Ang kanyang sukdulang layunin ay matulad tayo sa imahen ng kanyang anak. At ito ay makakamit ng lahat ng nagmamahal sa Dios at mga tinawag ayon sa kanyang layunin.

## Nangungusap ang Job sa Panahon Ngayon

Ang mga mambabasa ng Job ay madalas nakatutok sa tanong na, "Bakit naghihirap ang mga matuwid?" Hindi sinagot ng Job ang tanong na ito. Ang mas importanteng tanong ay, "Bakit naglilingkod sa Dios ang mga matuwid?" Para kay Satanas, ang sagot ay, "Si Job ay naglilingkod sa iyo dahil sa biyayang tinatanggap niya. Kunin mo ang pagpapala at itatanggi ka niya." Para sa mga kaibigan niya ang motibasyon sa pagliingkod sa Dios ay ang pag-iwas sa gulo. Ipinalagay nilang ang matapat na pagsunod sa Dios ang makakapigil sa paghihirap.

Para kay Job, malaki ang pagkakaiba ng kanyang sagot. Pinaglilingkuran niya ang Dios dahil sa pagmamahal niya. Kahit na hindi niya naiintindihan kung ano ang nangyari, tumanggi si Job na iwanan ang kanyang pananampalataya. Dito nagbigay si Job ng modelo para sa totoong pagmamahal sa Dios. Ang mga kaibigan ni Daniel ay nagpatotoo, "Ang aming Dios na aming pinaglilingkuran ay kaya kaming iligtas mula sa nag-aapoy na pugon…**Subali't kung hindi man niya gawin iyon**, dapat ninyong malaman, O Hari, na hindi pa rin kami

---

[204] Santiago 5:11.
[205] Juan 9:2.
[206] 2 Cor. 12:7-9.

maglilingkod sa inyong mga dios."[207] Kahit hindi kami iligtas ng Dios, hindi naming siya ipagkakaila.

Ang Hebreo 11 ay nagsasabi tungkol sa mga bayani ng pananampalataya na nakakita ng kapangyarihan ng Dios na kasama nila: sina Enoch, Abraham, Moises, at Rahab. Nagsasabi din ito tungkol sa "iba" na hindi nailigtas mula sa paglilitis. "Mayroon namang nilibak at hinagupit, at mayroon ding bilanggong gapos ng tanikala, mga pinagbabato, nilagari hanggang maputol ang katawan, mga pinatay sa pamamagitan ng espada: nagpagala-gala sila na suot lamang ang balat ng tupa at balat ng kambing; mga naghikahos, inusig, pinahirapan." Ang mga taong ito ay may pananampalataya, pero sila ay "hindi nakatanggap ng pangako sa kanilang panahon."[208]

Ang mga Kasulatang ito ay humihikayat sa atin na pag-isipan: "Bakit ako naglilingkod sa Dios?" Naglilingkod ba ako sa kanya dahil sa mga biyaya? Pinaglilingkuran ko ba siya upang makaiwas sa paghihirap? O, pinaglilingkuran ko siya dahil sa pagmamahal? Si Job, at ang mga kaibigan ni Daniel, at ang "iba pa" ng Hebreo 11 ay nagpapakita ng mga taong naglingkod sa Dios dahil sa kanilang pagmamahal. Ngayon, katulad sa panahon nila, ang Dios ay naghahanap ng mga taong maglilingkod sa kanya mula sa hindi makasariling pagmamahal, ng mga taong nagmamahal sa Dios ng kanilang buong puso.

## Background ng mga Aklat ng Mga Awit

Ang salitang "mga awit" ay nagmula sa salitang Griyego na nangangahulugang "kanta." Ang titulong Hebreo ng aklat na ito ay nangangahulugang "papuri," isang pamagat na nagpapakita ng layunin ng aklat. At maging ang mga awit ng panaghoy ay nagtapos sa papuri. Ang aklat ng Mga awit ay nagbibigay ng mga salitang maaaring gamitin ng mga mamamayan ng Dios upang ipahiwatig ang kanilang papuri sa Dios.

### Mga Pamagat sa Mga Awit

Mahigit sa 100 na mga awit ang may pamagat na nagbibigay impormasyon tungkol sa mga awit. Ang mga pamagat na ito ay naglalaman ng mga detalye tungkol sa may-akda, mga Kalagayang Pangkasaysayan, at mga tagubiling pang musika. Kahit na hindi natin alam kung ang mga pamagat ay kabilang ba sa orihinal na manuskripto, matatagpuan ang mga ito sa mga pinaka naunang mga kopya.

Marami sa mga awit ang nakasaad ang **pangalan ng may-akda**. Pitumpu't tatlo ang may pamagat na "Mga Awit ni David." Ang Mga Awit 50 at 73-83 ay nakaugnay kay Asap, ang "punong manunugtog" para sa pampublikong pagsamba sa pangunguna ni David. Lumilitaw na ang "mga anak ni Korah," ay ginamit sa pamagat sa sampung mga awit, ay mga

[207] Dan. 3:17-18.
[208] Heb. 11:36-38.

miyembro ng samahan ng mang-aawit ng templo. Si Solomon ay kinikilala sa dalawang mga awit. Ang Mga Awit 90 ay ang "panalangin ni Moises."

Ang ibang mga pamagat ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa **Kalagayang Pangkasaysayan** sa mga awit. Ang Mga Awit 3 ay isinulat habang si David ay tumatakas sa kanyang anak na si Absalom. Noong maraming sumusuporta sa rebolusyon ni Absalom, naalala ni David: "Ngunit kayo, O PANGINOON ang aking kalasag; aking kaluwalhatian, pinalalakas n'yo ako at pinagtatagumpay sa aking mga kaaway."[209] Isinulat ni David ang Mga Awit 52, 54, 56, 57, at 59 noong mga panahong siya ay tumatakas mula kay Saul.[210] Ang pinaka sikat ay ang isinulat ni David na kahanga-hangang panalangin ng pagsisisi sa Mga Awit 51 pagkatapos siyang kumprontahin ni Natan tungkol sa kanyang pakikiapid kay Bathsheba.

Para sa mga modernong mambabasa, ang mga di nauunawaang titulo ay ang mga magbibigay ng **panuntunan sa musika at liturhiya**. Mga pamagat katulad ng "Sa Sheminith,"[211] "Sa Alamoth,"[212] at "Sa Muthlabben"[213] ay mga tagubiling musikal. Ang ibang mga pamagat ay tumutukoy sa mga kailangang gamiting instrumento. Ang ibang mga pamagat ay tumutukoy sa tono kung saan ang mga awit ay dapat kantahin: "Sa Gittith,"[214] "Altaschith,"[215] at "Para sa Tupa ng Bukang-Liwayway."[216]

### Ang Istraktura ng Aklat ng Mga Awit

Sa maraming paraan, Ang aklat ng mga Mga Awit ay nahahawig sa modernong himnaryo. Ito ay koleksyon ng mga awit at panalanging ginamit sa sama-samang pagsamba sa templo, at para sa personal na pagsamba ng bawat Israelita.

Ang aklat ng Mga Awit ay nahahati sa limang bahagi. Ang bawat bahagi ay nagtatapos sa doxolohiya.

Aklat 1 (Mga Awit 1–41) ay nagtatapos sa, "Purihin ang PANGINOON, ang Dios ng Israel, magpakailanman. Amen, at Amen."

Aklat 2 (42–72) ay nagtatapos sa, "Purihin ang Panginoon, ang Dios ng Israel, na siyang tanging nakagagawa ng mga bagay na kamangha-mangha…. Amen, at Amen. Dito nagwawakas ang panalangin ni David na anak ni Jesse."

---

[209] Awit 3:3.
[210] Ang pangkasaysayang kalagayan ng mga awit na ito ay matatagpuan sa 1 Sam. 19-23.
[211] Awit 6 at 12.
[212] Awit 46.
[213] Awit 9.
[214] Awit 8, 81, at 84.
[215] Awit 57, 58, 59, and 75.
[216] Awit. 22, **English Standard Version.**

Aklat 3 (73–89) ay nagtatapos sa, "Purihin ang PANGINOON magpakailanman. Amen, at Amen."

Aklat 4 (90–106) ay nagtatapos sa, "Purihin ang PANGINOON, ang Dios ng Israel magpakailanman: at ang lahat ay magsabing, Amen. Purihin ang PANGINOON."

Aklat 5 (107–150) ay nagtapos sa Mga Awit 150, isang doxolohiya na nagwawakas sa Mga Awit sa papuri.

Lumalabas na ang bawat isa sa limang koleksyon ay nakalap sa magkakaibang panahon sa kasaysayan ng Israel. Ang ilan (katulad ng aklat 1 at 2) ay isinulat bilang unang Mga Awit ni David na mga pinakaunang koleksyon. Ang aklat 5 ay tumutukoy sa pagkakatapon at maaaring nakalap ng mas huling panahon.[217] Sa pangkalahatan ang mga koleksyon na ito ay hinahayaan tayong makisali sa sinaunang Israel sa pagpupuri sa Dios, sa pag-iyak sa Dios sa panahon ng kaguluhan/trouble, at pagsamba sa Dios bilang ating manlilikha at tagapagligtas.

## Uri ng Mga Awit

Ang aklat ng Mga Awit ay naglalaman ng ilang magkakaibang uri (o janra) ng kanta. Samantalang ang kabuuang tema ng Mga Awit ay pagpupuri, hindi lahat ng Mga Awit ay awit ng papuri. Mayroong malawak ng uri ng estilo ng Mga Awit. Ang Mga Awit ay kinapapalooban ng:

- Para sa sama-samang pagpupuri (Awit 136)
- Para sa pribadong paghihinagpis (Awit 56)
- Para sa tagubilin (Awit 1 at 119)
- Para bigyang karangalan ang hari (Awit 72)
- Para ipagdiwang ang maharlikang kasal (Awit 45)
- Para sa paglalakbay sa banal na lugar ng Jerusalem (Awit 120-134)

Sa pangkalahatang pagtanaw sa Pagpupuri, susuriin natin ang ilan sa mga pangunahing kategorya ng mga awit.

> Madaling maunawaan kung bakit ang aklat ng Salmo ay ang paboritong aklat ng mga santo. Sa bawat tao, sa bawat okasyon ay may makikita sa Salmo na angkop sa kanyang pangangailangan, kung alin ang sa pariramdam niyang mas angkop na para bang iyon ay itinalaga para sa kanyang kapakanan.
>
> Martin Luther, **Pasimula saSalmo**

### Himno ng Papuri

Ilan sa mga himno ay para sa indibidwal na papuri; ang iba ay para sa sama-samang pagpupuri. Dalawang halimbawa na nagpapakita kung paano nagpupuri sa Dios ang sumulat ng mga awit.

[217] Tingnan ang Mga Awit 137.

***Halimbawa 1***

Mga Awit 19 ay isang indibidwal na himno ng papuri. Ang himno ay kumikilos sa tatlong saknong.

*Stanza 1 (1-6): Ang Dios ay Nahayag sa kanyang mga Nilikha*

Ang mga Nilikha ng Dios ay nagpapatotoo sa kapangyarihan at sa pagkamakapangyarihan ng Maylikha. Ang kalangitan mismo ay nagpapatotoo sa kaluwalhatian ng Dios. Sa mga talatang ito, ginamit ni David ang pangalang "Dios" (**Elohim** sa Hebreo) na nagsasabi tungkol sa kadakilaan at pagkamakapangyarihan ng Dios.

*Stanza 2 (7-10): Ang Panginoon ay nahahayag sa Kanyang Kautusan*

Isang mas personal na rebelasyon ng Dios ang makikita sa kanyang Salita. Sa pamamagitan ng "kautusan," ng "patotoo," ng "pamantayan/statutes," ng "kautusan," ng "takot," at ang "mga paghatol" ng Panginoon, nakita natin ang paghahayag niya ng kanyang sarili. Sa bahaging ito, ginamit ni David ang pangalang "ang Panginoon" (**Yahweh** sa Hebreo). Ang **Yahweh** ay ang personal, na pangalan sa tipan kung paano inihayag ng Dios ang kanyang sarili sa Israel kung paanong inihayag ng Dios ang kanyang sarili sa Exodo 3:14. Ang kautusan ng Dios ay hindi isang pabigat sa mga mananampalataya; ito'y mas matamis pa sa pulot at mas kaibig-ibig pa sa ginto.

*Stanza 3 (11-14): Ang Tugon ng Mga Sumasamba sa Tagapagligtas*

Bilang tugon sa pagpapahayag ng Dios, nanalangin si David para sa paghuhugas at pagpapalaya mula sa kasalanan. Nanalangin siya na ang kanyang mga salita at iniisip ay maging katanggap-tanggap sa "aking kalakasan, at aking tagapagligtas."

***Halimbawa 2***

Ang Mga Awit 136 ay isang samasamang himno ng papuri. Ito ay kinakanta bilang tugong himno. Ang pinuno ang aawit ng unang kalahati ng bawat talata; ang mga tao ay tutugon ng, "sapagkat ang kanyang awa ay mananatili magpakailanman." Mula sa paglikha (1-9) at sa kanyang kabutihan sa Israel (10-26), ang walang hanggang awa ng Dios ay nahayag.

**Mga Awit ng Pasasalamat**

Ang Mga Awit ng pasasalamat at kaugnay sa particular na pagkakataon ng pagliligtas ng Dios. Sa mga awit ng pasasalamat, inilarawan ng salmista ang mga nakaraang sakuna at pagkatapos ay nagpasalamat sa Dios dahil sa kanyang pagliligtas sa kanila mula sa sakuna. Para sa halimbawa isang awit ng pasasalamat, basahin ang Mga Awit 18 kung saan nagdiwang si David dahil sa proteksyon ng Dios habang tinutugis ni Saul si David.

**Mga Awit ng Panaghoy**

Nasa limampung mga awit ay mga Awit ng Panaghoy. Ang panaghoy ay karaniwang naglalaman ng apat na elemento, pero hindi sila laging pareho ng pagkakaayos:

- **Deskripsyon ng reklamo**. Maraming panaghoy ang nagbabanggit ng kaaway; ang iba ay inilalarawan ang mga problemang kinakaharap ng salmista. Sa Mga Awit 13 ay pagrereklamo dahil tila itinago ng Dios ang kanyang mukha habang ang mga kaaway ni David ay nagbubunyi.
- **Petisyon sa Dios.** Dito ang salmista ay umiiyak para sa pagliligtas ng Dios. Madalas may ispesipikong kahilingan. Sa Mga Awit 13, Hiniling ni David na pakinggan siya ng Dios at upang "bigyang liwanag ang aking mga mata."
- **Pagpapahayag ng pananalig sa Dios.** Sa Mga Awit 13, Pagkatapos tumawag para sa tulong ng Dios, sinabi ni David, "Nagtiwala ako sa iyong kahabagan." Sa mga salitang ito, ang salmista ay bumaling mula sa sitwasyon ng kawalan ng pag-asa patungo sa pagpapahayag ng pananampalataya.
- **Papuri sa Dios**. Marami sa mga panaghoy ay nagtatapos sa papuri sa Dios. Ang Mga Awit 13 ay nagtapos sa, "Panginoon, aawitan kita dahil napakabuti n'yo sa akin mula pa noon." Ang pangwakas na pagpupuri ay mahalagang elemento ng biblikal na panaghoy, at nagbibigay ng modelo para sa ating pag-iyak sa Dios.

Sa pagpapahayag ng ating mga reklamo at pangangailangan, hindi natin dapat tutulan ang layunin ng Dios. Ang pagpapahayag ng tiwala sa Dios at ang pangwakas na pagpupuri sa Dios ay upang tiyakin na tayo ay nananatiling nagpapasakop sa soberenya ng Dios. Sa Mga Awit 13, walang nagbago sa buhay ni David sa pagitan ng ika-4 at ika-5 talata. Ang kanyang panglabas na kalagayan ay nanatiling pareho gaya ng nasa mga talatang 1-2. Ang mga pagbabago ay pangloob; Si David ay determinadong magtiwala sa awa ng Dios at umawit sa Panginoon. Ang modelong ito ang dapat maging gabay natin sa ating mga pananalangin: **buong katapatan** sa paghahayag ng ating mga pangangailangan na may kasamang **buong pagpapasakop** sa tunay na layunin ng Dios sa ating buhay.

Ang Mga Awit ng panaghoy ay nagpapalagay na mayroong tama at mali sa mundo, na ang Dios ay mapagkakatiwalaan na ipawalang sala ang tama, at ang salmista ay nasa panig ng tama. Dahil dito, ang salmista ay nagtitiwala na ang Dios ay mamamagitan para sa kaniya.

Ang Mga Awit ng pagsisisi ay kaugnay sa Mga Awit ng panaghoy. Gayunpaman, sa mga awit na ito, hinahanap ng salmista ang pagpapatawad ng Dios para sa kasalanan niya. Ang pinakasikat na Mga Awit ng pagsisisi ay ang Mga Awit 51 kung saan nanalangin si David upang hingin ang awa ng Dios pagkatapos ng kanyang kasalanan kay Bathsheba. Ang iba pang Mga Awit ng pagsisisi ay kinabibilangan ng Mga Awit 6, 32, 38, at 130.

## Isang Mas Malapit na Pagtanaw sa

| Basahin ang pangunahing pagkakaiba sa pagitan ng isang Awit ng Sumpa at Utos ni Hesus | |
|---|---|
| "Kayong mga taga Babilonia, kayo'y wawasakin! Mapalad ang mga taong lilipol sa inyo gaya ng ginawa ninyong paglipol sa amin. Mapalad silang kukuha ng inyong mga sanggol. at ihahampas sa mga bato." (Awit 137:8-9). | "Ngunit sinasabi ko sa inyo na mahalin ninyo ang inyong mga kaaway at ipanalangin ninyo ang mga umuusig sa inyo. " (Mateo 5:44). |

### Ang Problema

Kabilang sa aklat ng Mga Awit ang halos tatlumpu't limang panalangin ng sumpa, ang mga awit ay humihiling sa Dios na ibuhos ang paghatol sa mga kaaway ng salmista. Ang mga Kristiyano ay naguguluhan sa mga panalanging ito. Paano naaakma ang mga panalanging ito sa ipinag-uutos ni Jesus na mahalin ang iyong kaaway?

Ilang mga komentarista ang nagsabing ito ay nagpapakita ng pagkakaiba sa pagitan ng Lumang Tipan at Bagong Tipan. Gayunpaman, kahit ang Lumang Tipan ay nagtuturo na mahalin natin ang ating mga kaaway.[218] Bilang karagdagan, ang Bagong Tipan ay naglalaman ng mga halimbawa ng sumpa para sa mga gumagawa ng mali.[219] Paano natin dapat basahin ang Mga Awit ng sumpa bilang mga Kristiyano?

### Prinsipyo sa Pagbabasa ng Mga Awit ng Pagsusumpa

(1) **Ito ay base sa prinsipyo ng pagtatanim at pag-ani.** Ang Deuteronomio, Kawikaan, at Galacia aynagtuturo ng "kung ano man ang itinanim ng tao, ay iyon din ang kaniyang aanihin."[220] Ang prinsipyong ito ay isinalarawan sa mga aklat ng kasaysayan at ipinangaral sa mga aklat ng propesiya. Ang mga awit ng pagsusumpa ay humihiling sa Dios na ipakita ang kanyang katarungan. Ang mga nagbalik mula sa pagkakatapon ay humihiling sa Dios na "pagbayarin" ang Babilonia ng kabayarang nararapat lamang para sa mga ginawa ng taga-Babilonia.[221]

(2) **Ang mga kaaway ng Israel ay sukdulang kaaway ng Dios.** Bilang hari, si David ay hinirang ng Dios bilang kanyang kinatawan. Ang kanyang mga kaaway ay salungat sa layunin ng Dios para sa Israel. Ang panalangin ng pagsusumpa ay naghahanap na ipagtanggol sila ng katarungan ng Dios.

---

[218] Exodo. 23:4-5, halimbawa
[219] 2 Tim. 4:14, halimbawa
[220] Gal. 6:7.
[221] Awit 137:8.

(3) **Ang salmista ay hindi gumagawa ng mga bagay sa kanyang sariling kamay.** Idinalangin ni David ang paghihiganti ng Dios sa kanyang mga kaaway, ngunit tumanggi siyang personal na gumanti kay Saul. Ipinaubaya ni David ang kanyang mga kaaway sa kamay ng Dios.

**Maaari Ba Nating Gamiting Panalangin ang Mga Awit ng Pagsusumpa sa Panahon Natin Ngayon?**

Kahit makita natin na ang mga awit ng pagsusumpa ay alinsunod sa biblical na katarungan, dapat pa rin nating itanong kung paano natin magagamit ang mga awit sa ating pagsamba sa panahon ngayon. May dalawang magkasalungat na reaksyon patungkol sa mga awit ng pagsusumpa.

(1) May ilang mga Kristiyano ang naniniwala na sa sermon ni Jesus sa Bundok ay ipinagbabawal na gamitin ang mga panalangin ng pagsusumpa ng isang mananampalataya ng Bagong Tipan.

(2) May ilang mga Kristiyano ang madalas na gumagamit ng mga panalangin ng pagsusumpa bilang elemento ng espirituwal na pakikidigma.

Ang dalawang pananaw ay kapwa nagpapakita ng ilang aspeto ng katotohanan. Ang mga awit na ito ay sumasalamin sa biblical na katotohanan, ngunit itinuro sa atin ni Jesus na mahalin natin ang ating mga kaaway. Sinumang nagnanais na gamiting panalangin ang mga awit ng pagsusumpa ay dapat itanong ang tatlong katanungan upang matiyak ang motibasyon para sa pagsusumpa.

(1) **Ang motibasyon ko ba ay ang kabanalan ng Dios o ang aking galit?** Ang salmista ay nag-aalala para sa Dios at sa kanyang kaharian. Isinulat ni Pablo, "Kung magagalit man kayo, huwag kayong magkakasala."[222] Ang makatwirang pagkagalit ay tumutugon sa kasalanan laban sa Dios; ang galit na nakasentro sa sarili ay tumutugon sa nagawang kamalian laban sa sarili. Ang mga bagay na dapat maging dahilan ng aking galit ay mga kasalanan laban sa kaharian ng Dios, hindi mga kasalanan laban sa aking sarili at personal na "kaharian."

(2) **Hinahanap ko ba ang banal na katarungan o personal na paghihiganti?** Ang mga Biblikal na panalangin ng pagsusumpa ay naghahangad na itaguyod ang katarungan,[223] at maipakita ang soberenya ng Dios,[224] at upang hanapin ng mga masama ang Dios.[225] Ang mga modernong pagsusumpa ay minsang nauudyukan ng pagnanais na maghiganti.

---

[222] Efeso 4:26.
[223] Awit 7:6-11.
[224] Awit 59:13.
[225] Awit 83:16-18.

(3) **Alin ang mas magbibigay sa akin ng kaligayahan: ang pagsisisi ng aking mga kaaway o ang paghatol sa aking mga kaaway?** Hinangad ni Jonas ang paghatol na walang ibinigay na puwang para sa pagsisisi at awa ng Dios. Ang Biblikal na pagsusumpa ay ipinapaubaya ang mga kaaway sa soberenya ng Dios. Dahil dito, maaari tayong magalak kapag ang ating kaaway ay magsisisi at tumanggap ng pagpapatawad ng Dios.

Samantalang ang mga gabay na ito ay naglalaan ng puwang para sa mga biblikal na panalangin ng pagsusumpa, lubhang nililimitahan nito ang paggamit ng mga panalanging ito sa sarili nating mga buhay. Kung may nagkasala sa atin, ang Biblia (sa mga awit ng pagsusumpa, sa mga turo ni Jesus, at sa personal na modelo katulad ni David) ay nagtuturo sa atin na ibaling natin sa Dios ang sitwasyon, sa kaniya na gumagawa para sa ikabubuti ng kanyang mga anak.[226]

## Uri ng Mga Awit (patuloy)

### Mga Awit ng Karunungan

Ang Mga Awit ng Karunungan ay nahahawig sa Kawikaan sa pagbibigay ng praktikal na payo para sa pang-araw-araw ng buhay. Nagtuturo ito sa mga mambabasa kung paano mamuhay sa paraang kalugod-lugod sa Dios. Katulad sa Kawikaan, ang aklat ng Mga Awit ay nagtuturo na, "Ang pagkatakot sa PANGINOON ay ang pasimula ng karunungan."[227]

Ang Mga Awit ng Karunungan ay kadalasang pinaghahambing ang dalawang landas, ang landas ng masama at ang landas ng mabuti. Ang Mga Awit 1 ay isang halimbawa ng mga awit ng karunungan.

Katulad ng Mangangaral at Job, ang may akda ng mga awit ng karunungan ay may pakikipagtalo sa isipan tungkol sa kasaganahan ng mga masasama at sa paghihirap ng mabubuti. Sa Mga Awit 73, halos mawala ang pananampalataya ni Asap dahil sa kasaganahan ng mga masama. Ang sagot kay Asap, gaya ng kay Job, ay ang makita ang Dios. Habang nakatayo si Asap sa santuwaryo, napagtanto niya na ang katapusan ng mga masasama ay pagkawasak at lagim. Tinapos niya ang mga awit sa pagpapahayag ng kanyang pananampalataya: "Ngunit ako, minabuti kong maging malapit sa Dios. Kayo, Panginoong Dios, ang pinili kong kanlungan, upang maihayag ko ang lahat ng inyong mga ginawa."[228]

---

[226] Roma. 8:28.
[227] Awit 111:10.
[228] Awit 73:28.

### Mga Awit ng Maharlika

Ang maharlikang Mga Awit ay nagpapakita sa hari ng Israel bilang pinunong hinirang ng Dios. Ang pinuno ng Israel ay hindi tulad ng mga hari sa mga nakapaligid na mga bansa; Siya ay lingkod ng Dios na kumakatawan sa pamumuno ng Dios.[229]

Ang Mga Awit 2 ay maaaring naging awit sa koronasyon para sa bagong hari. Ang mga hari ng mundo ay nagtalaga ng kanilang mga sarili laban sa Dios "at laban sa kanyang mga hinirang," ngunit "itinayo ko (ng Dios) ang aking hari sa ibabaw ng aking banal na bundok ng Zion." Ang Dios ang magtatalaga sa hari; itatrato niya ang hari bilang kanyang anak; at bibigyan niya siya ng tagumpay laban sa mga kaaway ng Israel. Ang Dios ang siyang magbibigay ng kapangyarihan sa mga maka-dios na hari ng Israel.

### Ang mga Awit Tungkol sa Mesiyas

Sa maraming pagkakataon, inilalarawan ng maharlikang Mga Awit ang pandaigdigang paghahari na hindi natupad sa kasaysayan ng Israel. Wala sa mga hari ng Israel ang nagtataglay ng "paghahari sa buong mundo."[230]

Ang mga awit tungkol sa Mesiyas ay humula sa pagdating ng Hari na siyang **perpekto/lubusang** tutupad sa paghahari na **bahagi** lamang natupad sa mga naging Hari ng Israel. Ang hari ng Israel ay "ang hinirang" na namahala sa buong Israel; si Jesus ay dumating bilang "Ang Nag-iisang Hinirang" ( ang Mesiyas) na siyang lubusang tumupad sa layunin para sa hari ng Israel.

Ang Mga Awit 22 ay isang halimbawa ng mga awit na natupad sa buhay ni Jesus. Habang si David ang orihinal na sumulat ng mga awiting ito ayon sa kanyang personal na kawalang-pag-asa, tinupad ni Jesus ang mga propesiya sa kanyang matinding paghihirap sa krus.[231]

## Nangungusap Ang Mga Awit sa Panahon Ngayon

Ang Mga Awit ay nagbibigay ng modelo para sa Kristiyanong pagsamba sa panahon ngayon. Bilang sagot sa maraming usapin patungkol sa pagsamba na naghahati sa mga Kristiyano, ang Mga Awit ay nagbibigay ng pagbalanse.

Ang mga awit ay nagpapakita na ang ating pagsamba ay dapat na mayroong parehong pagpupuri sa Dios (mga awit ng papuri) at Tagubilin para sa mamamayan ng Dios (mga awit ng karunungan). Ang ating pagsamba ay dapat na mayroong kapwa indibidwal na pagsamba at sama-samang pagsamba. Ang ating pagsamba ay dapat mayroong parehong pagpapasalamat para sa mga personal na ginawa ng Dios para sa atin at papuri para sa kung sino ang Dios para sa lahat ng tao.

---

[229] Deut. 17:14-20.
[230] Awit 2:8.
[231] Awit 22:1; Mateo 27:46.

Ang mga awit ay nagpapakita ng balanse ng panaghoy at papuri. Ipinapakita nito na sa ating pagsamba ay maaari nating dalhin ang ating mga reklamo at mga problema sa Dios. Ipinapakita din nito na dapat nating isuko ang ating mga reklamo sa makapangyarihang plano ng Dios. Ang mga awit ng panaghoy ay natapos sa pagpupuri. Tinatawag ng Dios ang kanyang mga mamamayan sa kumpletong katapatan at kumpletong pagsuko sa kanyang layunin.

## Mga Takdang Aralin sa Leksiyon

Ipakita ang pagkaunawa mo sa leksiyong ito sa mga sumusunod na mga takdang aralin:

(1) Pumili ng **isa** sa mga sumusunod na mga takdang aralin:

Option 1: Takdang Araling pang Grupo

Magtalaga sa bawat miyembro ng inyong grupo sa isa sa mga karakter sa Job (Eliphaz, Bildad, Zophar, at Elihu). Basahin ang mga talumpati ng nakatalagang karakter para sa iyo at talakayin ang kalakasan at kahinaan ng argumento ng bawat karakter.

Option 2: Indibidwal na Takdang Aralin.

Habang binabasa mo ang nakatakdang talata ng Mga Awit, gumawa ng listahan ng katangian ng Dios na makikita sa Mga Awit. Sa bawat isang katangian, maglista ng 8-10 mga talatang nagpapakita ng katangian.

(2) Kumuha ng pagsusulit sa leksiyong ito. Kabilang sa pagsusulit ang mga Kasulatan na nakatakdang isa-ulo.

## Mga Tanong sa Pagsusulit sa Leksiyon 7

(1) Ipaliwanag ang tatlong uri ng Hebreong paralelismo.

(2) Ipaliwanag ang acrostikong tula.

(3) Ano ang pangunahing tema ng aklat ng Job?

(4) Ano ang tatlong pangunahing punto sa argumento ng mga kaibigan ni Job?

(5) Ano ang mga paksa sa mga salaysay ni Job sa Job 28-31?

(6) Ano ang tatlong uri ng impormasyong makikita sa pamagat ng indibidwal na mga awit?

(7) Ano ang apat na elemento na nakapaloob sa karamihan ng mga awit ng panaghoy?

(8) Maglista ng tatlong prinsipyo upang maunawaan ang mga awit ng pagsusumpa.

(9) Ano ang relasyon sa pagitan ng maharlika at mga awit tungkol sa Mesiyas?

# Leksiyon 8
# Kawikaan–Mangangaral

## Mga Layunin ng Aralin

Sa pagtatapos ng araling ito,ang mag-aaral ay dapat:

(1) Alam ang pangunahing mensahe ng bawat aklat ng karunungan ni Solomon.

(2) Makita ang katangian ng karunungan at kahangalan sa Biblia.

(3) Maintindihan ang imahen ng dalawang daan sa Kawikaan at Mangangaral.

(4) Mapahalagahan ang uri ng literatura ng mga aklat ng karunungan ni Solomon.

(5) Maiugnay ang mensahe ng mga aklat ng karunungan/Solomonic books sa mga pangangailangan ng panahon ngayon.

## Leksiyon

*Basahin ang Kawikaan, Mangangaral, at Awit ng mga Awit*

*Isaulo ang Kawikaan 1:7; Mangangaral 12:13-14*

## Pagbabasa ng Karunungang Hebreo

Ang aklat ng Job, Kawikaan, Mangangaral, at ilang bahagi ng Mga Awit ay kilala kapwa bilang Aklat na Patula at bilang Literaturang Karunungan. Ang Literaturang Karunungan ay nagtuturo sa mga mambabasa kung paano magkakaroon ng tunay na biblikal na karunungan. Ang Kawikaan ay nagtuturo na ang pagkatakot sa Panginoon ay ang simula ng karunungan; Ang Awit ng mga Awit ay nagtuturo na magkakaroon tayo ng pusong may karunungan sa pamamagitan ng "pagbibigay halaga sa ating bawat araw," sa tamang paggamit ng ating oras.[232]Ang pagkakaroon ng karunungan ay mahalagang layunin para sa bawat tao. Ang tunay na karunungan ay nakakamit sa pamamagitan ng pagtuturo, obserbasyon, at karanasan.[233]

> Ang tunay na karunungan ay binubuo halos ng dalawang bahagi: ang kaalaman patungkol sa Dios at kaalaman patungkol sa ating sarili.
>
> Hinango kay John Calvin,
>
> **Institutes of the Christian Religion**

Isinulat ni John Calvin, isang theologian noong ika-16 na siglo na ang tunay na karunungan ay binubuo ng dalawang bagay: ang kaalaman patungkol sa Dios at kaalaman patungkol sa ating sarili. Ang mga aklat ng

[232]Kawikaan 9:10; Awit 90:12.
[233] Kawikaan 22:17-21; 6:6-8; at 12:1.

karunungan ay sumasalamin sa dalawang aspeto ng karunungan. Si Job ay nagkaroon ng bagong kaalaman patungkol sa Dios. Ang Kawikaan ay nagtuturo sa isang kabataan na alamin ang patungkol sa kanyang sarili at magkaroon ng takot sa Dios. Ang Mangangaral ay nagtapos gamit ang mensaheng, "Matakot ka sa Dios, at sundin mo ang kanyang mga utos: dahil ito ang tungkulin ng bawat tao."[234]

Ang mga aklat na ito ay nagpapakita ng ang karunungan ay parehong vertical/pataas ("ang pagkatakot sa Panginoon ang pasimula ng karunungan") at horizontal/pahalang (Ang Kawikaan ay tumatalakay sa relasyon ng mag-asawa, mga anak, at mga ugnayan sa komunidad). Sa pag-aaral ng mga aklat na ito, nagkakaroon tayo ng mas malalim na kaalaman patungkol sa Dios at ating sarili.

## Pagbibigay-kahulugan sa Kawikaan

Ang isang kawikaan ay nangungusap ng ibang-iba kaysa sa isang utos. Kung saan ang utos ay nagsasabing, "Huwag kang…," ang kawikaan ay nangungusap sa isang pangkalahatang alituntunin ng buhay. Ang kawikaan ay maikli, hindi malilimutang pahayag ng katotohanan. Ang pag-unawa sa katangian ng kawikaan ay makakatulong sa pagbibigay kahulugan sa aklat ng mga kawikaan. Kasama sa mga katangian ng kawikaan:

(1) **Ang kawikaan ay nagpapahayag ng pangkalahatang alituntunin na naaangkop sa maraming magkakaibang mga sitwasyon.**

(2) **Ang kawikaan ay batay sa karanasan sa buhay.** Ang kawikaan ay madalas na nagbubuod ng katotohanang subok na ng panahon mula sa karanasan sa buhay.

(3) **Ang kawikaan ay hindi isang pangako;** ito ay pangkalahatang obserbasyon patungkol sa buhay. Habang ang ilang mambabasa ay itinuturing na ganap na pangako ang talata katulad ng Kawikaan 22:6, ang ibang kawikaan ay nagpapakita na maaaring piliin ng isang bata ang landas ng kahangalan kahit na siya ay pinalaki sa tamang landas.

(4) **Ang kawikaan ay hindi isang utos.** Ang aklat ng Kawikaan ay hindi listahan ng mga patakaran na dapat sundin; ito ay koleksyon ng mga alituntunin na gagabay sa isang tao patungo sa tunay na krunungan.

Noong pinag-uusapan ng mga tagapagturo ang canon, pinagtalunan nila ang tila magkakasalungat sa Kawikaan 26:4-5. "Huwag mong sagutin ang hangal ayon sa kahangalan niya, baka ikaw sa kanya ay mapagaya. Sagutin mo ang hangal ayon sa kahangalan niya, baka siya'y maging marunong sa kanyang sariling mga mata." Sinasabi sa mambabasa ng ikaapat na talata na huwag sagutin ang hangal ayon sa kanyang kahangalan; sinasabi ng ikalimang talata na sagutin ang hangal.

[234] Ecc. 12:13.

Nakita ng mga tagapagturo na dapat alam ng taong marunong ang katangian ng isang hangal. Ang "simple" na hangal ay kayang maturuan at dapat sagutin sa paraang pipigil sa kanya na maging "marunong sa kanyang sariling mga mata." Gayunpaman, ang "nanunuya" na hangal ay dapat iwasan dahil tinatanggihan niyang matuto; ang taong sumusubok na samagot sa hangal na ito ay mahihila pababa sa antas ng taong hangal. Napagtanto ng mga tagapagturo na walang alinman sa mga talatang ito ang ganap na pag-uutos; sa halip, ang mga ito ay nagbibigay ng alituntunin na gagabay sa marunong na tao sa pagharap sa mga taong hindi marunong.

Ang pangunahing talata ng aklat ay ang Kawikaan 25:11: "Kapag ang salitang binigkas ay angkop sa pagkakataon, ito'y parang gintong mansanas na nakalagay sa isang lalagyang pilak." Ang naaangkop na salitang binigkas sa tamang pagkakataon ay kasing ganda ng gintong palamuti sa lalagyang pilak. Ang karunungan ay binubuo sa pamamagitan ng pag-alam ng naaangkop na salita para sa sitwasyon.

► Talakayin ang suliranin na humahamon sa iyo sa ministeryo at pagkatapos ay hanapin ang katotohanan mula sa Kawikaan na nagbabangit patungkol sa problema. Talakayin ang mga alituntunin na angkop sa iyong sitwasyon.

## Ang Mensahe ng Kawikaan

Ang aklat ng Kawikaan ay mayroong limang pangunahing mga koleksyon. Ang bawat koleksyon ay nakatuon sa ibat-ibang aspeto ng karunungan.

### Koleksiyon 1:Mga Talumpati Tungkol sa Karunungan(1–9)

Pagkatapos ng isang panimula na nagbubuod sa layunin ng Kawikaan,[235] ang unang koleksyon ay nagpapakita ng pagkakaiba sa pagitan ng karunungan at kamangmangan. Karamihan sa koleksyon ay nasa anyo ng "talumpati ng mga kawikaan", mahabang talata tungkol sa katangian ng karunungan.

Pinaghahambing ng Kawikaan 1:7 ang dalawang landas: karunungan at kamangmangan. Ang natitirang bahaging koleksyon ay nagpapayo sa isang batang lalaki na sikaping matamo ang landas ng karunungan at iwasan ang landas ng kamangmangan. Ipinapakilala ng koleksyon 1 ang dalawang landas na ito sa mambabasa.

### Koleksiyon 2: Ang mga Kawikaan ni Solomon (10:1 – 22:16)

Ang Kawikaan 10:1 ay panimula sa koleksyong ito sa pamagat na, "Ang mga kawikaan ni Solomon." Ang koleksyong ito ay pangunahing binubuo ng dalawang-linya ng kawikaan na nagpapayo sa mambabasa sa praktikal na mga aspeto ng karunungan.[236] Marami sa mga

[235] Kawikaan 1:1-7.
[236] Ang Kawikaan na may dalawang linya ay tinatawag na **distich**.

kawikaang ito ay antithetic parallels; pinaghahambing nila ang landas ng marunong at landas ng hangal.

Kasama sa mga paksang tinalakay sa koleksyong ito ang maraming praktikal na mga aspeto ng buhay: pera, pagsasalita, disiplina, at trabaho. Ang tila walang tiyak na istraktura ng bahaging ito ay sumasalamin sa paraan kung paano natin hinaharap ang mga tunay na problema ng buhay. Inihahanda ng karunungan ang tao sa pagharap sa mga dumarating na sitwasyon.

**Koleksyon 3: "Ang Mga Salita ng Marunong" (22:17 – 24:34)**

Ang koleksyong ito ay nagsisimula sa isang pangbungad na pahayag: "Hindi ko ba naisulat para sa iyo ang tatlumpung kawikaan ng payo at karunungan, upang malaman mo kung alin ang tama at totoo?"[237] Ang pahayag na ito ay nagpapakita ng ugnayan sa pagitan ng koleksyong ito at koleksyon ng karunungan ng Egipcio na tinatawag na **Instruction of Amenemope.** Ang relasyong ito ay nagpapakita ng mahalagang prinsipyo ng Kawikaan: ang karunungan ay maaaring makamtan sa pamamagitan ng maraming pagkukunan. Kapag natagpuan ng isang Hudio ang karunungan mula sa Egyptian sources, binabasa nila ito sa pamamagitan ng mga lente ng makadios na katotohanan at inilalapat nila ito sa pang-araw-araw na buhay . Naunawaan nila na "Ang lahat ng totoo ay katotohanan ng Dios."

Ang karunungang Egipcio ay naglalaman ng ilang mga elementong katulad ng karunungan ng Kawikaan. Gayunpaman, ang karunungan mula sa Biblia ay naiiba sa isang mahalagang aspeto mula sa lahat ng makamundong karunungan; ang biblical na karunungan ay batay sa pagkatakot sa Dios. Isang paghahambing ang magpapakita ng pagkakaibang ito:

> "Huwag mong aalisin ang muhon na nakalagay sa hanggahan ng nilinang na lupain o ibahin ang hanggahan ng balo, kung hindi isang masamang pangyayari ang magdadala sa iyo." (Tuntunin ni Amenemope) **Instruction of Amenemope).**[238]
>
> "Huwag mong babaguhin ang matagal ng nakalagay na muhon ng lupa; upang agawin o sakupin ang lupa ng mga ulila: Sapagkat ang kanilang tagapagtanggol ay makapangyarihan; siya ang magtatanggol sa kanila laban sa inyo" (Kawikaan 23:10).

Ang dalawang talata ay kapwa nagbibigay babala laban sa pagnanakaw ng pag-aari ng iba. Ang pagkakaiba ay nasa dahilan ng pagsunod. Sa Kawikaan, ang alintuntuning ito ay hindi batay sa ilang malabong "kakila-kilabot na bagay" ngunit sa likas ng katangian ng Dios. Ang tagapagligtas ng mahihirap "ay makapangyarihan";ipagtatanggol niya ang kapakanan ng mga mahihina. Katulad nito ang turo ng Levitico 19. Ang mamamayan ng Dios ay dapat mamuhay sa paraang sumasalamin sa kalikasan ng Dios: "Nagpakabanal kayo: sapagkat AKO ang PANGINOON na inyong Dios ay banal."[239]

---

[237] Kawikaan 22:20-21, **English Standard Version.**
[238] Binanggit sa isinulat nina Bill T. Arnold at Bryan E. Beyer, **Encountering the New Testament**, p 319.
[239] Lev. 19:2.

**Koleksyon 4: Iba Pang Kawikaan ni Solomon (25–29)**

Ang koleksyong ito ay naglalaman ng "mga kawikaan ni Solomon, na kinopya ng mga tauhan ni Hezekias na hari ng Juda."[240] Ang bahaging ito ay nagbibigay ng mga patnubay sa pamumuno batay sa praktikal na karanasan.

**Koleksyon 5: Mga kasabihan ni Agur (30) at ni Lemuel (31)**

Ang huling mga kabanata ng Kawikaan ay kinapapalooban ng isang serye ng "numerical sayings," ang mga kawikaan na nagsisimula sa nalalaman at kumilos patungo sa hindi nalalaman. Sinasalamin nito ang likas na katangian ng tunay na karunungan; pinahihintulutan nitong harapin natin ang hindi nalalaman gamit ang karunungang nakukuha mula sa karanasan sa buhay.

► Basahin ang Kawikaan 30:24-28. Humanap ng prinsipyong nagbubuklod sa apat na halimbawang ibinigay ni Agur. Talakayin kung paano tayo dapat patnubayan ng prinsipyong ito sa ating paggamit ng karunungan.

Angkop para sa isang aklat na idinesenyo upang magturo sa mga kabataang lalaki, ang Kawikaan ay nagtatapos sa isang acrostic poem sa mga pagpapala ng isang mabuting asawang babae. Sa buong aklat ng Kawikaan, nagbabala ang may-akda laban sa mga ugnayan sa mga hangal na kababaihan. Ang aklat ay nagtapos sa pamamagitan ng pagpapakita kung gaano kapalad ang isang binata kapag nakatagpo siya ng isang mabuting asawa.

## Pagbibigay kahulugan sa Aklat ng Kawikaan[241]

Dahil ang aklat ng Kawikaan ay nasusulat sa ibang istilo kaysa sa iba pang mga libro ng Lumang Tipan, dapat mong pag-aralan ito sa ibang paraan kaysa sa Pentateuch o sa mga Propeta. Ang ilang mga katanungan para itanong kapag nagbabasa ng isang kawikaan ay:

(1) **"Ang kawikaan bang ito ay tumuturo sa karunungan o patungo sa kamangmangan?"** Pinaghahambing ng aklat ng Kawikaan ang dalawang mga landas na ito.

(2) **"Ano ang idinagdag ng ikalawang kalahati ng kawikaan sa unang kalahati?"**

(3) **"Ano ang pinagmulan ng karunungan sa kawikaang ito?"** Ang katotohanan ba ay nagmula sa biblikal na kapahayagan, personal na karanasan, sinaunang tradisyon, pagmamasid sa mundo, o isang kombinasyon ng mga ito?

(4) **"Paano naaangkop ang kawikaang ito sa aking sitwasyon?"** Ang kawikaan ay hindi isang pangako na nalalapat sa bawat pangyayari.

---

[240] Kawikaan 25:1.

[241] Adapted from Tremper Longman III, **How to Read Proverbs**. InterVarsity Press, 2002.

**(5) "Mayroon bang iba pang mga talata sa Kawikaan na nauugnay sa paksang pinag-aaralan ko?"** Maghanap ng maraming mga kawikaan na nalalapat sa iyong sitwasyon.

**(6) "Natutukoy ba ng iba pang mga aklat ng Biblia ang paksang pinag-aaralan ko?"**

**(7) "Mayroon bang karakter sa Biblia na naglalarawan ng kawikaan na inaaral ko?"**

**Pagbibigay-kahulugan sa Kawikaan: Isang Halimbawa**

"Ang pagmamataas ay nagbubunga ng kahihiyan: subalit sa mapagpakumbaba ay karunungan". (Kawikaan 11:2).

(1) Ang Kawikaan 11:2 ay nagtuturo sa dalawalang direksyon: ang kayabangan ay nahahantong sa kahihiyan; ang pagpapakumbaba ay humahantong sa karunungan.

(2) Ang unang kalahating bahagi ng kawikaan ay nagpapakita ng bunga ng pagmamataas: kahihiyan. Ang ikalawang kalahating bahagi ay nagpapakita ng bunga ng pagpapakumbaba: karunungan.

(3) Ang katotohanang ito ay nakikita sa turo ng Biblia, sa sinaunang tradisyon, at makikita sa pamamagitan ng pag-oobserba ng buhay ng mga mapagmataas. Masakit na matutunan ang leksiyong ito mula sa karanasan.

(4) Bagaman ang kanilang kahihiyan ay maaaring hindi kaagad makita, ang kawikaang ito ay matutupad sa buhay ng mapagmataas.

(5) Ang pagmamataas ay isang tema sa buong Kawikaan. Kasama sa iba pang mga kawikaan na tumatalakay sa pagmamalaki ay ang 13:10; 16:5,18; 18:12; and 29:23.

(6) Ang kapalaluan ay tinalakay sa iba pang mga talata, kasama ang Mga Awit 10:4 at 138:6; Isaias 2:11; 1 Corinto 13:4; at Santiago 4:6.

(7) Ang pagbagsak ni Haring Saul ay nagbibigay ng isang malagim na ilustrasyon ng katotohanan ng Kawikaan 11: 2. Ang pagpapala ng Dios kay Haring David ay nagbibigay ng isang ilustrayon ng huling bahagi ng talatang ito.

## Ang Pangungusap ng Aklat ng Kawikaan sa Panahon Ngayon

Posible ba para sa isang Kristiyano na maging matuwid habang kulang sa karunungan? Iminumungkahi ng Biblia na ito ay posible. Si Lot ay matuwid; ngunit hindi siya marunong.[242] Bagaman maaaring nakarating sa langit si Lot, ang kanyang kamangmangan

[242] 2 Pedro 2:7-8.

ay nakapinsala sa mga buhay ng kanyang pamilya, sumira sa kanyang impluwensya sa iba, at nagdala sa kanya ng isang matinding lungkot.

Maraming mga beses, ang patotoo ng mga Kristiyano ay nasisira dahil nabigo ang mga Kristiyano na kumilos nang may karunungan. Nahati ang mga simbahan; nasira ang mga pagsasama ng mag-asawa, at tinalikuran ng mga kabataan ang kanilang pananampalataya dahil sa mga hangal na kilos ng mga pinuno ng simbahan. Sa isang personal na antas, ang mga problema sa pamilya, kahirapan sa pananalapi, at mga paghihirap na may kaugnayan sa ibang tao ay pinalala ng kakulangan ng karunungan.

Ang aklat ng Kawikaan ay maaaring gumabay sa mga Kristiyano sa pamumuhay ng may karunungan. Ipinakita ng Kawikaan ang kaugnayan ng panloob na kabanalan at ang mundo sa paligid natin.[243] Tinutulungan tayo ng Kawikaan na mamuhay sa paraan na ang mundo ay mapagpapala ng buhay ng Kristiyano.

## Isang Mas Malapit na Pagtanaw sa Hangal

Sa Kawikaan, ang salitang "hangal" ay may kasamang apat na magkakaibang mga salitang Hebreo. Ang bawat termino ay naglalarawan ng ibang uri ng kahangalan. Dahil dito, dapat na magkakaiba ang tugon natin sa bawat uri ng hangal.

### *Ang Walang Kaalaman*

Sa Kawikaan, ang mga kabataan ay madalas na tinatawag na "walang kaalaman."[244] Ang mga walang kaalaman ay hindi buo ang kaalaman at walang muwang. Gumagawa sila ng mga kahangalan at kung minsan ay nasasama sa mga hangal. Sila ay mga iresponsableng bata pa. Dahil hindi nila kayang makita ang panganib ng kanilang mga desisyon,[245] madali silang maligaw.[246]

Ang pagkakaiba sa pagitan ng walang kaalaman at ng hangal ay mabubuod sa isang salita: maaaring maturuan. Ang mga hangal ay "Kinamumuhian ang karunungan at tagubilin,"[247] ngunit ang walang kaalaman ay makikinig. Ang layunin ng Kawikaan ay kilusin ang walang kaalaman patungo sa karunungan.

### *Ang Hangal*

Mayroong dalawang salitang Hebreo na maaaring isalin bilang "hangal." Ang unang salita ay nagmumungkahi sa isang taong matigas ang ulo, mainipin, at ayaw tuklasin ang

---

[243] G.R. French. "Ang mga Kawikaan ay batay sa pagkaka-ugnay ng nasasaloob na pagiging maka-Dios at ang mundo sa ating kapaligiran."
[244] Kawikaan 1:4.
[245] "Nakikita ng matalino kung may panganib at siya'y nag-iingat, subali't hindi ito pansin ng mangmang kaya siya'y napapahamak." Kawikaan 27:12, **ESV.**
[246] Tingnan ang Kawikaan 7:6-27. Ang kabataang ito ay hindi lumalabas upang hanapin ang tukso; ang tukso ang humahanap sa kanya.
[247] Kawikaan. 1:7.

karunungan. Siya ay "walang pagpapahalaga sa karunungan"[248] at nagpapatuloy sa kamangmangan.[249] Dahil hindi niya pinahahalagahan ang karunungan, hindi niya kailanman hahangarin sa sarili niya ang pagkakaroon ng karunungan.[250]

Ang pangalawang salita na naglalarawan ng isang hangal ay mas matindi. Ang hangal na ito ay wasak ang moralidad; tinatanggihan niya ang pagkatakot sa Panginoon.[251] Balewala sa hangal "ang paggawa ng kasalanan."[252]

Ang ugat ng kamangmangan ay moralidad, hindi intelektwal. Sa karaniwang pag-uusap, ang hangal ay isang taong hindi marunong. Sa Banal na Kasulatan, ang hangal ay isang taong tinatanggihan ang pagkatakot sa Panginooon.

### *Ang Mapanlait*

Ang pinakamalalang uri ng hangal sa Kawikaan ay ang mapanlait o mapanuya. Ang terminong ito ay ginamit ng labing-pitong beses sa Kawikaan. Hindi lamang tinatanggihan ng mapangutya ang karunungan, natutuwa siya sa pangunguna sa iba sa kamangmangan. Kinamumuhian niya ang mga nagtutuwid sa kanya[253] at nagdadala ng kaguluhan kung saan man siya pumunta.[254] Malubha ang paghatol sa mapanlait; sapagka't tinanggihan ng mapanlait ang karunungan, tinatanggihan ng karunungan ang mapanlait.[255]

## Ang Lunas Para sa Kahangalan

Upang mahanap ang lunas para sa kahangalan, dapat nating maunawaan ang sanhi ng kahangalan: pinili ng hangal na hindi magtiwala sa Dios at magtiwala sa kanyang sariling karunungan.[256] Sa isang pangunahing talata, ang dalawang mga pagpipiliang ito ay inilalagay ng magkatabi. Maaari tayong magtiwala sa Panginoon ng buong puso natin o kaya ay sumalig tayo sa ating sariling pang-unawa; hindi natin ito maaaring gawin ng magkasabay.[257] Ang pagtitiwala sa Panginoon ay naghahatid sa karunungan; ang pagtitiwala sa ating sarili ay naghahatid sa kahangalan.

Kung gayon, ang lunas sa kahangalan, ay ang pagkatakot sa Panginoon. Ang sanhi ng kahangalan ay espirituwal; ang lunas sa kahangalan ay espirituwal din. Ang problema sa isang hangal ay isang puso na lumalaban sa Dios. Upang matulungan ang hangal, dapat

[248] Kawikaan. 1:22.
[249] Kawikaan. 26:11.
[250] Kawikaan. 17:16.
[251] Kawikaan. 1:7, 29; 12:15.
[252] Kawikaan. 14:9.
[253] Kawikaan. 9:8.
[254] Kawikaan. 22:10.
[255] Kawikaan. 3:34.
[256]Kawikaan. 1:22-25; 12:15.
[257] Kawikaan. 3:5-7.

ayusin ng isang magulang, guro, o pastor ang puso. Hindi natin mababago ang isang hangal; sa halip, ang kanyang puso ay dapat mabago ng Dios.

## Background ng Mangangaral

### May akda at Panahon

Bagaman hindi direktang kinilala ng Mangangaral si Solomon bilang may-akda, ang pambungad na talata ay tumuturo kay Solomon: "Ang mga salita ng Mangangaral, anak ni David, hari sa Jerusalem." Ang paglalarawan ng kayamanan at tagumpay ng may-akda ay naaangkop sa kung ano ang alam natin tungkol kay Solomon. Maaaring isinulat ang Mangangaral malapit sa pagtatapos ng buhay ni Solomon, marahil habang siya ay nag balik-loob mula sa kanyang pagtalikod. Inilalagay nito ang aklat malapit sa 935 B.C.

### Mga Katuruan Patungkol sa Karunungan

Bago subukang tuklasin ang tema ng Mangangaral, kapaki-pakinabang na maunawaan ang katangian ng mga katuruan patungkol sa karunungan ng mga Hebreo. Ngayon, inaasahan natin na ang isang guro ay magbibigay ng mga leksiyon na nagbibigay ng malinaw na mga sagot sa mga katanungan ng mga mag-aaral. Ang mga guro sa sinaunang Hebreo ay gumagamit ng ibang estilo ng pagtuturo. Nagtatanong sila ng mga katanungan at inilalarawan ang mga sitwasyon na kinakailangan mahanapan ng mga sagot ng mga mag-aaral. Sa sunod-sunod na kasabihan sa Kawikaan 30, isang serye ng mga paglalarawan ang nangangailangang mahanapan ng mag-aaral ng isang pangkaraniwang prinsipyo. Ang responsibilidad ng guro ay hindi upang magbigay ng mga sagot, kundi upang gabayan ang mag-aaral sa paghahanap ng mga sagot.[258]

Ang sagot ng Dios kay Job ay gumagamit ng ganitong uri ng pagtuturo. Hindi sinabi ng Dios kay Job, "Narito ang tatlong punto ng balangkas tungkol sa aking katangian." Sa halip, nagtanong ang Dios ng isang serye ng mga katanungan na nagpapakita ng kanyang katangian kay Job. Ang mga katanungan ay mga gabay kay Job patungo sa katotohan.

Ginamit ng Mangangaral ang parehong istilo ng pagtuturo. Inihahayag nito ang mga tension ng buhay na dapat harapin ng isang marunong na tao. Sa halip na magbigay ng kasagutan, ang Mangangaral ay nagtatanong ng mga katanungang nagpapakita ng tunay na problema. Pagkatapos ay hinahamon nito ang mga mambabasa na hanapin ang sagot sa mga paghihirap sa buhay. Katulad ng mga katanungan ng Dios kay Job, ang mga paghihirap sa Mangangaral ay naglalayong gabayan ang mga mambabasa patungo sa karunungan.

---

[258] Upang pag-aralan ang paksang ito, basahin ang **Discovering the Way of Wisdom**. MI: Kregel Academic, 2004, na isinulat nina Curtis, Edward M. at John J.Brugaletta.

## Ang Mensahe ng Mangangaral

Ang mensahe ng Mangangaral ay matagal nang pinagtatalunan. Dahil sa paulit-ulit na salitang "walang kabuluhan," maraming mga tagapagsalin ng wika ang tumitingin sa aklat bilang isang negatibo, halos walang pag-asang aklat. Maraming mga mambabasa ang nagtanong, "Bakit may aklat na nakakawalang pag-asa sa Biblia?" Ang pag-unawa sa estilo ng pagtuturo ng Hebreo ay tumutulong sa atin na makita ang Mangangaral bilang isang gabay sa paghahanap ng karunungan. Dalawang paksa ang bahagi ng paghahanap sa karunungan.

### Paksa 1: Walang Kabuluhan

Ang paulit-ulit na paksa sa Mangangaral ay ang kawalang kabuluhan ng buhay. Ang aklat ay nagsisimula sa isang nakakawalang-pag-asang talata, "Walang kabuluhan, sabi ng Mangangaral, walang kabuluhan; lahat ay walang kabuluhan."[259] Ang terminong walang kabuluhan ay paulit-ulit sa kabuan ng aklat.

Ang walang kabuluhan ay nagmumungkahi ng isang **pansamantalang bagay**. Ipinakikita ng Mga Awit 144:4 ang kaiklian ng buhay, "Ang tao ay katulad ng walang kabuluhan: ang kanyang mga araw ay parang anino na lumilipas." Sa Mangangaral, kasiyahan, kayamanan, maging ang buhay mismo ay pansamantala lamang.

Ang walang kabuluhan ay minsan na tumutukoy sa **absurdity o kawalan ng hustisya**. "Narito pa ang isang bagay sa ibabaw ng lupa na walang kabuluhan; na may mga matuwid na tao, kung kanino nangyayari ang ayon sa gawa ng masama; at, may mga masasamang tao, kung kanino nangyari ang ayon sa gawa ng matuwid: sinabi ko rin na ito ay walang kabuluhan."[260]

Minsan ipinapahiwatig ng walang kabuluhan ang **kawalang kahulugan**. Ang may akda ng Mangangaral ay naghahanap ng kahulugan sa kasiyahan at natagpuan niya na ito ay walang kabuluhan; wala itong pangmatagalang kabuluhan.[261]

Sa literatura ng Hebreo, ang anyo ng "**x** ng **x**" at tumutukoy sa kasukdulan. Ang "Banal ng mga banal" ay ang pinakabanal na lugar; ang "Awit ng mga Awit" ay ang pinakamahusay sa lahat ng mga awit. "Walang kabuluhan sa mga walang kabuluhan" ay nagmumungkahi ng pinaka-walang-saysay, pinaka walang kabuluhan sa lahat ng walang saysay, walang kahulugang bagay. At, ano ang pinaka walang saysay na mga bagay? "ang **Lahat** ay walang kabuluhan." Ang buhay mismo ay walang kabuluhan. Ipinapakita nito ang lubos na kawalan ng pag-asa ng ganitong paksa.

---

[259] Ecc. 1:2.
[260] Ecc. 8:14.
[261] Ecc. 2:1-12.

**Paksa 2: Kagalakan**


Hindi lamang ang "Walang kabuluhan" ang tanging mensahe ng Mangangaral. Habang ang mga nakamit ng tao ay walang kabuluhan, isinama rin ng Mangangaral ang positibong mga larawan ng buhay. Makikita ito sa pangalawang paksa na lumitaw sa buong Mangangaral, ang paksa ng "kagalakan."

Pagkatapos ng larawan ng walang kabuluhan sa kabanata 1 at 2, nagtapos ang may akda sa: "Walang mas mabuti para sa isang tao, kaysa sa siya ay kumain at uminom, at upang masiyahan ang kanyang kaluluwa sa mabuti niyang paggawa. Ito rin ang nakita ko, ito ay mula sa kamay ng Dios."[262] Ang mensahe na ang buhay ay regalo ng Dios ay inuulit sa buong aklat. Ang mensahe ng kagalakan ay isa rin pangunahing mensahe sa Mangangaral.[263]

**Ang Tema ng Mangangaral: Isang Paghahanap sa Kahulugan ng Buhay**

Ang dalawang paksa, walang kabuluhan at kagalakan, ay tila magkasalungat. Gayunpaman, mayroong isa pang pares ng mga talata na nauulit sa buong aklat. Dalawampu't siyam na beses, ang Mangangaral ay tumutukoy sa "buhay sa ilalim ng Araw." Ang "Buhay sa ilalim ng araw" ay ang buhay na nakikita lamang mula sa isang pang-daigdig na pananaw. Paulit-ulit, "ang buhay sa ilalim ng araw" ay ipinapares sa "walang kabuluhan."

Limang beses, tinutukoy ng Mangangaral ang "regalo ng Dios" o buhay na bigay "mula sa kamay ng Dios." Ito ay madalas na ipinapares sa "kagalakan" or "katuwaan."




Magkasamang nagtuturo ang mga talatang ito sa isang tema na nagbubuo sa aklat. Katulad ng Kawikaan, ang Mangangaral ay nagbibigay ng dalawang landas. Sa Kawikaan, ang mga

[262] Ecc. 2:24.

[263] Ang mensahe ng kaligayahan ay hindi minsanang pagbubukod sa tema ng vanity. Ang mga paanyaya upang maging maligaya ay matatagpuan sa Ecclesiastes 2:24-26; 3:12, 22; 5:18; 8:15; 9:7-9; at 11:9-10.

pagpipilian ay karunungan o kahangalan. Sa Mangangaral, ang pagpipilian ay walang kabuluhan (ang buhay sa ilalim ng araw) o kagalakan (buhay bilang regalo ng Dios.) Ang buhay na tinitingnan lamang mula sa isang makalupang pananaw ay walang kahulugan at walang kabuluhan. Ang buhay sa pagkatakot sa Dios ay kagalakan.

Ang karunungan ng Mangangaral ay ito: "Inilagay ng Dios ang walang hanggan sa puso ng tao, gayunman, ito'y upang hindi niya matuklasan kung ano ang ginawa ng Dios mula pa noong una hanggang katapusan."[264] Binigyan ng Dios ang tao ng pagkabatid ng walang hanggan at ng tunay na kagalakan. Gayunpaman, hindi natin kailanman makikita ang kagalakan na ito sa ating sariling pagsisikap. Ang tunay na kagalakan ay matatagpuan lamang sa pakikipag-ugnayan sa Dios, sa pagkakaroon ng takot sa Dios.

Ang tema ng dalawang mga landas ay naibuod sa panimulang talata ("walang kabuluhan ang lahat") at ang pagwawakas sa ("Matakot ka sa Dios at sundin mo ang kanyang mga utos: sapagkat ito ang buong tungkulin ng tao"). Ang Mangangaral ay hindi isang aklat ng kawalan ng pag-asa; ito ay isang aklat ng karunungang nagtuturo sa totoong kagalakan.

## Ang Mangangaral sa Bagong Tipan

Ang mensahe ng Mangangaral ay inulit sa Bagong Tipan. Ang kawalang saysay ng buhay na hiwalay sa Dios ay nakikita sa mga babala ni Jesus laban sa paghabol ng kayamanan.[265] Kasabay nito, ipinangako ni Jesus na ang lahat ng mga bagay na kinakailangan para sa buhay ay ipagkakaloob para sa mga inuunang hanapin **ang kanyang** kaharian.[266] Ang pamumuhay para sa mga bagay ng mundong ito ay walang kabuluhan; ang buhay na ipinamumuhay bilang regalo ng Dios ay nagdudulot ng tunay na kagalakan.

## Ang Awit ng Mga Awit

### Pamagat

Ang aklat na ito ay tinatawag na Awit ng mga Awit o kaya ay Awit ni Solomon: "Ang awit ng mga awit, na siyang nanggaling kay Solomon."[267] Ang pamagat na "Awit ng Mga Awit" ay nangangahulugan na ang awiting ito ay ang pinakamahusay sa lahat ng mga awit. Ang pamagat na "Awit ni Solomon" ay nag-uugnay sa aklat na ito kay Haring Solomon.

### Pagbibigay Kahulugan sa Awit ng Mga Awit

Ang pinakamalaking tanong na may kaugnayan sa Awit ng mga Awit ay "Paano natin bibigyang kahulugan ang aklat na ito?" Mayroong dalawang pangunahing pamamaraan sa pagbabasa ng aklat na ito: alegorikal at patula.

---

[264] Eccl. 3:11, **English Standard Version.**
[265] Lucas 12:16-21, para sa halimbawa.
[266] Mateo 6:33.
[267] Awit ng mga Awit 1:1.

### *Alegorikal na Pagbibigay Kahulugan*

Ang mga mambabasa ay madalas na nagtatanong kung bakit ang isang aklat na nakatuon sa romantikong pag-ibig ay bahagi ng Banal na Kasulatan. Dahil dito, mayroong isang mahabang tradisyon ng pagbibigay kahulugan sa Awit ng Mga Awit na alegorikal. Ang mga komentarista mula sa Origen sa ikatlong siglo hanggang kay Hudson Taylor sa ikadalawampung siglo ay sumulat ng mga alegorikal na komentaryo sa Awit ng Mga Awit.

Ang isang alegorikal na paraan para sa Awit ng Mga Awit ay kapag tinitingnan ang tula bilang larawan ng pag-ibig ng Dios sa kanyang bayan. Nakita ng mga mambabasang Hudyo ang aklat bilang larawan ng pag-ibig ng Dios para sa Israel; ang mga Kristiyanong tagapagsalin ay nakikita ito bilang larawan ng pag-ibig ng Dios para sa iglesya.

Ang mga hindi tumatanggap sa isang alegorikal na pamamaraan ay mayroong dalawang argumento. Una, mismong ang Awit ng Mga Awit ay hindi nagtuturo na ito ay isang alegorikal na kahulugan. Pangalawa, ang isang alegorikal na pamamaraan ay madalas na walang malinaw na kahulugan. Habang nagbabasa ka ng mga komentaryo sa Awit ng Mga Awit, nagiging malinaw na ang bawat komentarista ay nagbibigay kahulugan sa mga larawang patula sa iba't-ibang paraan. Ang alegorikal na pagpapakahulugan ay maaaring mag-iwan sa bawat mambabasa bilang kanyang sariling awtoridad sa Salita ng Dios.

### *Patulang Pagpapakahulugan*

Ang isang patula na pamamaraan sa Awit ng Mga Awit ay nakikita ang aklat na ito bilang larawan ng pag-ibig ng tao.[268] Kung ito ay nakikita bilang isang drama na nagtatapos sa kasal o isang koleksyon ng mga tula ng pag-ibig na walang pasalaysay na istraktura, nakikita ng pamamaraang ito ang aklat bilang isang koleksyon ng mga tula ng pag-ibig.

Para sa karamihan/katagalan ng kasaysayan ng iglesia, ang isang patulang pamamaraan ay hindi gaanong kilala kaysa sa alegorikal na pagpapakahulugan. Sa ikadalawampung siglo, ang literal na pagbibigay kahulugan ay naging mas karaniwan.[269]

Sa pamamaraang ito, ang Awit ng Mga Awit ay nakikita bilang isang patulang larawan ng romantikong pag-ibig. Gamit ang rural imagery, ang Awit ng Mga Awit ay nagpapakita ng pagmamahal ng kasintahang lalaki at ng kanyang minamahal; ito ay larawan ng pag-ibig sa pagitan ng isang lalaki at asawang babae. Nakita ng ilang mga manunulat ang Awit ng Mga Awit na tumutugma sa Kawikaan 31. Ipinapakita ng Kawikaan 31 ang praktikal na

---

[268] Maaari din itong tawagin na "literal" na pagpapakahulugan. Gayunman, kahit ang literal na pagharap dito ay kumikilala na ang mga tula ay gumagamit ng mga metaphors o paghahambing na hindi dapat literal ang pagbibigay-kahulugan. Sa kadahilanang ito, "patulang" pagpapakahulugan ay mas mabuting katawagan.
[269] May mga mas naunang nagbigay pansin na naghikayat ng patulang pagbasa ng Awit ng mga Awit. Kabilang dito sina Josephus sa unang siglo at si Theodore ng Mopsuestia sa ika-4 na siglo. Sina Adam Clarke at John Calvin ay kapwa umayon sa patulang pagbibigay-kahulugan, bagaman ang dalawa ay kapwa nakakita ng aspetong allegorical sa teksto.

panig ng pag-aasawa; ang Awit ng Mga Awit ay nagpapakita ng istorya ng romansa ng kasal.

Dahil walang pahiwatig sa mga talata mismo na nagpapahiwatig na ang aklat ay isang alegorya, ang mga sumusuporta sa patulang pagpapakahulugan ay nagsasabi na ang aklat ay dapat bigyang pakahulugan ng literal. Itinatanong ng mga sumasalungat sa patulang pakahulugan ang pagkakaroon ng romantikong tula sa Banal na Kasulatan. Ipinapaliwanag nila na ang aklat ay mas angkop bilang isang alegorya ng pag-ibig ng Dios sa kanyang bayan.

### Ang Mensahe ng Awit ng Mga Awit

Maraming mga mambabasa ang nagtatanong, "Bakit ang aklat na ito ay nasa Biblia?" Maaaring bahagi ng dahilan ay upang ipakita ang kahalagahan ng sangkatauhan. Ipinakita ng Mangangaral na ang mga pagpapala ng buhay ay mga regalo ng Dios, na ibinigay upang maging kagalakan ng mga may takot sa kanya; sa parehong paraan, ipinapakita ng Awit ng Mga Awit na ang pag-ibig ng tao ay isang regalo ng Dios na dapat pahalagahan.

Ang Dios ay interesado sa kabuuan ng mga tao. Ang ilang unang mga pilosopong Griyego, katulad ni Plato, ay nakita ang espiritu na mabuti, ngunit ang laman bilang masama. Kung minsan, ang ilang mga Kristiyano ay ganito rin ang ginagamit na pananaw. Sinasabi ng pananaw na ito na ang katawan ay masama; ang espiritu ay mabuti. Gayunpaman, itinuturo ng Genesis na matapos gawin ng Dios ang tao, "nakita Niya ang lahat ng Kanyang ginawa, at lubos siyang nasiyahan sapagkat ito, ay napakabuti."[270] Bagaman ang pagkahulog sa kasalanan ay sumira sa sansinukob, pinahahalagahan pa rin ng Dios ang mundong ginawa niya. Sa mga nasa unang iglesia na nagbawal sa pag-aasawa, tumugon si Pablo, "Sapagkat ang lahat ng nilikha ng Dios ay mabuti, at walang dapat ituring na masama kung tinatanggap nang may pasasalamat."[271] Ang Awit ng Mga Awit ay isang biblikal na patotoo sa kahalagahan ng pag-ibig ng tao. Sa loob ng mga hangganan ng pag-aasawa, ang pisikal na pag-ibig ay dapat maging kagalakan bilang regalo ng Dios.

### Ang Pangungusap ng Awit ng Mga Awit sa Panahon Ngayon

Sa panahon ng World War II, si Dietrich Bonhoeffer, isang German na pastor na siyang nanguna sa mga Kristiyano sa pagsalungat kay Adolf Hitler, ay nakipagkasundong magpakasal kay Maria von Wedemeyer. Ang ilan sa mga kapwa pastor ay binabatikos ang kanyang desisyon na magpakasal sa isang panahon ng kaguluhan sa bansa. Sinasabi nila na si Bonhoeffer ay dapat manatiling nakatuon sa "espirituwal na alalahanin." Gayunpaman, iginiit ni Bonhoeffer na tama ang pag-aasawa **lalo na** sa panahon ng kaguluhan. Naniniwala siya, kasama ang Genesis, Mangangaral, at ang Awit ng Mga Awit, na ang mabuting nilikha ng Dios ay dapat ipagdiwang. Hindi tatanggihan ni Bonhoeffer ang mga ibinigay ng Dios na

---

[270] Gen. 1:31.
[271] 1 Tim. 4:4.

kagalakan bilang "un-spiritual." Sinabi ni Bonhoeffer na ang ating "oo sa Dios" ay isang "Oo" sa magandang bagay ng mundong nilikha ng Dios.[272]

Sa ngayon, ang pag-aasawa ay nasa ilalim ng pag-atake mula sa maraming mga panig. Sa secular na mundo, ang pag-aasawa ay itinuturing bilang isang hindi napapanahong institusyon. Ang malawak na diborsyo, pag-aasawa ng lalake sa lalake o babae sa babae, at pagsasama ng mga hindi mag-asawa ay bumabalewala sa kabanalan ng pag-aasawa. Marami sa Kristiyanong tahanan, ang buhay may asawa ay nananatili – ngunit hindi ito maligaya, hindi pag-aasawa na puno ng pag-iibigan. Ang Awit ng Mga Awit ay nagpapakita ng romantikong pag-ibig bilang regalo ng Dios na dapat maging kagalakan ng bawat anak ng Dios . Dapat ang kagalakang ito ay maimodelo sa mundo ng mga Kristiyanong mag-asawa. Bagaman walang mag-asawa ang ligtas sa mga hamon ng buhay, dapat ipakita ng mga Kristiyano na ang pag-aasawa na ipinapamuhay ng may biblikal na prinsipyo ay maaaring maging isang panghabang-buhay na kagalakan sa parehong mag-asawa. Ang isang mapagmahal na Kristiyanong mag-asawa ay isang makapangyarihang patotoo sa ating mundo. Ito ay bahagi ng legacy/pamana ng Awit ng Mga Awit.

## Nga Takdang Aralin sa Leksiyon

Ipakita ang iyong pagkaunawa sa leksiyong ito sa mga sumusunod na takdang aralin:

(1) Pumili ng **isa** sa mga sumusunod na takdang aralin:

Option 1: Takdang Araling Pang Grupo

Magtalaga ng isang paksa sa bawat miyembro ng inyong grupo (pera, pananalita, pag-aasawa, atbp.). Habang binabasa mo ang Mga Kawikaan, ilista ang lahat ng mga talatang nauugnay sa inyong itinalagang paksa. Sa huli, magbigay ng isang maikling pagtatanghal sa grupo ng "Ang Itinuturo ng Mga Kawikaan sa…."

Option 2: Takdang Araling Pang Indibidwal

Pumili ng isang paksa tulad ng pera, pananalita, pag-aasawa, atbp. Habang binabasa mo ang Kawikaan, ilista ang lahat ng mga talata na nauugnay sa inyong itinalagang paksa. Sumulat ng isang pahinang salaysay na may pamagat na, "Ang Itinuturo ng Kawikaan sa…."

(2) Kumuha ng isang pagsusulit sa leksiyong ito. Kasama sa pagsusulit ang mga itinalagang talata na nakatakdang isa-ulo.

---

[272]Eric Metaxas, **Bonhoeffer**, p. 468.

## Mga Tanong sa Pagsusulit sa Leksiyon 8

(1) Ayon kay John Calvin, ang tunay na karunungan ay binubuo ng anong dalawang bagay?

(2) Ilista ang dalawa sa apat na katangian ng isang kawikaan na ibinigay sa leksiyong ito.

(3) Ano ang pinaka karaniwang uri ng kawikaan sa Koleksyon 1 (Kawikaan 1–9)?

(4) Ilista ang apat sa pitong mga katanungan na ibinigay sa leksiyong ito para sa pagbibigay kahulugan sa Kawikaan.

(5) Ano ang pangunahing pagkakaiba sa pagitan ng "walang alam" at ng "hangal" sa Kawikaan?

(6) Ano ang Pangunahing tema ng Mangangaral?

(7) Ano ang dalawang paksa na nababakas sa Mangangaral?

(8) Ano ang dalawang paraan sa pagbibigay kahulugan sa Awit ng Mga Awit?

# Leksiyon 9
# Isaias: Ang ikalimang Ebanghelyo

## Mga Layunin ng Leksiyon

Sa pagtatapos ng leksiyong ito, ang mag-aaral ay dapat:

(1) Alam ang malamang na petsa at Kalagayang Pangkasaysayan ng Isaias.

(2) Makayanang ibalangkas ang pangunahing mga tema at layunin ng Isaias.

(3) Kilalanin ang likas na katangian ng biblikal na propesiya.

(4) Pahalagahan ang messianic promises/pangako tungkol sa Mesiyas ni Isaias.

(5) Maunawaan ang mga argumento para sa solong may-akda para sa aklat ng Isaias.

(6) Maiugnay ang mensahe ng Isaias sa mga pangangailangan ng panahon natin ngayon.

## Leksiyon

*Basahin ang Isaias*

*Isa-ulo ang Isaiah 9:6-7*

## Panimula sa Mga Aklat ng Propesiya

► Ano ang katulad ng ministeryo ng mga propeta sa Lumang Tipan? Gaano karami sa kanilang mensahe ang malinaw sa kanilang tagapakinig, at gaano karami ang patuloy na nalilihim hanggang sa hinaharap?

Ang mga Aklat ng Propesiya ng Lumang Tipan ay kinabibilangan ng Pangunahing Mga Propeta (Isaias, Jeremias, Ezekiel, at Daniel) gayundin ang labindalawang Minor na mga propeta (Hosea, Joel, Amos, Obadias, Jonas, Micas, Nahum, Habakkuk, Zefanias, Hagai, Zacarias, at Malakias). Bago pag-aralan ang indibidwal na mga aklat, kapaki-pakinabang na pag-aralan ang gampanin ng propeta sa Israel sa Lumang Tipan.

Ang "klasiko" o "nagsusulat" na mga propeta ay naglingkod mula halos sa 800 B.C. hanggang 450 B.C. Ang mas naunang mga propeta tulad nila Elias at Eliseo ay hindi nag-iwan ng isang nakasulat na tala ng kanilang pangangaral. Ang labing anim na manunulat na mga propeta ay naaalala sa pamamagitan ng mga aklat na sa kanila nakapangalan.

Gumamit ang Hebreyong Biblia ng tatlong salita upang tukuyin ang isang propeta. Ang mga pamagat o titulo ay nagpapakita ng gampanin ng propeta sa Israel. Ang unang dalawang salita (**hozeh** at **ro'eh**) ay nagmula sa isang ugat na salita na ang kahulugan ay "upang makita." Sinasabi sa atin ng mga salitang ito na ang isang propeta ay isang "seer," isang

taong nakakakita ng mga bagay na nais ng Dios. Ang pangatlong salita (**nabi**) ay nangangahulugang "isang tinawag." Ito ay tumutukoy sa isang taong tinawag ng Dios upang dalhin ang mensahe ng Dios sa ibang tao.

Ang mga aklat ng propesiya ay nagpapakita ng ilang katangian ng mga propeta:

(1) **Ang mga propeta ay hindi nagsasalita ng kanilang sariling mensahe; nagdadala sila ng mensahe ng Dios.** Mahigit sa 350 na beses, ang mga aklat ng propesiya ay naglalaman ng mga talatang "Ganito ang sinabi ng Panginoon." Ang mga propeta ay tinawag upang dalhin ang Salita ng Dios sa mga mamamayan ng Dios.

(2) **Sinabi ng mga propeta ang mensahe ng Dios sa kanilang sariling henerasyon.** Ang kanilang mensahe ay ibinigay muna sa kanilang sariling mamamayan. Kapag binabasa natin ang mga isinulat ng mga propeta, dapat nating itanong, "Paano naunawaan ng pangunahing mga tagapakinig ang mensahe ng mga propeta?" Ang kaalaman kung paano naunawaan ng unang tagapakinig ang mensahe ng mga propeta ay makakatulong sa atin na mas maunawaang mabuti ang kanyang mensahe para sa kasalukuyan.

(3) **Sinabi ng mga propeta ang mensahe ng Dios para sa mga susunod na henerasyon.** Ang mga propeta ay "seers." Ang unang salita ng Isaias ay katulad ng salita ng mga ibang propeta: "Ang pangitain ni Isaiah ang anak ni Amoz."[273] Sa pamamagitan ng mga pangitain at espesyal na pahayag, inihayag ng Dios sa kanyang mga propeta ang mga katotohanan sa hinaharap. Nakita ng mga propeta ang parehong hinaharap na paghatol at pagpapanumbalik.

Habang pinag-aaralan natin ang aklat ng mga propesiya, makikita natin ang mga temang madalas na inulit-ulit. May tatlong tema ang lumitaw sa buong aklat na ito:

### Katapatan sa Tipan

Paulit-ulit, ipinaalala ng mga propeta sa kanilang mga tagapakinig na ang Israel ay tinawag upang maging mga mamamayang hinirang ng Dios. Sa lugar ng Sinai, ang Israel ay nakipagtipan sa Dios. Ang tipang ito ay higit pa sa mga ritwal at mga handog; hinihingi nito ang personal na kabanalan sa harap ng Dios at katarungan sa ibang tao. Hinarap ng mga propetang katulad nila Micas at Amos ang Israel sa kabiguan ng bansa na mamuhay sa pagsunod sa tipan.

### Ang Araw ng Panginoon

Tinukoy ng mga propeta ang "araw ng Panginoon" ng mahigit sa dalampung beses. Ang araw ng Panginoon ay ginamit sa tatlong pamamaraan ng mga propeta:

---

[273] Isaias 1:1.

- Ang araw ng Panginoon ay magiging panahon ng paghatol sa mga taong hindi sumasampalataya.
- Ang araw ng Panginoon ay magiging panahon ng paglilinis sa mga mamamayan ng Dios.
- Ang araw ng Panginoon ay magiging panahon ng kaligtasan para sa mga matapat.

**Ang Pagdating ng Mesiyas**

Isang mahalagang mensahe ng mga propeta ay ang pangako ng pagdating ng Mesiyas. Ang mga iskolar sa Biblia ay nakahanap ng higit sa 300 na propesiya sa Lumang Tipan na tumutukoy sa pagdating ng Mesiyas.

## Background sa Isaias

| Isaias sa Isang Sulyap | |
|---|---|
| May-akda | Isaias |
| Tagapakinig | Judah |
| Petsa | 740-680 B.C. |
| Tema | Ang ikalimang Ebanghelyo |
| Layunin | Upang bigyang babala ang Juda sa darating na paghatol |
| | Upang ipangako ang darating na kaligtasan sa Juda |
| Ang Ebanghelyo sa Isaias | Ang Mesiyas ay ipapanganak ng isang birhen. |
| | Maglilingkod siya sa mga Hentil. |
| | Siya ay mamamatay upang tubusin ang mga makasalanan. |
| | Sa pamamagitan ng Mesiyas, ang kaharian ng Dios ay mabubuksan sa lahat tao sa lahat ng mga bansa. |

**Kalagayang Pangkasaysayan**

Si Isaiah, ang anak ni Amoz, ay naglingkod sa maharlikang korte ng Juda sa panahon ng huling bahagi ng ika-8 siglo B.C. Ang pangalan ni Isaias ay nangangahulugang "Iniligtas ng

Panginoon," isang pangalan na nagpapakita ng pangunahing tema ng ministeryo ni Isaias, kaligtasan para sa bayan ng Dios.

Ang pagkakatawag kay Isaias sa isang propetikong ministeryo ay dumating "sa taon na namatay si Haring Uzias."[274] Naitala niya ang pagkamatay ni Sennacherib noong 681 B.C.[275] Ang mga petsang ito ay tumutukoy sa petsa ng aklat ng Isaias marahil ay nasa taong 740-680 B.C.

Naglingkod si Isaias sa panahon ng pamumuno ni Jotam, Ahaz, Hezekias, at Manases. Sinasabi ng tradisyon ng mga Hudyo na pinatay ni Manases si Isaias sa pamamagitan ng pagpapalagari sa kanya sa kalahati.

Sa mga unang taon ng ministeryo ni Isaias, pinalawak ni Tiglath-Pileser III ang emperyo ng Asiria. Si Pekah, ang hari ng hilagang kaharian ay sumalakay sa Juda dahil tumanggi si Achaz na sumali sa isang alyansa laban sa Asiria. Sa mga pagtutol ni Isaias, umapela si Achaz sa Asiria. Ang mensahe ni Isaias ay nagbigay ng isang senyales para sa agarang hinaharap at isang propesiya ng pagsilang ng Mesiyas.[276]

Pagkamatay ni Achaz, ang kanyang anak na si Hezekias ay nagrebelde laban sa Asiria at sumali sa isang alyansa sa Ehipto. Bilang tugon, sinalakay ng pinuno ng Asiria na si Sennacherib ang Judah noong 701 B.C. Si Hezekias ay natalo noong una at napilitang magbigay ng buwis sa Asiria.[277] Nang maglaon, nagrebelde si Hezekias laban kay Sennacherib. Bilang tugon sa panalangin ni Hezekias, sinalakay ng anghel ng Dios ang hukbo ng Asiria, na pumatay ng 180,000 na kalalakihan at pinalayas ang mga Asirian sa labas ng Juda. Ang natitirang paghahari ni Hezekias ay isang panahon ng kapayapaan.[278]

### Layunin

Sa pagbagsak ng hilagang kaharian, ang Juda ay humarap sa isang pagsubok. Susundin ba niya ang Israel sa pagtalikod o magiging tapat siya sa Dios? Binigyang babala ni Isaias ang Juda sa paghatol sa kanilang kasalanan. Hinikayat niya ang Juda na may pangakong kaligtasan kung magbabalikloob sila sa tipan.

## Pangkalahatang Pagtanaw sa Isaias

Minsan ay nakikita si Isaias bilang isang "maliit na larawan ng Biblia." Ang unang tatlumpu't siyam na kabanata (na katulad ng tatlumpu't siyam na aklat ng Lumang Tipan) na

---

[274] Isaias 6:1. Namatay si Haring Uzias mga 740 B.C.
[275] Isaias 37:38.
[276] Isaias 7:10-17 – nagpakita kung paanong ang mensahe ng propeta ay nagsalita kapwa sa kanyang mga kapanahon at maging sa hinaharap. Noong 735 B.C. sinabi ni Isaias kay Ahaz na bago umabot sa tamang edad ang anak na lalaki na isinilang sa araw na iyon, ang Siria at Efraim (ang kaharian sa Hilaga) ay mawawasak. Ito'y bahaging natupad nang bumagsak ang Siria taong 732 B.C. at ang pagbagsak ng Hilagang Kaharian noong 722 B.C. Ang lubusang pagkatupad ng "Emmanuel" na ipinanganak ng isang birhen ay natupad sa kapanganakan ni Jesus ang Mesiyas (Mateo 1:20-23).
[277] Mga Hari 18:14-16.
[278] Isaias 37.

nagpapakita ng katarungan ng Dios sa paghatol sa Juda at sa mga nakapalibot na bansa. Dahil ang Dios ay isang banal na Dios, hindi niya maaaring hindi pansinin ang kasalanan. Ang huling dalawampu't pitong kabanata (na katulad sa dalawampu't pitong na aklat ng Bagong Tipan) sa pagbibigay pag-asa sa Juda na mayroong pangako ng isang darating na Mesiyas.

Ang isang aklat na sumasaklaw sa animnapung taon, apat na hari, dalawang tanyag na emperyo (ang Asiria at Babilonia), at nagpropesiya ng mga pangyayari na magaganap ng daang taon sa hinaharap ay mahirap na ibuod sa ilang maiikling talata. Habang binabasa mo ang Isaias, ang balangkas na ito ay gagabay sa iyo sa buong aklat. Ang buod ng mga tema ay nagmumungkahi ng mga mahahalagang ideya na dapat sundin.

**Balangkas ng Isaias**

(1) Mga propesiya ng Paghatol (Isa. 1–35)

- Isang pagbibigay diin sa paghatol
- Pangunahing binibigyang pansin ang paghihimagsik ng mga tao sa panahon ni Isaias
- Nagbabala na ang hilagang kaharian ng Israel ay matatalo ng Asiria
- Mga mensahe ng paghatol sa maraming mga bansa, kabilang ang Israel, Asiria, Babilonia, Filisteo, Moab, Damasco, Cush, Ehipto, Edom, Juda, at Tiro
- Kaligtasan para sa mga matapat (Isa. 35)

(2) Makasaysayang Pagitan/Interlude (Isa. 36–39)

- Banta ni Sennacherib at ang pagpapalaya ng Dios (Isa. 36–37)
- Ang istorya ni Sennacherib ang tumapos sa pagbibigay diin sa Asiria ng Isaias 1-35. Nangyari ito noong 701 B.C. at ipinakita na ang pananalig sa Dios ay nagdudulot ng pagpapala ng Dios.
- Ang sakit ni Hezekias at mahimalang paggaling (Isa. 38)
- Ang kahangalang pagbisita ni Hezekias kay Merodach-baladan mula sa Babylon (Isa. 39)
- Ang istorya ng pagbisita ni Merodach-baladan noong 711 B.C. ay nagpapasimula ng pagbibigay-diin sa Babylonian ng Isaias 40-66. Ang mga kasalanan ng Juda ay hahantong sa pagkatapon sa Babiloniya.[279]

[279]Ipinapakita ng Isaias 38:6 na ang mga pangyayari sa Isaias 38-39 ay naganap mas una kaysa Isaias 36-37. Ang pagkakasunod-sunod sa aklat ay marahil sinadya upang bigyang-diin ang pampaksang istruktura ng Isaias. Tinapos sa Isaias 36-37 ang pagbibigay-diin sa Asiria; nagsisimula ang pagbibigay-diin sa Babilonia sa Isaias 38-39. Ang istrukturang hindi sunod-sunod sa panahon ay karaniwan sa mga aklat ng propesiya.

(3) Propesiya ng Kaaliwan Tungkol sa Mesiyas (Isa. 40–66)

- Isang pagbibigay diin sa pagpapanumbalik at pangako
- Binigyang pansin ang katapatan ng mga tao sa lahat ng mga henerasyon
- Kaaliwan at pagpapalaya sa Juda (Isa. 40–48)
- Ang pagdating ng Lingkod ay magbibigay ng daan sa katubusan (Isa. 49–55)
- Pagpapanumbalik ng Dios sa lahat ng matapat sa tipan (Isa. 56–66)

**Mga Mahalagang Tema sa Isaias**

***Ang Mga Natira***

Pananatilihin ng Dios ang isang bahagi sa mga tapat sa Dios sa kabila ng pagtalikod ng mga bansa sa Dios.[280] Pinangalanan ni Isaias ang isa sa kanyang mga anak na "Shear-jashub" bilang isang mensahe ng propesiya na ibabalik ng Dios ang tapat na mga natira sa Jerusalem pagkatapos ng pagkakatapon.[281]

***Ang Dios, ang Banal na Dios ng Israel***

Sa simula ng kanyang propetikong ministeryo, nakita ni Isaias "ang Panginoon ay nakaupo sa isang trono, nasa kataas-taasan at dinadakila." Ang Dios ay napapalibutan ng mga serapin na umaawit ng ganito, "Banal, Banal, Banal, ang PANGINOON na makapangyarihan sa lahat: ang buong mundo ay puno ng kanyang kaluwalhatian."[282] Ang pangitaing ito ang bumago sa buhay at ministeryo ni Isaias. Dalawampu't siyam na beses, ginamit ni Isaias ang ekspresyong "Banal na Dios ng Israel," isang pangalang nagpapakita ng kabanalan ng Dios.[283] Isang mahalagang aspeto ng mensahe ni Isaias ay ang pagharap ng Israel sa paghatol dahil hindi nila pinansin ang kabanalan ng Dios na sinasabing sinasamba nila.

Ang soberenya ng Banal na Dios ng Israel ay nakita sa kanyang paghatol sa mga kaaway ng Israel. Iniutos ng Dios kay Isaias na pangalanan ang isa sa kanyang mga anak na "Maher-shalal-hash-baz," isang pangalang kumakatawan sa mabilis na paghatol sa mga kaaway ng Dios.[284] Sa pagkagulat ng Juda, ang soberenya ng Dios ay **nakita** rin sa kanyang paghatol sa Juda dahil sa kanilang pagtalikod sa Dios.

Higit sa lahat, ang Banal na Dios ng Israel ay siyang magpapanumbalik sa kanyang mga mamamayan. Nakita ni Isaias ang isang araw na ang bayan ng Dios ay hindi na tatawaging "Itinakwil," ngunit tatawaging "Kaligayahan ng Dios." Nakita rin niya ang isang araw na ang lupain ay hindi na tatawaging "Pinabayaan," ngunit tatawagin na "Ikinasal sa Dios."[285] Sa

---

[280] Isaias 1:9.
[281] Isaias 7:3 at 10:20-21. Ang Shear-jashub ay nangangahulugang "ang mga natira ay magbabalik."
[282] Isaias 6:1-8.
[283] Isaias 1:4; 5:19, 24; 10:17, 20; 12:6; 17:7; 29:19, 23; 30:11-12, 15; 31:1; 37:23; 40:25; 41:14, 16, 20; 43:3, 14-15; 45:11; 47:4; 48:17; 49:7; 54:5; 55:5; 60:9.
[284] Isaias 8:1-3.
[285] Isaias 62:4, **English Standard Version.**

halip na isang bansa na tumalikod, ang Juda ay tatawaging "banal na bayan"; sa halip na itinapon, sila ay magiging "tinubos ng Panginoon"; sa halip na tinanggihan, sila ay magiging "hinanap"; sa halip na inabandona, ang Jerusalem ay tatawaging "isang lungsod na hindi pinabayaan."[286]

### *Ang Pagdating ng Mesiyas*

Dahil sa pagbibigay diin sa pagdating ng Mesiyas, kung minsan ay tinatawag ang Isaias na "Ikalimang Ebanghelyo." Nagpropesiya si Isaias na tutubusin ng Mesiyas ang Juda at ang lahat ng sumasampalataya sa kanya. Sa kanyang unang sermon sa Nazareth, nagbasa si Jesus mula sa aklat ng Isaias at inihayag na siya ay dumating upang matupad ang mga pangako na ginawa ng propeta.[287]

Sa huling bahagi ng Isaias, paunang sinabi ng propeta ang pagdating ng Mesiyas, ang Nag-iisang Hinirang ng Dios. Siya ay ipapanganak ng isang birhen[288]; maglilingkod siya sa mga nangangailangan[289]; magdurusa siya upang tubusin ang sangkatauhan[290]; balang- araw ay maghahari siya sa kaluwalhatian.[291] Dahil sa Mesiyas, ang kinabukasan ng mga mamamayan ng Dios ay maliwanag – anuman ang kanilang kasalukuyang mga kalagayan.

## Isang Mas Malapit na Pagtanaw sa Pag-akda ng Isaias

Ang ilang mga kritikong nakikipag talakayan patungkol sa may-akda ng aklat ng Isaias ay nagsasabing hindi lamang si Isaias ang sumulat nito. Sinasabi nila na ang Isaiah 1–39 ay mula mismo kay Isaias, samantalang ang mga kabanata 40–66 ay isinulat ng pangalawang may-akda na nabuhay ng mahigit sa 100 taon pagkatapos ni Isaias. Tinatawag nila ang may-akdang ito na "Isaias ng Jerusalem" at "Pangalawang Isaias." Pinagdududahan ng mga kritikong ito ang patotoo ng Bagong Tipan kay Isaias bilang may akda. Ang mga Evangelicals naman ay naniniwala na ang Dios ang nagsalita sa buong aklat ng Isaias sa pamamagitan ng kanyang propeta. Ipinapakita ng chart na ito ang argumento ng mga kritikong iskolar at ang tugon ng isang ebangheliko.

[286] Isaias 62:12.
[287] Lucas 4:16-30; Isaias 61:1-2 at 58:6.
[288] Isaias 7:14.
[289] Isaias 61:1-3.
[290] Isaias 52:13 – 53:12.
[291] Isaias 60–66.

| Usapin | Paniniwala ng mga Liberal na Kritiko | Paniniwala ng mga Ebangheliko. |
|---|---|---|
| Naglingkod si Isaias mula 740-680 B.C. Tinukoy niya ang pagbabalik mula sa pagkakatapon, na nagsimula noong 538 B.C. Binanggit niya ang pangalan ni Ciro sa 44:28 at 45:1. | Dahil si Cyrus ay nabuhay 100 taon matapos mamatay ang propetang si Isaias, hindi maaaring hulaan ng propeta ang isang maghahari sa hinaharap. | Inihayag ng Dios ang hinaharap kay Isaias – kabilang ang pangalan ni Cyrus/Ciro, ang hinaharap na pinuno ng Persia. |
| Ang Isaias 1–39 ay pangunahing tungkol sa Asiria at sa paghatol. Ang Isaias 40-66 ay pangunahing tungkol sa Babilonia at sa kaligtasan. | Ang isang manunulat ay hindi maaaring magkaroon ng gayun kalaking paghahambing sa kanyang mga sinusulat. Tinatayang ang Isaias 40-66 ay isinulat ng ibang manunulat. | Nagsalita si Isaias kapwa sa kanyang mga tagapakinig noon (paghatol sa kasalanan) at mambabasa sa hinaharap (pagpapanumbalik para sa matapat). Ito ang dahilan sa malaking pagkakaiba. |
| Ang ilang lengguwahe na ginamit sa Isaias 40-66 (lalo na ang lengguwahe ng "kaaliwan") ay hindi ginamit sa Isaias 1-39. | Ang pagkakaiba sa lengguwahe ay nagpapahiwatig ng ibang manunulat. | Ang magkakaibang paksa ng 1-39 at 40-66 ay nangangailangan ng magkaibang lengguwahe. Gayunman, parehong ginamitan ng mga salita tulad ng "ang Banal ng Israel" ang dalawang parte ng aklat. |

**Mga Dahilan upang tanggapin si Isaias bilang may-akda ng buong aklat**

- Pinangalanan ng Isaias 1:1 si Isaias, anak ni Amoz, bilang may-akda.
- Ang lahat ng unang Hebreong kopya ng Isaias ay nagpapakita na ang aklat ay isang buong aklat. Walang katibayan na ang Isaias 1–39 at 40–66 kailanman ay itinuring bilang dalawang magkahiwalay na mga aklat.
- Mayroong dalawampung mga pagbanggit sa Isaias sa Bagong Tipan. Ang mga pagtukoy na ito ay nagmula sa dalawang mga seksyon ng Isaias at itinuturing si Isaias bilang may-akda ng buong aklat.

## Ang Pangungusap ng aklat ng Isaias sa Panahon Ngayon

Ang mensahe ni Isaias ay napapanahon kapwa sa kanyang panahon at sa ating panahon. Sa isang bansang nahaharap sa pagpili sa pagsunod sa Israel sa pagtalikod o pananatiling tapat sa Dios, binanggit ni Isaias ang paghatol na darating sa mga hindi tapat sa Dios. Nagbigay siya ng babala sa Juda at iba pang bansa na ang Banal na Dios ng Israel ay hindi maaaring balewalain ang kasalanan. Sa panahon natin na ang kultura ay umaayon sa sanlibutan, dapat nating alalahanin na hinahatulan ng Dios ang kasalanan.

Sa isang bansa na malapit nang maharap sa pagpapatapon sa Babilonia, binanggit ni Isaias ang pagpapala ng Dios sa natirang bahagi na nananatiling tapat sa Dios. Sa harap ng mga banta ngayon sa mga Kristiyano, dapat nating alalahanin na pinaparangalan ng Dios ang mga nananatiling tapat. Ipinangako niya na papakinggan at panunumbalikin ang mga nagsisisi. Malakas na nagsasalita si Isaias sa mga pangangailangan ng ika-21 na siglo.

## Konklusyon: Ang aklat ng Isaias sa Bagong Tipan

Ang Isaias ay isa sa mga aklat ng Lumang Tipan na madalas na binabanggit na talata sa Bagong Tipan. Kasama sa mga tema mula sa Isaias na ginamit sa Bagong Tipan:

- Si Juan Bautista bilang tinig na sumisigaw sa ilang (Isa. 40:3; Mat. 3:3)
- Ang kapanganakan ni Jesus mula sa isang birhen (Isa. 7:14; Mat. 1:23)
- Ang paggamit ni Jesus ng mga talinghaga (Isa. 6:9-10; Mat. 13:13-15)
- Ang ministeyo ni Jesus sa mga Hentil (Isa. 9:1-2 at 61:1-3; Mat. 4:13-16 at Luc. 4:14-21)
- Ang pagbabalik-loob ng mga bansa (Isa. 11:10 at 65:1; Rom. 15:12 at 10:20)

Sa buong ministeryo ni Jesus, nakita ng mga manunulat ng ebanghelyo si Jesus bilang katuparan ng mga propesiya ni Isaias. Ang mga ipinangako ng Dios na panunumbalikin at tutubusin niya ang kanyang mga mamamayan ay natupad ng **bahagya** sa pagbalik mula sa Babilonia; ang mga pangako ay **mas lubusang** naisakatuparan sa ginawang pagtubos ni Jesus ng Nazaret. Ang **panghuli at pangwakas** na katuparan ay makikita kapag ang pamilya ng Dios ay muling magkakasama-sama sa pagsamba sa paligid ng trono ng Dios.

## Mga Takdang Aralin sa Leksiyon

Ipakita ang iyong pagkakaunawa sa leksiyong ito sa mga sumusunod na takdang aralin:

(1) Pumili ng **isa** sa mga sumusunod na takdang aralin:

Option 1: Takdang Araling Pang Grupo

Talakayin ang paglalarawan kay Jesus sa Isaias 53. Ipakita kung paano tinupad ni Jesus ang mga propesiyang ito. Sumulat ng isang maikling buod ng talakayan ng inyong grupo.

Option 2: Takdang Araling Pang Indibidwal.

Habang binabasa mo ang aklat ng Isaias, gumawa ng isang listahan ng mga propesiya tungkol sa pagdating ng Mesiyas. Ilista ang mga talata ng Banal na Kasulatan sa Isaias na naglalaman ng isang propesiya patungkol sa Mesiyas. Pagkatapos ay ilista ang mga talata sa Bagong Tipan na nagpapakita ng katuparan ng propesiya.

(2) Kumuha ng pagsusulit sa leksiyong ito. Kabilang sa pagsusulit ang mga talata ng Banal na Kasulatang nakatakdang isa-ulo.

## Mga Tanong sa Pagsusulit sa Leksiyon 9

(1) Ang talata ________________________ ay nagpapakita na ang mga propeta ay nagdadala ng Salita ng Dios, hindi ang kanilang sariling mensahe.

(2) Ang paggamit ng pangalang ________ upang ilarawan ang mga propeta ay nagpapakita na inihayag ng Dios ang mga katotohanan sa hinaharap sa kanyang mga propeta.

(3) Ilista ang tatlong tema na lumitaw sa buong propetikong aklat.

(4) Ang araw ng Panginoon ay may kasamang tatlong aspeto. Ano-ano ang mga ito?

(5) Naglingkod si Isaias sa panahon ng paghahari ng sinong apat na hari ng Juda?

(6) Ilista ang dalawang layunin para sa aklat ng Isaias.

(7) Sino ang natira ayon sa aklat ni Isaias?

(8) Anong ginamit na pangalan ng Dios sa Isaias upang maipakita ang kabanalan ng Dios at ang soberenya ng Dios?

(9) Ilista ang tatlong mga kadahilanan upang tanggapin si Isaias bilang may-akda ng buong aklat ng Isaias.

(10) Maglista ng dalawang mga larawan mula kay Isaias na ginamit sa Bagong Tipan.

# Leksiyon 10
# Jeremias & Mga Panaghoy

## Mga Layunin ng Leksiyon

Sa pagtatapos ng leksiyong ito, ang mag-aaral ay dapat:

(1) Malaman ang malamang na petsa at kalagayang pangkasaysayan ng Jeremias.

(2) Makayanang ibalangkas ang pangunahing tema at layunin ng Jeremias.

(3) Kilalanin ang mga "mga propetikong pagsasakdal" sa mga sulat ng mga propeta.

(4) Maramdaman ang trahedya sa pagbagsak ng Jerusalem.

(5) Mabigyang halaga ang mensahe ng kaaliwan ng aklat ng Jeremias.

(6) Maiugnay ang mensahe ng aklat ng Jeremias sa pangangailangan ng panahon natin ngayon.

## Leksiyon

*Basahin ang Jeremias at Panaghoy*

*Isa-ulo ang Panaghoy 3:21-24*

## Panimula

Ang aklat ng Jeremias, ang ikalawa sa pinakamahabang aklat sa Biblia, ay nagpapakita ng larawan ng mga huling araw bago ang pagbagsak ng Jerusalem. Si Jeremias ay kilala bilang "Ang Tumatangis na Propeta" dahil sa kanyang panaghoy o dalamhati para sa mga kasalanan ng mga mamamayan ng Dios at pagkawasak ng bayan ng Dios.

Sa aklat ng Jeremias makikita natin ang paghihirap at pagsisikap ng propeta na magdala ng mensahe ng Dios sa mga mamamayan ng Judah. Sa aklat ng Panaghoy, makikita natin ang pighati ng propeta habang nakikita niya ang pagkawasak ng kanyang minamahal na bayan na winasak ng Babilonia.

| Isang Sulyap sa aklat ng Jeremias at Panaghoy | |
|---|---|
| **May-akda** | Jeremias |
| **Tagapakinig** | Judah |
| **Petsa** | 627-580 B.C. |
| **Tema** | Ang Pagbagsak ng Jerusalem |
| **Layunin** | Upang Bigyang babala ang Judah sa parating na paghatol |
| | Pagtatala ng pagkawasak ng Jerusalem |
| **Ang Ebanghelyo sa Jeremias** | Si Jesus ay dumating bilang ang Matuwid na Sanga na magdadala ng kaligtasan sa Juda (Jer. 23:1-8). |
| | Katulad ni Jeremias, si Jesus ay itinakwil din ng kanyang mga mamamayan. |
| | Katulad ni Jeremias, nakita ni Pablo ang biyaya ng Dios sa mensahe ng putik at magpapalayok. |

## Background sa Jeremias

### Ang Kalagayang Pangkasaysayan ng Jeremias at mga Panaghoy

Si Jeremias ay anak ni Hilkia, isang pari mula sa Anatot, isang lupain ng mga Levita, limang kilometro sa hilaga ng Jerusalem. Sa halip na sundan ang kanyang ama sa pagiging pari, si Jeremias ay tinawag na maglingkod bilang isang propeta. Ang kabuuan ng kanyang buhay ay itinalaga sa pagdadala ng mensahe ng Dios sa nalalapit na paghatol ng Dios laban sa Juda. Bilang palatandaan ng parating na kapahamakan sa Jerusalem, inutusan ng Dios si Jeremias na huwag mag-asawa.[292]

Si Jeremias ay dumanas ng matinding pag-uusig, kasama na ang pagtatangkang pagpatay, pagbugbog, pag-akusa ng pagtataksil, at pagkakabilango. Matapos ang pagbagsak ng Jerusalem, isang grupo ang nagdala kay Jeremias sa Ehipto laban sa kanyang kagustuhan.[293]

---

[292] Jer. 16:1-4.
[293] Jer. 11:18-23 at26:1-15; 20:2; 37:11-16; 38:1-13; at 43:1-7.

Si Jeremias ay nagpahayag ng propesiya sa panahon ng apatnapung taon bago ang pagbagsak ng Jerusalem. Maaaring sinimulan niya ang kanyang ministeryo noong panahon ng paghahari ni Josias, ang huling mabuting hari ng Juda. Si Josias ay pinatay habang nakikipaglaban sa Faraon ng Ehipto na si Neco sa Megiddo noong 609 B.C. Ito ang nagpasimula sa panahon ng pagbagsak ng Juda. Si Jehoahaz, na anak ni Josia ay naglingkod lamang ng tatlong buwan bago siya dalhin sa Ehipto. Inilagay ng Ehipto ang kanyang kapatid na si Jehoiakim, bilang hari. Noong 605 B.C. nilusob ng Babilonia ang Jerusalem at kinuha ang unang grupo ng mga taga Juda para gawing bihag.[294]

Noong 598 B.C. nagrebelde si Jehoakim laban sa Babilonia, ngunit namatay rin sa panahon ng paglusob ng Babilonia sa Jerusalem. Ang kanyang anak, na si Jehoakin, ay namuno sa loob lamang ng tatlong buwan bago siya natalo ni Nebucodonosor. Si Jehoyakin ay dinala sa Babilobya kasama ng ikalawang grupo ng mga bihag noong 597 B.C.[295] Inilagay ni Nebucodonosor si Zedekias, ang isa pang anak ni Josias, upang maging hari. Namuno si Zedekias hanggang 586 B.C., ngunit ito ay naging panahon ng patuloy na pagbagsak ng Juda. Tumanggi si Zedekias na making sa mga babala ni Jeremias at ipinakulong pa nito ang propeta.

Sa pagtatangka na pabagsakin ang pamumuno ng Babilonia, sinubukan ni Zedekias na makipagtulungan sa ibang mga hari.[296] Bilang tugon dito, sinakop muli ni Nebucodonosor ang Juda noong 587-586 B.C. Sa panahon ng pangatlong pagsalakay, pinagnakawan ni Nebucodonosor ang Jerusalem at itinalaga si Gedalia bilang gobernador.[297] Sa loob ng kabuuan ng kanyang pambansang kasaysayan, hindi na muling nagkaroon ang Juda ng hari na katulad ni David.

Ang ministeryo ni Jeremias ay maaaring hatiin sa tatlong yugto:

- 627-605 B.C. Siya ay nagpahayag ng propesiya habang ang Juda ay tinatakot at pinagbabantaan ng Asiria at Ehipto.
- 605-586 B.C. Siya ay nagpahayag ng propesiya sa panahon ng mga pag-atake ng Babilonia sa Juda.
- 586-ca. 580 B.C. Siya ay nagministeryo sa Jerusalem at Ehipto matapos ang pagbagsak ng Juda.

**Layunin**

Ipinakita ni Jeremias ang mga paulit-ulit na pagbibigay ng babala ng Dios sa Juda. Dahil sa pagtanggi nila na magsisi, tiyak na ang paghatol ng Dios. Dinala rin ni Jeremias ang pangako ng pagpapanumbalik sa mga natirang bahagi na nanatiling tapat sa Dios. Bagamat hindi

---

[294] Kabilang sa unang grupo ng mga bihag sina Daniel at kanyang mga kaibigan. (Dan. 1:1-7).
[295]Kabilang sa ikalawang grupo ng mga bihag si Ezekiel (Ezek. 1:1-3).
[296] Jer. 27:1-15.
[297] Jer. 39-40.

tumugon ang mga tagapakinig ni Jeremias sa kanyang mensahe, ang aklat na kanyang iniwan ay nagpapakita ng tala ng katapatan ng Dios sa mga huling araw ng Juda.

### Pangkalahatang Pagtanaw sa aklat ng Jeremias

Ang aklat ng Jeremias ay walang sinusundang pagkakasunod sunod. Ito ay nagkukulang sa malinaw na balangkas na maaaring iugnay sa matinding paghihirap sa kabuuan ng buhay ni Jeremias.

Maaari kang magkaroon ng pangkalahatang pagtanaw sa buhay ni Jeremias at sa pagbagsak ng Jerusalem sa pamamagitan ng pagbabasa ng mga sumusunod na kabanata sa ganitong pagkakasunod-sunod:

| Kabanata | Tinatayang Petsa | Paksa |
|---|---|---|
| 1 | 627 B.C. | Ang pagtawag kay Jeremias |
| 7 | 609-597 | Ang Pangangaral sa Templo |
| 11-13 | Hindi Tiyak | Pagsalungat sa ministeryo ni Jeremias |
| 26 | 608 B.C. | Pagbabantang pagpatay kay Jeremias |
| 25 | 605 B.C. | Pitumpung taon ng pagkakabihag |
| 36 | 605 B.C. | Sinunog ni Jehoakim ang mga kasulatan ni Jeremiah |
| 29 | 597 B.C. | Sulat sa mga bihag |
| 20 | 597-586 B.C. | Ang pagsalungat ng paring si Pashhur |
| 27-28 | 594 B.C. | Pakikipagharap kay Ananias |
| 32 | 588 B.C. | Bumili si Jeremias ng lupain |
| 37-38 | 588 B.C. | Nakulong si Jeremiah |
| 39 & 52 | 586 B.C. | Pagbagsak ng Jerusalem |
| 40-41 | 586 B.C. | Si Gedalia bilang gobernador |
| 42-43 | 586/585 B.C. | Si Jeremias ay dinala sa Ehipto |

Ang mga natirang talata ay nagtatala ng mga mensahe ni Jeremias para sa mga mamamayan ng Dios, mga mensahe na karaniwang binalewala ng kanyang mga tagapakinig.

## Balangkas ng Jeremias

### *Ang Pagkatawag kay Jeremias (Jer. 1)*

►Ilarawan ang iyong pagkakatawag sa ministeryo. Paano napapatunayan ang pagkakatawag na ito sa iyong ministeryo?

Bago ang kapanganakan ni Jeremias, itinalaga siya ng Dios na maging propeta ng mga bansa. Nag siya ay tawagin ng Dios upang maging propeta, tumugon si Jeremias na siya ay bata pa at hindi pa handa sa ganoong responsibilidad. Sumagot ang Dios sa pamamagitan ng tatlong pangitain para kumpirmahin ang pagkakatawag kay Jeremias:

(1) Hinipo ng Dios ang labi ni Jeremias para ibigay at ilagay ang mga salitang sasabihin niya (Jer. 1:9-10).

(2) Binigyan ng Dios si Jeremias ng isang pangitain ng isang puno ng almendro at sinabi sa kanya na nagbabantay ang Dios para siguraduhing matutupad ang kanyang Salita (Jer. 1:11-12).[298]

(3) Binigyan ng Dios si Jeremias ng pangitain ng kumukulong palayok, na nagpapakita ng parusang ibubuhos sa lupain (Jer. 1:13-14).

### *Ang Pagtataksil ng Juda sa Tipan (Jer. 2–10)*

Sa pamamagitan ng mga pangangaral, mga leksiyong gumagamit ng iba't-ibang bagay, at mga talinhaga, ipinakita ni Jeremias ang pagtataksil ng Juda sa Tipan. Ang Juda ay katulad ng isang taksil na asawang babae na naghahabol sa ibang manliligaw. Sa "Pangangaral sa Templo" ng Jeremias 7, tinuligsa ng propeta ang mga sumasamba na naniniwalang maliligtas sila dahil sa templo. Kung paanong pinahintulutan ng Dios ang pagkawasak ng Shilo (Ang unang lugar ng sambahan ng Israel), gayundin naman ay hahayaan niyang mawasak ang templo.[299] Ang tahanan ng Dios ay naging pugad ng magnanakaw at hindi na ito banal, dahil ang mga sumasamba dito ay hindi banal.

### *Ang mga Reklamo ni Jeremias sa Dios at sa Juda (Jer. 11–20)*

Ang bahaging ito, ay tinatawag na "Pagtatapat ni Jeremias," ay kinapapalooban ng mga panalangin kung saan si Jeremias ay nagrereklamo sa Dios tungkol sa katigasan ng ulo ng kanyang mga tagapakinig. Si Jeremias ay ipinadala upang magpahayag sa mga taong tumangging tanggapin ang kanyang mensahe at nagkaisa upang patayin ang mensahero.

---

[298]Ang tanda ng isang puno ng almendro ay isang paglalaro sa salitang Hebreo. Ang álmond/almendro" ay ang Hebreong salita na **shaqed**; "binantayan" ay ang salitang **shoqed.** Ang puno ng almendro ang unang nagsusupling sa tagsibol, kayat sinasabi ng mga Hebreo na ang puno ng almendro ay "nagbabantay/naghihintay sa tagsibol." Sa parehong paraan, sinasabi ng Dios kay Jeremias na hinihintay niya ang katuparan ng mga mensahe ng propesiya.

[299] Jer. 7:14; 1 Sam. 1:3 at 4:2-11.

Si Jeremias ay nalungkot sa pagpapahayag ng mensahe ng kawalan ng pag-asa. Sinabi ng Dios kay Jeremias, "Kahit sina Moises at Samuel pa ang magmakaawa sa akin para sa mga taong ito, hindi ko sila kahahabagan."[300] Dahil tumanggi ang Juda na magsisi, wala ng iba pang natitira kundi ang paghatol. Ang huwad na propeta ay nagsabi sa mga tao na ang Dios ay nagdadala ng kapayapaan; sa halip sila ay mamamatay o bibihagin.[301] Walang kapayapaan para sa Juda na ganap na tumalikod sa Dios.

### *Ang komprontasyon ni Jeremias sa mga Pinuno at Propeta ng Juda (Jer. 21–29)*

Kinompronta ni Jeremias si Haring Joaquin, sa hindi nito pagsunod sa nilakaran ng kanyang mga ninuno sa pagsunod sa Dios. Sa halip na isang pagpapaliwanag sa ritwal na kaugnay sa paglilibing sa isang hari, nagpahayag si Jeremias na si Jehoakim ay kakaladkarin sa labas ng bayan at itatapong parang patay na asno.

Kinompronta ni Jeremias ang mga sinungaling na propeta na nagbibiggay ng mga huwad na mensahe ng pag-asa para sa mga tao na hinatulan na ng Dios.

Sa panahon ng paglusob ng mga kaaway, si Jeremias ay tumayo sa labas ng templo upang ipahayag sa mga tao ang mensahe ng paghatol. Sinabi niya sa kanila na haharap sila sa pitumpung taon ng pagkakabihag. Puno na ang kopa ng galit ng Dios; ang Jerusalem ay iinom sa kopang ito kasama na ang mga bansa na tumatalikod sa Dios.

Si Jeremias ay nagsuot ng pamatok sa kanyang leeg bilang simbolo ng pagpapasakop ng Jerusalem sa Babilonia sa hinaharap. Binali ni Hanania, isang huwad na propeta, ang pamatok, at sinabing malapit nang palayain ng Dios ang bansa mula kay Nebucodonosor. Bilang hatol, kinuha ng Dios ang buhay ni Hanania.

Ang panghuling propesiya sa bahaging ito ay nasa anyo ng isang liham para sa mga bihag sa Babilonia. Kahit na ipinahayag ni Hanania at ng iba pang huwad na propeta ang pagkatalo ng Babilonia, sinabi ni Jeremias sa mga bihag na magtayo ng mga tirahan, magtanim at manalangin na magkaroon ng kapayapaan sa Babilonia, dahil sila ay mananatili doon sa loob ng pitumpung taon.

### *Ang Pangako ng Pagpapanumbalik sa Hinaharap (Jer. 30–33)*

Ang mga kabanatang ito ay karaniwang tinatawag na "Aklat ng Kaaliwan." Kahit na karamihan sa mensahe ng Jeremias ay mensahe ng paghatol, sinasabi niya sa kanyang mga tagapakinig na titipunin at bubuuing muli ng Dios ang Juda. Kahit na hindi naging tapat ang Israel sa tipan, gagawa ulit ng bagong tipan ang Dios "sa kanilang mga puso" at "hindi na aalalahanin pang muli ang kanilang mga kasalanan."[302]

---

[300] Jer. 15:1.
[301] Jer. 14:3-16 at 15:2-9.
[302] Jer. 31:31-34.

Sinabi ng Dios kay Jeremias na bumili ng lupa mula sa kanyang pinsan na si Hanamel. Ito ay isang nakakagulat na utos dahil ang Jerusalem ay malapit ng mawasak! Nang humingi ng paliwanag si Jeremias, ibinigay ng Dios ang isang napakagandang pangako na darating ang isang araw kung saan "muling magbibilihan ng mga bukid, at lalagdaan at tatatakan ang mga Kasulatan ng pagkabili, sa harapan ng mga saksi… sapagkat ibabalik Ko ang kanilang kayamanan, Ako ang PANGINOON ang nagsasabi nito."[303] Hindi kinalimutan ng Dios ang kanyang mga mamamayan. Kahit sa paghatol, siya ay nangangako ng pagpapanumbalik sa hinaharap.

### *Ang mga huling araw ng Jerusalem (Jer. 34–45)*

Ang mga kabanatang 34-45 ay nagtatala ng mga huling araw ng Jerusalem. Patuloy na tinatanggihan ng mga pinuno ng Juda ang Salita ng Dios hanggang sa huling oras. Si Jeremias ay trinato bilang traydor, at ipinakulong dahil sa kanyang mensahe ng paghatol sa panahon ng pagkakabihag. Gayunpaman, ang mensahe ng paghatol ng Dios ay natupad: bumagsak ang Jerusalem, si Haring Zedekias ay nadakip, at ang kanyang mga anak ay pinatay bago siya binulag. Ang huling nakita ni Zedekia ay ang pagkamatay ng kanyang mga anak.

Pagkatapos na mapatay, si Gigalia, ang utusang gobernador ng Babilonia, isang grupo ng mga taga Juda ang tumakas papuntang Ehipto, dinala si Jeremias at ang kanyang kalihim na si Baruc. Kahit sa Ehipto, marami pa ding mga taga Juda ang patuloy na sumasamba sa mga dios-diosan. Nagpahayag si Jeremias ng patuloy na pagdurusa bilang resulta ng kanilang patuloy na pagsamba sa mga dios-diosan.

### *Propesiya para sa Iba pang Bansa (Jer. 46–51)*

Habang ang maraming bahagi ng Jeremias ay inilaan para sa mga mensahe ng paghatol sa Juda, ang soberenya ng Dios ay umaabot at nagpapatuloy sa iba pang mga bansa. Sa ibang bahagi ng mga propesiya, si Jeremias ay nagpropesiya laban sa Ehipto, Filisteo, Moab, Ammon, Edom, Damasco, Kedar, Hazor, at Elam. Sa pangwakas, limangpung taon bago ito mangyari, nagpropesiya si Jeremias patungkol sa pagbagsak ng Babilonia sa Media.[304]

Ang bahaging ito ay nagpapakita ng soberenya ng Dios sa lahat ng tao. Ginamit ng Dios ang ibang bansa upang hatulan ang Israel, ngunit hahatulan din niya ang mga bansang ito at panunumbalikin at titipuning muli ang kanyang mga mamamayan sa Jerusalem. Ginamit ng Dios ang Asiria para parusahan ang Israel; pagkatapos ay kanyang pinahintulutan si Nebucodonosor na talunin ang Asiria. Pagkatapos ng pagkakabihag, panunumbalikin at patatawarin ng Dios ang Juda.[305]

---

[303] Jer. 32:44, **English Standard Version.**

[304] Jer.51:11. Taong 550 B.C., isinanib ni Ciro ang Medes sa Imperyo ng Persia. Winasak ng imperyong ito ang Babilonia noong 539 B.C. at nagpahintulot sa mga taga-Israel na bumalik sa Jerusalem.

[305] Jer. 50:17-20.

### *Muling Ipinahayag ang Pagbagsak ng Jerusalem(Jer. 52)*

Ang Jeremias ay nagtapos sa muling pagpapahayag ng pagbagsak ng Jerusalem. Ang Jeremias 52 ay nakakatulad ng 2 Hari 24-25 at Jeremias 39. Ang aklat ay nagtapos sa kapahayagan ng pag-asa. Ang sumunod kay Nebucodonosor, ang Masamang si Merodach, ay pinalaya si Haring Jehoyakin mula sa kulungan at hinayaan siyang kumain kasalo ng hari sa hapag. Ito ay nagpapaalala sa mga mambabasa ng Jeremias na ang lahi ni David ay iningatan. Ang Dios ay patuloy na kumakalinga sa kanyang mga mamamayan, kahit sa pagkakabihag.

## Isang Mas Malapit na Pagtanaw sa "Propetikong pagsasakdal"

Sa Pentateuch, nakita natin ang kahalagahan ng tipan sa kasaysayan ng Israel. Ang mga Kautusan ni Moises ay hindi lamang isang grupo o listahan ng mga patakaran na gagabay sa Israel. Ang tipan ng Dios sa Israel ay batay sa isang pagsasamahan na may pag-ibig. Ang pagsuway ng Israel ang siyang sumira sa tipan na nagbibigkis sa Dios at Israel.

Ang mga propeta ay kadalasang nagbibigay diin sa mga Kautusan ni Moises upang ipakita ang pagsira ng Israel sa kanyang tipan sa Dios. Tinatawag natin ang mga ito na "propetikong pagsasakdal," isang listahan ng akusasyon laban sa Juda. Ipinakita ni Jeremias ang pagsira ng Juda sa tipan at nararapat lamang na danasin ang mga sumpa na bahagi ng tipan. Ang chart sa ibaba ay nagpapakita ng mga katangian ng mga propetikong pagsasakdal sa Jeremias.

| Ang Propetikong Pagsasakdal | Jeremias |
|---|---|
| **Pagtawag sa nagkasala o isinasakdal** | "Pakinggan ninyo ang mensahe ng PANGINOON, Kayong mga mamamayan ng Israel, mula sa lahi ni Jacob" (Jer. 2:4). |
| **Pagpapaalala sa kabutihan ng Dios sa Juda** | "Mula roon ay dinala ko kayo sa magandang lupain para makinabang sa kasaganaan ng ani nito" (Jer. 2:5-7). |
| **Mga akusasyon laban sa Israel** | "Kaya't muli kong susumbatan ang aking bayan, sabi ng PANGINOON, at uusigin ko hanggang kaapu-apuhan...Pinalitan ng aking bayan ang kanilang niluluwalhati, ng kanilang dios, kahit na ang mga ito ay hindi naman talagang dios..Dalawa ang kasalanan ng aking bayan: Tinalikuran nila ako, ako na bukal na nagbibigay-buhay, at humukay sila ng mga balon, ngunit mga balong butas na walang naiipong tubig." (Jer. 2:9-13). |
| **Pagtawag na sumaksi laban sa Juda** | "Kaya't manginig kayo sa takot, O Kalangitan, manggilalas kayo at manghilakbot, akong si Yahweh ang nagsasalita" (Jer. 2:12). |
| **Pagtangis sa kataksilan ng Juda** | "Malilimutan ba ng dalaga ang kanyang mga alahas, o ng babaing ikakasal ang kanyang damit pangkasal? Subalit ako'y kinalimutan ng sarili kong bayan nang napakahabang panahon. (Jer. 2:31-32). |
| **Pangako ng Pagpapanumbalik kung magsisisi ang Juda** | "Magbalik kayo sa akin, kayong mga taksil na anak, sapagkat ako ang inyong Panginoon…Sa araw na iyon, ang Jerusalem ay tatawaging 'Luklukan ni Yahweh'. Lahat ng bansa'y magkakatipon doon upang sambahin ako." (Jer. 3:13-17). |

## Mga Panaghoy

### Background at Straktura ng Mga Panaghoy

Bagamat wala namang tinutukoy ang aklat ng Mga Panaghoy kung sino ang may akda, ang mga tradisyong Hudyo at Kristiyano ay ipinaalagay na si Jeremias ang may akda nito. Ito ay naisulat ilang taon lamang matapos ang pagbagsak ng Jerusalem, ang pangunahing


tema ng aklat. Maaaring isinulat ni Jeremias ang Mga Panaghoy bago siya gawing bihag sa Ehipto.

Ang Mga Panaghoy ay binubuo ng limang tula na nagpapakita ng panaghoy dahil sa pagkawasak ng Jerusalem. Ang mga tulang ito ay nagpapahayag ng personal na pagtangis ng sumulat nito.

Ang bawat kabanata maliban sa Panaghoy 5 ay nasa espesyal na anyo na tinatawag na acrostic. Ang alpabeto ng Hebreo ay binubuo ng dalawampu't dalawang letra. Sa Mga Panaghoy 1,2, at 4, ang bawat letra ang nagsisimula ng talata. Ang Mga Panaghoy 1:1 ay nagsisimula sa **aleph**, ang unang letra sa alpabeto ng Hebreo. Ang Mga Panaghoy 1:2 ay nagsisimua sa **beth** at ang pattern na ito ay nagpapatuloy sa kabuuan ng kabanata. Ang Mga Panaghoy 3 ay naglalaman ng animnapu't anim na talata, dalawampu't dalawang grupo na may tatlong talata bawat isa. Ang paggamit ng anyo ng katulad sa tula ay nagbibigay ng balangkas ng bumubuhos na kalungkutan at dalamhati ni Jeremias.

**Layunin ng Mga Panaghoy**

Ang mga tulang ito ay nagtatala ng labis na kalungkutan ng may-akda sa pagbagsak ng Jerusalem. Kanilang nililiwanag na ang pagdurusa ng Jerusalem ay resulta ng pagkakasala ng Juda, at hindi ng pagkabigo ng Dios. Ang aklat ng Jeremias ay nakatuon sa parating na pagbagsak ng Jerusalem; Ang Mga Panaghoy ay muli namang binabalikan ang naging pagbagsak ng bayan.




**Mensahe ng Mga Panaghoy**

Ang Mga Panaghoy ay nagsisimula mula sa pagdadalamhati patungo sa pananalangin. Ito ay nagsimula sa panaghoy na naglalarawan sa kalunos lunos na katapusan ng Jerusalem. Ang dating dakilang bayan ay naging balo. Siya ay hindi naging tapat sa Dios, at ngayon siya ay "pinahirapan dahil napakarami nitong kasalanan."[306] Ang teyolohiya ng Mga Panaghoy ay katulad at umaayon sa aklat ng Mga Hari at Jeremias. Ang mga aklat na ito ay nagpapakita na bumagsak ang Jerusalem:

---

[306] Panaghoy 1:5.

- Dahil sa mga pagkakasala ng mga tao (Lam. 1:18)
- Dahil sa mga huwad na propeta at makasalanang pari (Lam. 4:13)

Ang Panaghoy 3 ay nagpapatuloy na magluksa para sa Jerusalem, ngunit pinasimulan din ang tema ng awa ng Dios. Ang Panaghoy 3:19-39 ay sumasalamin sa kabutihan at hindi nagmamaliw na pag-ibig ng Dios.

Pagkatapos ng isa pang panaghoy na naglalarawan ng kondisyon noong nilusob ang Jerusalem (Panaghoy 4), ang sumulat ay nagtapos sa isang panalangin ng pagpapanumbalik. Kinikilala ng Mga Panaghoy na ang tanging pag-asa na lamang ng Juda ay ang awa ng Dios: "O,PANGINOON, ibalik ninyo kami sa inyo at kami ay babalik![307]

## Ang Pangungusap ng aklat ng Jeremias sa Panahon Ngayon

Ilang bahagi ng iglesia ngayon ay nabibilanggo sa isang turo na nangangako ng mabuting kalusugan at kasaganaan sa mga Kristiyano, lalo na sa mga nagmiministeryo. Sa ilang mga bansa, ang mga mangangaral ng "prosperity gospel" ay kabilang sa mga pinakamayayamang tao sa bansa; ang mga mahihirap ay buong pagsasakripisyo na nagkakaloob para suportahan ang mga magarbong pamumuhay ng kanilang mga pinuno. Ang gawaing ito ay malayo sa ipinakitang modelo ng Biblia.

Ipinakita ng aklat ng Jeremias na ang pagiging tapat sa mensahe ng Dios ay may kapalit na malaking halaga. Si Jeremias ay nagdusa sa kanyang pangako ng katapatan sa pagkatawag sa kanya ng Dios; Si Jesus ay nagdusa sa kanyang pagsunod sa misyon ng Dios Ama; ang mga lingkod ng Dios ngayon ay tinawag na maging tapat sa kabila ng pagharap sa mga pagsalungat.

Ang pangako ng Jeremias 29:11 ay dapat basahin sa konteksto ng parating na pagkakabihag sa Babilonia. Nangako ang Jeremias sa mga tao na, "Sapagkat nalalaman ko ang aking mga iniisip tungkol sa iyo, sabi ng PANGINOON, kaisipan ng kapayapaan, at hindi kasamaan, upang pagkalooban ka ng inaasahang katapusan." Gayunpaman, ang mga mamamayan ng Dios ay malapit ng humarap sa matinding pagdurusa. Mabuti ang plano ng Dios para sa kanyang mga mamamayan; ngunit hindi nito ginagarantiya na ang buhay ay malaya sa pagdurusa. Dahil sa kasalanan at sa epekto nito sa ating mundo, kahit ang mga mamamayan ng Dios ay nagdurusa din.

Gayunpaman, katulad ng ipinapakita ng Mga Panaghoy, kahit sa mga pagsubok ay nananatiling tapat ang Dios sa kanyang mga mamamayan. Kahit sa kaguluhan, maaari nating pagtiwalaan ang kabutihan ng Dios. "Ang pag-ibig ng PANGINOON ay hindi nagmamaliw; ang kanyang awa ay walang hanggan; araw araw ay ipinapakita niya ang kanyang habag; dakila ang katapatan ng Panginoon."[308]

---

[307] Panaghoy 5:21, **English Standard Version.**
[308] Panaghoy 3:22-23.

## Konklusyon: Ang Jeremias sa Bagong Tipan

Ang aklat ng Jeremias ay madalas na binabanggit ng mga manunulat ng Bagong Tipan. Ang aklat ng Pahayag ay nagbabanggit ng mga talata mula sa Jeremias upang ilarawan ang parating na pagkawasak ng "Babilonia," ang kaaway ng mga mamamayan ng Dios.[309]

Maraming pagkakatulad ang mga ministeryo ni Jeremias sa ministeryo ni Jesus. Katulad ng pagtangis ni Jeremias dahil sa pagkawasak ng Jerusalem, tumangis din si Jesus para sa bayan at nagpahayag ng pagkawasak ng templo.[310] Sa paglilinis ng templo, ginamit ni Jesus ang pananalita ni Jeremias upang ilarawan ang paglapastangan sa tahanan ng Dios para gawin itong pugad ng magnanakaw.[311] Si Jeremias at Jesus ay parehong itinakwil ng mga taong kanilang pinaglingkuran.

Ginamit ni Pablo ang mga pananalita ni Jeremias sa pagsusulat ng soberenya ng Dios sa pagtawag sa mga Hentil patungo sa kaligtasan. Ang magpapalayok ay may kapangyarihan sa putik at "ipinaalam ang kanyang walang kapantay na kadakilaan sa mga taong kanyang kinahahabagan."[312]

Ang pinakamahalaga, ang ebanghelyo ay nakita sa mga pangako sa Jeremias ng pagpapanumbalik ng Dios sa kanyang mga mamamayan. Ang pagpapanumbalik na ito ay hindi lubos na natupad sa kasaysayan ng Israel. Sa pamamagitan ng kamatayan at muling pagkabuhay ni Jesus, ang pagpapanumbalik na ito ay natupad at nangyari sa pamamagitan ng iglesia.

[309] Kabilang sa halimbawa ang Pahayag 18:4, 8, and 24.
[310] Lucas 19:41-44 at Mat. 24:1-2.
[311] Jer. 7:11 and Mat. 21:13.
[312] Rom. 9:20-24.

## Mga Takdang Aralin sa Leksiyon

Ipakita ang iyong pagkaunawa sa leksyong ito sa pamamagitan ng mga sumusunod na takdang aralin:

(1) Pumili ng **isa** sa mga sumusunod na takdang aralin:

Option 1: Takdang Aralin pang Grupo

Talakayin ang mga "Mga Pagtatapat" ni Jeremias sa Jeremias 11-20. Itala ang mga reklamo ni Jeremias at ang mga sagot ng Dios. Ihalintulad ang mga reklamo ni Jeremias sa mga paghihirap na inyong kinakaharap sa ministeryo. Anong mga aral ang maaaring makuha ng inyong grupo mula sa halimbawa ni Jeremias? Magsulat ng isang pahinang buod ng inyong talakayan.

Option 2: Takdang Aralin na pang indibidwal

- Sumulat ng isang detalyadong balangkas para sa isang sermon patungkol sa katapatan ng Dios sa pagkakaloob ng kanyang awa ayon sa aklat ng Jeremias at Mga Panaghoy.
- Sumulat ng isang detalyadong balangkas para sa isang sermon patungkol sa paghatol ng Dios ayon sa aklat ng Jeremias at Mga Panaghoy.

(2) Kumuha ng pagsusulit sa leksyong ito. Kabilang sa pagsusulit ang mga talata ng Biblia na nakatakdang isa-ulo.

## Mga Tanong sa Pagsusulit sa Leksiyon 10

(1) Bakit tinawag si Jeremias bilang "ang Tumatangis na Propeta?"

(2) Ang ang pinagmulan na pamilya ni Jeremias?

(3) Itala ang mga petsa para sa tatlong grupo na binihag. Para sa unang dalawang grupo, magpangalan ng isang propetang binihag.

(4) Ano ang mga pangunahing layunin ng Jeremias at Mga Panaghoy?

(5) Ano ang isang "propetikong pagsasakdal"?

(6) Ano ang mga "pagtatapat ni Jeremias"?

(7) Ano ang "Aklat ng Kaaliwan" sa Jeremias?

(8) Anong anyo ng tula ang ginamit sa kabanata 4 at 5 ng Mga Panaghoy?

# Leksiyon 11
# Si Ezekiel at Daniel

## Mga Layunin ng Aralin

Sa pagtatapos ng leksiyong ito, ang mga-aaral ay dapat:

(1) Malaman ang tinatayang panahon at Kalagayang Pangkasaysayan ng Ezekiel at Daniel.

(2) Matutunang ibalangkas ang mga pangunahing tema at layunin ng Ezekiel

at Daniel.

(3) Maunawaan ang mga problema kaugnay ng pagbibigay kahulugan sa

mga apocalyptic prophecy/propesiya sa mga huling araw.

(4) Igalang ang dakilang kapangyarihan ng Dios na sumasaklaw sa kasaysayan ng tao.

(5) Iugnay ang mensahe ng Ezekiel at Daniel sa mga pangangailangan sa panahon natin ngayon.

## Leksiyon

*Basahin ang Ezekiel at Daniel*

*Isa-ulo ang Ezekiel 36:25-27*

## Panimula

Maraming pagkakatulad ang Ezekiel at Daniel sa Jeremias. Lahat ng aklat na ito ay nagmula sa mga taon na sumasaklaw sa pagbagsak ng Jerusalem. Si Daniel at Ezekiel ay nasa Babilonia habang si Jeremias naman ay nasa Jerusalem. Habang pinagmamasdan ni Jeremias ang pagbagsak ng Jerusalem, nakita naman ni Ezekiel ang mga pangitain ng pagkawasak mula sa kanyang tahanan sa Babilonia. Si Daniel, na mas bata kaysa kina Jeremias at Ezekiel, ay dinala sa Babilonia sa unang pagsakop sa Jerusalem.

Habang ang bawat aklat na ito ay naglalaman ng mensahe ng pag-asa at pagpapanumbalik, ang pagpapanumbalik sa darating na hinaharap ay pinagtutuunan ng isang malaking pansin sa Ezekiel at Daniel higit sa aklat ng Jeremias. Ang pangunahing mensahe ng aklat ng Jeremias ay ang paghatol sa Jerusalem; Nakita ni Ezekiel ang isang nakasisiglang pangitain ng pagpapanumbalik; Nakita ni Daniel ang pangitain ng lubos na katuparan ng layunin ng Dios sa darating na hinaharap.

| Tala ng Mga Panahon ng aklat ng Ezekiel at Daniel | |
|---|---|
| **Petsa** | **Kaganapan** |
| 605 B.C. | Dinala si Daniel sa Babilonia |
| 597 B.C. | Dinala si Ezekel sa Babilonia |
| 586 B.C. | Ang Pagbagsak ng Jerusalem |
| 571 B.C. | Wakas ng ministeryo ni Ezekiel |
| 539 B.C. | Sinakop ng Persia ang Babilonia |
| 538 B.C. | Unang Pagbabalik mula sa pagkakatapon |
| 536 B.C. | Wakas ng ministeryo ni Daniel |

## Background ng Ezekiel

| Ang Ezekiel sa isang sulyap | |
|---|---|
| **May Akda** | Ezekiel |
| **Tagapakinig** | Mga pinatapon sa Babilonia |
| **Petsa** | c. 593-571 B.C. |
| **Tema** | Paghuhukom at Pagpapanumbalik |
| **Layunin** | Upang bigyang babala sa parating na paghatol |
| | Upang ipangako ang pagpapanumbalik sa hinaharap |
| **Ang Ebanghelyo sa Ezekiel** | Nakita ni Ezekiel ang isang araw na ang presensya ng Dios ay muling makakapiling ng Kanyang mamamayan. Ito ay natupad sa pagdating ni Jesus (Jn. 1:14). |
| | Nakita ni Ezekiel ang isang ilog na nagdadala ng buhay kung saan man ito dumaloy. Sinabi ni Jesus na siya ang pinagmumulan ng tubig na nagbibigay buhay (Jn. 4:10-14). |

## Kalagayang Pangkasaysayan ng Ezekiel

Ang pangalang Ezekiel ay nangangahulugang "pinalakas ng Dios." Ipinanganak siya ng mas maaga bago natuklasan ni Josias ang Kautusan noong 621 B.C. Bilang anak ng isang pari, nasaksihan ni Ezekiel ang pagbabagong-buhay na kasabay ng mga reporma ni Josias at marahil ay narinig ang pangangaral ni Jeremias.

Si Ezekiel ay dinala sa Babilonia bilang bahagi ng pagpapauwi sa mga bihag noong 597 B.C. kasunod ng pag-aalsa ni Jehoakim. Nanirahan siya sa isang pamayanan ng mga pinatapon na nasa kanal ng Chebar canal malapit sa lungsod ng Nippur. Si Ezekiel ay may asawa, ngunit walang nabanggit na anumang anak.

Sa halip na maglingkod bilang isang pari sa Jerusalem, si Ezekiel ay naglingkod bilang isang propeta kasama ng mga bihag.[313] Ang ministeryo ng isang pari ay nagsimula sa edad na tatlumpu at nagwakas sa edad na limampu.[314] Ang unang pangitain ni Ezekiel ay dumating nang siya ay malapit nang maging tatlumpung taong gulang at ang pangitain na nagwakas sa aklat ay dumating nang si Ezekiel sa limampung taong gulang.[315] Katulad ni Jeremias, ang mga mensahe sa Ezekiel ay hindi laging magkakasunod. Ang mga propesiya ni Ezekiel na tatalunin ni Nebucodonosor ang Ehipto[316] ay ibinigay noong 571 B.C., dalawang taon pagkatapos ng pangitaing na tumapos sa aklat na ito.

Ang pangunahing tagapakinig ni Jeremias ay ang mga mamamayan ng Jerusalem, ngunit ang sinulatan niya ay ang mga bihag sa Babilonia. Ang pangunahing tagapakinig ni Ezekiel ay ang mga Hudyo sa Babilonia, ngunit ang sinulatan niya ay ang mga mamamayan ng Jerusalem.

## Layunin

Ang mga bihag sa Babilonia ay maraming katanungan:

- "Hanggang kailan magtatagal ang pagkakabihag sa amin?"
- "Ano ang mangyayari sa aming lungsod?"
- "May pag-asa pa ba sa kinabukasan?"

Tumugon si Ezekiel na ang pagkakabihag ay tatagal ng maraming taon. Sumulat siya upang bigyan ng babala ang mga tao sa Jerusalem na malapit na silang ipatapon sa Babilonia. Pagkaraan ng pagkawasak ng lungsod, dinala ni Ezekiel ang pangako ng pagpapanumbalik sa Dios. Sa huli, ang aklat ng Ezekiel ay isang mensahe ng pag-asa; hindi sinukuan ng Dios ang kanyang mga mamamayan.

---

[313] Ezek. 8:1; 14:1; 20:1.
[314] Mga Bilang 4:3.
[315] Ang pangitain ni Ezekiel sa dulo ng aklat (40:1) ay nangyari dalawampung taon pagkatapos ng kanyang unang pangitain sa Ezek. 1:2.
[316] Ezek. 29:17-21.

| Ang Mga Tanong ng mga Ipinatapon | Sagot ni Ezekiel |
|---|---|
| **Malapit na kaya ang pagkatalo ng Babilonia?** | Hindi. Ang Babilonia ay magkakaroon ng higit pang mga tagumpay laban sa Juda. Marami sa mga nananatili sa Jerusalem ay pauuwiin (Ezek. 12). |
| **Ano na ang mangyayari sa Jerusalem?** | Ang Jerusalem ay mawawasak (Ezek. 5). |
| **Bakit kami pinarurusahan sa mga ginawa ng aming mga ninuno?** | Ang bawat tao ay may pananagutan sa kanilang sariling kasalanan. "Ang kaluluwa na nagkasala, ito ay mamamatay" (Ezek. 18). |
| **Mayroon bang pag-asa para sa mamamayan ng Dios?** | Oo! Nangako ang Dios ng isang maluwalhating hinaharap (Ezek. 40-48). |

## Pangkalahatang Pagtanaw sa Ezekiel

### Balangkas ng Ezekiel

### *Ang Pagkatawag kay Ezekiel (Ezek. 1–3)*

Ang pagkatawag kay Ezekiel, katulad ng marami sa kanyang mga mensahe, ay dumating sa pamamagitan ng isang pangitain mula sa Dios. Ang pangitain ay binubuo ng limang yugto:

- Ang Tagpo (1:1-3)
    - Ang paglapit sa trono ng Dios (1:4-28)
        - Ang Pagtawag (2:1-3:11)
    - Ang Pag-alis mula sa trono ng Dios (3:12-13)
- Ang Tagpo (3:14-15)

Katulad ni Isaias at Jeremias, tinawag si Ezekiel na mangaral sa mga taong ayaw makinig. Sinabi ng Dios kay Ezekiel na mas madaling magsalita sa mga taong may ibang wika kaysa sa mga suwail na mamamayan ng Juda. Sila ay "may matigas na ulo at suwail na puso." Gayunpaman, tiniyak ng Dios kay Ezekiel, "Patitigasin ko ang iyong kalooban nang katulad nila."[317] Pinalakas ng Dios si Ezekiel para sa kanyang mahirap na misyon.

---

[317] Ezek. 3:7-8, **English Standard Version.**

### *Paghuhukom sa Juda (Ezek. 4–24)*

Sa pamamagitan ng isang serye ng mga pangitain at simbolikong pagkilos, nagdala si Ezekiel ng isang mensahe ng paghatol sa mga bihag sa Babilonia. Ang sentro ng mensahe sa aklat ay ang pangitain ni Ezekiel sa kabanata 8 hanggang 11. Nakita ni Ezekiel ang isang pangitain ng mga karumal-dumal na gawain sa templo mismo; ang mga matatanda ay nagsasagawa ng pagsamba sa dios-diosan sa templo. Bilang tugon, inutusan ng Dios ang anim na tagapatay upang wasakin ang mga tao at upang "punuin ang mga korte ng mga pinatay."[318] Nakita ni Ezekiel kung paano umalis ang kaluwalhatian ng Dios sa templo. Ang bahaging ito (Ezek. 10–11) ay katulad sa Mensahe ni Jeremias sa Templo (Jer. 7) na ang mensahe ay ang paghatol sa templo.

Nagbigay si Ezekiel ng isang serye ng mga mensahe at talinghaga na tumutukoy sa pagbagsak ng Jerusalem. Ang mensahe ng paghatol ay naging sukdulan sa pagkamatay ng asawa ni Ezekiel. Inutusan ng Dios si Ezekiel na huwag magpakita ng panlabas na pagdadalamhati. Nang tanungin ng mga tao kung bakit hindi siya nagdadalamhati sa pagkamatay ng kanyang asawa, sinabi sa kanila ni Ezekiel na ang Jerusalem ay magdurusa ng katulad na labis na kakila-kilabot na mga bagay at ang mga nakaligtas ay hindi na nanaising magsagawa pa ng mga ritwal ng pagdadalamhati para sa kanilang mga mahal sa buhay.[319]

### *Paghuhukom sa mga Dayuhang Bansa (Ezek. 25–32)*

Ang isang mahalagang tema sa mga propetikong aklat ay ang soberenya ng Dios sa **lahat** ng mga bansa. Hindi katulad ng mga dios-diosan ng mga kalapit bayan ng Israel, si Jehovah ay hindi isang lokal na dios-diosan. Sa pagpapakita ng soberenya ng Dios sa lahat ng tao, dinala ni Ezekiel ang mga Kasulatan ng propesiya ng paghuhukom laban sa Ammon, Moab, Edom, Filisteo, Tiro, Sidon, at Ehipto. "Makikilala ng mga kalaban ng Israel na Ako ang PANGINOON, kapag nagpatupad ako ng mga paghatol sa kanila, at aking ipapahayag ang aking kabanalan sa kanya."[320]

### *Pagpapanumbalik sa Israel (Ezek. 33–39)*

Pagkatapos ng pagbagsak ng Jerusalem, ang mensahe ni Ezekiel na paghatol ay napalitan ng mensahe ng pagpapanumbalik. Alang-alang sa pangalan ng Dios, ibabalik niya ang mga mamamayan.[321] Sa pagpapanumbalik ng pisikal, ibabalik sila ng Dios sa lupain; sa espirituwal na pagpapanumbalik, babaguhin ng Dios ang kanilang mga puso. Ipinangako ng Dios na lilinisin niya ang Israel sa pamamagitan ng tubig (gagawin silang malinis sa panlabas) at ibibigay sa kanila ang bagong puso at bagong espiritu (gagawin silang malinis

---

[318] Ezek. 9:7.
[319] Ezek. 24:15-27.
[320] Ezek. 28:22.
[321] Ezek. 36:16-23.

sa panloob).[322] Ang Bagong buhay ng Israel ay inilarawan sa pangitain ni Ezekiel tungkol sa isang lambak ng tuyong buto na naipanumbalik sa pamamagitan ng hininga ng Espiritu ng Dios.

### *Ang Bagong Templo ng Israel (Ezek. 40–48)*

Nagwakas ang Ezekiel sa isang pangitain na nagbibigay inspirasyon na basahin, ngunit mahirap bigyang kahulugan o ipaliwanag. Dinala ng Dios si Ezekiel sa isang mataas na bundok at nagpakita sa kanya ng isang pangitain ng isang bagong templo. Nakita ni Ezekiel ang isang bagong templo, ang altar at mga handog, ang isang ilog na umaagos mula sa templo na siyang nagdadala ng kagalingan sa mga bansa, ang mga hangganan ng tribo ng naibalik na bansa, at ang labindalawang pintuan ng Jerusalem. Ang pinakamahalaga, nakita ni Ezekiel ang kaluwalhatian ng Dios na bumalik sa Jerusalem.[323]

Ang mga tagapagpaliwanag ng Biblia ay hindi nagkakaisa patungkol sa eksaktong kahulugan ng mga pangitain. Dahil ang mga maka-Dios na Kristiyano na nakatuon sa katotohanan ng Banal na Kasulatan ay hindi sumasang-ayon sa mga detalye ng pangitain, dapat tayong maging maunawain sa mga mananampalataya na possibleng iba para sa kanila ang kahulugan ng pangitain. Ang ilan sa mga maaaring posibilidad sa pagbibigay kahulugan sa mga pangitain ay kinabibilangan ng:

(1) Nakikita ng ilan ang pangitaing ito bilang isang pangako na ang templo ay itatayong muli pagkatapos na makabalik ng Juda sa Jerusalem. Sa pananaw na ito, ang kakulangan ng pananampalataya ang pumipigil sa mga tao na makamit ang lahat ng ipinakita ng Dios kay Ezekiel.

(2) Nakikita ng ilan ang pangitaing ito bilang isang larawan ng nakalipas na sanlibong taon. Sa pananaw na ito, sa loob ng isang libong taon na paghahari ni Cristo sa mundo, ang templo ay itatayong muli at ang handog ay ibabalik bilang paalala ng pagbabayad-salang kamatayan ni Cristo.

(3) Nakikita ng ilan ang pangitain na ito bilang larawan ng pagkilos ng Dios sa pamamagitan ng mga iglesia ngayon. Sa pananaw na ito, tinutupad ng Dios ang kanyang pangako sa pamamagitan ng iglesia.

(4) Nakikita ng ilan ang pangitaing ito bilang isang talinghaga para sa presensya ng Dios na kasama ng kanyang mga mamamayan sa bagong langit at bagong mundo. Sa pananaw na ito, ang templo at mga sakripisyo ay larawan ng pagsamba sa langit; hindi sila maibabalik sa isang literal na paraan.

(5) Sa Panghuli, nakikita ng ilan ang pangitaing ito na naglalaman ng literal at simbolikong mga katangian. Sa pananaw na ito, ang Ezekiel 40–48 ay bahagyang

---

[322] Ezek. 36:24-25. Ang paglilinis na gumagamit ng tubig para sa panlabas na kalinisan ay tumutukoy sa Mga Bilang 19:19-21. Sa Juan 3:5, ginamit din ni Jesus ang lengguwaheng ito sa pakikipag-usap niya kay Nicodemo.
[323] Lumisan ang kaluwalhatian ng Dios sa Ezekiel 11; bumalik ito sa Ezekiel 43.

nabigyan ng katuparan sa pagbalik sa Jerusalem at lubusang mabibigyang katuparan sa mga huling araw.

### Ang Propetikong Estilo ni Ezekiel

Ang isa sa mga pinaka-kamangha-manghang aspeto ng Ezekiel ay ang paraan ng propeta sa pagpaparating ng mensahe ng Dios sa kanyang mga tagapakinig. Ang dalawang aspeto ng propesiya ni Ezekiel ay mahalaga para maintindihan ang aklat: ang paggamit ni Ezekiel ng mga drama at ng kanyang mga pangitain.

Inutusan si Ezekiel na isadula/gawin ang ilan sa kanyang mensahe. Isinulat niya ang pangalang "Jerusalem" sa isang bloke ng putik at pinalibutan ito ng anyong paglusob upang ipahayag ang propesiyang pagsakop ni Nebucodonosor sa Jerusalem.[324] Humiga siya nang patagilid sa kaliwa sa loob ng 390 na araw bilang tanda ng kasamaan ng Israel; siya ay humiga nang patagilid sa kanang bahagi sa loob ng apatnapung araw bilang tanda ng kasamaan ng Judah.[325]

Kinalbo ni Ezekiel ang kanyang ulo at hinati-hati ang mga bahagi ng buhok. 1/3 ay sinunog, na kumakatawan sa apoy sa Jerusalem; 1/3 ay pinutol putol gamit ang espada, na kumakatawan sa kamatayan sa labanan; 1/3 ay itinapon sa hangin, na kumakatawan sa pagkalat ng mga Hudyo sa pagpapatapon. Sinabi ng Dios kay Ezekiel na magtabi ng ilang piraso ng buhok at itali ito sa kanyang sinturon; ito ang bahagi na mananatili sa Jerusalem.[326]

Ang mga pangitain ni Ezekiel ay maaaring mahirap bigyang kahulugan. Ang ilang mambabasa ay nabighani ng mga detalye ng mga pangitain na naging dahilan upang hindi nila makita ang pangkalahatang mensahe. Si Ezekiel ay gumagamit ng mga wika na nagpapakita na hindi niya sinisikap magbigay ng eksaktong representasyon ng kanyang nakita; labinlimang beses na tinukoy niya "ang mga katulad" ng isang bagay at tatlong beses na inilarawan niya ang isang bagay na "katulad nito." Gumagamit siya ng wika ng tao upang ilarawan ang isang bagay na hindi kayang ilarawan ng tao.

Bagamat maaaring hindi natin maunawaan ang bawat detalye ng pangitain ni Ezekiel, ang kabuuan ng mensahe ay maliwanag: Hahatulan ng Dios ang kanyang bayan sa kanilang kasalanan. Pagkatapos, kapag naparusahan na sila, panunumbalikin ng Dios ang kanyang mamamayan. Ang Kanyang kaluwalhatian ay muling mananatili kasama ng kanyang mamamayan.

## Background ng Daniel

### Kalagayang Pangkasaysayan ng Daniel

[324] Ezek. 4:1-3.
[325] Ezek. 4:4-8.
[326] Ezek. 5:1-12.

Si Daniel ay dinala sa Babilonia noong 605 B.C. kasama ang unang pangkat ng mga Hudyong binihag. Marahil isang binatilyo pa lamang siya sa panahong iyon, ginugol niya ang natitirang bahagi ng kanyang mahabang buhay bilang isang propeta sa Babilonia. Ang aklat ng Daniel ay nagtatala ng mga kaganapan hanggang sa 536 B.C., ang ikatlong taon ng pamamahala ni Haring Cyrus sa Persia.[327] Nakita mismo ni Daniel ang pagbagsak ng Judah, ang pagbagsak ng emperyo ng Babilonia, at ang pagbangon ng emperyo ng Persia.

| **Isang sulyap sa Daniel** | |
|---|---|
| **May akda** | Daniel |
| **Petsa** | c. 605-536 B.C. |
| **Tagapakinig** | Ang Mamamayan ng Dios sa lahat ng panahon |
| **Tema** | Ang kaharian ng Dios |
| **Layunin** | Ipakita ang katapatan sa Dios (Dan. 1-6) |
| | Ipakita ang soberenya ng Dios sa kasaysayan (Dan. 7-12) |
| **Ang Ebanghelyo sa Daniel** | Ang pangako na tagumpay ng Dios ay bahagyang nabigyan ng katuparan sa pagkamatay at muling pagkabuhay ni Cristo. |
| | Ang pangakong ito ay ganap na matutupad sa Ikalawang Pagbalik ni Cristo. |

Ang pangalang Daniel ay nangangahulugang "Ang Dios ang aking hukom," isang angkop na pangalan para sa isang propetang nangangaral ng isang mensahe ng soberenya ng Dios sa buong mundo. Ipinakita ni Daniel na ang Dios ang hukom sa mundo. Tatapusin ng Dios ang kanyang layunin sa kasaysayan.

### Layunin

Nagsusulat sa panahon ng pang-aapi at kaguluhan, ipinaparating ng aklat ng Daniel ang dalawang mahalagang katotohanan: ang kahalagahan ng katapatan sa Dios at ang katotohanan ng soberenya ng Dios sa kasaysayan ng sangkatauhan. Sa kabila ng mga kasalukuyang kalagayan, hanggang sa huli ay ipagtatanggol ng Dios ang kanyang bayan. Ipinapakita ni Daniel na ang lahat ng kasaysayan ng mundo, hindi lamang ang kasaysayan ng Israel, ay tumutupad sa mga layunin ng Dios.

---

[327] Dan. 10:1.

## Pangkalahatang Pagtanaw sa aklat ng Daniel

### Istraktura ng Daniel

#### *Ang Katapatan sa Korte ng Babilonia (Daniel 1–6)*

Ang istorya ni Daniel at ng kanyang tatlong kaibigan ay nagbibigay ng mga modelo ng katapatan sa panahon ng pagkakabihag. Ipinakita nila na maaaring manatiling tapat kahit sa isang paganong mundo.

Ang mga panimulang pangungusap ni Daniel ay nagtatag sa tema ng soberenya ng Dios:

> "Nang ikatlong taon ng paghahari ni Haring Jehoiakim sa Juda, si Nebucodonosor na hari ng Babilonia ay dumating sa Jerusalem at kinubkob ito. Pinahintulutan ng Panginoon na bihagin niya si Haring Jehoiakim, at sinamsam ang ilang kasangkapan sa Templo."[328]

Sinakop ni Nebucodonosor ang Jerusalem; ngunit ang Panginoon ang siyang "nagbigay sa hari ng Juda sa kamay ni Nebucodonosor." Ang Dios ang siyang nagbigay ng tagumpay sa Babilonia.

Dahil ang Dios ay may soberenya sa lahat, ang mamamayan ng Dios ay dapat na maging tapat sa kanya kahit na sa mga panahon na ang mga kaaway ng Dios ay tila nasa kontrol. Ang aklat ng Daniel ay nagpapakita ng katapatan sa Dios na may isang serye ng mga ilustrasyon:

- Si Daniel at ang kanyang mga kaibigan ay tumanggi na "dumihan ang kanilang sarili" sa pamamagitan ng mga pamamaraan ng Babilonia. Pinarangalan ng Dios ang kanilang katapatan sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng pabor mula sa isang haring pagano. (Dan. 1).
- Ibinigay ng Dios kay Daniel ang kahulugan ng panaginip ni Nebucodonosor. Itinaas ng Dios si Daniel at kanyang mga kaibigan sa maimpluwensyang katayuan sa Babilonia (Dan. 2).
- Tumanggi ang mga kaibigan ni Daniel na yumuko sa isang dios-diosang pagano.[329] Pinarangalan ng Dios ang kanilang katapatan sa pamamagitan ng pagliligtas sa kanilang buhay sa nagbabagang pugon. Namangha ang hari nang makita niya ang tatlong kalalakihan na sinamahan ng ika-apat na tao na "katulad ng Anak ng Dios" (Dan. 3).
- Ipinakita na Dios ang kanyang soberenya nang ibagsak niya at gawing mapagpakumbaba si Nebucodonosor (Dan. 4).

---

[328] Dan. 1:1-2, **ESV.**
[329] Maaaring isipin na wala doon si Daniel nang ibigay ang kautusan na yumukod sa dios-diosan.

- Ipinakita ng Dios ang kanyang soberenya sa pamamagitan ng pagkuha ng kaharian mula kay Belshazzar at ibigay ito kay Dario na Mede (Dan. 5).
- Noong ipinatapon si Daniel sa kulungan ng mga leon dahil sa kanyang katapatan sa Dios, iniligtas siya ng Dios mula sa tiyak na kamatayan (Dan. 6).

Ito ay higit pa sa mga istoryang pangbata; nagbibigay ang mga ito ng malakas na ilustrasyon ng katapatan sa lahat ng sitwasyon. Nang manatiling tapat sa Dios si Daniel at ang kanyang mga kaibigan, ang Dios ay nanatiling tapat sa kanila.

### *Mga Pangitain ng Soberenya ng Dios (Daniel 7–12)*

Ang bahaging ito ay maingat na iniugnay sa unang bahagi ng aklat. Ang dalawang bahagi ay magkaugnay sa pamamagitan ng wika (ang kabanata 2–7 ay nasa wikang Aramaiko, hindi Hebreo). Ang dalawang bahaging ito ay magkaugnay rin sa pamamagitan ng thematic focus sa soberenya ng Dios.

Nakakita si Daniel ng mga pangitain na nagpapatotoo sa soberenya ng Dios sa kasaysayan ng sangkatauhan. Ang Dios ay hindi lamang Dios ng mga Hudyo; siya ay Dios ng buong mundo.

Ang mga pangitain ni Daniel 7–12 ay hindi magkakasunod. Sa halip, nasasaklaw nito ang parehong materyal ng maraming beses. Iminumungkahi ng isang manunulat na ang mga kabanata 7–12 ay katulad ng isang hagdan na paikot; ang bawat kabanata ay nagdadala sa atin sa isang mas mataas na punto, na nagbibigay ng isang mas malinaw na pananaw sa pagkilos ng Dios sa kasaysayan ng sangkatauhan.[330]

*Isang Pangitain ng Apat na Malaking Halimaw (Dan. 7)*

Ang apat na malaking halimaw na umahon mula sa dagat ay naihahambing sa kaluwalhatian ng 'Ancient of Days' na nasa kanyang trono. Ang pinakanakakatakot ay ang ika-apat na halimaw; mayroon itong sampung sungay at ngipin na bakal at kinain nito ang anumang naiwan ng iba pang mga halimaw. Matapos talunin ang mga halimaw, ang Anak ng Tao ay binigyan ng kaluwalhatian at kapangyarihan ng Mula sa Sinaunang Panahon.

Nang humingi si Daniel ng kahulugan, sinabihan siya na ang apat na malaking halimaw ay apat na kaharian na babangon mula sa lupa. Lalamunin/Tatalunin ng ika-apat na kaharian ang iba. Ang sampung sungay ay ang sampung hari na magmumula sa ika-apat na kaharian. Ang pinakamaliit ay magpapasuko ng tatlong hari at magsasalita laban sa Kataas-taasang Dios. Tututulan niya ang mga pinabanal sa loob ng "tatlo at kalahating panahon," pagkatapos nito ay mabubuhay ang mga pinabanal sa isang walang hanggang kaharian.

*Isang Pangitain ng isang Lalaking Tupa at isang Lalaking Kambing (Dan. 8)*

---

[330] D.A. Carson and Donald Guthrie. **New Bible Commentary.**InterVarsity Press, 1994.

Sa pangitaing ito, isang lalaking tupa na may dalawang sungay (ang isa ay mas malaki kaysa sa isa) ay makapangyarihan sa lahat. Nagapi ng kambing na may isang sungay sa gitna ng ulo ang tupa, ngunit ang kanyang sungay ay mapuputol at papalitan ng apat na mas maliit na sungay. Mula sa isa sa mga ito, tumubo ang isang malaking sungay na umabot sa langit. Itinapon nito ang ilan sa mga bituin sa mundo, tinapakan ang mga ito, at itinayo ang sarili bilang isang Prinsipe. Ipinaliwanag ni Gabriel kay Daniel na ang tupang may dalawang sungay ay kumakatawan sa mga hari ng Media at Persia. Ang kambing ay kumakatawan sa Gresya; ang malaking sungay ay ang hari nito; ang mas maliliit na sungay ay ang mas maliliit na kaharian na nagmula sa Gresya; ang sungay na lumaki hanggang langit ay isang masamang hari na sisirain ang mga pinabanal. Ang haring ito ay pupuksain, ngunit hindi sa pamamagitan ng kapangyarihan ng tao.

*Isang Pangitain ng Pitumpung Linggo (Dan. 9)*

Habang namamagitan si Daniel para sa nagdurusang mga Hudyo, sinabi sa kanya ni Gabriel na dapat magdusa ang Israel sa loob ng pitumput pitong linggo dahil sa kanilang kasalanan. Pagkatapos ay itatayo nilang muli ang Jerusalem at maghihintay ng animnapu't siyam na pitong beses hanggang sa lumitaw Ang (Nakatakdang) Hinirang. Sisirain ng isa pang pinuno ang Jerusalem, gagawa ng isang linggong tipan sa Israel, at magsasagawa ng isang karumaldumal na pagwasak hanggang ibuhos sa kanya ang wakas.

*Mga Pangitain sa Hinaharap ng Israel (Dan. 10–11)*

Nakita ni Daniel ang isang lalaking nakasuot ng lino na may gintong sinturon, na may mukhang parang kidlat, mga mata na parang nagliliyab na sulo, at mga braso at mga binti na parang tanso. Isang mensahero ang nagsabi kay Daniel na tatlong hari ang lilitaw sa Persia at ang pang-apat ang mangunguna sa paglaban sa Greece. Pagkatapos ng paglitaw ng makapangyarihang hari, ang kanyang kaharian ay mahahati sa apat na parte. Ang mga digmaan sa pagitan ng mga hari sa Timog at Hilaga ay magtatapos sa pagkakamit ng kapangyarihan ng hari ng Hilaga. Uusigin niya ang mga sumasampalataya sa Dios at itatatag niya ang "abomination of desolation/kasuklam-suklam na kalapastanganan"

*Konklusyon sa Pangitain ni Daniel (Dan. 12)*

Sa Pangwakas, ang archangel na si Michael ay babangon sa panahon ng matinding pagkabalisa upang mailigtas ang lahat ng taong nakasulat ang pangalan sa Aklat. Mangyayari ito pagkatapos ng isang "oras, mga oras, at kalahating oras."[331] Sinabi sa kanya ng anghel na ito ay aabutin ng 1,290 araw mula sa karumaldumal na pagkawasak/ kasuklam-suklam.

---

[331] Dan. 12:7.

**Mga Emperyo sa mga Pangitain ni Daniel**

Ang karaniwang pag-unawa sa mga emperyo sa mga pangitain ni Daniel ay makikita sa talaan sa ibaba.

| Mga Emperyo sa mga Pangitain ni Daniel | | | |
|---|---|---|---|
| **Kaharian** | **Imahe sa Dan. 2** | **Halimaw sa Dan. 7** | **Mga Halimaw sa Dan. 8** |
| Babilonia | Ulo na may purong ginto | Katulad ng isang leon na may mga pakpak ng agila | |
| Medo-Persia | Dibdib at braso na pilak | Katulad ng isang oso | Tupang mayroong dalawang sungay |
| Gresya | Tiyan at hita na tanso | Tulad ng isang leopardo na may apat na pakpak at apat na ulo | Ang lalaking kambing na may isang malaking sungay, apat na sungay at maliit na sungay |
| Roma | Mga binti na bakal, paa na bakal at putik | Hindi maihahambing na halimaw na may sampung sungay at maliit na sungay | |
| Kaharian ng Dios | Ang bato na naging isang malaking bundok | Natanggap ng Mesiyas at ng mga pinabanal ang kaharian | |

**Tema ng Daniel**

Habang hindi sumasang-ayon ang mga iskolar patungkol sa mga detalye ng mga pangitain ni Daniel, mayroong tatlong tema na makikita sa kabuuan ng aklat.

***Ang Soberenya ng Dios***

Sa pamamagitan ng mga istorya ng pag-iingat ng Dios sa kabanata 1–6 at mga pangitain sa kabanata 7–12, ipinakita ni Daniel ang soberenya ng Dios, hindi lamang sa Jerusalem kundi maging sa buong mundo. Para sa mga bihag na naninirahan sa lupain ng dayuhan, ito ay isang malakas na mensahe. Mula sa pambungad na patotoo ng soberenya ng Dios sa pagbibigay sa Juda kay Nebucodonosor sa pamamagitan ng mga propetikong larawan ng Sinaunang Panahon na nagtatag ng isang walang hanggang kaharian para sa kanyang mga

mamamayan, ipinakita ni Daniel na ang Dios ang siyang namamahala sa kasaysayan ng sangkatauhan.

### *Ang Pagmamataas ng Sangkatauhan*

Itinuro ni Daniel na inililigtas ng Dios ang mga tapat sa kanya at hinahatulan ang mga mapagmataas. Sa kabanata 1–6, inilalagay ng mga pinuno ng Babilonia ang kanilang sarili laban sa Dios at kanyang mga mamamayan. Ang mga istorya ng kahihiyan ni Nebucodonosor(Dan. 4) at paghatol ng Dios kay Belshazzar (Dan. 5) ay nagpapakita na ibinabagsak at ginagawang mapagpakumbaba ng Dios ang isang taong mapagmataas.[332]

Sa kabanata 7–12, isang serye ng mga pinuno ng mundo ang sumasalungat sa mga layunin ng Dios. Kalaunan, ang bawat isa sa mga ito ay natalo. Pinalitan ng Mula sa Sinaunang Panahon at ng Anak ng Tao ang mga pinuno sa lupa. Sa mga huling kabanata ng Daniel, dinurog ng mga pwersa ng kalangitan ang mga kaaway ng Dios.

### *Ang Lubos na Tagumpay ng mga Mamamayan ng Dios*

Kahit paano natin bigyang kahulugan ang mga kaharian sa pangitain ni Daniel, ang lubos na tagumpay ng mga mamamayan ng Dios ay maliwanag. Inilarawan ni Daniel ang pagkaantala sa pagdating ng walang hanggang kaharian ng Dios, isang pagkaantala kung saan ang mga mamamayan ng Dios ay magdurusa sa pamamagitan ng mga pagsubok at pag-uusig. Gayunpaman, ang mga taong matapat ay masisiyahan sa pagtanggap ng pangwakas na tagumpay.

Ang pangunahing mensahe ni Daniel ay isang hamon sa katapatan sa panahon ngayon. Dahil sa pangwakas na tagumpay ng Dios at ng kanyang mamamayan, ang mga mananampalataya ay dapat mabuhay nang may katapatan sa panahon ngayon.

## Ang Pangungusap ng aklat ng Ezekiel at Daniel Sa Panahon Ngayon

Kung minsan ay tinutukso ang mga iglesia na lumayo mula sa mundo patungo sa isang nakabukod na "espirituwal" na pag-aalala habang naiiwan ang iba pang bahagi ng buhay. Sinabi ni Abraham Kuyper , **"Wala kahit isang square inch sa kabuuan ng ating pag-iral bilang tao na hindi masasabi ni Cristo, na siyang may soberenya sa lahat lahat, na: 'Akin iyan!'"** Naunawaan ng Dutch iskolar, pulitiko, at Kristiyanong ito ng ika-19 na siglo na ang Dios ang may soberenya sa lahat.

Ang mga huling kabanata ng Ezekiel at ang huling kalahating bahagi ng Daniel ay nagpapahayag ng soberenya ng Dios sa buong kasaysayan ng sangkatauhan. Kumikilos ang Dios ayon sa kanyang mga layunin. Ito ay mahalaga dahil sa dalawang kadahilanan:

---

[332] Pansinin kung paano inihahayag ni Daniel ang pagmamataas ni Belsazar sa pagtanggi nito na magpasakop sa Dios na nagpabagsak sa kanyang amang si Nebucodonosor, sa napakadramatikong pamamaraan. (Dan. 5:17-28).

**(1) Nagbibigay ito ng tiwala sa harap ng oposisyon sa mundo.** Bilang mga bihag sa lupain ng dayuhan, pinagkatiwalaan nina Daniel at Ezekiel ang Dios na maisakatuparan ang kanyang mga layunin. Nabuhay si Daniel upang makitang maisakatuparan ang ilan sa mga layuning iyon; Marahil ay hindi nabuhay nang matagal si Ezekiel na naging dahilan kung bakit hindi na niya nakitang bumalik ang mga nabihag. Gayunman, pareho nilang alam na isasakatuparan ng Dios ang kanyang mga layunin. Bilang mga Kristiyano sa ika-21 siglo, maaari tayong mamuhay na may pagtitiwala na kontrolado ng Dios ang buong mundo. Walang makakatalo o makakapigil sa kanyang mga layunin.

**(2) Ito ay nagpapaalala sa ating responsibilidad na mamuhay nang may katapatan sa ating pang araw-araw na buhay.** Hindi dapat hadlangan ng mga Kristiyano ang proseso ng pulitika, ang sistemang pang-edukasyon, paglago ng kultura, o iba pang uri ng impluwensya kay Satanas. Kung saan man tayo inilagay ng Dios, dapat tayong mamuhay bilang mga kinatawan ng kataas-taasang Dios. Para kay Ezekiel, nangangahulugan ito ng katapatan bilang isang propeta habang nasa pagkakabihag. Para kay Daniel, nangangahulugan ito ng katapatan bilang isang maimpluwensyang miyembro ng gobyerno. Saan ka nais ng Dios na magamit para sa kanyang kaharian?

## Konklusyon: ang aklat ng Ezekiel at Daniel sa Bagong Tipan

Nabanggit sa Bagong Tipan ang aklat ng Ezekiel na hindi bababa sa animnapu't limang beses. Halos limampu sa mga ito ay nasa aklat ng Pahayag.

Ipinangako ni Daniel na tatalunin ng Dios ang kasamaan at pamumunuan ang mundo; gayon pa man ang pagbabalik sa Jerusalem noong 538 B.C. ay hindi nagdala ng pagkatalo sa kasamaan. Ipinakita ng Bagong Tipan ang katuparan ng pangakong ito. Ipinakita ni Pablo na sa krus ay tinalo ni Jesus ang mga kapangyarihan ng kasamaan.[333]

Ang pangako ni Daniel ay lubos na nabigyang katuparan sa aklat ng Pahayag. Ang aklat ng Pahayag ay ipinakita ang pangwakas na tagumpay ng Dios kay Satanas. Sa Daniel 7, apat na mga halimaw ang bumangon mula sa dagat; sa aklat ng Pahayag 13, isang halimaw ang bumangon mula sa dagat. Sa aklat ng Pahayag 19:11-21, si Jesus ang Banal na Mandirigma na siyang tumalo sa mga kapangyarihan ng kasamaan.

## Isang Mas Malapit na Pagtanaw sa Literatura ng mga Huling Araw

Ang aklat ng Daniel,aklat ng Pahayag at mga bahagi ng aklat ng Ezekiel at Zacarias ay tinatawag na apocalyptic literature/literatura ng mga huling araw. Ang Apocalyptic writing/pagsusulat tungkol sa mga huling araw ay kilalang kilala sa mundo ng mga Hudyo. Maraming halimbawa na hindi biblikal na ganito ang anyo ng pagkasulat.

[333] Col. 1:13-15.

sa klase ng pagkasulat. Ang Apocalyptic literature/literatura ng mga huling araw ay naiiba sa iba pang mga estilo ng mga sulat sa Biblia at nangangailangan ng maingat na pagpapakahulugan.

Ang pagsusulat tungkol sa hinaharap ay naghahayag ng katotohanan na nakatago. Ang Biblical apocalyptic literature/literaturang tungkol sa mga huling araw ayon sa Biblia ay tumitingin sa mga pangyayari sa kasaysayan ng mundo ayon sa layunin ng Dios. Ito ay particular na nakatuon sa katuparan ng pangwakas na layunin ng Dios sa pagtatapos ng panahon. Kung ang karamihan sa propeta ng Lumang Tipan ay nakatuon sa Israel at sa tipan, tinitingnan naman ni Daniel ang mga secular na emperyo ng mundo ayon sa pangwakas na layunin ng Dios.

Ang literatura tungkol sa hinaharap ay naglalarawan ng propetikong katotohanan sa pamamagitan ng mga pangitain. Ginamit ni Daniel ang terminong "pangitain" ng mahigit sa tatlumpu't tatlong beses. Ang pangitain ay kadalasang nagkakasanib-sanib, kaya't naging mahirap gawan ng tamang pagkakasunod-sunod. Maraming pangitain ang maaaring magpakita ng nagkakasanib na pananaw sa parehong pangyayari upang magpakita ng ibang pananaw sa isang pangyayari. Sa pamamagitan ng mga pangitain, si Daniel (at ang sumunod ay si Juan na taga-Pahayag) ay nagbukas ng bagong bintana para makita ang espirituwal na mundo. Ang pagsusulat tungkol sa hinaharap/apocalyptic writing ay nagpapakita na ang espirituwal na mundo ay kasing tunay ng pisikal na mundo.

Ang literatura tungkol sa hinaharap ay gumagamit ng mga dramatikong simbolo upang iparating ang katotohanan. Ang aklat ng Daniel at aklat ng Pahayag ay gumamit ng maraming magkakatulad na simbolo. Kapwa sa Daniel at sa Pahayag, ang mga dambuhalang mga nilalang ay sumisimbolo sa masasamang kaharian. Ang mga halimaw ay karaniwang nagmula sa iba't-ibang uri, at sila'y naging kasuklam-suklam sa Israel.[334]

Ang literatura tungkol sa hinaharap ay lubos na mahalaga sa panahon ng pang-aapi. Pinalakas ni Daniel ang loob ng mga mamamayang Judyo sa panahon ng pag-uusig ni Antiochus Epiphanes. Ang aklat ng Pahayag ay isinulat sa panahon ng pag-uusig ng mga Romano sa iglesya. Sa mga panahong ito, ipinapakita ng literatura tungkol sa hinaharap na ang Dios ay ang Banal na Mandirigma na siyang lumalaban para sa kanyang mamamayan. Ang pangunahing layunin para sa biblical apocalyptic writing ay upang hikayatin ang katapatan sa panahon ngayon dahil lubos tayong makapagtitiwala sa plano ng Dios para sa hinaharap.

Ang mambabasa ng apocalyptic literature ay dapat magtuon ng isip sa mga pangunahing tema nang hindi nalulula sa mga detalye. Sa Daniel, ang malaking tema ay ang soberenya ng Dios sa kasaysayan ng sangkatauhan. Bagaman maraming emperyo ang sumasalungat sa Dios, ang kanyang lubos na tagumpay ay sigurado. Ipinakita ni Daniel sa kanyang mga

[334] Halimbawa, ang unang halimaw sa Daniel 7 ay "katulad ng isang leon, at may mga pakpak ng agila."

mambabasa ang kahalagahan ng katapatan sa pamamagitan ng pagtiyak sa kanila na dadalhin ng Dios ang pangwakas na tagumpay.

## Mga Takdang Aralin sa Leksiyon

Ipakita ang iyong pagka-unawa sa leksiyong ito sa mga sumusunod na takdang-aralin:

(1) Pumili ng **isa** sa mga sumusunod na takdang aralin:

Option 1: Takdang Aralin na Pang Grupo

Basahin ang pangitain ng Ezekiel patungkol sa bagong templo sa Ezekiel 40–48. Magtalaga ng isa sa mga pagpipilian na pagbibigay kahulugan na tinalakay sa araling ito sa bawat miyembro ng inyong grupo. Ang bawat miyembro ay dapat pag-aralan ang Ezekiel 40–48 at ipaliwanag kung paano bibigyang kahulugan ang pangitain ni Ezekiel sa kanilang itinalagang pamamaraan.

Option 2: Takdang Aralin na Pang Indibidwal

- Sumulat ng isang pahinang salaysay sa pangitain ni Ezekiel ng bagong templo. Pumili ng isa sa mga pagpipiliang pagbibigay kahulugan na tinalakay sa leksiyong ito at ipaliwanag ang pangitain ayon sa pagbibigay kahulugang napili.
- Sumulat ng isang pahina ng detalyadong balangkas para sa isang sermon sa plano ng Dios para sa kasaysayan ng sangkatauhan ayon sa Daniel 7–12.

(2) Kumuha ng isang pagsusulit sa leksiyong ito. Kabilang sa pagsusulit na ito ang mga Banal na Kasulatang nakatakdang isa-ulo.

**Mga Tanong sa Pagsusulit sa Leksiyon 11**

(1) Ano ang kahulugan ng pangalang Ezekiel?

(2) Ano ang layunin ng aklat ng Ezekiel?

(3) Ano ang pagkakatulad ng Ezekiel sa Sermon sa Templo ni Jeremias?

(4) Ilista ang limang maaaring pagpilian para sa pagbibigay kahulugan sa pangitain ni Ezekiel ng isang bagong templo.

(5) Si Ezekiel ay dinala sa Babilonia noong __________ B.C. Si Daniel ay dinala sa Babilonia noon _____________ B.C.

(6) Ano ang tatlong tema na pangunahing sentro ng Aklat ng Daniel?

(7) Ano ang dalawang wika na ginamit sa Aklat ng Daniel?

(8) Sa tradisyunal na pagbibigay kahulugan, aling imperyo ang kumakatawan sa bawat isa sa mga larawang ito?

- Isang leon na may mga pakpak ng agila: ___________
- Katulad ng isang oso: ___________
- Isang lalaking kambing na may isang malaking sungay: ___________
- Mga binti na bakal, paa na bakal at putik: ___________
- Isang bato na naging isang malaking bundok: ___________

(9) Aling aklat sa Biblia ang pangunahin o bahagyang binubuo ng apocalyptic writing?

(10) Aling aklat ng Bagong Tipan ang bumanggit ng madalas sa aklat ng Ezekiel at Daniel?

# Leksiyon 12
# Minor Prophets I: Hosea, Joel, Amos

## Mga Layunin ng Leksiyon

Sa pagtatapos ng leksiyong ito, ang mag-aaral ay dapat:

(1) Alam ang malamang na petsa at kalagayang pangkasaysayan ng Hosea, Joel, at Amos.

(2) Makayanang ibalangkas ang mga pangunahing tema at layunin ng aklat ng Hosea, Joel, and Amos.

(3) Maunawaan ang tema ng pagiging matuwid sa Minor Prophets.

(4) Maramdaman ang puso ng Dios habang nakikita niya ang pagiging hindi tapat ng kanyang bayan.

(5) Maiugnay ang mensahe ng Hosea, Joel, at Amos sa pangangailangan ng panahon natin ngayon.

## Leksiyon

*Basahin ang Hosea, Joel, at Amos*

*Isa-ulo ang Hosea 10:12; Joel 2:13; Amos 5:24*

## Panimula

Ang huling labindalawang aklat ng Lumang Tipan ay tinatawag na Minor Prophets. Sa Hebreyong Biblia, ang mga aklat na ito ay nakapaloob sa isang scroll na tinatawag na “Ang Aklat ng Labingdalawa.”

Dahil ang Minor Prophets ay mas maigsi kaysa sa mga Major Prophets, kaya ang ilang mambabasa ay inaakalang ang mga aklat na ito ay hindi mahalaga. Gayunpaman, ang mga propetang ito ay hindi “minor” kung ang pagbabatayan ay ang kanilang mensahe at impluwensya. Ang “Minor” ay tumutukoy sa laki ng mga aklat, hindi sa laki ng mensahe. Ang mensahe ng mga propetang ito ay may malaking impluwensya sa mundo ng sinaunang Israel at Juda at patuloy na nangungusap sa mga iglesia sa panahon ngayon.

| Mga Tinatayang Petsa ng Minor Prophets | |
|---|---|
| **ika-8 Siglo** | Jonas, Amos, Oseas, Mikas |
| **ika-7 Siglo** | Nahum, Sofonias, Habacuc |
| **ika-6 Siglo** | Obadias, Ageo, Zecarias |
| **ika-5 Siglo** | Malakias, Joel (malamang) |

## Hosea: Matinding Pighati ng Dios

| Isang Sulyap sa Oseas | |
|---|---|
| **May Akda** | Hosea |
| **Tagapakinig** | Ang hilagang kaharian |
| **Petsa** | Huling kalahati ng ika- 8 siglo |
| **Tema** | Matinding Pighati ng Dios |
| **Layunin** | Upang kumprontahin ang Israel sa kanyang espiritual na pangangalunya |
| **Ang Ebanghelyo sa Oseas** | Ang sagot sa espirituwal na pangangalunya ng Israel ay ang pagbabalik loob sa Dios at sa haring mula kay David (Oseas 3:5). Mangyayari ito sa panahon ng Mesiyas bilang walang hanggang Hari, si Jesus, na muling pagsasama-samahin ang mga tapat sa ilalim ng kanyang pamamahala. |

### Panahong Pangkasaysayan ng Hosea

Si Hosea at Amos ay mga propeta noong ika-8 siglo sa hilagang kaharian.[335] Sila ay naglingkod kapanahon ng paglilingkod ni Isaias sa Juda.

Sa unang bahagi ng ika-8 siglo B.C., si Jeroboam II ang hari ng hilagang kaharian. Ito ay isang panahon ng kaunlaran sa Israel. Ang kapangyarihan ng Asiria ay pansamantalang nabawasan ng mga hidwaan at kaguluhan sa mga tahanan. Pinalawak ng Israel ang mga hangganan nito at nakinabang mula sa pangangalakal sa mga kalapit bayan. Ang Israel at Juda ay mas maraming hawak na teritoryo katulad ng panahon ng Israel sa pamamahala ni Haring David.

[335] Tinukoy ni Oseas ang hilagang kaharian ng Israel bilang “Efraim” nang tatlumpu’t-limang beses.

Sa kasamaang palad, bagaman ang Israel ay umunlad sa ekonomiya, hindi ito umunlad sa espirituwal. Sa espirituwal na aspeto, ang Israel ay tumalikod; ang mga mamamayan ng hilagang kaharian ay sumamba kay Baal kasabay ng pagsamba kay Jehovah.[336]

Marahil si Hosea ay nagsimula sa kanyang ministeryo sa pagtatapos ng paghahari ni Jeroboam II. Ang Asiria ay muling nakakuha ng kapangyarihan at sa mga sumunod na panahon ay naging pinakamalakas na emperyo sa mundo sa pamamahala ni Tiglath-Pileser III. Sa loob lang ng ilang taon, sinakop ng Asiria ang Samaria at winasak ang hilagang kaharian.

**Layunin ng Hosea**

Nangaral si Hosea laban sa espirituwal na pangangalunya ng Israel. Siya'y nagbigay babala na ang pagsamba ng Israel kay Baal ay magdadala ng parusa ng Dios. Ipinakita niya ang sakit na nararamdaman ng Dios sa pagiging hindi tapat ng Israel.

►Madalas na ginagamit ng Biblia ang talinghaga ng pag-aasawa upang maisalarawan ang kaugnayan sa pagitan ng Dios at ng kanyang mamamayan. Kung ang pag-aasawa na meron ang tao ay nagpapakita ng relasyon ng Dios sa kanyang mamamayan, ano ang itinuturo nito sa atin patungkol sa pag-aasawa?

**Tema ng Hosea**

***Ang Espirituwal na Pangangalunya***

Sa buong Banal na Kasulatan, ang pag-aasawa ay isang larawan ng relasyon ng Dios sa kanyang mamamayan. Ang pag-aasawa ay isang panghabang buhay na pangako sa pagitan ng isang lalaki at isang babae. Sa parehong paraan, itinatag ng Dios ang isang walang hanggang tipan sa Israel. Ang pag-aasawa at tipan sa Dios ay mga eksklusibong relasyon. Kung paanong ang isang asawang lalaki o isang asawang babae ay hindi dapat maging hindi-tapat sa kanyang asawa, ang mamamayan ng Dios ay hindi dapat maging hindi-tapat sa Dios. Sa Hosea, ipinakita ng Dios na ang Israel ay nagkasala ng espirituwal na pangangalunya sa ibang mga dios-diosan na parehong kahulugan na ang isang asawang babae na lumingon sa ibang manliligaw ay nagkasala ng pangangalunya.

Ang salitang naglalarawan na ginamit ni Hosea ay akma sa katangian ng pagsamba sa mga dios-diosan ng Israel. Si Baal ay ang dios-diosan ng panahon ng mga Siria-Palestino. Siya ang itinuturing nilang nagkokontrol ng pag-ulan, agrikultura, at pagiging mabunga. Sa paganong dambana, ang mga tao ay "sumasamba" kay Baal na may ritwal na prostitusyon. Naniniwala sila na ang kanilang sekswal na pag-uugali ay naging dahilan upang tumugon si Baal ng matabang binhi at ulan para sa lupain. Ang imahinasyon ni Hosea ay nagpapakita

---

[336] Ang pagsasama ng pagsamba kay Jehovah at ibang mga dios ay tinatawag na "syncretism." Ito ay paulit-ulit na suliranin para sa Israel, kabilang ang pagsamba sa gintong guya sa Exodus 32 at muli nang si Solomon ay nagsimulang sumamba sa mga dios ng kanyang banyagang mga asawa.

na ang kasalanan ng Israel sa mga patutot ng kulto ay salamin ng kanilang espirituwal na prostitusyon.

Inutusan ng Dios si Hosea na pakasalan si Gomer, isang "asawa ng iba't-ibang lalaki"[337] Naniniwala ang ilang mga komentarista na si Gomer ay naging isang babaeng bayaran bago ang kasal. Dahil sa hirap na tanggapin na mag-uutos ang Dios ng ganoong pagkilos, naniniwala ang iba na inutusan ng Dios si Hosea na pakasalan ang isang babe na kalaunan ay hindi naging tapat. Panghuli, ang ilan ay naniniwala na si Gomer ay isang sumasamba sa dios-diosan na kumakatawan sa espirituwal na pangangalunya ng bansa. Anuman ang tiyak na pagbibigay kahulugan ng mga talata, ang pagiging hindi tapat ni Gomer kay Hosea ay isang larawan ng pagiging hindi tapat ng Israel kay Jehovah.

Ang mga pangalan ng anak ni Hosea ay mga propetiko. Ang Jezreel ay ipinangalan mula sa lambak kung saan magkakaroon ng malaking pagtatagumpay ang Asiria laban sa Israel. Ang Lo-Ruhamah ay nangangahulugang "Walang Awa," dahil hindi magpapakita ng awa ang Dios sa mapaghimagsik na bansa. Ang Lo-Ammi ay nangangahulugang "Hindi Ko Sila Bayan," sapagkat tatanggihan ng Dios ang bansa na bumabaling sa mga dios-diosan.

| Ang Pamilya ni Oseas | |
|---|---|
| **Gomer** | Nagpapakita ng espirituwal na pangangalunya ng Israel |
| **Jezreel** | Ang lambak kung saan tatalunin ng Asiria ang Israel |
| **Lo-Ruhamah** | "Walang Awa" |
| **Lo-Ammi** | "Hindi ang Bayan Ko" |

Pagkatapos ng kanyang pagiging hindi tapat na nagdulot kay Gomer ng kahiya-hiyang pagbebenta bilang isang alipin, sinabi ng Dios kay Hosea na bilhin muli ang kanyang asawa. Sa parehong paraan, pagkatapos iwanan ng Israel ang kanilang mga huwad na dios-diosan, muling tutubusin at iuuwi ng Dios ang Israel.

### *Ang Pag-akusa ng Dios Laban sa Israel*

Sa Leksiyon 10, tiningnan natin ang propetikong pag-akusa kung saan inaakusahan ng Dios ang Israel sa kanyang pagiging hindi tapat sa tipan. Ito ang parehong wika na ginamit sa Hosea 4-5 noong nagdala ng sakdal ang Dios laban sa Israel.

Nagbabala si Hosea na hindi na tunay na nakikilala o nalalaman ng Israel ang tungkol sa Dios. Sa Hebreo, "ang kaalaman/pagkilala" ay higit pa sa kaalamang intelektwal; ito ay isang termino ng relasyon. Upang makilala ang isang tao ay nangangahulugang magkaroon

[337] Oseas 1:2. Sa kabuuan ng natitirang bahagi ng Lumang Tipan, ang talatang ito ay tumutukoy sa pangkasalukuyan o nakalipas na hindi pagiging tapat; hindi ito kailan man tumutukoy sa kawalang katapatan sa hinaharap. Ito ay nagbibigay ng suporta sa unang pagbibigay-kahulugan sa utos ng Dios.

ng karanasan ng relasyon sa kanya. Hindi na nakikilala ng Israel ang Dios; tinanggihan nila ang kautusan at mga propeta; sila ay "winasak dahil sa kawalan ng kaalaman."[338] Ipinagpalit nila ang relasyon sa Dios para sa relasyon kay Baal.

### *Ang Pag-asa ng Muling Pagpapanumbalik*

Katulad ng ibang mga propeta, si Hosea ay nagwakas sa pangako ng muling pagpapanumbalik kung iiwan ng Israel ang kanilang espirituwal na pangangalunya at magbabalik-loob kay Jehovah. Mahal ng Dios ang Israel at tinubos siya upang ilabas sa Ehipto. Ngayon, hinangad ng Dios na muling panumbalikin ang Israel sa kanya.

Kasama sa Hosea 14 ang isang panawagan ng pagsisisi at pangako ng kagalingan. Bagaman inaasahan ng Israel na magiging kaalyado nila ang Asirya, ang Asirya ay magiging kanyang kalaban, hindi niya naging kaibigan. Gayunpaman, kung ang Israel ay magsisisi, ipinangako ng Dios, "Pagagalingin ko ang kanilang pagtalikod, mamahalin ko sila ng walang katapusan."[339] Dapat hatulan ng Dios ang Israel dahil sa kanilang kasalanan, ngunit nagbigay din siya ng pag-asa ng muling pagpapanumbalik.

### Hosea sa Bagong Tipan

Paulit-ulit na binanggit ang Hosea sa Bagong Tipan. Ipinakita sa Mateo na ang pagbabalik ni Jesus mula sa Ehipto ay isang katuparan ng Hosea.[340] Ang paggamit sa mga salita ni Hosea, ipinaalala ni Jesus sa kanyang mga kaaway na ang awa ay higit na mas mahalaga kaysa sa handog.[341] Ang Hosea ang tinutukoy ni Pablo nang ituro niya na ang Dios ay lumilikha ng mga mamamayan na kabilang ang parehong Hudyo at Hentil.[342] Ang kaalaman patungkol sa Dios (kaalaman na pinabayaan ng Israel) ay malapit nang makarating sa mga Hentil.

## Joel: Ang Araw ng Panginoon

### Ang Kalagayang Pangkasaysayan ng Joel

Si Joel ay nagministeryo pagkatapos ng teribleng pagsalanta ng mga balang sa lupain. Ginamit ni Joel ang mga sakunang dumating bilang isang halimbawa para sa paghatol sa hinaharap, ang "araw ng Panginoon."

Konti lang ang nalalaman patungkol kay propeta Joel bukod sa kanyang pangalan (na ang kahulugan ay "si Jehovah ay Dios") at ang kanyang ama (siya ang anak ni Pethuel).

---

[338] Hosea 4:6.
[339] Hosea 14:4.
[340] Mat. 2:15; Hos. 11:1.
[341] Mat. 9:13; Hos. 6:6.
[342] Rom. 9:25-26; Hos. 1:10-11 at 2:23.

| Isang Sulyap sa aklat ng Joel | |
|---|---|
| **May Akda** | Juda |
| **Tagapakinig** | Marahil noong 500-450 B.C. |
| **Petsa** | Ang Araw ng Panginoon |
| **Tema** | Ang Araw ng Panginoon |
| **Layunin** | Magpropesiya ng parating na araw ng paghuhukom |
| | Magpropesiya ng parating na araw ng pagpapanumbalik |
| **Ang Ebanghelyo sa Joel** | Ang pangako ng Joel ay natupad sa Araw ng Pentecostes. |

Pati na ang petsa ng aklat ay hindi sigurado; Walang mga kaganapan ang tumutukoy sa petsa nito. Dahil hindi binanggit ni Joel ang alinman sa kaharian ng hilaga o isang hari ng Juda, malamang na nangaral si Joel pagkatapos ng pagbabalik mula sa pagkakabihag/pagkakatapon. Gayunpaman, maraming hindi pagkakasundo patungkol dito ang mga iskolar sa Biblia.

**Layunin ng Joel**

Nanawagan si Joel sa Juda na magbalik-loob sa Dios. Ang mga pananalanta ng mga balang ay nagsisilbing simbolo ng parating na paghuhukom sa mga suwail. Gayunpaman, ang aklat ng Joel ay nagbibigay rin ng propesiya ng parating na araw ng pagpapanumbalik para sa mga tapat.

**Tema ng Joel**

***Ang Pananalanta ng mga Balang at ang Araw ng Panginoon (Joel 1:1–2:17)***

Ang Joel 1:2–2:17 ay isang pagdadalamhati patungkol sa isang pananalanta ng mga balang. Ang pananalanta na ito ay mas masahol kaysa sa ibang nakitang sakuna ninuman; ito ay katulad ng isang hukbo na sumira sa lupain.

Ang pananalanta ng mga balang ay isang tanda ng mas masahol na bagay na darating, Sa halip na isang panahon ng pagpapanumbalik, ang araw ng Panginoon ay isang panahon ng paghatol sa mga mamamayan ng Dios kung hindi sila magsisisi. Hindi sapat na "gupitin ang iyong mga kasuotan" bilang mga panlabas na palatandaan; ang tunay na pagsisisi ay dapat nagmumula sa puso. Ninanais ng Dios na ang Juda ay "palitan ang inyong puso." Kung ang mga tao ay magbabalik-loob sa Dios, makikita nila na "Siya ay mahabagin at mapagmahal,

hindi madaling magalit, at wagas ang pag-ibig. Handang magpatawad at hindi nagpaparusa sa nagsisisi."[343]

### *Isang Propetikong Mensahe para sa Hinaharap (Joel 2:18–3:21)*

Kasabay ng paghatol, ipinangako ng Dios ang muling pagpapanumbalik. Una, panunumbalikin ng Dios ang lupain. Ibabalik niya "ang mga taon na kinain ng mga balang."[344] Pagkatapos, ipinangako ng Dios ang espirituwal na pagpapanumbalik.

Kung paanong ang pisikal na pananalasa ng mga balang ay sumisimbolo ng espirituwal na sakuna, ang muling pagpapanummbalik ng lupain ay isang simbolo ng parating na espirituwal na paggising. Ibubuhos ng Dios ang kanyang Espiritu sa kanyang mga mamamayan mula sa lahat ng antas ng lipunan.

Sa panahong iyon, malalaman ng buong mundo ang soberenya ng Dios. Ang mga kaaway ng mamamayan ng Dios ay parurusahan habang matatamasa ng Juda ang espesyal na pagpapala ng Dios.

## Ang aklat ng Joel sa Bagong Tipan

Ipinangako ng aklat ng Joel na ibubuhos ng Dios ang kanyang Espiritu sa lahat ng nabubuhay. Ito ay higit pa sa muling pagpapanumbalik na naganap na sa pana-panahon ng kasaysayan ng Israel. Ang mga muling pagpapanumbalik ang nagpaantala ng patuloy na paglayo ng Israel mula sa plano ng Dios, ngunit pinatunayan nila na iyon ay pansamantala lamang kaysa isang permanenteng pagbabago. Bilang karagdagan, ang mga ito ay limitado lamang sa Israel.

Inaasahan ni Joel ang panahon kung saan ibubuhos ng Dios ang kanyang Espiritu sa "lahat ng nabubuhay." Noong Araw ng Pentekostes, ipinahayag ni Pedro na ang propesiya ni propeta Joel ay natupad na.[345] Kasunod ng pagbubuhos ng Banal na Espiritu ng Dios sa itaas na silid, ipinahayag ng mga apostol ang ebanghelyo sa Jerusalem, Judea at Samaria, at hanggang sa dulo ng mundo.

Hindi ito pansamantalang pagpapanumbalik. Sa halip, ang pangako ng araw ng Panginoon ay patuloy na natutupad sa pamamagitan ng ministeryo ng iglesia. Habang ipinapangaral natin at gumagawa ng mga tagasunod niya, ginagawa natin ito sa katiyakan na ang Espiritu ng Dios ay kumikilos sa pamamagitan natin upang maisakatuparan ang layunin ng Dios para sa sangkatauhan. Ang kanyang Espiritu ay patuloy na ibinubuhos sa lahat ng nabubuhay sa pamamagitan ng gawain ng iglesia.

---

343 Joel 2:13.
344 Joel 2:25.
345 Joel 2:28-32; Mga Gawa 2:14-21.

## Amos: Isang Pastol para sa Tunay na Pagiging Matuwid

| Isang sulyap sa aklat ng Amos | |
|---|---|
| **May Akda** | Amos |
| **Tagapakinig** | Ang Hilagang Kaharian |
| **Petsa** | Kalagitnaan ng-8 siglo B.C. |
| **Tema** | Isang Pastol para sa Tunay na Pagiging Matuwid |
| **Layunin** | Upang magbigay propesiya sa paghatol ng Dios sa Israel dahil sa kanyang baluktot na pag-uugali – parehong, sa Dios at sa kanyang kapwa |
| **Ang Ebanghelyo sa Amos** | Katulad ni Amos, ipinakikita ni Jesus na ang pag-ibig sa Dios (ang unang dakilang utos) ay dapat makita sa ating pag-ibig sa ating kapwa (ang ikalawang dakilang utos) Maraming tema sa sulat ni Santiago ang nakakatulad kay Amos. |

### Kalagayang Pangkasaysayan ng Amos

Si Amos ay isang pastol mula sa Tekoa, isang maliit na bayan sa timog ng Jerusalem. Sa tag-araw, inililipat ng mga pastol ang kanilang mga kawan sa mas mababang lugar. Sa mga buwan na ito, nag-aalaga si Amos ng sycamoro na nagbubunga ng igos.

Inatasan ng Dios si Amos na maglakbay sa hilagang kaharian. Bilang isang pastol, si Amos ay kulang sa mga katangian ng isang propeta. Ang masaklap, bilang isang propeta mula sa Juda, si Amos ay hindi binigyan ng tiwala ng mga mamamayan sa hilagang kaharian.[346]

Sa pagdami ng sumasalungat sa kanyang mensahe, nangaral si Amos ng isang mensahe ng paghatol sa isang panahon kung saan ang hilagang kaharian ay dumaranas ng tagumpay sa ekonomiya at pampulitika. Ipinagpalagay ng maraming Israelita na ang kasaganahan ay tanda ng pagpapala ng Dios. Sa kanilang paningin, ang mensahe ng paghatol ni Amos ay hindi pinatutunayan ng nakikitang kasaganaan ng Israel. Gayunpaman, si Amos ay tapat sa pagkakatawag ng Dios, na magdala ng isang mensahe ng paghatol.

---

[346] Amos 7:10-13.

### Layunin ng Amos

Sa isang bansang nakakaranas ng kaunlaran, si Amos ay nagpropesiya ng paghatol. Sa halip na isang bagong araw ng kaunlaran, ang Israel ay nahaharap sa isang araw ng paghuhukom. Ang paghatol ng Dios ay sanhi ng pagtanggi ng Israel na kumilos ng may katarungan tungo sa pinakamababang mga miyembro ng lipunan. Ipinangaral ni Amos na ang katuwiran ay higit pa sa pagsunod sa mga ritwal sa templo; ang katuwiran ay nangangailangan ng tamang pag-uugali tungo sa ating kapwa.

### Tema ng Amos

#### *Paghatol (Amos 1:1–9:10)*

Karamihan sa aklat ng Amos ay mensahe ng paghatol. Sinasagot ni Amos ang tatlong katanungan:

**(1) Sino ang nagpapadala ng paghatol?** Ang Asiria ay hindi nabanggit sa aklat; Ipinakita ni Amos na ang darating na paghuhukom ay mula sa Dios. Paulit-ulit, ganito ang ibinibigay niyang mensahe: "Dumadagundong ang tinig ng Panginoon…Ganito ang sabi ng Panginoon…Kaya't sila'y paparusahan ko…magpapadala ako ng apoy…wawasakin ko ang pintuan ng Lungsod ng Damasco."[347]

**(2) Paano darating ang paghuhukom?** Sa pamamagitan ng taggutom, tagtuyot, salot, at mga peste ay ang magiging instrumento ng paghatol ng Dios.[348] Sasakupin ng Asiria ang mga lupain at wawasakin ang lupain katulad ng pagwasak ng leon sa isang tupa, na nag-iiwan lamang ng isang hita o isang pirasong tenga.[349] Ang mga namumuno sa mga bansa ay tatangayin[350] at ang mga lupain ay kukunin.[351]


**(3) Bakit ipinadala ng Dios ang Paghatol?** Ang paghatol ng Dios ay bunga ng kasalanan ng Israel. Mula sa lahat ng mga bansa, tanging ang Israel at Juda lamang ang kilala ng Dios. Natamasa ng Israel ang mga pribilehiyo ng tipan; nakalimutan niya ang mga responsibilidad ng tipan. Dahil sa kilala siya ng Dios, ang Israel ay nahaharap sa parusa ng Dios.[352] Ang tipan ay may dalang pribilehiyo at responsibilidad.

Ang pagpapahayag ng paghatol ay ibinibigay sa pamamagitan ng isang serye ng mga propetikong mensahe. Ang bawat bahagi ng Amos ay nagdadala ng mensaheng ito sa iba't ibang paraan. Kabilang sa mensahe ng Amos ay ang:

---

[347] Amos 1:2-8.
[348] Amos 4:6-11.
[349] Amos 3:11-12.
[350] Amos 4:2-3 at 5:27.
[351] Amos 6:14.
[352] Amos 3:1-2. Alalahanin mula sa Hosea na ang salitang "kilala" ay tumutukoy sa relasyon, hindi lamang ang kaalamang pangkaisipan.

***Mga Kasulatan ng Paghuhukom Laban sa mga Bansa (Amos 1–2)***




Nagsimula si Amos sa pamamagitan ng mga talumpati ng pahuhukom laban sa mga bansa: Damasco, Filisteo, at Tiro. Pagkatapos ay lumipat siya sa mga bansa na kamag-anak ng Israel: Ang Edom, Ammon, at Moab. Ang mga bansang ito ay nakagawa ng mga karumaldumal na krimen laban sa Israel. Pagkatapos magsalita ni Amos patungkol sa espirituwal na kasalanan ng Juda – sinabi niya ang patungkol sa pagtalikod sa kautusan at pagsunod sa mga dios-diosan.

Matapos niyang magsalita sa mga nakapaligid na mga bansa ng Israel, binanggit ni Amos ang mga kasalanan ng hilagang kaharian. Sa puntong ito, ang mga tagapakinig ni Amos ay maaaring sumang-ayon sa kanyang mensahe. Gayunpaman, sa hindi inaasahang pagkakataon, sinabi ni Amos na ang araw ng Panginoon ay magiging isang araw din ng paghatol sa Israel. Ang Israel ay hahatulan dahil sa kanyang mga kasalanan: sa pang-aapi sa mga mahihina (ibinebenta nila "ang mahihirap para sa halaga ng isang pares ng sapatos"[353]), ang kanilang mga sekswal na mga kasalanan, at pagdiriwang ng mga dios-diosan.

***Mga Propesiya Laban sa Israel (Amos 3–6)***

Nagtanong si Amos ng isang serye ng mga katanungan upang ipakita ang hustisya ng paghuhukom ng Dios sa Israel.[354] Inihambing niya ang kasalanan ng Israel sa mga Filisteo at mga Ehiptio.[355] Binigyang pansin niya ang mga kasalanan ng mga tiyak na pangkat ng mga Israelita: ang mga masasamang kababaihan ng Samaria, ang mga nagdadala ng mga handog habang nabubuhay sa kasalanan, at mga pinuno na mayabang sa kanilang kayamanan at tinatamasang seguridad.[356]

Kumanta si Amos ng isang panaghoy para sa libing sa Israel, isang awiting ginagamit sa pagluluksa sa patay.[357] Anuman ang mga babala, tumanggi ang Israel na magsisi. Inaasahan nila na hahatulan ng Dios ang ibang bansa; hindi nila napagtanto na hahatulan ng Dios ang Israel dahil sa kanilang mga kasalanan.

***Mga Pangitain ng Paghuhukom (Amos 7:1 – 9:10)***

Binigyan ng Dios si Amos ng isang serye ng limang pangitain na nagpapakita ng paparating na paghuhukom. Nakita ni Amos:

---

[353] Amos 2:6.
[354] Amos 3:3-6.
[355] Amos 3:9-15.
[356] Amos 4:1-11 at 6:1-14.
[357] Amos 5:1-3.

(1) Ang isang salot na balang na nagbabantang wasakin ang lupain. Ipinapakita nito ang paghatol ng Dios sa Israel. Namagitan si Amos para sa Israel at napahinuhod ang Dios.

(2) Ang isang apoy na sobrang init na tinupok ang Mediterranean Sea. Muli, Namagitan si Amos para sa Israel at muli ay napahinuhod ang Dios.

(3) Isang plumb line upang sukatin ang pagiging matuwid ng isang pader. Nang sukatin ayon sa pamantayan ng pagiging matuwid ng Dios, ang Israel ay baluktot. Dahil dito, pababagsakin ng Dios ang pader.

(4) Isang basket ng hinog na prutas. Inilalarawan nito ang kalagayan ng Israel; hinog na siya para sa dagliang paghatol. Sinusunod ng mga tao ang araw ng Sabbath; ngunit pagkatapos ng Sabbath, tinatrato nila ang ibang tao nang hindi tama. Kabilang sa pagiging tunay na matuwid ang wastong pag-uugali; hindi sapat ang mga ritwal ng mga relihiyon.

(5) Ang Dios ay nakatayo sa tabi ng dambana at nagpapahayag ng tiyak na paghatol. Walang makakatakas. Sa isang nakakatakot na talata ng kanyang mga naunang pangako na babantayan niya ang kanyang mga mamamayan, sinabi ng Dios, "Ipinasiya ko nang sila'y puksain at hindi tulungan."[358]

### *Muling Pagpapanumbalik (Amos 9:11-15)*

Si Amos, katulad ni Hosea, ay nagwakas sa isang mensahe ng pag-asa. Hindi nakalimutan ng Dios ang kanyang mamamayan. Ang aklat ay nagwakas sa isang mensahe ng muling pagpapanumbalik sa hinaharap.

[358] Amos 9:4.

| Ang Dakilang Pagpapanumbalik | |
|---|---|
| **Paghuhukom (1:1-9:10)** | **Muling Pagpapanumbalik (9:11-15)** |
| **Pagbagsak**: Ang birhen ng Israel ay bumagsak na; hindi na siya muling babangon pa.(5:2). | **Pagbangon:** Muli kong ibabangon ang nawasak na kaharian ni David (9:11). |
| **Wasak na Pader**: At ikaw ay lalabas sa mga siwang ng pader(4:3). | **Inayos na mga Pader:** Isasara ko ang mga nasirang dako (9:11). |
| **Pagkawasak**: Wawasakin ko ang mga bahay na pantaglamig at pantag-araw; Guguho ang mga bahay na garing, ang malalaking bahay ay wawasaking lahat. (3:15). | **Muling Pagtatayo:** Muli kong itatayo ang mga guho. (9:11). |
| **Taggutom**: Nagtanim kayo ng magagandang ubasan, hindi nyo malalasap man lang ang alak mula dito.(5:11). | **Pagpipiyesta:** Magtatanim sila ng mga ubasan, at iinom ng alak mula rito; magtatanim din sila ng halamanan at kakain ng bunga niyon. (9:14). |
| **Pagkakulong**: Dahil dito'y itatapon ko kayo sa kabila pa ng Damasco (5:27). | **Pagbabalik:** At ibabalik ko ang Israel sa lupaing ibinigay ko sa kanila, at hindi na sila maaalis pang muli roon. (9:15). |

### Ang Amos sa Bagong Tipan

Sa Sermon sa Bundok, nangaral si Jesus ng isang mensahe na katulad ng kay Amos: ang pagiging matuwid ay dapat nakikita sa ating mga pagkilos tungo sa ating kapwa. Ang parehong mensahe na ito ay makikita sa aklat ng Santiago. Hindi sapat ang pagsasabi lang ng pananampalataya; ang pananampalatayang iyon ay dapat ipinamumuhay sa pang araw-araw na buhay.

► May mga panahon na binabalewala ng iglesia ang mga kasalanan ng lipunan habang pinipilit na makapag bahagi ng ebanghelyo. Sa ibang mga panahon, binabalewala ng mga iglesia ang mensahe ng ebanghelyo habang nangangaral laban sa katiwalian sa lipunan.[359] Sa inyong lipunan, paano nangangaral ng mabisa ang iglesia patungkol sa kasalanan ng lipunan habang pinapanatili ang diin ng Biblia sa pangangaral ng ebanghelyo?

## Isang Mas Malapit na Pagtanaw sa "Pagiging Matuwid" ayon sa mga Propeta

Isa sa mga mahahalagang talata ng Amos ay ang 5:24: "Sa halip ay padaluyin ninyo ang katarungan, gaya ng isang ilog; gayundin ang katuwiran tulad ng isang di natutuyong

[359] Ito ay karaniwang tinatawag na "ebanghelyong panlipunan".

batis." Ang talatang ito ay naging tema para sa maraming kilusan o samahang naglalayon ng hustisya para sa lipunan, na ilan sa mga ito ay nalimutan na ang ebanghelyo sa kanilang pagmamalasakit sa aksyong panglipunan.

Gayunpaman, ang mensahe ng Amos ay malayo mula sa isang "social gospel"/ebanghelyong panlipunan na pumapalit sa nakakapagligtas na mensahe ni Cristo Jesus sa mga aksyong panglipunan. Sa halip, ipinakita ni Amos na ang tunay na pagiging matuwid ay ayon sa katangian ng Dios. Ang tunay na pagiging matuwid sa harapan ng Dios ay magbubunga ng tamang pag-uugali sa ating kapwa. Ang mensaheng ito ay paulit-ulit sa buong Banal na Kasulatan:

- Sinabi ng Dios, "Dapat kayong magpakabanal: sapagkat AKO na inyong PANGINOON ang inyong Dios ay banal." Ito ay sinundan ng mga serye ng kautusan na tumutukoy sa pakikitungo ng Israel sa mga mahihirap, sa mga trabahador, sa mga may kapansanan, at kapwa Israelita.[360]
- Ipinahayag ni Job ang kanyang pagiging walang kasalanan sa harap ng Dios. Bilang bahagi ng kanyang pagtatanggol, nagpatotoo siya sa kanyang matuwid na pagtrato sa kanyang kapwa.[361]
- Pinuna ng mga Pariseo si Jesus sa pakikisalo sa pagkain ng mga makasalanan. Bilang tugon, binanggit ni Jesus ang Hosea 6:6: "Humayo kayo at unawain ang kahulugan nito: Habag ang nais ko at hindi ang inyong handog. Sapagkat naparito ako upang tawagin upang magsisi ang mga makasalanan, hindi ang mga matutuwid."[362]
- Pinagsabihan ni Santiago ang mga Kristiyano na nagpapakita ng pagtatangi sa mayayaman, na hindi nagawang pakainin ang mga mga nagugutom at bihisan ang mga walang maisuot, at nagkasala ng pagsasalita ng masama. Ibinuod ni Santiago ang mga kahulugan ng "dalisay na relihiyon": "ang pagtulong sa mga ulila at sa mga biyuda sa kanilang kahirapan, at pag-iingat sa sarili upang huwag mahawa sa kasamaan ng mundong ito."[363]

Inilarawan ng pagiging matuwid ang katangian ng Dios; ang pakikitungo sa ating kapwa na may hustisya ay pagsasalamin sa katangian ng Dios. Bilang mga Kristiyano ng ika-21 siglo, dapat nating ipakita ang katangian ng Dios sa mga taong hindi naniniwala. Ang tamang pakikipag-ugnayan sa Dios ay magbubunga ng pagbabago ng ating pakikipag-ugnayan sa ating kapwa. Iyon ang kahulugan ng pagiging matuwid sa Amos; ito ang kahulugan ng pagiging matuwid sa panahon natin ngayon.

---

[360] Lev. 19:2 at mga sumusunod.
[361] Job 31.
[362] Mateo 9:13.
[363] Santiago 1:27.

## Konklusyon

Kaunting Kristiyano lamang ang naging mas mabisang modelo ng isang pangako sa parehong pagbabahagi ng ebanghelyo at sa prinsipyo ng hustisya ng Kristiyano ng higit kaysa kay William Wilberforce, isang Ingles na pulitiko na nabuhay mula 1759–1833.

Si Wilberforce ay nahalal sa House of Commons sa edad na 21. Pagkatapos ng apat na taon, siya ay naging isang Kristiyano. Ang buong buhay ng batang aristocrat na ito ay binago sa pamamagitan ng kanyang pagbabalik-loob. Ito ay hindi lamang isang bribadong "patotoo ng pananampalataya." Ang pananaw niya sa kanyang karera sa pulitika, ang kanyang pamumuhay na nakatuon sa sarili, at ang paggamit ng kanyang kayamanan ay binagong lahat ng kanyang pagbabalik-loob.

Naniniwala si William Wilberforce na dapat parehong pagtuunan ng pansin ng mga Kristiyano ang pag-eebanghelyo sa mga nawawala at ang para sa pisikal na pangangailangan ng mga nagdurusa. Bilang resulta, nagtrabaho siya kasama ng maraming organisasyon upang matulungan ang mga mahihirap at maikalat ang ebanghelyo. Sinuportahan niya ang mga misyonero sa India at Africa. Nagtrabaho siya para makapagbigay ng mas mahusay na mga ospital, asylums, mga paaralan, at kulungan. Sinuportahan niya ang mga paaralang pang-Linggo, mga refugees, inang walang asawa, at mga mahihirap na nagtatrabaho. Sa buong buhay niya, ibinigay ni Wilberforce ang ikaapat na bahagi ng kanyang kinikita sa isang taon sa mga mahihirap.

Ang pinaka nagtagal na kontribusyon ni Wilberforce bilang isang pinuno sa pulitika ay ang kanyang laban sa pang-aalipin. Kumbinsido siya na ang pang-aalipin ay hindi tugma sa pagmamahal sa ating kapwa bilang mga Kristiyano. Itinuon ni Wilberforce halos ang kanyang buong karera sa pulitika upang labanan ang kasamaang ito. Sa una, ilan lamang ang nag-iisip na maaari siyang magkaroon ng pagkakataon na talunin ang mga makapangyarihang samahan na nagproprotekta sa pang-aalipin. Ang mga negosyanteng Ingles ay nagdadala ng halos 50,000 na alipin sa isang taon mula sa Africa patungo sa Atlantic. Ang pangangalakal ay protektado ng mga pulitiko bilang isang "karapatan" ng isang mamamayan ng Britanya, at ipinagtatanggol ng mga negosyante bilang isang pangangailangang pang-ekonomiya, at tinanggap ng maraming mga Kristiyano bilang isang nakakalungkot ngunit kasamaang kinakailangan.

Hindi matanggap ni Wilberforce ang kasamaang ito. Inilagay siya ng Dios sa isang posisyong maimpluwensya. Nakita nita ang posisyong ito bilang isang pagkakataon upang mapaglingkuran ang Dios. Desidido siyang "padaluyin ang katarungan tulad ng isang ilog, at ang katarungan tulad ng isang hindi natutuyong batis." Nang malaman niya ang patungkol sa kasamaan ng pang-aalipin, nagpursigi si Wilberforce na wasakin ang nakakahiyang kasalanang ito. Isinulat niya, "Hayaan ninyo ang mga bunga nito ay mangyari kung ano ang dapat: Mula sa oras na ito ay determinado ako na hindi ako titigil hangga't hindi ko naipapatigil ang gawaing ito."

Simula noong 1789, pinasimulan ni Wilberforce ang mga panukalang batas bawat taon laban sa pangangalakal ng alipin. Labindalawang mga panukalang batas laban sa pang-aalipin ang natalo sa pagitan ng 1789 at 1805. Sa wakas, noong 1807, winasak/pinawalang-bisa na ng Parliyamento ang pangangalakal ng alipin sa Imperyo ng Britanya.

Pagkatapos ay sinimulan ni Wilberforce ang isang pakikipaglaban upang maalis mismo ang pang-aalipin (hindi lamang ang pangangalakal ng bagong alipin) sa buong Imperyo. Nagtrabaho si Wilberforce ng isa pang dalawampu't limang taon upang makita ang pagtanggal ng pang-aalipin. Tatlong araw bago siya namatay,ipinasa ng House of Commons ang batas na nagpapalaya sa lahat ng mga alipin sa Imperyo ng Britanya.

## Mga Takdang Aralin sa Leksiyon

Ipakita ang iyong pagkakaunawa sa leksiyong ito sa mga sumusunod na takdang aralin:

(1) Kumpletuhin ang **isa** sa mga sumusunod na takdang aralin.

Option 1: Takdang Aralin na Pang Grupo

Pag-usapan ang isang bahagi ng kawalan ng katarungan sa inyong lipunan kung saan dapat magsalita ang iglesia. Gamit ang modelo ng Amos, ipakita kung paano dapat tugunan ng iglesia ang sitwasyon. Sumulat ng isang pahina na buod ng inyong talakayan.

Option 2: Takdang Aralin pang Indibidwal

Maghanda ng isang detalyadong balangkas ng sermon patungkol sa "Paghuhukom at pag-ibig ng Dios para sa Hindi tapat na Bayan." Ipakita kung paano nangungusap ang mensahe ni Hosea sa ating panahon ngayon.

(2) Kumuha ng pagsusulit ayon sa leksiyong ito. Kabilang sa pagsusulit ay ang Banal na Kasulatan na nakatakdang isaulo.

**Mga Tanong sa Pagsusulit sa Leksiyon 12**

(1) Ano ang tawag sa Mga Minor na Propeta sa Hebreong Biblia?

(2) Ano ang pagkakaiba ng mga Major Prophets at Mga Minor Prophets?

(3) Ilarawan ang mga kondisyon ng ekonomiya at espiritwal ng kaharian sa hilaga sa panahon ng ika-8ng siglo B.C.

(4) Ano ang pangunahing layunin para sa Hosea?

(5) Ano ang mga propesiya sa bawat pangalan ng anak ni Hosea para sa Israel?

(6) Sa Lumang Tipan, ano ang kahulugan ng salitang "kilala"?

(7) Ano ang pangunahing tema ng Joel?

(8) Sa Joel, ano ang kalamidad na nagpapakita ng propesiya ng parating na paghuhukom?

(9) Ayon sa Bagong Tipan, kailan natupad ang propesiya ni Joel sa isang parating na muling pagbuhay sa espiritwal na kalagayan?

(10) Ano ang layunin ng aklat ng Amos?

(11) Ilista ang limang pangitain ng paghuhukom sa Amos at ibigay ang kahulugan ng mga ito.

# Leksiyon 13
# Obadias-Zefanias

## Mga Layunin ng Aralin

Sa pagtatapos ng leksiyong ito,ang mag-aaral ay dapat:

(1) Malaman ang malamang na petsa at kalagayang pangkasaysayan ng Obadias, Jonas, Mikas, Nahum, Habakuk, at Zefanias.

(2) Magkaroon ng kakayanang ibalangkas ang mga pangunahing tema at layunin ng Obadias, Jonas, Mikas, Nahum, Habakuk, and Zefanias.

(3) Maunawaan ang pangunahing prinsipyo sa pabibigay kahulugan sa propesiya sa Lumang Tipan.

(4) Mapahalagahan ang soberenya ng Dios sa lahat ng bansa.

(5) Maipakita ang koneksyon ng mensahe ng Obadias, Jonas, Mikas, Nahum, Habakuk, at Zefanias sa mga pangangailangan sa panahon natin ngayon.

## Leksiyon

*Basahin ang Obadias, Jonas, Mikas, Nahum, Habakuk, at Zefanias*

*Isaulo ang Mikas 6:8; Nahum 1:7-8; Habakkuk 3:2*

## Panimula

Hindi katulad ng mga dios-diosan ng sinaunang mundo, si Jehovah ay hindi isang lokal na dios. Si Jehovah ang natatangi at mananatiling may soberenidad, at kapangyarihan sa buong mundo. Ito ay nakita sa mensahe ng mga Minor Prophets sa iba pang mga bansa sa labas ng Israel. Sa mga aklat na napag-aralan sa kabanatang ito, ang Dios ay nangusap sa Edom, Nineve, Israel, Juda, at Zefanias sa buong mundo sa pamamagitan ng mga propeta. Sa kabanatang ito, makikita natin ang soberenya ng Dios maging sa mga taong hindi kumikilala sa kanyang awtoridad. Ang Dios ay may soberenya sa buong daigdig.

## Obadias: Isang Mensahe sa Edom

| Isang sulyap sa aklat ng Obadias | |
|---|---|
| **May Akda** | Obadias |
| **Tagapakinig** | Edom |
| **Petsa** | Sa pagitan ng 587 at 553 B.C. |
| **Tema** | Ang Pagbagsak ng Edom |
| **Layunin** | Upang maipahayag sa pamamagitan ng propesiya ang pagkawasak ng Edom dahil sa kanilang kalupitan sa Juda noong panahon ng pananakop ng Babylonia. |
| **Ang Ebanghelyo sa aklat ng Obadias** | Pagkatapos ng pagkakatapon, Ang Juda ay muling pinanumbalik. At sa pamamagitan niya, ang Mabuting Balita ay makakarating sa mga Hentil. |

### Kalagayang Pangkasaysayan ng Obadias

Ang libro ng Obadias ay dapat basahin sa konteksto ng matagal na alitan sa pagitan ng Edom, na mula sa lahi ni Esau, at ng Israel, na mula sa lahi ni Jacob. Noong panahon ng Exodo, hindi pinahintulutan ng mga taga Edom ang mga Israelita na dumaan sa kanilang lupain.[364] Noong panahon ng pananakop ng Babylonia, ikinatuwa ng mga taga-Edom ang pagkawasak ng Jerusalem. Ang kasamaan ng Edom sa Judah noong 587 B.C. ang nagbigay inspirasyon upang maisulat ang pagsumpa sa Mga Awit 137:7-9 at gayundin ng propesiya ni Obadias.

Wala tayong ibang alam tungkol kay propeta Obadias bukod sa kanyang pangalan. Ang kahulugan ng kanyang pangalan ay "siyang naglilingkod kay Yahweh" at ito ay isang pangkaraniwang pangalan sa Lumang Tipan.[365]

### Ang Mensahe ni Obadias

Ang propesiya ni Obadias ay parehong mensahe ng paghatol sa Edom at mensahe ng pag-asa at kaaliwan sa Juda. Una, si Obadias ay nagdala ng mensahe ng paghatol laban sa

[364] Bilang. 20:14-21.
[365]Ang minor prophet ay hindi ang Obadias na isang opisyal sa sambahayan ni Ahab sa 1 Hari 18.

Edom. Ang Edom ay mapagmataas na naniniwala na ang kinalalagyan ng kanilang kapitolyo/centro, ang Sela, ay nasa matas na lugar, madaling protektahang bato ang magtatanggol sa kanila mula sa kanilang mga kaaway.[366] Gayunpaman, dahil sa kanilang kasamaan laban sa Juda, wawasakin ng Dios ang Edom. Dahil ang Dios ay makatarungan, hindi niya hahayaang hindi maparusahan ang kasalanan ng Edom. Ang propesiya ni Obadias ay nagkaroon ng katuparan ng masakop ang Edom noong 553 B.C.

Si Obadias ay nagdala rin ng mensahe ng pag-asa at kaaliwan. Ipinaalala niya sa Juda ang tipan ng pagmamahal ng Dios sa kanyang bayan. Kahit pagkatapos ng pagkawasak ng Jerusalem, nangako ang Dios ng pag-asa para sa kanyang bayan. Ang verse na pinagbabatayan ng Obadias (1:15) ay nagpapahayag ng pangako na malapit na ang araw ng paghuhukom/paghatol ng Dios sa **lahat ng bansa**.


## Si Jonas: Ang Nag-aatubiling Propeta sa Nineve

| Si Jonas sa Mabilis na Pagtanaw | |
|---|---|
| **May Akda** | Jonas |
| **Tagapakinig** | Nineve |
| **Petsa** | Sa pagitan ng 793 at 753 B.C. |
| **Tema** | Ang biyaya ng Dios para sa Lahat ng tao |
| **Layunin** | Upang maipakita ang pagnanais ng Dios na mailigtas ang lahat ng tao, maging ang mga kaaway ng Israel |
| **Ang Ebanghelyo sa aklat ng Jonas** | Itinuro ni Jesus ang aklat ng Jonas bilang simbolo ng muling pagkabuhay. |
| | Sa pamamagitan ng pagmiministeryo ng mga apostol at unang iglesya, naipahayag ang Mabuting Balita sa lahat ng bansa. |

[366] Obadias. 1:3.

**Ang Kalagayang Pangkasaysayan ng Jonas**

Si Jonas ay nagpropesiya sa panahon ng kahinaan ng Emperyo ng Assyria. Ipinahayag niya sa propesiya ang paglawak ng kaharian sa hilaga sa panahon ni Jeroboam II.[367]



*Artwork na nagpapakita ng kalupitan ng Asiria*

Isang agresibong emperyo, ang mga taga Assyria ang pinaka malaking banta sa kalayaan ng Israel. Makikita sa mga napreserbang likhang sining ang pagkagusto ng mga taga Assyria na pahirapan ang kanilang mga kaaway. Nang matanggap ni Jonas ang utos ng Dios para mangaral at bigyang babala ang mga tao sa Nineve, siya ay tumakas papuntang Tarsis. [368]

Hindi niya nais na mangaral ng mensahe na maaaring magtulak upang magsisi ang mga taga Nineve. Alam niya na kapag nagsisi ang mga taga Nineve, hindi na parurusahan ng Dios ang bayang ito.[369] Sa pananaw ni Jonas bilang isang tapat na Israelita, ang pagkawasak/paglipol sa Nineve ay magiging isang pagpapala para sa Israel.

**Ang Layunin ng Aklat ng Jonas**

Ang aklat ng Jonas ay nagpapakita ng awa/habag ng Dios, kahit na sa mga kaaway ng Israel. Ipinakita ni Jonas na ang awa ng Dios ay hindi lamang para sa "atin" (Israel); ang awa ng Dios ay para rin sa "kanila" (Nineve).

Taliwas kung ano ang Dios, si propeta Jonas ay walang nararamdamang awa/habag para sa Nineve. Ang aklat ng Jonas ay nagtutulak sa atin upang pag-isipan kung, "Ako ba ay katulad ni Jonas o katulad ng Dios?"

**Ang aklat ba ng Jonas ay Isang Kwento ng Tunay na pangyayari?**

May ilang manunulat ang nakikipag-argumento na ang kwento ng aklat ng Jonas ay hindi totoong pangyayari, kundi isa lamang parabola na naglalayong magturo ng leksyon tungkol sa pagkabigo ng Israel na maisakatuparan ang misyon ng Dios sa lahat ng bansa. Gayunpaman, wala namang makita sa aklat ng Jonas na nagpapahiwatig na ito ay isa ngang parabola lamang. Ang kwento ay ipinahayag bilang tunay na pangyayari at naglalaman ng

---

[367] 2 Hari 14:25.
[368] Image: "KCE Lachish impale" taken by kevincellis36109, retrieved from https://www.flickr.com/photos/36339698@N00/17005960457/ licensed under CC BY 2.0, desaturated from the original.
[369] Jonas 4:2.

makasaysayan at heograpiyang detalye na inaasahan natin sa isang tunay na pagsasalaysay.

Isa sa mga mensahe ng aklat ng Jonas ay ang soberenya ng Dios. Ang Dios " ay nagpadala ng napakalakas na hangin"; Siya ay" naghanda/nagpadala ng isang malaking isda upang lulunin si Jonas"; Siya ay "nagpatubo ng malagong halaman" upang maging silungan ni Jonas,at Siya ay "naghanda/nagpadala ng uod" upang sirain ang halaman. Ang mensahe ng soberenya ng Dios sa lahat ng kanyang nilikha ay walang kabuluhan kung ang kwento ay hindi totoo.

Ipinahayag ni Jesus ang kuwento tungkol sa aklat ng Jonas bilang isang kasaysayan. Siya ay nagbabala na ang, "Sa Araw ng Paghuhukom, muling mabubuhay ang mga taga-Nineve at kokondenahin ang henerasyong ito, dahil nagsisi sila nang mangaral sa kanila si Jonas; At pagmasdan nyo, narito ang higit pa kay Jonas."[370]

Sa mga kadahilanang ito, alam natin na totoong pangyayari ang naitala sa aklat ng Jonas.

**Ang Mensahe ng Aklat ng Jonas**

***Unang Bahagi: Pagtuturo patungkol sa Pagsunod (Jonas 1-2)***

Ang Kabanata 1 at 2 ay nagtuturo ng pagsunod. Noong tawagin ng Dios si Jonas para pumunta sa Nineve, ang unang pagtugon ni Jonas ay tumakas patungo sa ibang direksyon. "Ngunit tumakas agad si Jonas patungo sa Tarsis." Sumakay siya ng barko para tumakas sa "presensya ng Dios."[371] Ang propetang ito ng Dios ay naniniwalang makakatakas siya mula sa presensya ng pinakamakapangyarihang Dios. Gayunpaman, ang lahat ay nasa ilalim ng kapangyarihan ng Dios. "Nagpadala ang Dios ng napakalakas na hangin" na nagbantang wasakin ang barko.

Nang magpalabunutan ang mga tripulante upang malaman kung sino ang dahilan ng malakas na bagyo, nalaman nilang si Jonas ang maysala. Hindi katulad ni Jonas (na walang pakialam sa Nineve), ang mga tripulante ay lubos na nag-aalala para sa kanilang kapwa kaya sinubukan pa nilang sagipin ang buhay ni Jonas. Mas nagpakita pa ng habag ang mga paganong tripulanteng ito kaysa sa isang propeta ng Dios. Kaya noong buhatin at ihagis na nila si Jonas sa dagat, ang bagyo ay agad na kumalma. Naligtas pa rin ang buhay ni Jonas dahil "naghanda ang Panginoon ng isang malaking isda upang lulunin si Jonas."

Ang unang bahagi ay nagwawakas sa isang panalangin ng pasasalamat ni Jonas para sa habag ng Dios. Nangako si Jonas na "tutuparin ko ang aking ipinangako"; natutunan niya ang isang leksiyon ng pagsunod sa Dios.

---

[370] Mateo. 12:41.
[371] Juan. 1:3.

***Ikalawang Bahagi: Isang Leksiyon sa Pagkahabag (Jonas 3-4)***

Katulad ng unang kabanata, ang Jonas 3 ay nagsimula sa pagtawag ng Dios. Sa pagkakataong ito, sumunod na si Jonas; "kaya bumangon si Jonas, at agad na nagpunta sa Nineve." Natutunan na ni Jonas ang leksiyon sa pagsunod; ngayon ay tinuruan siya ng Dios patungkol sa pagkahabag.

Nangaral si Jonas ng mensahe ng paghuhukom sa Nineve. Sa unang kabanata, ang mga pagano ay higit na nagpakita ng pagiging mahabagin ng Dios kaysa kay Jonas. Sa unang kabanata, makikita nating sinubukan ng mga paganong tripulante na iligtas ang buhay ni Jonas. Sa kabanata tatlo, ang paganong hari ng Nineve ang nagsabi na maaaring kaawaan pa rin ng Dios ang kanilang bayan. "Baka sakaling magbago ng pasya ang Dios, at mapawi na ang kanyang matinding galit, at hindi na niya tayo puksain?" Ipinangaral ng Dios ang paghatol; ipinangaral ng paganong hari ang habag ng Dios.

Katulad ng ikalawang kabanata, ang Jonas 4 ay naglalaman ng isang panalangin. Ang Jonas 2 ay isang panalangin ng pasasalamat para sa tinanggap na habag mula sa Dios **para kay Jonas**; ang Jonas 4 ay naglalaman ng isang panalangin ng pagrereklamo para sa ipinapakitang habag ng Dios **sa** Nineve. Nagrereklamo si Jonas sapagkat hindi na lilipulin ng Dios ang bayan ng Nineve. Ang kabanatang ito ay nagtapos sa pagtuturo ng Dios ng leksiyon kay Jonas, isang leksiyon patungkol sa malaking habag ng Dios para sa naliligaw.

### Ang aklat ng Jonas sa Bagong Tipan

Ang aklat ng Jonas ay naisasalamin sa Bagong Tipan sa dalawang paraan. Una, inihalintulad ni Jesus na ang pagliligtas ng Dios kay Jonas sa tiyan ng malaking isda ay katulad ng kanyang muling pagkabuhay mula sa kamatayan.[372]

Pangalawa, ipinakita ng Jonas ang pagkabigo ng Israel na matupad ang misyon sa lahat ng bansa. Mula sa ipinangako ng Dios kay Abraham sa Genesis 12:2-3, malinaw na pinagpala ang Israel **upang maging daluyan ng pagpapala sa lahat ng bansa.** Ipinapakita ng aklat ng Jonas ang pagkabigo ng Israel na tuparin ang misyong ito. Sa pamamagitan ng pagdating ni Cristo, ang misyong ito ay muling pinanumbalik nang ibinigay niya ang utos na ito sa mga tagasunod niya: "Kaya humayo kayo, at turuan ninyo ang lahat ng bansa."[373]

### Ang aklat ng Jonas sa ika-21 siglo

Madaling kutyain si Jonas, ang nag-aatubiling propeta na hindi sang-ayon na patawarin ng Dios ang Nineve; gayunpaman, ang aklat ng Jonas ay nagtuturo din sa atin na tingnan ang mundo sa pamamagitan ng paningin ng Dios. Kung aking babasahin ang Jonas, dapat kong tanungin ang aking sarili:

---

[372] Mat. 12:39-40.
[373] Mat. 28:19.

- Ano ang nagbibigay sa akin ng kagalakan: ang pagkawasak ng aking kaaway o ang pagsisisi ng aking kaaway?
- Nangangaral ba ako ng habag ng Dios ng may buong pagnanais katulad ng pagnanais na ipangaral ang paghuhukom ng Dios?
- Nag-aatubili ba ako na puntahan ang mga kaaway ng mga mamamayan ng Dios?
- Mayroon ba akong mga katangian ni Jonas o katangian ng Dios?

## Micas: Isang Mensahe para sa Juda at Israel

| Isang sulyap sa aklat ng Micas | |
|---|---|
| **May Akda** | Micas |
| **Tagapakinig** | Juda |
| **Petsa** | 740-700 B.C. |
| **Tema** | Ang Tunay na Pamumuhay sa Tipan |
| **Layunin** | Upang maipakita na hahatulan ng Dios ang Juda dahil sa pagsuway sa tipan. |
| **Ang Ebanghelyo sa aklat ng Micas** | Inilalarawan ng Mikas ang mensahe ni Jesus na relihiyon mula sa puso. Ang tunay na relihiyon ay higit pa sa mga ritwal; ang tunay na relihiyon ay ibinuod sa Mikas 6:8: "Maging makatarungan ka sa lahat ng bagay, patuloy mong mahalin ang iyong kapwa, at buong pagpapakumbabang sumunod sa Dios." |

### Kalagayang Pangkasaysayan ng Mikas

Bago ang pagbagsak ng hilagang kaharian, si Micas, isang propeta mula sa Moreshet, ay nangaral sa Juda. Ang kanyang mensahe ay nagdulot ng pagpapanumbalik noong panahon ng paghahari ni Hezekias.

### Layunin ng aklat ng Micas

Gamit ang anyo ng isang usapin laban sa tipan, ipinakita ni Micas na hindi naging tapat ng Juda sa tipan.[374] Ipinangaral Micas ang pagpaparusa para sa mga hindi sumusunod sa tipan, at isang mensahe ng pag-asa para sa mga nagsisisi. Ipinakita ni Micas na ang pagiging matuwid ay higit pa sa pagsunod sa mga ritwal; ang tunay na pagiging matuwid ay "maging

[374] Para sa istruktura ng usapin tungkol sa tipan, tingnan ang Leksiyon 10 ng kursong ito.

makatarungan ka sa lahat ng bagay, patuloy mong mahalin ang iyong kapwa, at buong pagpapakumbabang sumunod sa Dios."[375]

## Ang Mensahe ng aklat ng Micas

Ang aklat ng Micas ay nagdadala ng isang serye ng tatlong propesiya. Ang bawat bahagi ay nagsisimula sa salitang "makinig." Ang bawat mensahe ay nagsisimula sa paghatol at pagkatapos ay nagbibigay ng isang mensahe ng muling pagpapanumbalik.

### *Unang Mensahe (Micas 1–2)*

Ang unang sulat ni Micas ng propesiya ng paghatol sa Samaria at Jerusalem, ang mga sentrong bayan ng Israel at Juda. Gigibain ng Dios ang Samaria at sisirain ang mga dios-diosan nito. Para sa Jerusalem, ipinangako ng Dios ang kahihiyan na katulad ng pagkakalbo kapag dinala ang Judah sa pagkakabihag.

Sa Micas 1:10-15, ipinakita ng propeta ang ruta na kalaunan ay sinundan ni Sennacherib sa kanyang paglalakbay patungo sa Jerusalem noong 701 B.C. Sa kanyang pagsalakay sa Juda, nilusob at sinakop ni Sennacherib ang mga bayan ng Gat, Afra, Shafir, Zaanan, Beth-ezel, Marot, Lakish, Moreshet-gat, at Aczib. Ang propesiya ni Micas ay particular na tumutugma sa kanyang propesiya ng paghatol ng Dios.

Ang Kasulatan ng paghatol ay nagwakas sa isang pangako ng muling pagpapanumbalik sa natitirang mamamayan ng Dios. Ang Panginoon ang mangunguna sa kanyang mamamayan sa pakikipaglaban.

### *Ikalawang Mensahe (Mikas 3–5)*

Ang ikalawang mensahe ni Micas ay nagsisimula sa pagtuligsa sa masasamang pinuno ng Juda. Ang mga pinuno ng bayan ay isinalarawan na tulad ng mga kanibal na kumakain sa kanilang mga nasasakupan (3:1-4). Mayroon namang "bayarang propeta" na nagpapahayag ng pagpapala sa mga nagbabayad ng malaki at sinusumpa naman ang mga walang maibayad (3:5-8). Ang mga pinuno, mga pari, at mga propeta ay mga isinumpa at pinarusahan.

Katulad ng naunang mensahe, ang mensaheng ito ay nagsimula rin sa paghatol at nagwakas sa mensahe ng pag-asa. Darating ang isang araw kung saan "ang bundok na kinatatayuan ng templo ng Panginoon ay maitatatag"; ang mga tao mula sa iba't-ibang bansa ay daragsa upang matutunan ang mga pamamaraan ng Panginoon na makapangyarihan. Ililigtas ng Dios ang mga nananatiling tapat at paghaharian sila. Babawiin Niya ang bundok ng Zion mula sa Babilonia at papastulan Niya ang kanyang kawan.

---

[375] Mikas 6:8.

Ang ganap na pagliligtas sa Juda ay magaganap sa pagdating ng "mamumuno sa Israel. Ang kanyang pinagmulan ay buhat pa noong una, noong unang panahon pa." na mula sa Bethlehem Efrata. Ang ebanghelyo ng Mateo ay tumutukoy sa aklat ng Micas bilang propesiya ng kapanganakan ni Cristo Jesus.[376]

### *Ikatlong Mensahe (Micas 6–7)*

| **Ang Paratang ng Dios laban sa Judah (Micas 6:1-8)** | |
|---|---|
| 6:1-2 | Panawagan upang sumaksi (ang mga bundok at burol ay saksi sa pagiging hindi tapat ng Juda) |
| 6:3 | Isang pagkakataon upang tumugon ang Juda |
| 6:4-5 | Isang paalala ng pabor ng Dios sa Juda sa kanilang nakaraan |
| 6:6-7 | Ang nanunuyang pagtugon ng mga mamamayan |
| 6:8 | Ang sagot ng Dios – isang buod ng pinapahayag sa kautusan: katarungan, habag, at kapakumbabaan |

Ang huling mensahe ng aklat ng Micas ay gumagamit ng anyo ng isang usapin laban sa tipan. Pinaparatangan ng Dios ang kanyang mamamayan ng pagiging hindi tapat sa tipan. At sa halip na aminin ang kanilang pagkakamali at pagsuway, ang mga mamamayan ay tumugon ng isang serye ng nanunuyang mga katanungan:

- Nais ba ng Dios ang mga batang guya na sinusunog bilang handog?
- Nais ba ng Dios ang libo-libong tupa at sampung libong ilog ng langis?
- Nais ba ng Dios na ihandog natin ang ating mga anak bilang kabayaran sa ating mga kasalanan?

Tumugon ang Dios sa pamamagitan ng muling pagpapahayag ng hindi nagbabagong panuntunan ng kautusan: katarungan, habag, at kapakumbabaan sa harap ng Dios.

Kasunod ng mga paratang, ipinahayag ng Dios ang Kanyang paghatol sa Jerusalem (6:9–7:7). Dahil sinunod ng Juda ang mga kasamaang ginawa at ipinayo ni Ahab, kaya pababagsakin ng Dios ang bansa.

Muli ang aklat ng Micas ay kumilos mula sa paghatol patungo sa mensahe ng pag-asa. Matapos mabigo sa paghahanap ng taong may takot sa Dios sa lugar ng Juda (7:1-7), nagwakas ang Micas sa isang panalangin na "papastulan ng Dios ang kanyang mamamayan sa pamamagitan ng kanyang tungkod" at muli silang maitatanghal sa mata ng mga bansa.

---

[376] Micas. 5:2 at Mateo. 2:4-6.

Nagtapos siya ng may matibay na pagtitiwala: Ang Dios ay Dios na nagpapatawad ng kasalanan at nalulugod sa pagbibigay ng awa.

### Ang Mensahe ng Aklat ng Micas para sa ika-21 Siglo

Ang Jeremias 26:17-19 ay nagpapakita na ang mensahe ni Micas ay nagdulot ng muling pagpapanumbalik ng mga tao sa Dios. Bilang resulta, ang Juda ay nakaligtas sa hatol ng parusa ng Dios nang higit sa isang daang taon. Ito ang dapat magbigay sa atin ng lakas ng loob habang dinadala natin ang mensahe ng Dios sa panahon natin ngayon. Bagama't marami ang hindi tumatanggap sa Salita ng Dios, tutugon ang mga natirang bayan; Ang Salita ng Dios ay hindi babalik nang walang bisa. Ito ay dapat na magpalakas at magpasigla sa atin upang maging tapat sa pagpapahayag ng Kanyang Salita sa panahon natin ngayon.

## Nahum: Isang Mensahe sa Nineve

| Isang sulyap sa aklat ng Nahum | |
|---|---|
| **May Akda** | Nahum |
| **Tagapakinig** | Nineve |
| **Petsa** | Sa pagitan ng 663 at 612 B.C. |
| **Tema** | Ang Pagkawasak ng Nineve |
| **Laynin** | Upang maipahayag ang propesiya ng paghatol ng Dios sa kasamaan ng bayan ng Nineve at ng Imperyo ng Asiria. |
| **Ang Ebanghelyo sa Nahum** | Ang Nahum 1:15 ay paanyaya upang maging matapat ang Juda. Siya ay nagdala ng magandang balita ng kapayapaan; darating ang Mesiyas! |

### Kalagayang pangkasaysaysan ng Nahum

Ipinangaral ni Nahum ang sermon na **nais** ipangaral ni Jonas: ang pagkawasak ng Nineve. Ang aklat ng Jonas ay nagpapakita ng pagkahabag ng Dios bilang tugon sa pagsisisi ng Nineve; ipinapakita ng aklat ng Nahum ang paghatol ng Dios bilang tugon sa pagrerebelde ng Nineve.

Ang muling panunumbalik sa Dios na dulot ng pagbisita ni Jonas sa Nineve ay naging pansamantala lamang. Nangaral si Jonas sa pagitan ng 793 at 753 B.C. Noong 745 B.C. ay naghari si Tiglath-pileser III at itinatag ang Imperyo ng Asiria na itinuring na pinakamalupit

na imperyo sa buong kasaysayan ng sangkatauhan. Noong 722 B.C, winasak ng Asiria ang kaharian sa hilaga.

Si Sennacherib, ang namumuno sa Imperyo ng Asiria mula 704-681 B.C. Ginawa niyang kabisera ang bayan ng Nineve. Sinakop niya ang karamihan sa lupain ng Juda, ngunit iniligtas naman ng Dios ang Jerusalem at kinalaunan ay pinalaya rin ang Juda sa pagkakasakop ng Asiria. Makalipas lamang ang 663 B.C., pinahayag ni Nahum ang propesiya ng paghatol ng Dios sa Nineve at sa Imperyo ng Asiria.[377] Ang propesiyang ito ay binigyang katuparan noon 612 B.C. nang nawasak ang Nineve. Noong 609 B.C., ang mga natitirang mamamayan ng Imperyo ng Asiria ay nasakop at tuluyan ng nawala ang imperyong ito sa kasaysayan. Ang paghatol ng Dios ay tiyak at sigurado.

### Layunin ng aklat ng Nahum

Ipinangaral ni Obadias ang ganap at tiyak na pagkawasak ng Edom; ipinangaral ni Nahum ang ganap at tiyak na pagkawasak ng Nineve. Sa pagkakataong ito, wala ng pagsisisi; "walang lunas sa iyong malubhang sugat."[378] Ang aklat ng Nahum ay nagpapahayag ng pagkawasak ng Nineve at nagbibigay naman ng pag-asa sa mga mamamayan ng Juda sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng katiyakan na hahatulan ng Dios ang kanilang mga kaaway.

### Ang Mensahe ng Nahum

Ang kabuuan ng aklat ng Nahum ay patungkol sa paghatol ng Dios sa Nineve. Ang unang Kabanata ay nagpapakita ng isang larawan ng Dios bilang isang Banal na Mandirigma na nakikipaglaban para sa kanyang mga mamamayan. Ang Dios ay matuwid na hukom; Siya "ay maghihiganti sa kanyang mga kaaway, at ipaparanas sa kanyang mga kaaway ang kanyang galit."

Bagama't noong una ay nagpakita ang Dios ng habag sa pamamagitan ng pagliligtas sa nagsisising Nineve, Siya rin ay "makapangyarihan, at hindi hahayaang mapawalang sala ang mga masasama." Tinalikuran ng Nineve ang Dios, kaya ngayon ay maghihiganti siya sa mga ito.

Ang pangunahing pagkakaiba na inihayag sa aklat ay makikita sa Nahum 1:7-8. Para sa matuwid, "Ang Dios ay mabuti, isang matibay na tanggulan sa panahon ng kaguluhan." Para sa mga masama, "Sa pamamagitan ng rumaragasang baha ay magiging ganap ang kanyang katapusan."

---

[377] Ang Nahum 3:8 ay tumutukoy sa pagkawasak ng Thebes sa Ehipto (Ginagamit ng KJV ang mas matandang pangalang "No" para sa lunsod). Ito ay naganap noong 663 B.C. Nangaral si Nahum sa pagitan ng pagbagsak ng Tebes (663 B.C.) at ang pagbagsak ng Nineve (612 B.C.).

[378] Nah. 3:19.

Ang ikalawang Kabanata ay nagsasalarawan ng pagkawasak ng Nineve sa pamamagitan ng mga larawan ng digmaan sa lansangan at paghahalintulad sa isang leon na nilalapa at pinipira-piraso ang kanyang nahuling biktima.

Ang ikatlong Kabanata ay nagwakas sa mensahe ni Nahum ng isang "woe oracle/pahayag na 'kawawa ako'" kung saan ay ipinahayag niya ang mga kasalanan ng "ang lunsod ng dugo" na "puno ng kasinungalingan at kasakiman." Inisa-isa ni Nahum ang mga kasamaan ng Nineve at pagkatapos ay ipinahayag ang huling paghatol ng Dios: "Hahayaan kong tingnan ng mga bansa ang iyong kahubaran at ng mga kaharian ang iyong kahihiyan. Tatabunan kita ng dumi at gagawing hamak at mandidiri sa iyo ang mga tao."[379] Magagalak ang lahat sa balita ng pagbagsak ng Asiria. "Ang lahat ng makakarinig ng balita patungkol sa sinapit mo ay matutuwa at magpapalakpakan. Dahil silang lahat ay nakaranas ng iyong kalupitan"[380]

Ang aklat ng Nahum ay nagtuturo na hindi hahayaan ng Dios na banal na hindi maparusahan ang kasalanan. Bagama't ginamit ng Dios ang Asiria upang parusahan ang Israel at Juda sa kanilang mga kasalanan, hindi niya binabalewala ang kasalanan ng Asiria. Sa huli, iningatan niya ang mga natitirang tapat na mamamayan ng Juda at tinalo ang kanyang mga kaaway. Ang katapatan ng Dios sa kanyang mga mamamayan ay hindi nagbabago.

## Habakuk: Isang Pag-uusap sa pagitan ng Dios at Kanyang Propeta

| Isang sulyap sa aklat ng Habakuk | |
|---|---|
| **May Akda** | Habakuk |
| **Petsa** | Maaaring sa pagitan ng 608 at 605 B.C. |
| **Tema** | Pag-unawa sa Pamamaraan ng Dios |
| **Layunin** | Upang ipakita ang mga layunin ng Dios kay Habakkuk |
| **Ang Ebanghelyo sa aklat ng Habakuk** | Ang Habakuk. 2:4 ay tatlong beses na nabanggit sa Bagong Tipan. "Ang matuwid ay mabubuhay dahil sa kanyang pananampalataya" ito ang plano ng Dios sa kanyang mamamayan sa lahat ng panahon. |

[379] Nah. 3:5-6, **English Standard Version.**
[380] Nah. 3:19, **English Standard Version.**

## Kalagayang Pangkasaysayan ng Habakuk

Ang Habakkuk ay kakaiba sa ibang aklat ng mga propesiya; wala itong direktang tinutukoy na tagapakinig. Sa halip, ang aklat ay binubuo ng mga pag-uusap sa pagitan ng Dios at ng propeta.

Si Habakuk ay nagministeryo sa mga taon na patungo sa pagbagsak ng Jerusalem. Karamihan sa mga iskolar ay naniniwala na ang pag-uusap sa Habakuk ay nangyari sa panahon bago ang paghahari ni Nebucodonosor noong 605 B.C. Sa loob ng dalawampung taon ng pagpapahayag ni Habakuk ng mga pahayag mula sa Dios, ang propesiya ay mabibigyang katuparan.

## Layunin ng Habakuk

Ang aklat ng Habakuk ay nagpapakita ng layunin ng Dios sa propeta. Sa pamamagitan ng mga katanungan ni Habakuk at mga pagtugon ng Dios, natutunan ng propeta na magtiwala sa makapangyarihang plano ng Dios.

## Ang Mensahe ng Habakuk

### *Unang Katanungan: Bakit sumasagana ang masamang bayan ng Juda? (Habakuk. 1:1-11)*

Habang nakikita ni Habakuk ang pagbagsak ng espiritwal at moral ng Juda, siya ay nabalisa sa tila ba kawalan ng pagtugon ng Dios patungkol dito. Nagtanong si Habakuk, "Bakit po ninyo ipinapakita sa akin ang mga kasalaan at kaguluhan, at bakit hindi ninyo tinitingnan ang kasamaan?"[381] Para kay Habakuk, na tila ang katarungan ay napilipit na.

Nagulat ang propeta sa naging tugon ng Dios. Sinabing Dios kay Habakuk na pamamahalain niya ang mga taga Cadeo para hatulan ang Juda.[382] Ang kanilang mga kabayo ay mas mabilis kaysa sa mga hayop na leopardo; para silang magiging mga agila na gutom sa pangbibiktima.

### *Ikalawang Katanungan: Paano gagamitin ng Dios ang Babilonia para hatulan ang Juda? (Habakuk. 1:12 – 2:20)*

Habang ipinakikita ng Dios sa unang tugon niya na hindi niya binabalewala ang kasamaan, ito ay nagbunga pa sa mas malalaking katanungan. Paano hahatulan ng Dios ang Juda sa pamamagitan ng isang mas higit na masamang bansa? Tunay nga na ang Juda ay nararapat lamang na hatulan, ngunit ang Babilonia ay mas higit na masama kaysa sa Juda. Tinanong ni Habakuk ang Dios, Paano kayo "nananatiling walang kibo gayong pinupuksa ng masasama ang mga taong higit na mabuti kaysa sa kanila?'"[383]

---

[381] Hab. 1:3, **English Standard Version.**
[382]Ang mga Chaldeo ay isa pang pangalan para sa mga taga-Babilonia.
[383] Hab. 1:13, **English Standard Version.**

Bilang tugon, sinabi ng Dios kay Habakuk na isulat ang isang pangitain. Tiyak ang paghatol ng Dios at ito ay mangyayari ayon sa ipinangako ng Dios. Dapat na magpasya si Habakuk kung alin sa dalawa ang kanyang magiging tugon. Maaari siyang maging mapagmataas o kaya naman ay magpasakop ng may pananampalataya sa mga layunin ng Dios.

Ang mensaheng ito ay sinundan ng pagpapahayag ng plano ng Dios sa paghatol sa Babilonia. Sa pamamagitan ng serye ng limang woe oracles/pahayag ng pagiging "kawawa", ipinakita ni Habakuk na ang Babilonia ay mapipilitang inumin ang tasa ng galit ng Panginoon. Sila ay nagtitiwala sa mga dios-diosan, ngunit ang kanilang pagtitiwala sa mga dios-diosan ay walang kabuluhan. Hindi katulad ng mga walang kabuluhang dios-diosan, "Ang Panginoon ay nasa kanyang banal na templo." Ang natatangi at nararapat lamang na pagtugon ay pagtahimik sa harapan ng kanyang soberenya.

### *Ang panalangin ng Pagpapasakop ni Habakuk (Habakuk. 3)*

Bilang tugon sa mga ipinahayag ng Dios, si Habakuk ay sumang-ayon at nagpasakop sa mga layunin ng Dios. Siya ay nanalangin na sa paghatol ng Dios ay magpakita rin ng awa sa kanila; inilarawan niya ang kapangyarihan at soberenya ng Dios; at siya ay nagpasakop sa layunin ng Dios. Nagwakas ang propeta sa pagpapahayag ng pagtitiwala: "Ang PANGINOONG Dios ay ang aking kalakasan, pinapalakas niya ang aking mga paa tulad ng mga paa ng usa, upang makaakyat ako sa mataas na lugar."

## Ang aklat ng Habakuk sa Bagong Tipan

Ang pahayag sa Habakuk na, "Ang matuwid ay mabubuhay dahil sa kanyang pananampalataya," ay tatlong beses binanggit sa Bagong Tipan. Sa Roma 1:17, binanggit ni Pablo ang sinabi sa Habakuk upang ipakita na itinuturing tayong matuwid ng Dios sa pamamagitan ng pananampalataya. Sa Galacia 3:11, ipinakita na salungat ito sa mga pagtatangka ng mga Hudyo na maituring na matuwid sa pamamagitan ng pagsunod sa kautusan. Sa halip na maituring na matuwid sa pamamagitan ng pagsunod sa kautusan, itinuro ni Pablo na "ang matuwid ay mabubuhay dahil sa kanyang pananampalataya." Sa Hebreo 10:38, binigyang diin sa talatang ito ang **patuloy** na aspeto ng pananampalataya. Sa halip na "tumalikod muli," ang matuwid ay magpapatuloy na "mamuhay ng may pananampalataya." Sa Bagong Tipan, katulad ng sa Lumang Tipan, ang pananampalataya at pagtitiwala sa mga layunin ng Dios ang siyang tumutulong sa atin upang mabigyang kaluguran ang Dios.

## Zefanias: Isang Mensahe para sa Buong Mundo

| Isang Sulyap sa aklat ng Zefanias | |
|---|---|
| **May Akda** | Zefanias |
| **Tagapakinig** | Juda at lahat ng bansa |
| **Petsa** | Sa pagitan ng 640 at 612 B.C. |
| **Tema** | Ang Araw ng Panginooon |
| **Layunin** | Upang bigyang babala ang Juda at lahat ng bansa patungkol sa araw ng Panginoon |
| **Ang Ebanghelyo sa aklat ng Zefanias** | Ang aklat ng Zefanias ay nakatuon sa isang panahon kung saan ang lahat ng bansa ay sasamba sa Dios ng Israel. Ito ay nabigyang katuparan sa mga iglesia na binubuo ng kapwa Hudyo at Hentil (Efeso 3:1-6). |

### Kalagayang Pangkasaysayan ng Zefanias

Ang pangalang Zefanias ay nangangahulugang "itinago ni Jehovah," isang pangalang nagpapakita na ang kanyang mga magulang ay posibleng tapat sa Dios kahit na sa mga panahon ng pagtalikod ng Juda noong panahon sa ilalim ng pamamahala ni Haring Ahaz. Ipinahayag ni Zefanias ang propesiya noong panahon ng paghahari ni Josias, ang huling mabuting hari ng Juda. Siya ay kasabayan nina Habakuk at Jeremias. Dahil tinukoy ni Zefanias na ang pagbagsak ng Nineve ay pangyayari sa hinaharap, ang kanyang ministeryo ay maaaring nagtapos bago ang 612 B.C.[384]

Sa panimula ng Zefanias ay binabakas niya ang kanyang mga ninuno na mula pa sa ika-apat na salinlahi ni Haring Hezekias.[385] Siya ay bahagi ng maharlikang pamilya at maaaring kapamilya ni Haring Josias.

### Layunin ng Zefanias

Higit pa sa ibang mga propeta, si Zefanias ay nagpahayag patungkol sa araw ng Panginoon. Anim na beses sa maliit na aklat na ito, tinukoy ng propeta ang araw ng Panginoon. Katulad ni Joel, Ezekiel, at Amos, ipinakita ni Zefanias na ang araw na ito ng Panginoon ay magdadala ng parehong paghuhukom sa mga suwail at pagpapala sa mga tapat. Ipinakita ng Zefanias na ang araw na ito ng Panginoon ay makakaapekto sa lahat ng tao, hindi lamang para sa Juda at mga mamamayan ng tipan.

---

[384] Zefanias 2:13.
[385] Zefanias 1:1.

**Mensahe ng Zefanias**

Unang ipinahayag sa Zefanias ang pagpaparusa ng Dios sa Juda. Dahil sa pagsamba ng Juda kay Baal, sa "mga anghel sa langit," at iba pang mga dios-diosan, parurusahan ng Dios ang buong bayan. Ang mga kabahayan sa Jerusalem ay mapapabayaan din. Ang araw ng Panginoon ay ipapahayag bilang "ang araw ng galit ng Dios, isang araw ng pighati at paghihirap, isang araw ng pagkasira at kalungkutan, isang araw ng kadiliman kawalan ng pag-asa, isang araw ng mga ulap at makapal na dilim, isang araw na maririnig ang tunog ng propeta at babala laban sa mga lungsod, at sa may matataas na tore."[386]

Pagkatapos ay nagpahayag naman si Zefanias sa mga bansa. Ang mga Filisteo ay daranas ng pagpaparusa ng Dios; Ang Moab at Ammon ay sisirain; Ang mga taga-Etiopia (Cush) ay papatayin; at ang Asiria ay wawasakin din. Ang araw ng Panginoon ay araw ng pagpaparusa sa mga bansang ito.

Ang mga Hudyong tagapakinig ni Zefanias ay maaaring nagagalak sa pagkakarinig na parurusahan ang kanilang mga kaaway. Gayunpaman, muling bumalik si Zefanias sa tema ng pagpaparusa sa Juda. "Nakakaawa ang Jerusalem! Ang mga mamamayan nito ay nagrerebelde sa Dios at gumagawa ng karumihan. Ang kanyang mga pinuno ay mapang-api!"[387] Nakakalungkot, ang marumi at bayang gumagawa ng karumihan ay ang Jerusalem. Ang kanyang mga pinuno, hukom, propeta at pari ay parurusahan dahil hindi nila tinanggap ang pagtutuwid ng Dios. Dahil dito, ang pagpaparusa na ibubuhos sa "lahat ng bansa" ay ibubuhos din sa Juda.

Ang araw ng Panginoon ay araw ng paghuhukom. Ngunit kung ang mga tao ay magsisisi, ito ay maaaring maging araw ng muling pagpapanumbalik. Ipinangako ng Dios na may ititira siya sa Juda na "magtitiwala sa pangalan ng Panginoon." At sila ay "hindi gagawa ng kasamaan, o magsasalita o magsisinungaling."[388] Ipinangako ng Dios na iingatan niya ang mga taong ito mula sa kanilang kaaway.

Sa mga huling talata ng Zefanias, nangako ang Dios na ililigtas niya ang Jerusalem. Ililigtas niya ang kanyang mamamayan at gagawin silang "tanyag at sila ay pararangalan ng lahat ng tao sa mundo."

►Ang Minor Prophets ay nagdala ng mensahe ng Dios sa lahat ng bansa. Ang mensahe ay karaniwang nakalaan sa isa lang tiyak na tagapakinig ng propeta. Ayon sa 2 Timoteo 3:16, ang lahat ng Kasulatan ay kagamit-gamit sa lahat ng Kristiyano sa lahat ng panahon. Paano nangungusap ang mensahe ng Minor Prophets sa panahon natin ngayon?


---

[386] Zefanias 1:15-16.
[387] Zefanias 3:1.
[388] Zefanias 3:12-13.

## Isang Mas Malapit na Pagtanaw sa Pagbibigay Kahulugan sa Lumang Tipan

Para sa maraming mambabasa, ang mga aklat ng propesiya sa Lumang Tipan ay ilan sa mga pinakamahirap intindihing aklat sa Biblia. Ang ilang mambabasa ay nagsasabi na ang mga aklat ng propesiya ay wala namang mensahe para sa panahon natin ngayon. Ang ilang tagapagsalin ay naghahanap ng nakatagong mensahe sa mga aklat na ito. Ang mga paraang ito ay kapwa naglalayo sa atin sa pinakapangunahing katotohanan ng mga propeta ng Lumang Tipan.

Paano nangungusap ang mga propesiya ng Lumang Tipan sa mga Kristiyano sa panahon natin ngayon? Sila Scott Duvall at Daniel Hays ay nagbigay ng modelo kung paano natin dapat bigyang kahulugan at isabuhay ang Biblia sa panahon natin ngayon. Ito ay isang modelo na mahusay na magagamit sa pagbibigay kahulugan sa mga propetikong aklat. Ito ay binubuo ng limang katanungan na ayon sa teksto ng Biblia.[389]




### (1) Ang Kanilang Bayan: Ano ang orihinal na mensahe ng propeta?

Ito ay nagtatanong kung paano pinakikinggan ng mga orihinal na tagapakinig ang mensahe ng propeta. Ano ang mensahe ng propeta sa kanyang panahon? Ito ay tumutulong upang maiugnay natin ang ating pagbibigay kahulugan sa orihinal na mensahe. Mapanganib na

---

[389] Hinango kina J.Scott Duvall at John Daniel Hays. **Grasping God's Word, 3rd ed.** Zondervan, 2012.
Image: "Interpreting the Bible" drawing by Anna Boggs, available from https://www.flickr.com/photos/sgc-library/52377290578, licensed under CC BY 2.0.

"basahin" sa Banal na Kasulatan ang isang mensahe na maaaring ang mismong mga orihinal na tagapakinig ay hindi ito nakita o naunawaan.[390]

Halimbawa, si Nahum ay nangaral ng isang mensahe ng pagpaparusa sa Nineve. Narinig ng kanyang mga tagapakinig ang isang pahayag na ang Nineve ay wawasakin dahil sa kanyang kalupitan, sekswal na imoralidad, at kanyang pagsamba sa mga dios-diosan. Ito ang orihinal na mensahe ng propeta.

**(2) Ang Ilog: Ano ang naghihiwalay sa mga orihinal na tagapakinig mula sa kasalukuyan?**

Pinag-aaaralan ng katanungang ito kung paanong ang kultura, mga salita, panahon, at sitwasyon sa ngayon ay naiiba mula sa tagpo sa Biblia. Tinitingnan din nito ang pagkakaiba sa pagitan ng luma at bagong tipan.

Ang aklat ng Nahum ay patungkol sa isang partikular na bayan sa partikular na panahon. Habang binabasa natin ang Nahum, malalaman natin na ang bayan ng Nineve ay wala na. Karamihan sa mga mambabasa ngayon ay hindi naman namumuhay sa bansa na malupit at pinagmamalupitan ang iba pang mga bansa sa mundo. At higit pa dyan, tayo ay namumuhay sa bagong tipan kung saan ang pagpaparusa ng Dios ay hindi naman nakikita ng kasing linaw noong panahon ng lumang tipan.

**(3) Ang Tulay: Ano ang prinsipyo sa likod ng orihinal na mensahe ng propeta?**

Ang katanungang ito ay nagtutulak sa mambabasa na tumingin ng higit sa pangunahing kalagayan ng propeta upang makita ang prinsipyong itinuturo. Ang prinsipyong ito ay mailalapat sa lahat ng panahon at lahat ng kultura. Ito ay hindi lamang para sa pangunahing tagapakinig ng propeta.

Kahit na maraming pagkakaiba sa pagitan ng ating panahon at sa panahon ng Nahum, ang prinsipyo ng katarungan ng Dios ay pangkalahatan. Ang isang banal at makatarungang Dios ay hindi maaaring palampasin ang mga kasalanan ng Asiria. Ang katarungan ng Dios ay makikita sa kabuuan ng Banal na Kasulatan at kasaysayan ng sangkatauhan; ang mensahe ay hindi nalilimitahan o hindi lang para sa Nineve.

**(4) Ang Mapa: Paano nakikita ang prinsipyo sa kabuuan ng Banal na Kasulatan?**

Isinasaalang-alang ng katanungang ito ang talatang pinag-aaralan ng may pagtingin sa kabuuan ng pagkakapahayag sa Biblia. Ito ay tumutulong sa atin na makasigurado na hindi natin inilalayo ang isang talata mula sa biblikal na konteksto nito at sa gayun ay "makahanap" ng prinsipyong salungat sa itinuturo ng Biblia sa kabuuan ng Banal na

---

[390] Ang teknikal na salita sa pagbibigay-kahulugan sa Kasulatan ay **exegesis** – bigyang kahulugan o "hanguin mula" sa teksto patungo sa kahulugan nito. Ang kabaligtaran ng **exegesis** ay **eisegesis**. Ang **eisegesis** ay nagsisimula sa aking sariling mga ideya at hinahanap ang mga ideyang iyon sa loob ng teksto. Bilang mag-aaral ng Kasulatan, dapat tayong magsimula sa orihinal na kahulugan, hindi sa ating sariling mga ideya.

Kasulatan. Para sa mga talata sa Lumang Tipan, ang hakbang na ito ay nagbibigay ng espesyal na atensyon sa kung ano ang ipinapahayag ng pagdating ni Cristo Jesus patungkol sa prinsipyo.

Kung ating pag-aaralan ang prinsipyo ng katarungan ng Dios sa kabuuan ng Banal na Kasulatan, makikita natin na ang aklat ng Nahum ay tumutugma sa ibang mga katuruan sa Biblia patungkol sa katangian ng Dios. Ang Pentateuch ay nagtuturo na dapat parusahan ng Dios ang kasalanan. Ipinapakita ng mga makasaysayang aklat na ito ang kanyang katarungan na kumikilos – kahit maging sa kanyang sariling mamamayang Israel. Ang mga propeta ay paulit-ulit na nagpatotoo sa katarungan ng Dios. Sa Bagong Tipan, ipinangaral ni Jesus ang tungkol sa awa ngDios gayundin naman ang tungkol sa paghatol ng Dios.[391] Ipinapaalala sa atin ni Pablo na ang "Ang Dios ay hindi madadaya ninuman: sapagkat kung ano ang itinanim ng tao, ay iyon din ang aanihin niya."[392]

### (5) Ang Ating Bayan: Paano ginagamit ang prinsipyo sa panahon ngayon?

Ito ang pagkakataon kung saan ang mambabasa mula sa pagbibigay kahulugan ay tutungo kung paano ito gagamitin. Ang hakbang na ito ay nagtatanong kung paano natin isasabuhay ang prinsipyong itinuturo sa praktikal na paraan para sa kasalukuyan.

Kapag binasa natin ang aklat ng Nahum, itinatanong natin, "Paano makikita ang katarungan ng Dios sa panahon natin ngayon?" at "Paano tayo dapat mamuhay na ayon sa katarungan ng Dios?" Ang katarungan ng Dios ay maaaring hindi makita sa isang agaran at dramatikong pamamaraan na katulad ng nakita natin sa Lumang Tipan. Gayunpaman, ang katarungan ng Dios ay nananatili at hindi nagbabago, at ang kanyang paghatol ay tiyak. Sa ating pagbabahagi ng Salita ng Dios sa ating panahon, dapat nating ipahayag hindi lamang ang awa ng Dios, kundi maging ang Kanyang paghatol. Kahit na ang mensaheng ito ay hindi higit na popular sa panahon ngayon kaysa sa panahon ng propeta ng Lumang Tipan, ito ay pangunahing katotohanan na nararapat lamang na ipahayag ng mga tapat sa buong Salita ng Dios.

## Isang Pang-Sariling Gabay para sa Pag-aaral ng Minor Prophets

(1) Basahin ang buong aklat sa isang upuan upang makuha ang pangkalahatang ideya ng mensahe ng propeta. [393]

(2) Pag-aralan ang tungkol sa may akda. Mula sa impormasyon na makikita sa umpisa ng aklat ng propeta, sagutin ang mga sumusunod na katanungan patungkol sa propeta:

- Saan siya nagmula?
- Ano ang alam natin tungkol sa kanyang mga magulang?

---

[391] Ang Mat. 11:20-24 ay isa sa mga halimbawa ng mensahe ni Jesus patungkol sa darating na paghuhukom.
[392] Gal. 6:7.
[393] Adapted from Danny McCain, **Notes on Old Testament Introduction.** Africa Christian Textbooks, 2002. Pgs 347-348.

- Ano ang kanyang trabaho?
- Ano ang alam natin tungkol sa kanyang pamilya?
- Kailan at gaano siya katagal nagministeryo?

(3) Pag-aralan ang kalagayang pangkasaysayan. Hanapin ang mga sumusunod na impormasyon:

- Kanino siya nagpahayag ng propesiya?
- Sino ang mga haring namumuno sa panahon ng kanyang pagmiministeryo?
- Ano ang mga espiritwal at panlipunang kalagayan noong panahon niya?
- Sino ang iba pang propeta na nagministeryo sa parehong panahon niya?

(4) Basahin ulit ang aklat sa ikalawang pagkakataon at magsulat ng pamagat para sa bawat kabanata na nagbubuod sa nilalaman nito. Habang nagbabasa ka, salungguhitan o kulayan ang mga salita na madalas na nababanggit. Pag natapos mo na ito, alamin mo ang mga mahalagang tema sa aklat.

(5) Ilista ang mga pangunahing kasalanan na natagpuan sa aklat.

(6) Ilista ang mga pangunahing propesiya na natagpuan sa aklat.

(7) Sumulat ng isang pahinang-buod ng aklat batay sa mga sagot sa mga naunang nabanggit na katanungan.

## Takdang Aralin sa Leksiyon

(1) Kumpletuhin ang isa sa mga sumusunod na takdang aralin.

Option 1: Takdang Araling Pang Grupo

Suriin ang isa sa mga Minor Prophets gamit ang modelo na binanggit sa "Isang Mas Malapit na Pagtingin sa Propesiya sa Lumang Tipan." Talakayin ang orihinal na mensahe ng propeta, ang mga pagkakaiba sa pagitan ng panahon ng mga propeta at ating panahon, at ang mga prinsipyong itinuro ng propeta. Hanapin ang 2-3 na paraan na kung paano gamitin o isabuhay ang mensahe ng propeta sa kasalukuyang panahon.

Option 2: Takdang Araling Pang Indibidwal

Suriin ang isa sa mga Minor Prophets gamit ang "Isang Pang-Sariling Gabay para sa Pag-aaral ng Minor Prophets."

(2) Kumuha ng pagsusulit sa leksiyong ito. Kabilang sa pagsusulit ang talata ng Banal na Kasulatang nakatakdang isa-ulo.

**Maga Tanong Para sa Leksiyon 13**

(1) Ano ang layunin ng aklat ng Obadias?

(2) Ano ang tema ng aklat ng Jonas?

(3) Maglista ng dalawang paraan kung paano ipinapakita sa aklat ng Jonas ang soberenya ng Dios.

(4) Ano ang dalawang leksiyong itinuturo sa aklat ng Jonas?

(5) Ayon sa aklat ng Micas, ano ang tatlong katangian na nagbubuod sa hinihingi ng kautusan?

(6) Ano ang ibinigay na propesiya patungkol sa kapanganakan ni Jesus sa aklat ng Micas?

(7) Para kanino naisulat ang aklat ng Nahum?

(8) Ilista ang dalawang katanunganni Habakuk at ang tugon ng Dios.

(9) Ano ang pangunahing tema ng Zefanias?

(10) Ano ang limang hakbang na ibinigay para sa pagbibigay-kahulugan sa propesiya sa Lumang Tipan?

# Leksiyon 14
# Hageo–Malakias

## Mga Layunin ng Leksiyon

Sa pagtatapos ng leksiyong ito, ang mag-aaral ay dapat na:

(1) Malaman ang mga malamang na petsa at kalagayang pangkasaysayan ng aklat ng Hageo, Zacarias, at Malakias.

(2) Makayanang ibalangkas ang mga pangunahing tema at layunin ng Hageo, Zecarias, at Malakias.

(3) Makita ang kahalagahan ng patuloy na katapatan sa kautusan ng Dios.

(4) Mapahalagahan ang mga pangako tungkol sa tagapagligtas sa Lumang Tipan.

(5) Maiugnay ang mensahe ng Hageo, Zecarias at Malakias sa panahon ngayon.

## Leksiyon

*Basahin ang Hageo, Zacarias, at Malakias*

*Isa-ulo ang Hageo 2:7-9 atd Malakias 3:1*

## Ang Kalagayang Pangkasaysayan ng mga Propeta sa Pagtatapos ng Pagkakabihag

Ang mga propeta noong matapos ang pagkakabihag ay nagpahayag patungkol sa mga bagay na kinakaharap ng Juda matapos makabalik mula sa pagkakabihag:

- **Mga pulitikal na pagsubok**: Ang Juda ay pinamamahalaan ng Persya, walang hari na katulad ni David, at ang mga kalapit bayan ng Jerusalem ay sumasalungat na maitayong muli ang lunsod.
- **Mga espiritwal na pagsubok:** hindi pa naitatayong muli ang templo, ang pag-aasawa ng mga hindi mananampalatayang Hentil na nagdulot ng pagkakahalo-halo ng iba't ibang paniniwala at, maraming mga Hudyo ang hindi na sumusunod sa Araw ng Sabbath.
- **Mga panlipunan na pagsubok:** mayroong tension sa pagitan ng mga bumalik at ng mga nanatili sa Jerusalem, mali ang pagtrato ng mga mayayaman sa mahihirap, at talamak ang paghihiwalay ng mga mag-asawa.

Noong 539 B.C., nahulog sa kamay ng Persia ang Babilonia. Ang pinuno ng Persia, na si Cyrus, ay nagpalabas ng kautusan na nagpapahintulot sa pagbabalik ng mga Hudyo sa Juda. Nang sumunod na taon, pinangunahan ni Zerubabel ang 50,000 na tao mula sa

Babilonia patungo sa Jerusalem. Sa kanilang pagdating, ay sinimulan na nila ang muling pagtatayo ng templo. Subalit, ang kanilang mga kaaway ay sumasalungat sa proyekto ng muling pagtatayo ng templo kaya natigil ito. Noong 520 B.C., hinimok nila Hageo at Zacarias ang mga tao upang ipagpatuloy ang muling pagtatayo ng templo. Dahil dito, sila ay nakilala bilang "mga propeta ng templo." Nagpatuloy ang pagtatayo ng templo noong 520 B.C. at natapos ang pagpapatayo ng templo noong 516 B.C.

Noong 458 B.C.,pinangunahan ni Ezra ang isang grupo ng mga bihag pabalik sa Jerusalem. Taglay ang kanyang pagpapahalaga sa tipan, pinangunahan ni Ezra ang pagpapanumbalik ng pagsamba sa Dios at mga pagbabagong panlipunan.

Nagbalik si Nehemias sa Jerusalem noong 444 B.C. at pinangunahan ang pagsisikap na muling maitayo ang mga pader ng bayan. Hinarap niya ang maraming problema na katulad ng kinaharap ni Ezra: mga isyu sa pag-aasawa, ang pagkabigo nilang sumunod sa araw ng Sabbath, at kakulangan ng katapatan sa tipan. Si Malakias, na nagministeryo halos sa kaparehong panahon, ay nagpahayag din patungkol sa mga katulad na problema.

## Hageo: Ang Muling Pagtatayo ngTemplo

| Isang Sulyap sa aklat ng Hageo | |
|---|---|
| **May Akda** | Hageo |
| **Tagapakinig** | Sa Juda matapos ang pagkabihag |
| **Petsa** | 520 B.C. |
| **Tema** | Ang Muling Pagtatayo ng Templo |
| **Layynini** | Para himukin ang mga mamamayan ng Dios na muling itayo ang templo |
| **Ang Ebanghelyo sa aklat ng Hageo** | Ang pangako ng Hageo 2:9 ay natupad sa Lucas 2:28-32. |

### Layunin ng Hageo

Nagsimulang magpahayag si Hageo noong 520 B.C. Siya ay nagdala ng isang serye ng apat na mensaheng may kaugnayan sa templo. Dahil sa mga pagsubok sa buhay na kinakaharap sa Jerusalem, nawala na ang sigla at pagnanais ng mga tao na itayong muli ang templo. Halos dalawang dekada matapos ang pagbabalik ni Zerubabel, nanatili pa ring giba ang templo. Si Hageo ang naging mensahero ng Dios sa ngalan ng tahanan ng Dios.

## Ang Mensahe ng aklat ng Hageo

### *Isang Mensahe tungkol sa Prayoridad (Hageo. 1)*

Naitayo nang muli ng mga tao ang kani-kanilang bahay, ngunit hindi pa nila naitatayong muli ang templo ng Dios. Sinabi ng Dios, "Matitiis nyo bang tumira sa magagandang bahay, habang wasak ang templo?"[394]

Mas binigyan ng prayoridad ng mga tao ang kanilang mga pansariling pangangailangan kaysa sa tahanan ng Dios. Nagbabala ang Dios na sila ay nagdaranas ng mahinang ani, kakulangan sa pagkain, hindi sapat na pananamit, at pagkaubos ng sahod – dahil hindi nila inuna ang Dios.

Nanawagan ang Dios sa mga tao na unahin ang kanyang mga prayoridad higit kaysa sa kanilang mga pansariling interes. Bilang tugon, "ang mga tao ay nagkaroon ng banal na pagkatakot sa Panginoon" at "muli nilang itinayo ang templo ng kanilang Panginoong Dios, na makapangyarihan sa lahat."[395]

## Ang Espiritwal na Kasaganahan Ba Ay Garantiya ng Materyal na Kasaganahan?

Ang mensahe ng Hageo ay katulad ng sa 3 Juan 1:2. "Mga Minamahal, idinadalangin ko na maging malusog kayo at nasa mabuting kalagayan, tulad ng buhay mong espiritwal na alam kong nasa mabuti ring kalagayan." Ito ay makikita rin sa Deuteronomio 27-28, kung saan may pangako ng materyal na pagpapala sa mga sumusunod at materyal na sumpa sa mga suwail.

Bagaman mahalaga ang katuruang ito, hindi ito ang **kabuang** mensahe ng Biblia. May ilang mangangaral na ginagamit ang mga Kasulatan katulad ng sa Hageo 1 para ituro na ang sinumang tapat na mananampalataya ay makakaranas ng pinansyal na kasaganahan at malusog na pangangatawan. Dapat nating basahin ang Hageo 1 at 3 Juan na kaugnay ng Kasulatan katulad ng aklat ng Job at Hebreo 11:37, gayundin naman ang mga karanasan ng mga tao katulad ni Jeremias na tapat na naglingkod sa Dios ng **walang** materyal na pagpapala. Sa katunayan nga, maraming tao ang dumanas ng pagkawala ng mga materyal na bagay **dahil** sa kanilang pagsunod sa Dios. Maaaring lumago at sumagana sa espiritwal kahit na wala ang mga materyal na pagpapala. Si Hageo ay nagpahayag sa isang partikular na sitwasyon; hindi niya ipinahayag ang isang pangkalahatang prinsipyo na naggagarantiya ng kasaganahan sa bawat tapat na anak ng Dios.

---

[394] Hag. 1:4, **English Standard Version.**

[395] Hag. 1:12,14.

## Hageo: Ang Muling Pagtatayo ngTemplo (Patuloy)

### Ang Mensahe ng aklat ng Hageo (Patuloy)

#### *Isang Mensahe tungkol sa Kawalan ng Pag-asa (Hageo. 2:1-9)*

Anim na linggo matapos ang kanyang unang mensahe, bumalik si Hageo dala ang isa pang mensaheng mula sa Dios. Sinabi niya, "Sino sa inyo ang nakakita ng kagandahan ng templong ito noon? Ano ngayon ang tingin ninyo rito? Kung ihahambing ninyo sa dati ay maaaring sabihin ninyo na balewala lang ito?" Ang ilan sa mga matatanda na nakakaalala ng kagandahan ng templo ni Solomon ay napaluha nang makita ang mag maliit at mas mahinang pagkakagawa ng bagong templo.[396]

Bilang tugon, nangako ang Dios na magiging mas higit ang kagandahan ng bagong templo kaysa sa naunang templo. Ang pangakong ito ay natupad noong dalhin ang batang si Jesus sa templo. Nanalangin si Simeon, "Dahil nakita na ng sarili kong mga mata ang Tagapagligtas… na magbibigay karangalan sa inyong bayang Israel."[397]

#### *Isang Mensahe tungkol sa Pagsuway (Hageo. 2:10-19)*

Makalipas ang dalawang buwan, nagbalik si Hageo dala ang isa pang mensaheng mula sa Dios. Pinaalalahanan niya ang mga pari tungkol sa kautusan ng pagtuturing ng malinis at marumi. Sa ilalim ng kautusan, ang isang inihandog na hayop o bagay ay nagiging marumi kung ito ay nasagi o nadikit sa kahit ano na marumi. Ang karumihan ay nakakahawa.

Pagkatapos ay tinukoy ni Hageo ang buhay ng mga tao sa Jerusalem. Sila ay gumagawa sa templo, ngunit ang kanilang maruruming pamumuhay ang nagpapadumi sa kanilang paggawa. Pinaalalahanan ni Hageo ang kanyang mga tagapakinig ng isang mensahe na mahalagang malaman din ng mga Kristiyanong manggagawa sa kasalukuyan; "Ang iyong paglakad kasama ng Dios ay higit na mas mahalaga kaysa sa iyong pagtratrabaho para sa Dios."

Hinamon ni Hageo ang mga tao sa pagsunod. Siya ay nagwakas sa kanyang mensahe sa pamamagitan ng pangako ng Dios, "Mula sa araw na ito ay pagpapalain Ko kayo."

#### *Isang Mensahe tungkol sa Takot (Hageo. 2:20-23)*

Habang binabasa natin ang aklat ng Hageo, dapat nating tandaan na pinalilibutan ng mga kaaway ang Jerusalem. Ang mga kaaway na ito ay minsan ng nagtagumpay na napahinto ang pagtatayong muli ng templo.[398] Nangako ang Dios na tatalunin ang sinumang sasalungat sa Juda. Kahit na hindi tanyag ang Juda kung ikukumpara sa mga nakapalibot

---

[396]Ipinapakita ng Ezra 3:12 na samantalang may mga tao na sumisigaw sa galak sa muling pagtatayo ng templo, mayroon ding mga lumuha.
[397] Lucas 2:28-32.
[398] Ezra 4.

na bansa, siya ay pinili ng Dios at siya ay pagmamay-ari ng Dios. Iniingatan Niya ang kanyang mga mamamayan mula sa kapahamakan. Wala silang dahilan upang matakot.

## Zacarias: Binubuong Muli ng Dios ang Kanyang Kaharian

| Isang Sulyap sa Aklat ng Zacarias | |
|---|---|
| **May Akda** | Zacarias |
| **Tagapakinig** | Ang Juda pagkatapos ng Pagkabihag |
| **Petsa** | 520 B.C. |
| **Tema** | Ang Pagbubuong muli ng Kaharian ng Dios |
| **Layunin** | Upang ipahayag ang propesiya tungkol sa parating na pagpapanumbalik at pagbubuong muli ng Kaharian ng Dios. Darating ang isang araw na lahat ng bansa ay sasamba sa Jerusalem. |
| **Ang Ebanghelyo sa Zacarias** | Binigyang katuparan ni Jesus ang pangako ng isang mapagpakumbabang Hari, isang tapat na Pastol, at isang matuwid na Sanga. |

### Ang Layunin ng Zacarias

Si Zacarias ay isang miyembro ng pamilya ng mga pari na nagbalik sa Juda kasama ni Zerubabel.[399] Katulad ni Hageo, si Zacarias ay isang "propeta ng templo." Ang kanyang unang mensahe ay ibinigay halos dalawang buwan matapos ang unang mensahe ni Hageo. Kasabay ng pagpapakita ng kahalagahan ng templo, ipinakita rin ni Zacarias na binubuong muli ng Dios ang kanyang kaharian, kapwa ngayon at sa hinaharap.

### Mensahe ng Zacarias

#### *Ang Walong Pangitain (Zacarias 1:1 – 6:8)*

Nagsimula ang Zacarias sa isang panawagan sa Juda na magbalik-loob sa Dios. Dahil sa hindi pagtanggap ng kanilang mga ninuno sa mga propeta, sila ay ipinabihag ng Dios. Ngayon sila ay nakabalik, at nanawagan sa kanila si Zacarias na muling manumbalik sa kanilang pananampalataya at katapatan.

Ang pasimulang ito ay sinundan ng serye ng walong pangitain sa gabi. Walong beses, nakakita ng pangitain si Zacarias, nagtanong siya sa anghel ng kahulugan ng mga ito, at nakatanggap siya ng pagpapaliwanag ng mga pangitain. Ang mga pangitaing ito ay

[399] Neh. 12:4.

nagbibigay pansin sa mga isyu na may kinalaman sa lipunang nagbalik mula sa pagkakabihag: ang paghatol sa mga bansa na nagmalupit sa Juda, pag-iingat mula sa kanilang mga kaaway, ang templo, at kasalanan sa lipunan.

(1) **Ang mga Mangangabayong umiikot sa buong mundo (Zacarias. 1:7-17).** Mensahe: Inihahanda ng Dios ang pagpapanumbalik at pagtitipong muli sa kanyang mga mamamayan at paghatol sa mga umaapi sa kanila.

(2) **Apat na sungay at apat na panday (Zacarias. 1:8-21).** Mensahe: Hahatulan ng Dios ang mga kaaway ng Juda. Sila ay ipakakalat din kung paanong pinangalat nila ang mga mamamayan ng Dios.

(3) **Lalaking may panukat (Zacarias. 2:1-13).** Mensahe: Minarkahan ng Dios ang Jerusalem na sa kanya. Siya ang pader na nagtatangol sa bayan.

(4) **Si Josue ang punong pari (Zacarias. 3:1-10).** Mensahe: Ang pagpapanumbalik sa mga pari. Sa Jeremias 13:1-11, ipinakita na ang mga telang lino ng mga pari ay narumihan. Kahit na nakatayo si Satanas sa kanan ni Josue ang punoong pari upang akusahan siya, inalis ng Dios ang maruming damit at binigyan siya ng malinis na kasuotan. Pinapanumbalik ng Dios ang mga pari at ipapadala ang magiging "Sanga" na siyang magdadala ng isang panibagong araw ng kapayapaan sa Israel.

(5) **Gintong ilawan at dalawang puno ng olibo (Zacarias. 4:1-14).** Mensahe: Ang muling pagtatayo ng templo. Ang muling pagtatayo ng templo ay pagkilos ng Dios at siya ang magpapatuloy nito.

(6) **Isang lumilipad na Kasulatan (Zacarias. 5:1-4).** Mensahe: Paghatol sa kasalanan. Ang malaking Kasulatan na may sukat na 9 metro at 4½ metro ay naglalaman ng mga sumpa para sa mga lumalabag sa Kautusan ng Dios. Ang kasalanan sa lipunan ng mga taong galing sa pagkakabihag ay hahatulan din ng katulad ng paghatol bago pa ang pagkabihag.

(7) **Isang babaeng nasa loob ng basket (Zacarias. 5:5-11).** Mensahe: Kasalanan sa lipunan ng mga taong galing sa pagkakabihag. Ang babae ay sumisimbolo sa kasalanan at inilagay sa basket at pagkatapos ay tinakpan. Pagkatapos, mayroong mga lumilipad na mensahero na tumangay ng basket upang dalhin sa Babilonia, at sa ganun ay tinatanggal ang kasalanan mula sa Jerusalem.

(8) **Apat na karwahe (Zacarias. 6:1-8).** Mensahe: Paghatol sa mga kaaway ng Juda. Ang pangitaing ito ay katulad ng unang pangitain. May apat na karwahe, na nagrerepresenta sa Espiritu ng Dios na kumikilos sa buong mundo ay nagpapakita ng soberenya ng Dios sa buong mundo. Hinatulan ng Dios ang mga kaaway ng Juda at patuloy na pinapanumbalik at iniingatan ang Kanyang mga mamamayan.

### *Ang mga Propetikong Mensahe (Zacarias. 6:9-14:21)*

Ang Zacarias ay kinapapalooban ng isang serye ng propetikong mensahe. Ipinadala ng Dios si Zacarias upang koronahan ang ulo ni Josue, ang punong pari. Ito ay kumakatawan sa padating na "Sanga" na siyang mamumuno bilang isang pari at hari. Ang mensahe ng mesiyas ay tumutukoy sa pagdating ni Jesu-Cristo.

Sa Zacarias 7-8, ang propeta ay tumugon sa isang katanungan mula sa isang delegasyon ng mga tao mula sa Bethel. Habang nasa panahon ng pagkakabihag, ang mga tao ay nag-ayuno noong ika-limang buwan ng taon upang ipagluksa ang pagkawasak ng templo. Ang delegasyong ito ay nagtatanong kung kailangan pa ang pag-aayuno ngayong nakumpleto na ang muling pagtatayo ng templo.

Ang sagot ni Zacarias ay higit na mas malawak kaysa sa naunang tanong. Nagtanong ang Dios, 'Ang inyo bang pag-aayuno ay simbolo ng totoong pagsisisi, o ito ay nakasanayan na lamang na ritwal?' Kung ang pag-aayuno ay simbolo ng totoong pagsisisi, at kung natutunan ng Juda ang leksiyon na itinuturo ng kanilang pagkabihag, hindi na kailangan pa ang pag-aayuno. Subalit, kung ang pag-aayuno ay ginagawa na lamang bilang mga ritwal, ang mga ito ay walang kabuluhan noon at ngayon.

Pagkatapos ay ipinangako ng Dios na gagawin niyang pagdiriwang ang pag-aayuno ng Juda. Darating ang araw na ang mga Hudyo ay pararangalan higit sa lahat ng tao sa buong mundo. "Ang pag-aayuno sa ika-apat na buwan… ay magiging kasiyahan at kagalakan, at masayang araw ng pagdiriwang para sa sambahayan ng Juda, …at, maraming tao na mula sa mga makapangyarihang bansa ang pupunta sa Jerusalem upang dumulog at manalangin sa PANGINOONG Makapangyarihan."[400]

Ang Zacarias 9-14 ay nakatuon sa pagdating ng Mesiyas. Ang mga kaaway ng Israel (Ang Siria at Filistea) ay aalisin mula sa lupain. Sa isang nakakagulat nalarawan, nangako ang Dios na may ililigtas siya na bahagi na mula sa mga Hentil.[401] Ipinahayag ni Zacarias ang pagdating ng isang araw na ang tunay na Hari ng Israel ay darating sa Jerusalem sakay ng isang asno at ililigtas ang kanyang mga mamamayan. Hindi katulad ng mayabang na pinuno na nagdala sa Juda sa kapahamakan, ang pinunong ito ay mapagpakumbaba at matuwid. Siya ay tatayo bilang mabuting pastol na magproprotekta sa kanyang kawan. Kapag tinanggihan ng mga tupa ang pastol, sila ay pangangalatin. Gayunpaman, tutubusin ng Dios ang kanyang kawan at ililigtas ang Jerusalem. Mabubuong muli ang Juda at lahat ng bansa ay pupunta sa Jerusalem upang sumamba.

### Ang aklat ng Zacarias sa Bagong Tipan

Ang Zacarias ay madalas na nababanggit sa Bagong Tipan. Ang mga komentarista ay nakapagtala ng animnapu't-pitong pagbanggit sa Bagong Tipan mula sa talata ng

---

[400] Zac. 8:19, 22.

[401] Zac. 9:5-7. Ang mga natirang ito mula sa mga bansang Hentil ay magiging bahagi ng bayan ng Dios.

Zacarias.[402] Sa pagtatala ng Ebanghelyo ng paghihirap ni Cristo, ang Zacarias 9-14 ay ang pinakamaraming beses na nabanggit na bahagi ng Lumang Tipan. Ang Zacarias ay pumapangalawa lamang sa Ezekiel sa dami ng bilang ng pagkakabanggit sa aklat ng Pahayag. Kabilang sa mga propesiya tungkol sa Mesiyas sa Zacarias ay:

- Ang matuwid na Sanga (3:8; 6:12-13)
- Ang Haring mababang-loob at nakasakay sa asno (9:9-10)
- Ang Pastol na tinanggihan at ipinagbili sa halagang tatlumpung pirasong pilak (11:4-13; 13:7)
- Ang Isang sinaksak (12:10)
- Ang darating na Hukom (14)

## Malakias: Inuutos ng Dios ang Katapatan

| Isang Sulyap sa aklat ng Malakias | |
|---|---|
| **May Akda** | Malakias |
| **Tagapakinig** | Ang Juda matapos ang pagkabihag |
| **Petsa** | Maaaring sa pagitan ng 475 at 425 B.C. |
| **Tema** | Iniutos ng Dios ang Katapatan |
| **Laynin** | Upang hamunin ang Juda na maging tapat sa Dios. |
| **Ang Ebanghelyo sa aklat ng Malakias** | Nagwakas ang Malakias sa isang pangako ng mensahero na maghahanda ng daraanan ng Panginoon; Ang aklat ng Mateo at Marcos ay nagsimula kay Juan na Tagapag bautismo na naghahanda ng daraanan ng Mesiyas. |

### Ang Layunin ng Malakias

Ang pangalang Malakias ay nangangahulugang "aking mensahero." Dahil tinukoy niya ang mga kasalanang binigyang pansin ni Ezra at Nehemias, maaaring si Malakias ay kasabay na panahon ng dalawang nabanggit na pinuno. Maaaring nangaral si Malakias sa pagitan ng 475 at 425 B.C.

Bagaman hindi bumalik sa pagsamba sa dios-diosan ang Juda, wala ring halaga ang kanilang pagsunod sa kautusan. Ang pagpapahayag nila ng katapatan kay Jehovah ay hindi

---

[402] **ESV Study Bible.**

naman nasamahan ng mga binagong buhay. Sumulat si Malakias upang ipahayag ang akusasyon ng Dios laban sa Juda.

Sinagot rin ni Malakias ang mga reklamo ng Juda laban kay Jehovah. Nangako sila Hageo at Zacarias na ang muling pagtatayo ng templo ay magdadala ng kapayapaan, kasaganahan, at pagbabalik ng presensya ng Dios. Sa halip, ang Juda ay dumaranas ng taggutom, suliranin sa ekonomiya, at kahinaang politikal. Sinisi ng mga tao si Jehovah sa pagkabigo nitong tuparin ang Kanyang mga pangako. Sumulat si Malakias upang ipahayag ang tugon ng Dios sa mga reklamo.

►Kinompronta ni Malakias ang Juda dahil sa kanilang pagkabigo na maabot ang mga ninanais ng Dios. Kahit na nagdadala sila ng mga handog sa templo at ginagawa ang mga ritwal na itinakda ng kautusan, hindi nila pinararangalan ang Dios. Bago basahin ang mga akusasyon ni Malakias, talakayin ang mga paraan kung paano maaaring nilalapastangan ng mga Kristiyano ngayon ang Dios.

**Ang Mensahe ng Malakias**

Ang aklat ng Malakias ay binubuo ng serye ng anim na "disputations" o argumento. Ang bawat argumento ay naipahayag sa tatlong bahagi:

(1) Gumawa ang Dios ng pahayag tungkol sa ugali at kilos ng Juda.
(2) Tumugon ang mga tao sa pamamgitan ng katanungan.
(3) Sumagot ang Dios sa mga katanungan.

***Unang Argumento: Ang Pagmamahal ng Dios sa kanyang mamamayan (Mal. 1:2-5)***

(1) Panimula: sinabi ng Panginoon "Minamahal ko kayo,".
(2) Tanong: "Paano mo kami minamahal?"
(3) Sagot: Pinarangalan ng Dios ang Israel (Jacob) at pinarusahan naman ang Edom (Esau).[403]

***Ikalawang Argumento: Ang paglapastangan sa Dios ng mga pari (Mal. 1:6-2:9)***

(1) Panimula: Pinararangalan ng anak ang kanyang Ama. Kung ako ang iyong Ama, nasaan ang nararapat na karangalan para sa akin? Bakit nilalapastangan ng mga pari ang aking pangalan?

(2) Tanong: "Paano naming nilapastangan ang inyong pangalan?"

(3) Sagot: Sa pamamagitan ng paghahandog ng maruruming pagkain sa aking altar. Sa halip na parangalan ang altar ng Panginoon, ang mga handog ng pari ay mga hayop na pilay at may sakit.

---

[403] Tingnan ang Obadias para sa paghatol ng Dios sa Edom.

***Ikatlong Argumento: Pagkabigo na igalang ang tipan ng pag-aasawa (Mal. 2:10-16)***

(1) Panimula: Ang Juda ay hindi naging tapat at nilapastangan ang tipan.

(2) Tanong: "Paano naming nilapastangan ang tipan?"

(3) Sagot: a) Sa pag-aasawa ng mga sumasamba sa dios-diosan at Sa pagsira sa tipan ng pag-aasawa sa pamamagitan ng paghihiwalay.

***Ika-apat na Argumento: Ang katarungan ng Dios (Mal. 2:17-3:5)***

(1) Panimula: "Iniinis ninyo ang Panginoon sa inyong mga pananalita."

(2) Tanong: "Paano naming siya iniinis?"

(3) Sagot: Sa pamamagitan ng pag-aakusa sa Dios na binabalewala ang kasamaan.

Tiniyak ng Dios sa Juda na magpapadala siya ng mensahero na siyang maghahanda ng dadaanan ng Panginoon mismo sa kanyang pagdating sa templo. Hahatulan niya ang lahat ng kasalanan.

***Ikalimang Argumento: Pagnanakaw ng Ikapu para sa Dios (Mal. 3:6-12)***

(1) Panimula: "Ako ang Panginoon, ay hindi nagbabago. Manumbalik kayo sa akin, at babalik Ako sa inyo."

(2) Tanong: "Paano kami makakapanumbalik sa inyo?"

(3) Sagot: Sa pagpapakita ng katapatan sa pagkakaloob ng ikapu para sa Dios.

***Ika-anim na Argumento: Masasakit na salita laban sa Dios (Mal. 3:13-4:3)***

(1) Panimula: "Masasakit ang inyong sinabi tungkol sa akin, sabi ng PANGINOON."

(2) Tanong: "Ano ang sinabi naming masasakit tungkol sa inyo?"

(3) Sagot: Sinabi ninyo, "Walang kabuluhan ang maglingkod sa Dios." Inaakusahan ng mga tao ang Dios ng pagkabigo na pagpalain ang mga sumusunod at hatulan ang mga suwail. Bilang tugon, ipinangako ng Dios na darating ang Araw ng Panginoon. Sa araw na iyon, hahatulan ng Dios ang mga masasama at iingatan ang mga tapat.

***Konklusyon (4:4-6)***

Sa kanyang konklusyon, muling ipinahayag ni Malakias ang mensahe ng buong aklat. Hinimok niya ang Juda na lumingon sa nakaraan ("Alalahanin ninyo ang kautusan ni Moises") at tumingin sa hinaharap ("Tingnan nyo at ipapadala Ko sa inyo si Elias" upang ihanda ang "dakila at nakakatakot na araw ng Panginoon").

## Isang Mas Malapit na Pagtanaw kay Cristo sa Lumang Tipan

Sa ating pagtatapos ng pagsasaliksik sa Lumang Tipan, maglaan ng oras upang tingnan ang ilan sa mga propesiya na natupad sa pagdating ni Cristo. Ilang daang taon bago pa ang pagsilang ni Cristo, ipinahayag na ng Dios ang mga tiyak na detalye sa kanyang buhay. Ang katuparan ng mga propesiyang ito ang nagpapatotoo kay Jesus bilang ang ipinangakong Tagapagligtas.

| Propesiya | Propesiya sa Lumang Tipan | Katuparan sa Bagong Tipan |
|---|---|---|
| Ang Mesiyas ay isisilang sa Bethlehem | Mikas 5:2 | Mat. 2:1-6; Lucas 2:1-20 |
| Maglalakbay ang Mesiyas mula sa Egipto | Hosea 11:1 | Mat. 2:12-15 |
| Papatayin ang mga sanggol bilang resulta ng pagsilang ng Mesiyas | Jeremias 31:15 | Mat. 2:16-18 |
| Magmiministeryo ang Mesiyas sa Galilea[404] | Isaias 9:1-2 | Mat. 4:12-16 |
| Matagumpay na papasok ang Mesiyas sa Jerusalem | Zacarias 9:9 | Mat. 21:1-9; Juan 12:12-16 |
| Tatanggihan ang Mesiyas ng kanyang sariling bayan | Isaias 53:1-3 | Mat. 26:3-4 |
| Ipagbibili ang Mesiyas sa halagang tatlumpung piraso ng pilak | Zacarias 11:12 | Mat. 26:14-15 |
| Tatalikuran ang Mesiyas ng kanyang mga tagasunod | Zacarias 13:7 | Mat. 26:56 |
| Mananahimik ang Mesiyas sa harap ng mga nagsasakdal sa kanya. | Isaias 53:7 | Mat. 27:12-14; Lucas 23:8-10 |
| Pahihirapan at duduraan ang Mesiyas | Isaias 50:6 | Mat. 27:30 |
| Mamamatay ang Mesiyas sa pagpapako sa krus | Awit 22:14-17 | Mat. 27:31 |
| Mararamdaman ng Mesiyas na siya ay pinabayaan ng Dios | Awit 22:1 | Mat. 27:46 |

[404] Mahalaga ang propesiyang ito dahil inaasahan ng mga Judio na ang magiging sentro ng ministeryo ng Mesiyas ay ang Jerusalen.

| | | |
|---|---|---|
| Bibigyan ng suka ang Mesiyas upang inumin | Awit 69:21 | Juan 19:28-30 |
| Hindi mababali ang mga buto ng Mesiyas | Awit 34:20; Exodo 12:46 | Juan 19:31-36 |
| Magdurusa ang Mesiyas kasama ng mga kriminal at ipapanalangin ang mga umuusig sa kanya. | Isaias 53:12 | Mat. 27:38; Lucas 23:32-34 |
| Ililibing ang Mesiyas sa libingan ng isang lalaking mayaman. | Isaias 53:9 | Mat. 27:57-60 |
| Muling bubuhayin mula sa mga patay ang Mesiyas. | Awit 16:8-10 | Mateo 28:1-10 |

### Ang Hageo, Zacarias, at Malakias ay Nangungusap sa Iglesia sa Kasalukuyan

Ang Hageo ay nagpapaalala na tayo ay mga mamamayan ng Dios at kanyang tinutupad ang kanyang layunin sa pamamagitan ng iglesia. Ang pangako ng Hageo 2:9 ay hindi kumpletong natupad sa muling pagtatayo ng templo. Ang Dakong Kabanal-banalan ay hindi na naglalaman ng Kahon ng Kasunduan at ang kaluwalhatian ng Dios ay hindi na muling nakita katulad ng nakita sa paghahandog sa unang Templo.[405]

Gayunpaman, simula sa pagdalaw ng sanggol na si Jesus sa templo at hanggang sa pagpapatuloy ng ministeryo ng iglesia ngayon, ang pangakong ito ay binibigyang katuparan. Sa ministeryo ni Cristo sa mundo, tayo ay "nakakita ng Kanyang kaluwalhatian, ang kadakilaan niya bilang kaisa-isang Anak ng Ama."[406] Sa ministeryo ng unang iglesiya, ang kaluwalhatian ng Dios ay nakita sa buong Emperyo ng Roma. Ngayon, bilang templo ng Dios,[407] tayo ay nagpapatuloy na ipahayag ang kaluwalhatian ng Dios sa buong mundo.

### Malinis o Marumi?

Bahagi ng mensahe ni Hageo ay batay sa batas ng ritwal na pagiging dalisay mula sa Lumang Tipan. Sa kautusan ni Moises, ang anumang bagay na malinis ayon sa ritwal, kapag nadikit sa isang bagay na hindi malinis ay nagiging marumi. Gayunman, sa pamamagitan ng pagdating ni Jesus, ito ay nabaligtad na. Si Jesus (malinis) ay humihipo sa mga ketongin (marumi) at sila ay lumilinis. Ang mga Kristiyano ay tinawag upang maging asin ng sanlibutan, na nagdadala ng kadalisayan sa isang mundong marumi. Sa Filipos, ipinaalaala ni Pablo sa kanyang mga mambabasa na kahit tayo'y nabubuhay "sa gitna ng baluktot at

---

[405] 2 Cron. 5:13-14.
[406] Juan 1:14.
[407] 1 Cor. 3:16.

masamang bayan", dapat tayong "magliwanag bilang ilaw sa sanlibutan."[408] Hindi tayo dapat matakot na makasalamuha ang isang maruming mundo. Sa halip, tayo ay tinawag upang dalhin ang kabanalan ng Dios sa ating mundo at baguhin ang mga taong nakakasalamuha natin.

Ang Zacarias at Malakias ay nagpapakita ng pagtawag ng Dios na dapat tayong magpatuloy sa pagiging tapat sa Kanya. Sumusulat matapos ang pagbabalik mula sa pagkabihag, ang mga propetang ito ay nagpapakita na hindi natin maaaring gawing sandigan ang mga biyaya ng kahapon. Maaaring akalain na ang mga leksiyon habang nakabilanggo ay makakapigil sa Israel na bumalik sa kanyang dating kawalan ng katapatan. Gayunpaman, si Zacarias noong 520 B.C. at Malakias matapos ang dalawang henerasyon ay nagpapakita kung gaano kadali nating nakakalimutan ang mga leksiyon na itinuturo sa atin ng Dios. Dapat tayong tuloy-tuloy na bumalik sa awtoridad ng Salita ng Dios.

## Takdang Aralin ng Leksiyon

(1) Kumpletuhin ang isa sa mga sumusunod na takdang aralin.

Option 1: Takdang Aralin na Pang Grupo

Gamit ang mga modelo na ipinakita sa Leksiyon 13 (paglipat mula sa orihinal na mensahe ng "kanilang bayan" papunta sa aplikasyon sa "ating bayan"), gamitin ang isa sa mga argumento ng Malakias sa iglesya sa kasaalukuyan. Talakayin ang orihinal na mensahe ng Juda, ang pagkakaiba sa pagitan ng Juda at ng iglesya ngayon, ang prinsipyong itinuturo sa Malakias, at ang aplikasyon nito sa iglesya sa panahon ngayon.

Option 2: Takdang Aralin Pang-Indibidwal

Maghanda ng isang detalyadong sermon o balangkas ng pag-aaral ng Biblia mula sa Malakias tungkol sa "Katapatan sa Dios." Gamitin ang balangkas ng argumento para maipakita kung paano maaaring nangungusap ang Dios sa iglesya sa panahon ngayon.

(2) Kumuha ng pagsusulit sa leksiyong ito. Kabilang sa pagsusulit ang talata ng Kasulatan na nakatakdang isa-ulo.

---

[408] Filipos 2:15.

**Mga Tanong sa Pagsusulit sa Leksiyon 14**

(1) Ano ang tatlong suliraning espiritwal na tinukoy ng mga propeta matapos ang pagkakabihag?

(2) Ano ang petsa ng pagkakasulat sa Hageo at Zacarias?

(3) Nagdala si Hageo ng apat na mensahe. Ilista ang paksa para sa bawat mensahe.

(4) Ano ang tema ng Zacarias?

(5) Ilista ang dalawang propesiya tungkol sa Mesiyas na natagpuan sa Zacarias.

(6) Bakit natin pinaniniwalaan na nangaral si Malakias sa pagitan ng 475 at 425 B.C.?

(7) Ilista ang tatlong bahagi ng bawat "argument" ng Dios sa Malakias.

# Mas Malalim na Paghukay/Pag-aaral

**Ilang mga sources ang gagamitin sa kabuuan ng kursong ito at hindi na ililista sa bawat kabanata. Kabilang dito ang:**

Arnold, Bill T. and Bryan E. Beyer. Encountering the Old Testament. Baker Books, 1999.

ESV Study Bible. Crossway Bibles, 2008.

Jensen, Irving. Jensen's Survey of the Old Testament. Moody Press, 1978.

McCain, Danny. Notes on Old Testament Introduction. Africa Christian Textbooks, 2002.

Wilkinson, Bruce and Kenneth Boa. Talk Thru the Bible. Thomas Nelson, 2002.

**Leksiyon 1**

Upang malaman ang mas marami pa tungkol sa pagiging maaasahan ng Lumang Tipan, maaaring tingnan ang mga sumusunod na resources.

**Mga Sources na Nakalimbag**

God's Bible School and College Bible Faculty. *I Believe: Fundamentals of the Christian Faith*. Revivalist Press, 2006.

McDowell, Josh. *The New Evidence That Demands a Verdict.*Thomas Nelson, 1999.

**Online Sources**

Apologetics Press.http://www.apologeticspress.org

McDowell, Josh. *Bible: Fact, Fiction, or Fallacy.* Online Video Series. http://www.josh.org/video-2/bible-fact-fiction-or-fallacy/

"Do We Really Need the Old Testament" at http://www.seedbed.com/seven-minute-seminary/

Orr-Ewing, Amy. *Reliability of the Manuscripts.*Online Video from Ravi Zacharias Ministries.Search at http://www.youtube.com

**Leksiyon 2**

Upang mas marami pang matutuhan tungkol sa Genesis, tingnan ang mga sumusunod na resources.

**Nakaimprentang Sources**

Hamilton, Victor P. **Handbook on the Pentateuch.** Baker Books, 1982.

Kidman, Derek. **Tyndale Old Testament Commentary: Genesis**. InterVarsity, 2008.

Morris, Henry M. **The Genesis Record.** Baker Books, 1976.

**Mga Sources sa Online**

Answers in Genesis:http://www.answersingenesis.org

"Christians and the Environment"athttp://www.seedbed.com/seven-minute-seminary/

"Science and the Christian Worldview"at http://www.seedbed.com/seven-minute-seminary/

Wesley, John. **Wesley's Explanatory Notes on the Old Testament.**

http://www.biblestudytools.com/commentaries/wesleys-explanatory-notes/

## Leksiyon 3

Para sa mas marami pang kaalaman tungkol sa Pentateuch, tingnan ang mga sumusunod na resources.

**Sources na Nakalimbag**

Fuller, Lois. **The Pentateuch.** Africa Christian Textbooks, 1995.

Hamilton, Victor P. **Handbook on the Pentateuch.** Baker Books, 1982.

Kitchen, Kenneth A. **On the Reliability of the Old Testament.** Eerdmans, 2003.

Walton, John H. and Victor H. Matthews. **The IVP Bible Background Commentary: Genesis – Deuteronomy.** InterVarsity Press, 1997.

**Mga Sources sa Online**

Associates for Biblical Research:http://www.biblearcheaology.org

Lecture. "Dr James Hoffmeier – Egyptologist." Search at http://www.youtube.com

Lecture. "Did the Exodo Happen?"www.seedbed.com

Wesley, John. **Wesley's Explanatory Notes on the Old Testament.** http://www.biblestudytools.com/commentaries/wesleys-explanatory-notes/

## Leksiyon 4

Upang mas higit pang matuto tungkol kay Josue - Ruth, tingnan ang mga sumusunod na resources.

### Printed Sources

Carpenter, Eugene E. and Wayne McCown. **Asbury Bible Commentary.** Zondervan, 1992.

Copan, Paul. **Is God a Moral Monster: Making Sense of the Old Testament God.** Baker Books, 2011.

Hess, Richard S. **Tyndale Old Testament Commentary: Josue**. InterVarsity Press, 2008.

Howard, David M., Jr. **An Introduction to the Old Testament Historical Books.** Moody Press, 1993.

Howard, David M., Jr. and Michael A. Grisanti. **Giving the Sense: Understanding and Using Old Testament Historical Texts**. Kregel Publications, 2003.

### Online Sources

"Violence in the Old Testament" athttp://www.seedbed.com/seven-minute-seminary/

Wesley, John. **Wesley's Explanatory Notes on the Old Testament.** http://www.biblestudytools.com/commentaries/wesleys-explanatory-notes/

## Leksiyon 5

Para sa dagdag na kaalaman tungkol sa monarkiya ng Israel, tingnan ang mga sumusunod na resources.

### Mga Nakaimprentang Sources

Howard, David M., Jr. **An Introduction to the Old Testament Historical Books.** Moody Press, 1993.

Leston, Stephen. **The Bible in World History.** Barbour Publishing, 2011.

Provan, Iain, V. Philips Long, and Tremper Longman III. **A Biblical History of Israel.** Westminster John Knox Press, 2003.

Wilcock, Michael. **The Message of Chronicles: One Church, One Faith, One Lord.** InterVarsity, 1987.

### Mga Sources sa Online

"What Was Israel's Government Like?" at http://www.seedbed.com/seven-minute-seminary/

Wesley, John. **Wesley's Explanatory Notes on the Old Testament.**

http://www.biblestudytools.com/commentaries/wesleys-explanatory-notes/

## Leksiyon 6

Para higit na maunawaan ang tungkol sa pagbabalik mula sa pagkatapon, tingnan ang mga sumusunod na resources.

**Mga Sources na naka-imprenta**

Howard, David M., Jr. **An Introduction to the Old Testament Historical Books.** Moody Press, 1993.

Jobes, Karen. **New International Version Application Commentary: Esther.** Zondervan, 1999.

Kidner, Derek. **Ezra and Nehemias: An Introduction and Commentary.Tyndale Old Testament Commentary.** InterVarsity Press, 1979.

Provan, Iain, V. Philips Long, and Tremper Longman III. **A Biblical History of Israel.** Westminster John Knox Press, 2003.

**Mga Sources sa Online**

Wesley, John. **Wesley's Explanatory Notes on the Old Testament.**

http://www.biblestudytools.com/commentaries/wesleys-explanatory-notes/

## Leksiyon 7

Upang higit pang matuto tungkol kay Job at sa mga Awit, tingnan ang mga sumusunod na resources:

**Mga Sources na Nakaimprenta**

Bullock, C. Hassell.**Encountering the Book of Psalms**.Baker, 2001.

Longman, Tremper, III. **How to Read the Psalms.** Intervarsity, 1988.

Yancey, Philip.**Where is God When It Hurts?**Zondervan, 1977.

**Mga Sources sa Online**

"Laments in the Psalms" athttp://www.seedbed.com/seven-minute-seminary/

"The Problem of Evil" athttp://www.seedbed.com/seven-minute-seminary/

Wesley, John. **Wesley's Explanatory Notes on the Old Testament.** http://www.biblestudytools.com/commentaries/wesleys-explanatory-notes/

## Leksiyon 8

Upang higit pang mapag-aralan ang mga aklat ni Solomon, tingnan ang mga sumusunod na resources:

### Naka-print na Sources

Curtis, Edward M. and John J. Brugaletta. **Discovering the Way of Wisdom.** Kregel Academic, 2004.

Estes, Daniel J. **Handbook on the Wisdom Books and Psalms**. Baker Books, 2005.

Gaebelein, Frank. **Expositor's Bible Commentary: Psalms – Song of Songs**. Zondervan, 1991.

Kaiser, Walter C. **Ecclesiastes**: **Total Life**.Moody Press, 1979.

Longman, Tremper, III. **How to Read Proverbs.** InterVarsity Press, 2002.

Longman, Tremper III.**New International Commentary on the Old Testament: Song of Songs**. Eerdmans, 2005.(Patula ang ginagamit ni Longman sa pagbibigay-kahulugan sa Awit ng mga Awit.)

Taylor, J. Hudson. **Union and Communion**.Moody Press, n.d. (Allegory ang ginagamit ni Taylor sa pagbibigay kahulugan sa Awit ng mga Awit). Interprets the Song of Songs allegorically.)

## Leksiyon 9

Para sa dagdag na kaalaman tungkol kay Isaias, tingnan ang mga sumusunod na mga resources.

### Nakaimprentang Sources

Bullock, C. Hassell. **An Introduction to the Old Testament Prophetic Books.** Moody Press, 1986.

Motyer, J.Alec. **Tyndale Old Testament Commentary: Isaias.** InterVarsity, 1999.

Oswalt, John N. **Isaias. NIV Application Commentary.** Zondervan, 2003.

### Mga Sources sa Online

"Yahweh and the Ancient Gods" athttp://www.seedbed.com/seven-minute-seminary/

Wesley, John. **Wesley's Explanatory Notes on the Old Testament.** http://www.biblestudytools.com/commentaries/wesleys-explanatory-notes/

## Leksiyon 10

Para sa mas higit na pag-aaral tungkol kay Jeremias, tingnan ang mga sumusunod na resources.

### Nakaimprentang Sources

Fretheim, Terence E. **Jeremiah**. Smyth and Helwys, 2002.

Lallman, Hetty. **Tyndale Old Testament Commentaries: Jeremiah and Lamentations.** Intervarsity Press, 2013.

Thompson, J.A. **New International Commentary on the Old Testament: Jeremiah.** Eerdmans Publishing Co., 1980.

Varughese, Alex. **New Beacon Bible Commentary: Jeremiah** (2 vols.). Beacon Hill Press, 2008-2010.

### Online Sources

Wesley, John. **Wesley's Explanatory Notes on the Old Testament.** http://www.biblestudytools.com/commentaries/wesleys-explanatory-notes/

## Leksiyon 11

Para sa dagdag na kaalaman tungkol sa Ezekiel at Daniel, tingnan ang mga sumusunod na resources.

### Nakaimprentang Sources

Bullock, C. Hassell. **An Introduction to the Old Testament Prophetic Books.** Moody Press, 1986.

Craigie, Peter. **Daily Study Bible: Ezekiel.** Westminster John Knox Press, 1983.

Duguid, Iain. **NIV Application Commentary: Ezekiel**. Zondervan, 1999.

Longman, Tremper. **NIV Application Commentary: Daniel**. Zondervan, 1999.

### Online Sources

Wesley, John. **Wesley's Explanatory Notes on the Old Testament.** http://www.biblestudytools.com/commentaries/wesleys-explanatory-notes/

### Leksiyon 12

Para sa dagdag na pag-aaral tungkol sa mga Minor Prophets, tingnan ang mga sumusunod na resources.

**Naka-print na Sources**

Bullock, C. Hassell. **An Introduction to the Old Testament Prophetic Books.** Moody Press, 1986.

Hubbard, David Allan. **Tyndale Old Testament Commentary: Hosea, Joel, and Amos.**InterVarsity Press, 1989.

McCain, Danny. **Notes on Old Testament Introduction**. Africa Christian Textbooks, 2002.

**Online Sources**

Dew, Diane. “The Backslider in Heart.” http://www.dianedew.com/backsldg.htm

Wesley, John. **Wesley’s Explanatory Notes on the Old Testament.** http://www.biblestudytools.com/commentaries/wesleys-explanatory-notes/

### Leksiyon 13

Para sa dagdag na kaalaman tungkol sa mga Minor Prophets, tingnan ang mga sumusunod na resources.

**Nakaprint na Sources**

Baker, David W., T. Desmond Alexander, and Bruce K. Waltke. **Tyndale Old Testament Commentary: Obadiah, Jonas, Mikas.** InterVarsity Press, 1988.

Baker, David W. **Tyndale Old Testament Commentary: Nahum, Habakkuk, Zephaniah.** InterVarsity Press, 1988.

Bullock, C. Hassell. **An Introduction to the Old Testament Prophetic Books.** Moody Press, 1986.

McCain, Danny. **Notes on Old Testament Introduction**. Africa Christian Textbooks, 2002.

**Online Sources**

Wesley, John. **Wesley’s Explanatory Notes on the Old Testament.** http://www.biblestudytools.com/commentaries/wesleys-explanatory-notes/

## Leksiyon 14

Para sa dagdag na pag-aaral tungkol sa mga propeta matapos ang pagkakabihag, tingnan ang mga sumusunod na resources.

### Naka-print na Sources


Baldwin, Joyce G. **Tyndale Old Testament Commentary: Haggai, Zacarias, Malachi.** InterVarsity Press, 1972.

Bullock, C. Hassell. **An Introduction to the Old Testament Prophetic Books.** Moody Press, 1986.

McCain, Danny. **Notes on Old Testament Introduction**. Africa Christian Textbooks, 2002.

Merrill, Eugene H. **Haggai, Zacarias, Malachi: An Exegetical Commentary.** Moody Press, 1994.


### Online Sources


Wesley, John. **Wesley's Explanatory Notes on the Old Testament.** http://www.biblestudytools.com/commentaries/wesleys-explanatory-notes/

# PAGSASALIKSIK SA LUMANG TIPAN
# Talaan ng mga Takdang-Aralin

Pangalan ng Mag-aaral ___________________________________

Paunang kapag ang bawat takdang -aralin ay nakumpleto. Ang mga pagsubok ay itinuturing na "kumpleto" kapag nakamit ng mag -aaral ang marka ng 70% o mas mataas. Ang lahat ng mga takdang -aralin ay dapat na matagumpay na nakumpleto upang makatanggap ng isang sertipiko mula sa Shepherds Global Classroom.

| Aralin | Takdang-aralin | Pagsusulit |
|---|---|---|
| 1 | | |
| 2 | | |
| 3 | | |
| 4 | | |
| 5 | | |
| 6 | | |
| 7 | | |
| 8 | | |
| 9 | | |
| 10 | | |
| 11 | | |
| 12 | | |
| 13 | | |
| 14 | | |

## Humiling para sa sertipiko mula sa Shepherds Global Classroom

Ang aplikasyon para sa isang sertipiko ng pagkumpleto mula sa mga pastol na pandaigdigang silid -aralan ay maaaring makumpleto sa aming webpage sa www.shepherdsglobal.org. Ang mga sertipiko ay digital na maipapadala mula sa Pangulo ng SGC sa mga nagtuturo at facilitator na nakumpleto ang aplikasyon sa ngalan ng kanilang (mga) mag -aaral.